

# Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod





Ruhi Institute



Aklat 7

# Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng dinesenyo ng Ruhi Institute. Nilalayong gamitin ang mga aklat bilang pangunahing pagkakasunod-sunod ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kakayahan ng mga kabataan at mga nasa hustong gulang sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Binubuo rin ng Ruhi Institute ang isang pangkat ng mga kursong nagsasanga mula sa ikatlong aklat ng serye para sa pagsasanay ng mga guro ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata, at gayundin ng isang pangkat mula sa Aklat 5 para sa pagbabangon ng mga animator ng mga grupo ng junior youth. Ang mga ito ay nakalista rin sa talaan sa ibaba. Dapat banggitin na maaaring magbago ang talaan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang karagdagang mga pamagat ay idaragdag kapag ang ilang elemento ng kurikulum na kasalukuyang binubuo pa lamang ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nang malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong nagsasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na Kahayagan* |
| Aklat 5 | *Pinalalaya ang mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| | *Lumalawak na Saklaw: Ang pangalawang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanan* |
| Aklat 7 | *Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Materyal na Yaman* |
| Aklat 12 | *Pamilya at Pamayanan* |
| Aklat 13 | *Pakikilahok sa Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | *Sumasali sa Talakayang Bayan* |

Copyright © 2007 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved.
Edition 2.1.1.PE published in 2024
Printed in Philippines

Originally published in Spanish as *Avancemos en un sendero de servicio*
Copyright © 2005, 2024 by the Ruhi Foundation, Colombia
ISBN 978-628-95545-9-5

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to the National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines
25 Sangley St., Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Parañaque City, Philippines
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Nilalaman

Ilang Kaisipan para sa Tutor ........................................................ v

Ang Dinamikang Espiritwal ng
Pagsulong sa Landas ng Paglilingkod .......................................... 1

Paglilingkod bilang Tutor
ng mga Kurso ng Institute ......................................................... 41

Pagtataguyod ng mga Sining sa Antas ng Masa ...................... 151

# Ilang Kaisipan para sa Tutor

Ang pagbabangon ng isang bagong kabihasnan, na masagana sa kapuwa materyal at espiritwal, ay nangangailangan ng patuloy na lumalaking kakayahan sa bahagi ng mga indibidwal, mga institusyon, at mga pamayanan upang gamitin ang mga kapangyarihang magtatag ng lipunan na likas na taglay ng mga katuruang Bahá'í. Ang pagpapahusay sa kakayahang ito ay ang pinakamahalagang layunin ng pangunahing serye ng mga kurso ng Ruhi Institute. Ang malalim na pag-unawa sa iba't ibang aspekto ng kakayahang ito, at kung paano ito payayabungin, ay sinisikap makamtan mula sa dalawang pangunahing pinagmumulan: mula sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, at mula sa karanasang natatamo sa buong daigdig sa pagtulong sa lumalaking bilang ng mga tao upang makibahagi sa mga yaman nito at ihandog ang nagbibigay-buhay na mga tubig nito sa lahat ng nakapalibot sa kanila. Ginagamit ng mga naglilingkod bilang mga tutor ng mga kurso hindi lamang ang kaalamang natamo nila mula sa pag-aaral kundi gayundin ang kanilang karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain ng paglilingkod na inilalatag ng mga kurso—mga gawain ng paglilingkod na sinisikap ilunsad ang isang proseso ng indibidwal at sama-samang pagbabago sa lokal na antas. At wala nang higit pang mahalagang yugto sa kanilang pakikilahok sa prosesong ito kaysa rito, sa Aklat 7, kung saan ang tutor, sa pagtulong niya sa mga iba na isagawa itong gawain ng paglilingkod, ay isasama ang mga kalahok sa isang pagsusuri ng landas na bihasa na siya sa pamamagitan ng nagpapatuloy na karanasan sa pagtahak nito.

Itong pagsusuri ay nagsisimula sa pagtutok sa likas na katangian ng espiritwal na paglaki na ibinubunsod ng paglilingod—na siyang paksa ng unang yunit, "Ang Dinamikang Espiritwal ng Pagsulong sa Landas ng Paglilingkod". Inihaharap ng yunit ang isang serye ng mga kaisipan na magbibigay-daan upang mapagnilay-nilayan ng mga kalahok ang proseso ng espiritwal na pagbabago na sinimulan nila sa pagkilala kay Bahá'u'lláh at sa pagbangon upang maglingkod sa Kaniyang Kapakanan at sa sangkatauhan: ang kalagayan ng isang puso na nakabaling tungo sa Araw ng Katotohanan, ang kakayahang ipinagkaloob sa bawat isa sa atin upang kilalanin ang Diyos at maipakita ang Kaniyang mga katangian, ang puwersa ng pag-ibig sa Diyos na nagbibigay-buhay sa ating mga buhay, at ang kaliwanagang natatanggap natin mula sa pagsunod sa Kaniyang mga kautusan, ang lakas-loob na natatamo natin mula sa Kaniyang kaalaman, at ang pananalig at katiyakan na nagbubunsod sa atin upang kumilos, ang diwa ng pag-asa na dapat maging katangian ng ating mga puso at ang sabik na pagnanasang makamtan ang Kaniyang layunin na kailangang pumukaw sa mga iyon, ang pangangailangang magsumikap tayo at magpakasakit, at ang kalagayan ng ligaya na dapat magpasigla sa ating mga hakbang.

Para sa mga kalahok, patataasin ng pag-aaral sa yunit na ito ang kamalayan nila sa isang konseptong alam na alam na nila—na nasa larangan ng paglilingkod nagagawa ng bawat isa sa atin ang mailabas ang natatagong kakayahan na ibinigay ng Diyos sa atin at sa gayon ay makatulong sa pagpapabuti ng lipunan. Sa isang higit na makabuluhang antas, dapat nilang matanto na sa pagpasok sa larangang ito, tayo ay ibinubunsod sa isang kalagayan ng pagsasailalim sa Diyos, isang kalagayan kung saan ang "pagiging" at ang "paggawa" ay

lubusang pinagsama, isang kalagayan kung saan kinakailangan ang mga puwersa ng kadalisayan at kaalaman, ng pananalig at pagtalima, ng pag-asa at sabik na pagnanasa, ng pagpapakasakit at ligaya. Ang pagtahak sa landas ng paglilingkod sa ganoong kalagayan ay lumilikha ng isang masiglang ugnayan sa pagitan ng mga kapangyarihang natutulog pa sa kaluluwa ng tao at ng mabisang mga puwersa na pinawalan sa pagdating ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Bilang mga tutor na nagsisimula pa lamang, kailangang sumulong pa ang mga kalahok sa pagtanto na ang dinamikang ito ang nagbibigay-hugis sa ating mga ugnayan habang sama-sama tayong lumalakad sa landas, ang nagpapatibay sa ating pagtatalaga, at nagpapalaki sa ating kakayahan bilang mga indibidwal at nang sama-sama.

Pagkatapos nilay-nilayin itong dinamikang espiritwal, ang mga kalahok ay binibigyan ng pagkakataong suriin kung paano ang paraan ng edukasyon ng Ruhi Institute at ang mga kurso nito ay nagbibigay-daan upang magawa ng mga indibidwal ang sumulong sa landas na ito—isang pagsusuri na bumubuo sa pangunahing nilalaman ng kasunod na yunit, "Paglilingkod bilang Tutor ng mga Kurso ng Institute". Inilalarawan nang maikli sa Bahagi 15 ang ganitong paraan ng pagsuri, binabalangkas ang ilan sa mga kaisipang nagbunga ng pagbuo nito at binabanggit ang ilan sa pangunahing mga konsepto nito—ang pagsisikap matupad ang dalawang layuning moral, ang sabay na pagsasagawa ng pag-aaral at pagkilos, ang pagpapalakas ng mga kakayahan—mga konseptong pinagsasaligan ng mga nilalaman ng mga kurso at ang nagtatakda sa paraan ng pagtahak sa landas ng paglilingkod. Ang mga bahaging kasunod niyon, kung gayon, ay sunod-sunod na pinag-aaralan nang isa-isa ang unang anim na aklat sa pangunahing serye, sa isang pagsisikap na liwanagin ang mga simulaing pang-edukasyon na namamayani sa kurikulum at upang matulungan ang mga kalahok na magtamo ng higit na malalim na pag-unawa sa nilalayong matupad ng mga aralin. Kaugnay ng layuning ito, ginagamit nang husto nitong pinakamahalagang mga bahagi ang paunang mga salita ng bawat aklat, "Ilang Kaisipan para sa Tutor".

Sa paggabay sa mga kalahok sa pangunahing pangkat ng yunit na ito, hindi dapat maliitin ng tutor ang kahalagahan nito. Ang mga halaw mula sa paunang mga salita at ang mga pagsasanay na kasama ng bawat isa, sa isang antas, ay magiging isang paraan upang suriin ng mga kalahok ang nilalaman ng mga aklat na napag-aralan na nila at upang nilay-nilayin ang mga gawain ng paglilingkod na hinihikayat isagawa ng mga ito. Subalit, higit pang mahalaga, dapat nilang matanto ang ilan sa mga katangiang nagbubukod sa isang proseso ng edukasyon na ang simulaing nagsasaayos dito ay ang paglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan. Ang dapat maging kapansin-pansin sa kanila ay ang kahalagahang ibinibigay sa pagpapayabong ng pag-unawa at sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal sa prosesong ito. Ang pagbibigay-pansin na maging magkaagapay itong dalawang pangangailangan ay ang nagbubukod sa proseso ng edukasyon na ginunita ng Institute mula sa iba pang mga kurso na tumututok lamang sa pagsasanay sa mga kahusayan, ibinibigay lamang ang kaalaman at impormasyon na kinakailangan para maisagawa ang tanging mga gawain.

Madaling makikita ng mga kalahok kung paano inihahabi ang temang ito sa talakayan sa unang anim na aklat, na isinasagawa sa mga Bahagi 16 hanggang 26, at kailangang maging handa ang tutor upang tulungan silang mapahalagahan kung paano ang napakarami sa ibang mga katangian ng proseso ng edukasyon ay nagtatamo ng kabuluhan mula rito. Mula sa mga katangiang ito ay may ilan na nanaisin ng tutor na laging isaisip.

Una, dapat maging malinaw na ang isang buhay na itinalaga sa pagtatamo ng dalawang layuning moral ay isang buhay na nasa sentro nito ang Diyos at ang Kaniyang Rebelasyon. Ito, sa katunayan, ay ang pangunahing binibigyan-diin ng estruktura at nilalaman ng serye ng mga

kurso—na malinaw mula pa sa Aklat 1. Nakatalaga ito sa paggising sa mga nag-aaral nito ng isang kamalayan sa kanilang tunay na pagkakakilanlan—ang pagkakakilanlan ng isang tao na lumalakad sa landas ng paglilingkod—ang aklat ay nagsisimula sa pagtutuon ng pansin ng mga kalahok sa Sagradong mga Kasulatan at sa pagsisikap na kinakailangan upang maunawaan ang mga iyon at isagawa ang mga iyon sa kanilang mga buhay. Sa ganitong kaugnayan lamang nito tinatawag ang kanilang pansin sa buhay ng espiritu at sa sustansiyang natatanggap ng kanilang mga kaluluwa mula sa pananalangin at pakikipagniig sa Kaniya. Ang isang proseso ng edukasyon na sinisikap itaas ang kamalayan sa ganitong paraan ay makikitang higit na angkop sa pagtulong sa mga indibidwal upang supilin ang "mapilit na sarili" kaysa sa isang proseso kung saan hinihimok ang mahabang pag-iisip sa sarili bilang pangunahing paraan para mapawalan ang mga puwersang espiritwal na kanilang maaaring magamit.

Pangalawa, an mga bahaging ito ay magsisilbi upang matampok ang pangunahing pagpapahalaga na ibinibigay sa paglilinang ng kakayahan sa proseso ng edukasyon. Na ang prosesong ito ay abala sa kapuwa kaalaman—nang tiyakan, sa kaalaman sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh—at sa pagsasagawa ay dapat maging napakalinaw. Sa katunayan, ang bisa nito sa paglilinang ng kakayahan ay pangunahing nakasalalay sa abilidad nitong samantalahin nang lubusan ang nagtutugunang ugnayan sa pagitan ng dalawa: ang bagong malalim na pag-unawa ay nalilikha kapag ang pag-unawang natamo mula sa pag-aaral ay pinagyayaman bunga ng paggawa, at ang nagpapatuloy na paggawa ng mga gawain ng paglilingkod ay nakadaragdag sa pagkauhaw sa kaalaman at pinatitindi ang hangaring hanapin ang panloob na mga kahulugang natatago sa mga Kasulatan ng Pananampalataya. Ang pagbibigay-diin sa paglilinang ng kakayahan ang nagbubukod sa proseso ng edukasyon mula sa iba't ibang uri ng mga pagsisikap sa pagpapalalim ng kaalaman na lumitaw sa nakaraang mga taon, na bagaman may sariling halaga, ay karaniwang tumututok lamang sa pag-aaral ng mga Kasulatan nang hindi nauugnay sa paggawa. Dito, sa kabaliktaran, ang pagtatamo ng kaalaman ay isinasagawa nang kaugnay ng dalawang layuning moral na asikasuhin ang sariling espiritwal at intelektuwal na paglaki at tumulong sa pagbabago ng lipunan. Sa gayon, ang pag-unlad ng indibidwal at ang sama-samang pagsulong ay pinagsasanib sa iisang pagkilos pasulong.

Pangatlo, ang pagsusuri ay dapat magbigay ng liwanag sa likas na katangian ng mga kakayahang nililinang sa paglakad sa landas ng paglilingkod—kung paano ang mga ito ay hindi lamang nababatay sa bawat isa kundi gayundin ay magkakaugnay. Ang konsepto ng mga "kahusayan", mangyari pa, ay ipinakilala sa mga kalahok sa Aklat 2, kung saan hinimok silang itaas ang kanilang mga kakayahang magsimula at maipagpatuloy ang mga usapang makabuluhan at nakapagpapasigla. Nagtamo na sila ng isang sapantaha sa ipinapahiwatig ng salitang ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng aklat na iyon, at ang kanilang pagpapahalaga sa kabuluhan nito ay lumaki lamang habang tinulungan sila sa Aklat 3, bilang mga maaaring maging guro ng mga musmos, upang matalos ang tanging mga saligang konsepto ng edukasyon, upang nilay-nilayin ang mga katangiang espiritwal at mga saloobing kinakailangan, at upang isagawa ang kinakailangang mga kasanayan at mga kahusayan. Nakita na rin nila kung paanong ang pag-aaral ng bawat isa sa kasunod na mga kurso ay nakatulong sa karagdagang paglaki ng kakayahan, na kasukat ng lumalawak na saklaw ng paglilingkod na pinagkakaabalahan nila.

Ngayon, bilang bagong mga tutor, sila ay magkakaroon ng pagkakataong nilay-nilayin nang lantaran ang konsepto ng "kahusayan" sa unang pagkakataon. Dito ay dapat silang umabot sa pagtatanto na ang pag-unlad ng mga kahusayan, sang-ayon sa ginugunita sa proseso ng edukasyon, ay nangangailangan ng pagsulong sa isang pangkat ng magkakaugnay-ugnay na mga katangian—sa pag-unawa ng mga konsepto, sa pagtamo ng mga katangiang espiritwal, sa

pagbuo ng angkop na mga ugali at saloobin, at sa paghasa ng tanging mga kasanayan at mga kakayahan. Ang pag-iisip sa mga kahusayan sa ganitong paraan ay kinakailangang pagkaibahin ng mga kalahok ang paggamit dito sa konsepto mula sa paggamit nito sa pang-araw-araw na pananalita. Ang magtaglay ng kahusayang gumawa ng isang bagay, sa pang-araw-araw na salita, ay maaaring tumukoy sa alinmang bagay, halimbawa, mula sa pagluto ng tinapay hanggang sa paglilingkod bilang animator ng isang grupo ng mga junior youth. Ang konsepto ay nagtataglay lamang ng nilalayon nitong kahulugan sa kaso ng huling nabanggit, sapagkat ang kahusayan sa paglilingkod bilang animator ng isang grupo ng mga junior youth ay nangangailangan ng napakaraming tiyak na katangian mula sa bawat isa sa mga kategoryang nabanggit na sa itaas. Sa pagtukoy sa mga pangkat ng mga kahusayan, at gayundin sa mga katangiang lubos na kinakailangan ng mga iyon, iniwasan ng Ruhi Institute ang tiyakang paglagay sa mapa ng mga ito; ipinasiya nito sa simula pa lamang na iyon ay magiging taliwas sa kapakinabangan. Sa pakiwari nito, sapat na para sa proseso ng edukasyon na magtaglay ng kamalayan sa pangangailangang linangin ang kinakailangang mga katangian sa isang paraan na magagawa ng mga kalahok ang isagawa ang nagiging patuloy na hugnay na mga gawain ng paglilingkod para sa pagsulong ng kanilang mga pamayanan.

Ito ay malapit na nauugnay, kung gayon, sa isa pang punto. Ang mga gawain ng paglilingkod na hinaharap sa pangunahing serye ng mga kurso ay nagsasagawa ng dalawang magkasabay na tungkulin: samantalang pinauunlad sa patuloy na lumalaking sukat ang mga kahusayan ng indibidwal, tinitiyak ng mga gawain ng paglilingkod na ang kaniyang mga pagsisikap ay nakatutulong sa pagpapalawak at pagpapalakas ng masiglang mga paraan ng pamumuhay ng pamayanan. Alinsunod roon, ang unang gawain sa landas ng paglilingkod—na ibahagi ang mga dalangin at nilay-nilayin ang mga iyon kasama ang mga iba, lalo na sa mga pamilya—ay hindi dapat isaisantabi kapag nagkaroon na ng ilang karanasan matapos pag-aralan ang Aklat 1. Ni hindi rin inihihinto ang pagdalaw sa mga tahanan sa sariling nayon o kapitbahayan pagkatapos magkaroon ng ilang pagsasanay sa pagsusuri ng mga paksa ng pagpapalalim sa mga pamilya, tulad ng iminumungkahi sa Aklat 2. Ang indibidwal, na itinataguyod ng mga lakas ng isang lumalaking nukleo ng mga kaibigang nagtatalaga, ay patuloy na nagtatamo ng karagdagang karanasan, sumusulong sa kaukulang mga kahusayan habang ginagawa iyon, at tumutulong sa ganitong paraan upang ihabi ang kabuuan ng isang pamayanang may pinatutunguhan sa pamamagitan ng patuloy na pakikilahok at kaganapan ng karanasan.

Para sa tutor ng Aklat 7, ang mga kaisipan sa itaas ay dapat makatulong sa paggabay sa isang mabungang talakayan tungkol sa pangunahing bahagi ng pangalawang yunit. Samantalang dapat ilaan ang sapat na panahon para sa pag-aaral ng nauugnay na mga bahagi, dapat ding tandaan na malamang ay muli't muling babalikan ito ng mga kalahok habang isinasagawa nila itong gawain ng paglilingkod. Mangyari pa, ang paunang mga salita sa bawat aklat, ang "Ilang Kaisipan para sa Tutor", sa mismong sarili ng mga ito, ay magiging isang napakahalagang yaman habang sinisikap nilang magtamo ng karagdagang malalim na pag-unawa sa katangian ng proseso ng edukasyon, isang prosesong nababatay nang malaki sa kanilang tulong upang patuloy itong mamukadkad.

Kaugnay nito, makatutulong kung isasaisip ng tutor ang kabuuang balangkas ng yunit at ang magkaroon ng isang malinaw na kaisipan sa kung ano ang nauuna at kung ano ang sumusunod rito sa pinakamahalagang mga bahagi. Upang mailatag ang saligan ng pagsusuri na isasagawa rito, tinatalakay ang dalawang napakahalagang tema sa unang bahagi ng yunit. Sinusuri ng mga Bahagi 2 hanggang 9 ang tema ng pangganyak, at tinatalakay ng mga Bahagi 10 hanggang 14 ang paksa ng pakikilahok.

Kaugnay ng unang nabanggit, iminumungkahi ng yunit na maging anupaman ang ibang mga dahilan, ang pag-unawa ay ang pinakamalakas sa lahat ng mga pangganyak. Sa antas na nagagawa ng isang proseso ng edukasyon na payabungin ang pag-unawa, sa gayunding antas ay magtatagumpay ito na tumagos sa mga ugat ng pangganyak na naitanim nang malalim sa kaluluwa ng tao. Inihaharap ng Bahagi 5 ang isang halaw mula sa paunang salita ng Aklat 1 na naglalarawan sa layunin ng unang yunit nito, "Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá'í". Sa paggawa niyon, ginagabayan nito ang naghahangad na maging tutor sa isang pagninilay-nilay sa konsepto ng pag-unawa, nang tiyakan, sa mga Kasulatan bilang isang pinagmumulan ng kapani-paniwalang kaalaman. Ang mga pagsasanay sa bahaging iyon ay makatutulong sa mga kalahok upang mapahalagahan ang magkakaibang panig ng pag-unawa na inaasahang maisulong ng kurso, at magiging mahalaga para sa kanila na isaisip ang mga panig na ito kapag magsimula na sila sa pag-aaral ng mga kurso kasama ang isang grupo ng mga kaibigan. Yamang nabanggit na ito, kailanman ay hindi dapat magkaroon ng anumang pagsisikap na isagawa nang labis na makitid ang mga kaisipang tinalakay rito. Ang Ruhi Institute mismo, sa pagninilay-nilay kung paano magagawa ng proseso ng edukasyon ang arugain ang pag-unawa, ay umiwas sa anumang uri ng paraang maituturing na pormularyo. Sa halip ay nagtitiwala ito sa natatago pang kakayahan ng mga kalahok na magtamo ng patuloy na lumalawak na pag-unawa sa di-masasaid na kahulugang nadadambana sa Sagradong Salita habang pinag-aaralan nila ito, habang sinisikap nilang isagawa ito para sa ikabubuti ng sarili nilang indibidwal na buhay at sa pamumuhay ng kanilang pamayanan, at sa huling pagsusuri, habang hinahayaan nilang hubugin nito ang kanilang mga kaisipan at mga kilos.

Kaugnay naman ng paksa ng "pakikilahok", ito ay isang napakalalim na konsepto na pinagbabatayan ng buong serye ng mga kurso. Natural na ang anumang proseso ng edukasyon na nauugnay sa pagtataas ng kakayahan para sa pagtatatag ng kabihasnang pandaigdig na ginunita ni Bahá'u'lláh, at sa Kaniyang mga katuruang para sa buong sangkatauhan, ay nararapat lamang na gumamit ng isang paraan na natatangi sa pakikilahok. Tinatalakay ng Bahagi 10 kung ano ang ibig sabihin nito para sa dinamika ng pagtuturo at pagkatuto na ginugunita sa mga kurso, at kailangang bigyan ng sapat na pansin ang mga punto na inihahain. Ang mga kurso ay binuo sa paraang magagawa ng bawat indibidwal na mamahala sa sarili niyang pagsisikap matuto. Ang mga usapang kathang-isip na nasa Bahagi 12 at 14, kung saan itinatampok ang ilan sa mga ipinahihiwatig para sa tutor ng ganitong paraan ng pakikilahok, ay dapat sanang magbunga ng higit pang pagpapahalaga para sa simpleng paraan ng pag-aaral sa mga kurso. Dapat din nitong itaas ang kamalayan sa likas na mga panganib sa paggamit ng mga teknik upang makuha ang hinahangad na pakikilahok at sa pagbibigy-daan na mangibabaw ito sa mismong nilalaman. Ang problema ay hindi lamang sa pag-ubos ng lakas at yaman sa paghahanap ng mga teknik, kundi mas mahalaga pa, ang pagsalig sa mga ito ay pinahihina ang bisa ng pag-aaral upang makamtan ang pangunahing layunin nito—na iyon ay ang pagpapalalim sa pag-unawa. Samantalang totoong ang ilang simpleng teknik kung minsan ay nakatutulong sa tanging mga layunin, dapat matanto ng naghahangad na maging tutor, na sa huling pagsusuri, ang kanilang pagiging bihasa sa nilalaman ng mga kurso, at kabilang doon ang mga gawain ng paglilingkod na hinihingi ng mga ito, ay ang makatutulong sa kanila upang lumikha ng kinakailangang dinamika sa pagtuturo at pagsisikap matuto.

Pagkatapos suriin ang konsepto ng pakikilahok kaugnay ng pag-aaral ng mga kurso, ang yunit ay natural na dumadako sa pagsasaliksik sa pangunahing serye na tinalakay sa itaas bilang pangunahing mga bahagi nito. Pagkatapos ay maikli nitong tinatalakay, sa Bahagi 27, ang paksa ng mga kursong nagsasanga mula sa pangunahing serye, bago pa ito dumadako sa sistema para sa paghahatid ng mga ito. Ang dapat maging malinaw ay hindi walang-batayan ang sistema. Binubuo ng tatlong pangunahing elemento—ang kurikulum, ang study circle, at

ang tutor—ipinakikilala nito ang isang mahalagang simulaing nasa kaibuturan ng proseso ng edukasyon, isang simulain na umiiral kapuwa sa pag-aaral at sa paggawa: ang mga indibidwal, na sila mismo ang may pananagutan para sa sarili nilang pagkatuto, ay dapat hayaang sumulong sa landas ng paglilingkod sa tulin at hakbang na angkop sa sarili nilang kalagayan. Na sinusunod ang simulaing ito sa pamamagitan ng ganitong kakayahang bumagay na likas sa sistema ay dapat matanto ng mga kalahok yamang sila ay magiging mga tutor sa hinaharap. Itong kakayahang bumagay ay matatagpuan sa pangunahing antas sa paraan ng pagkilos ng sistema—halimbawa, sa paraan ng pagbuo ng mga study circle, sa kung gaano kadalas sila nagkikita, at sa nagpupunuang mga paraan ng paghatid sa mga kurso, kung saan ay maaaring magkaroon ng pagkakaiba sa kasidhian ng pag-aaral. Hindi nito iminumungkahi na maaring ipawalang-bahala ang saligang lohika ng serye ng mga kurso. Paminsan-minsan, maaaring magkaroon ng tanging mga kalagayan, sa pagtugon sa isang panandaliang pangangailangan, na ang isa o iba pang aklat ay pinag-aaralan bilang isang bukod na kurso, o ang pagkakasunod-sunod ng mga kurso ay binabago sa loob ng isang takdang panahon. Subalit, ang pagsulong ng mga indibidwal sa serye, ayon sa pagkakasunod-sunod nito, ay ang lumilikha ng kakayahan. Sa ganitong paraan ay hindi lamang nila nagagawang harapin ang patuloy na mapanghamon na mga nilalaman, at pinalalawak sa gayon ang kanilang pag-unawa sa mga konsepto batay sa mga natutunan na nila, kundi ay nagagawa rin nilang isagawa ang higit pang mapanghamon na mga gawain ng paglilingkod, yamang sa bawat hakbang sa landas, sila ay nagtatamasa ng praktikal na kaalaman at ng malalim na pag-unawa na kinakailangan nila upang magkaroon ng karagdagag pagsulong.

Kaugnay naman ng tutor—na napakahalaga para sa buong sistema ng edukasyon—ang pag-aaral sa yunit ay magbibigay ng liwanag sa magkakaugnay-ugnay na mga katangiang kinakailangan para sa gawain ng paglilingkod na ito: sa espiritwal na mga katangian, mga saloobin, mga kasanayan, at mga kakayahan na ginagamit sa paggabay ng isang grupo sa serye ng mga kurso, na karagdagan pa sa malalim na pag-unawa sa mga konsepto at mga simulain na pinaiiral sa kurikulum. Kaugnay nito, ipaaalaala sa mga kalahok, na tulad rin ng alinmang mga kahusayan, sa paglakad ng panahon yaong mga kinakailangan upang makapaglingkod bilang mga tutor ay magiging higit at higit pang mabisa mula sa karanasan. Hihimukin din silang sunggaban ang maraming pagkakataon upang regular na nilay-nilayin ang nilalaman ng mga kurso at matuto mula sa karanasan ng mga kapwa-tutor sa mga pagtitipon upang magnilay-nilay na isinasaayos para sa layuning ito. Upang matulungan silang magtamo ng isang kabatiran sa kung ano ang hinihingi sa kanilang pakikilahok sa ganitong mga pagtitipon, inihaharap ng mga Bahagi 32 hanggang 35 ang isang usapang kathang-isip sa pagitan ng ilang tutor at ng institute coordinator para sa pangunahing serye ng mga kurso. Ang pangunahing pinagkakaabalahan ng kanilang talakayan ay ang pag-aaral ng nilalaman; gayumpaman makatwiran ding ipagpalagay na ang ganoong pagtitipon ay magbibigay ng isang pagkakataon upang maibahagi ang malalim na mga pag-unawa na nagbuhat sa mga pagsisikap na tulungan ang mga indibidwal sa pagsasagawa ng mga gawain ng paglilingkod na sinisikap ng mga kurso na mabuo ang ganoong kakayahan sa mga kalahok.

Nararapat banggitin dito ang isa pang kaisipan. Nasilayan na ng mga kalahok, sa isa o iba pang paraan, mula sa unang mga pahina ng aklat, ang maraming sulyap sa katangian ng isang proseso ng edukasyon na sinisikap palayain ang mga kapangyarihang espiritwal at intelektuwal ng indibidwal upang matupad ang kaniyang dalawang layuning moral. Na ang pagtutok sa paglilinang ng mga kakayahan habang tinatahak ang landas ng paglilingkod ay malaki ang naitutulong upang ang mga indibidwal ay magtaglay ng moral at espiritwal na lakas ay magiging malinaw sa mga kalahok sa pagsapit nila sa wakas ng yunit. Ang hindi dapat malaktawan ng bagong mga tutor—at sa katunayan, ay ang dapat magpasigla sa kanilang mga

pagsisikap sa hinaharap—ay ang natatagong kapangyarihan na likas sa proseso upang lumikha ng pagsulong ng isang populasyon tungo sa Kaayusang Pandaigdig na ginunita ni Bahá'u'lláh. Sapagkat habang ang mga indibidwal, sa sunod-sunod na hanay, ay tinatahak ang iisang landas nang sama-sama, inaalalayan at sinusuportahan ang isa't isa at hinihikayat ang pakikilahok ng di-mabilang na mga iba pa sa pag-aangat ng kanilang mga pamayanan, sa pagkakagayon ay pinalalaya ang mga puwersang espiritwal sa malaking sukat na kinakailangan, at ang dinamika ng isang kilusan ay nailulunsad.

Ang pangatlong yunit ng Aklat 7 ay isang natural na kasama ng pangalawang yunit. Bagaman maikli lamang, ang "Pagtataguyod ng mga Sining sa Antas ng Masa" ay nagpupundar sa malalim na pag-unawa na natamo ng mga kalahok ukol sa proseso ng edukasyon upang suriin ang maaaring gampanan ng gawaing pansining sa pagpapahusay sa prosesong ito at sa pagpapalakas sa mga paraan ng pamumuhay ng pamayanan na ibinubunsod nito. Sa yugtong ito ay nagtataglay na ang mga kalahok ng isang mahusay na pag-unawa sa malapit na ugnayan sa pagitan ng dalawa, at pinahahalagahan, lalo na kaugnay ng proseso ng edukasyon, na ang sama-samang mga pagsisikap tulad ng mga institute campaign at mga camp ay nagbubukas ng malawak na pagkakataon para sa paggamit ng mga sining sa iba't ibang anyo—musika, pagkuwento, dula, at mga likhang-kamay. Bago pa detalyadong suriin nang isa-isa ang mga sining na ito, ang mga kalahok ay nagninilay-nilay sa ilang sipi mula sa mga Kasulatan na pinag-uusapan ang likas na katangian ng pansining na mga pagsisikap at ng kakayahan nitong gisingin sa kaluluwa ng tao ang puwersa ng pagkaakit sa kagandahan. Ang hangaring ibunsod ang pagtaguyod ng mga sining sa antas ng masa ay isang paghahayag sa makapangyarihang puwersa na ito, na sa huling pagsusuri, ay isang pag-aaninag lamang sa puwersa ng pagkaakit sa kagandahan na sumisinag mula sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, na sa harap ng "Kaniyang kaluwalhatian ang pinakadiwa ng kagandahan ay kailangang mamutla at manguluntoy". Kung gayon, sa Salita ng Diyos na ipinahayag Niya para sa muling pagkabuhay ng sangkatauhan, ay doon natin kailangang hanapin ang pamantayan para sa ipinapahayag sa sining, kapuwa sa pagtataas sa espiritu ng tao at sa paglikha ng isang kulturang hinuhubog ng mga katuruan ng Pananampalataya.



# Ang Dinamikang Espiritwal ng Pagsulong sa Landas ng Paglilingkod

## Layunin

Upang magtamo ng karagdagang kamalayan sa dinamikang espiritwal ng pagsulong sa landas ng paglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan at upang magkaroon ng pag-unawa sa umiiral na mga puwersa

## BAHAGI 1

Tulad ng ibang mga nagsisimula ng pag-aaral ng Aklat 7, sa ngayon ay nagkaroon na kayo ng pagkakataong pag-aralan ang naunang anim na aklat ng Ruhi Institute. Ang inyong pakikilahok sa proseso ng institute, tulad ng nabanggit na noong nakaraan, ay mailalarawan bilang pagtahak sa isang landas ng paglilingkod. Habang sumusulong kayo sa landas na ito, umuunlad ang inyong pagiging espiritwal at nagtatamo kayo ng mga kahusayang kinakailangan upang makatulong sa pagsulong ng inyong pamayanan, at nakikilahok sa mga gawaing patuloy na nagiging higit pang hugnay. Batid ang kaligayahang likas sa pagtahak sa landas ng paglilingkod, ngayon ay nais na ninyong makatulong sa mga iba na sabik tahakin ang landas ding ito. Upang kayo ay maging higit at higit pang mabisa sa paggawa nito, magiging mahalaga para sa inyo ang nilay-nilayin nang madalas ang likas na katangian ng pag-unlad sa espiritwal—isang pag-unlad na napakalapit ang kaugnayan sa pagpapalaya sa kakayahang maglingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan. Inaasahan ng yunit na ito na makatulong sa inyo sa ganoong pagninilay-nilay.

## BAHAGI 2

Sa makalupang buhay na ito, sinisikap nating paunlarin ang mga katangiang espiritwal na taglay natin subalit hindi pa natin nailalabas. Ang paraan ng pagtataglay natin ng mga katangiang espiritwal ay lubhang naiiba sa paraan ng pag-aari natin sa materyal na mga bagay. Kapag ang araw ay nakikita sa salamin, sa isang diwa taglay ng salamin ang larawan ng araw. Subalit, sa katunayan, ang araw ay wala sa loob ng salamin. Ang ating mga katangiang espiritwal ay mga kaloob ng Diyos na natatanggap natin kapag ibinabaling natin ang mga salamin ng ating mga puso tungo sa Kaniya. Ang mga katangiang dibino, gayumpaman, ay naaaninag lamang nang malabo sa mga puso na natatakpan at natatabunan ng alikabok at dumi ng daigdig na ito. Waring naaangkop, kung gayon, na ang unang sipi na pag-aaralan natin sa yunit na ito, kung saan sinisikap suriin ang likas na katangian ng espiritwal na pag-unlad, ay maging isa kung saan binibigyan-diin ang kahalagahan ng paglilinis sa salamin ng puso. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá na:

> **“ Ang pinakamahalagang bagay ay ang linisin ang mga salamin ng mga puso upang ang mga ito ay maging maliwanag at handang tumanggap ng dibinong liwanag. Ang isang puso ay maaaring nagtataglay ng kakayahan ng makintab na salamin; ang isa pa, ay maaaring natatakpan at nakukubli ng alikabok at dumi ng mundong ito. Bagaman ang parehong Araw ay sumisikat sa kapuwa, sa salamin na pinakintab, dalisay at banal, ay maaari ninyong makita ang Araw sa ganap na kabuuan, kaluwalhatian, at kapangyarihan nito, na ibinubunyag ang kamaharlikahan at kaningningan nito; ngunit sa salamin na kinakalawang at nakakubli ay walang kakayahan para sa panganganinag, bagaman kaugnay ng Araw mismo, ito ay nagniningning doon at hindi nabawasan ni hindi pinagkaitan. Samakatwid, ang ating tungkulin ay nasa pagsusumikap na linisin ang mga salamin ng ating mga puso upang tayo ay maging mga tagapagsalamin ng liwanag na iyon at mga tagapagtanggap ng mga biyayang dibino na maihahayag nang ganap sa pamamagitan ng mga ito.”**[1]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Dapat nating __________________ ang mga salamin ng ating mga puso upang ang mga ito ay maging ____________________ at __________________ ng _______________ liwanag.

b. Ang isang puso ay maaaring ______________ ng kakayahan ng ___________________ na salamin; ang isa pang puso ay maaaring ____________________ at ____________________ ng ___________ at ______________ ng mundong ito.

c. Ang parehong Araw ay _____________________ sa ___________ makintab na salamin at sa salaming natatakpan at nakukubli ng alikabok at dumi ng mundong ito.

d. Sa salamin na pinakintab, ___________ at ____________________ ay maaari nating makita ang Araw sa ganap na ___________________ , ___________________ at _____________________ nito, na ibinubunyag ang __________________ at ________________________ nito.

e. Sa salamin na _________________ at _________________ ay walang ____________________ para sa ________________________ .

f. Ang ating tungkulin ay nasa pagsusumikap na linisin ang mga salamin ng ating mga puso upang tayo ay maging mga ____________________ ng banal na liwanag at mga __________________ ng mga _________________________ na _______________ nang ganap sa pamamagitan ng mga ito.

2. Ipasiya kung totoo ang sumusunod na mga pangungusap:

_____ Nakikita sa salamin na makintab ang liwanag ng pisikal na araw.

_____ Sa salamin na kinakalawang at marumi ay hindi makikita ang liwanag ng pisikal na araw.

_____ Ang Araw ng Katotohanan ay sumisikat sa mga pusong dalisay.

_____ Ang Araw ng Katotohanan ay sumisikat sa mga pusong nakukubli ng alikabok at dumi ng daigdig na ito.

_____ Ang mga pusong dalisay ay nagsasalamin sa liwanag ng Araw ng Katotohanan.

_____ Ang mga pusong nakukubli ng alikabok at dumi ng daigdig na ito ay nagsasalamin sa liwanag ng Araw ng Katotohanan.

3. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ay “alikabok at dumi” ng daigdig na ito:

_____ pangangapit sa ari-ariang makalupa _____ pag-ibig sa sarili

| | |
|---|---|
| _____ pag-ibig sa sangkatauhan | _____ kaalaman |
| _____ kasakiman | _____ pag-ibig sa luho |
| _____ inggit | _____ kapalaluan |

4. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ang nakatutulong sa atin upang "linisin ang mga salamin ng ating mga puso":

| | |
|---|---|
| _____ ligaya | _____ inuuna ang iba kaysa sarili |
| _____ pananalig | _____ pag-ibig sa sangkatauhan |
| _____ kabaitan | _____ pag-ibig sa Diyos |
| _____ kaalaman | _____ dasal |
| _____ pakikipaligsahan sa iba | _____ mabuting mga gawa |
| _____ pag-iisip sa mga pagkukulang ng mga iba | _____ pag-aaral sa Mapanlikhang Salita |

5. Upang pigilin ang pagdami ng alikabok at dumi sa ating mga puso, kailangan nating gumawa ng patuloy na pagsisikap. Ipasiya kung totoo ang sumusunod na mga pangungusap:

_____ Ang dasal lamang ang magpapakintab sa mga salamin ng ating mga puso.

_____ Ang mabuting mga gawa lamang ang magpapakintab sa mga salamin ng ating mga puso.

_____ Ang magkasamang dasal at mabuting mga gawa ang magpapakintab sa mga salamin ng ating mga puso sapagkat inaakit ng mga ito ang mga biyaya ng Diyos.

_____ Sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos ay napapakintab natin ang mga salamin ng ating mga puso.

_____ Maaaring mawala ang kadalisayan ng ating puso.

_____ Sa isang yugto ng ating buhay, ang gawain ng pagpapakintab sa mga salamin ng ating mga puso ay nagwawakas.

6. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

a. Ano ang layunin ng isang dalisay na puso? ________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

b. Ano ang maaaring matamo ng isang puso na hindi dalisay? __________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

c. Ano ang kalagayan ng isang puso na hindi nakabaling tungo sa Araw ng Katotohanan? ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

7. Talakayin ang sumusunod na katanungan kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo: Ano ang dapat gawin ng isang tao na tinatahak ang landas ng paglilingkod upang mapangalagaan ang kaniyang sarili mula sa alikabok at dumi ng daigdig na ito?

8. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na sipi:

**"Ang lahat ng papuri at luwalhati ay mapasa-Diyos, na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang lakas, ay iniligtas ang Kaniyang nilikha mula sa pagkakahubad ng walang pag-iral, at dinamtan ito ng kapa ng buhay. Mula sa lahat ng nilikhang bagay ay pinili Niya para sa Kaniyang tanging biyaya ang dalisay, ang malahiyas na realidad ng tao, at pinagkalooban ito ng tanging kakayahang makilala Siya at maaninag ang kadakilaan ng Kaniyang kaluwalhatian."[2]**

## BAHAGI 3

Ang bawat isa sa atin ay pinagkalooban ng kakayahang makilala ang Diyos at isalamin ang Kaniyang mga pangalan at mga katangian. Pinagkalooban din tayo ng di-mabilang na mga kakayahang natatago pa. Subalit ang sukat ng kakayahan ng bawat isa ay hindi magkapareho, at hindi tayo paghahanapan ng Diyos ng higit pa sa ating kakayahan. Ang hinihiling sa atin ay ang paunlarin nang lubusan yaong natatago pang kakayahan na ipinagkaloob sa atin. Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**". . . ginawa Kong ganap sa bawat isa sa inyo ang Aking nilalang, upang ang kahusayan ng Aking ginawa ay ganap na mabunyag sa mga tao. Kung gayon, samakatwid, ay nagawa at patuloy na magagawa ng bawat tao, sa kaniyang sarili, na pahalagahan ang Kagandahan ng Diyos, ang Niluluwalhati. Kung hindi siya pinagkalooban ng gayong kakayahan, paano siya tatawagin upang managot sa kaniyang pagkukulang?"[3]**

Upang magtamo ng mga katangiang dibino, kailangang batid natin ang mataas na katayuang espiritwal na itinadhana ng Diyos para sa bawat isa sa atin, at patuloy na sumulong patungo roon. Dapat naaakit ang ating mga puso sa tunay na kagandahan, sa Kagandahan ng Lubos na Maluwalhati. Iyon ang ganap na pamantayan na gagabay sa ating mga kaisipan at mga pagkilos; hindi tayo dapat masiyahan sa pagiging pangkaraniwan lamang. Ang pamumuhay nang sang-ayon sa mga pamantayan ng kasalukuyan lipunan ay nililinlang tayo upang maging pangkaraniwan lamang. Akala ng maraming tao na nakakamtan ang kahusayan sa pamamagitan ng paligsahan sa iba. Subalit, sa katunayan, ang paligsahan ay lalo pang sumisilo sa atin sa mga palamuti ng daigdig na ito. Ang puwersang dapat magbunsod sa atin tungo sa kahusayan ay ang ating maalab na hangaring makamtan ang masaganang ipinagkaloob ng Diyos sa atin. Ang ibig sabihin ng pagsisikap para sa kahusayan ay ang paunlarin nang lubusan ang natatago pang mga

kakayahang ipinagkaloob sa atin. Sinasabi sa atin ni Shoghi Effendi na ang mga nananabik na makalapit sa Diyos

> **"ay hindi dapat tumingin sa napakasamang mga kalagayan ng lipunan kung saan sila ay nabubuhay, ni hindi sa mga katibayan ng marawal na kalagayan ng moralidad at kahangalan ng asal na ipinamamalas ng mga taong nakapaligid sa kanila. Hindi sila dapat masiyahan sa katamtamang karangalan at kahusayan. Sa halip ay dapat nilang ipako ang kanilang paningin sa higit na matayog na antas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga payo at mga pangaral ng Panulat ng Kaluwalhatian bilang kanilang pinakamataas na layunin. Sa gayon ay madaling mauunawaan kung gaano karami pa ang mga natitirang yugto na babagtasin nila at kung gaano kalayo pa ang minimithing layunin—isang layunin na walang iba kundi ang pagiging halimbawa ng makalangit na moralidad at kabutihan."[4]**

1. Batay sa unang sipi sa itaas, nilay-nilayin natin sandali ang konsepto ng "kakayahan". Ipasiya kung totoo ang sumusunod na mga pangungusap:

    ______ Ang lahat ng tao ay may kakayahang makilala ang Diyos at isalamin ang Kaniyang mga pangalan at mga katangian.

    ______ Ang dahilan kung bakit itinatatwa ng ilan ang Kahayagan ng Diyos ay dahil wala silang kakayahang makilala ang Diyos at pahalagahan ang Kaniyang Kagandahan.

    ______ Ang isang masungit na tao ay walang kakayahang maging mabait.

    ______ Ang isang tao na pinalaki sa pandaraya ay walang kakayahang maging matapat.

    ______ Maaaring malaman ang kakayahan ng ibang tao.

    ______ Alam ng bawat isa sa atin ang sarili nating kakayahan.

    ______ Ang Diyos lamang ang nakaaalam sa sukat ng kakayahan ng bawat isa sa atin.

    ______ Pinauunlad natin ang ating mga kakayahang natatago pa sa pamamagitan ng sariling pagsisikap lamang.

    ______ Pinauunlad natin ang ating mga kakayahang natatago pa sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos habang sinisikap nating dalisayin ang ating mga puso at tumulong sa pagbabago ng lipunan.

2. Ngayong napag-isipan na natin nang kaunti ang konsepto ng "kakayahan", maaari na nating saliksikin ang nauugnay na konsepto ng "kahusayan" upang magtamo ng karagdagang malalim na pag-unawa sa likas na katangian ng espiritwal na pag-unlad. Bilang tulong sa atin sa paggawa nito, tututukan natin dito at sa kasunod na ilang pagsasanay ang pangalawang sipi sa itaas. Punuan ang mga patlang sa sumusunod na mga pangungusap:

    a. Sinasabi sa atin ni Shoghi Effendi na tayo ay hindi dapat tumingin sa

    – ______________________________________________________________

– ____________________________________________________________

____________________________________________________________

b. Tayo ay hindi dapat masiyahan sa

– katamtamang ______________________
– katamtamang ______________________

c. Sa halip na masiyahan sa katamtamang kahusayan, dapat nating ______________

____________________________________________________________

d. Dapat nating ipako ang ating paningin sa higit na matayog na antas sa pamamagitan ng ____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

e. Kapag itinakda na natin ang mga payo ng Diyos bilang ating pinakamataas na layunin, mauunawaan natin ______________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Upang mangibabaw sa napakasamang kalagayan at marawal na moralidad ng lipunan, kailangan nating paunlarin ang makalangit na moralidad at mga kabutihan. Nakasulat sa ibaba ang ilang kalagayang natatagpuan sa lipunan. Para sa bawat isa ay pumili ng isa o mahigit pang mga kabutihan na waring tuwirang nilalabanan ito:

kalinisang-puri, pagtalima sa mga batas ng Diyos,
pag-ibig na sumasaklaw sa lahat, katapatan o integridad, pagkawalay,
matwid na moralidad, pag-uunawa, katarungan, pagpapakumbaba

Paniniil: ____________________________________________________________

Materyalismo: ________________________________________________________

Hindi pagsunod sa batas: _______________________________________________

Kaluwagan sa moralidad: _______________________________________________

Korapsiyon: __________________________________________________________

Pagkiling: ___________________________________________________________

Kapalaluan: __________________________________________________________

Pagkamuhi: __________________________________________________________

Paghahabol sa mga kalugurang nalilihis sa wasto: ______________________________

4. Ano ang ilang saloobin at ugali na pinangangalagaan tayo mula sa isang ugaling mapaglaro? ________________________________________________________

____________________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

5. Ang unang hanay ay nagbibigay ng ilang halimbawa ng katamtamang kahusayan at sa pangalawang hanay ay makikita ang ilang halimbawa ng tunay na kahusayan. Ipagpares ang mga halimbawa ng katamtamang kahusayan sa tunay na kahusayan.

| | |
|---|---|
| ______ Ang mag-aral nang mabuti upang manguna tayo mga iba sa ating klase | a. Ang laging kumilos nang matwid ang asal, sa lahat ng kalagayan |
| ______ Ang magbigay sa Pondo ng ilang halaga mula sa perang natira sa atin pagkatapos natin bayaran ang ating buwanang gastusin at paglaan ng isang bahagi para sa libangan | b. Ang sikaping unawain nang lubos ang mga paksa na pinag-aaralan sa klase |
| ______ Ang umiwas sa paggawa ng masama dahil baka tayo mahuli | c. Ang magtaglay ng umaapaw na pag-ibig at paggalang sa buong sangkatauhan |
| ______ Ang pakitunguhan ang ibang mga lahi at mga antas sa lipunan nang may pagpaparaya | d. Ang itaguyod nang aktibo ang mabuting kalagayan ng ating mga kapwa-tao |
| ______ Ang hindi magbigay ng pinsala sa kanino man | e. Ang magbigay sa Pondo nang masagana at mapagpakasakit |

6. Talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa mga miyembro ng inyong grupo:

   a. Bakit hindi tayo dapat masiyahan sa “katamtamang karangalan at kahusayan”?

   b. Ano dapat ang ating pamantayan ng kahusayan?

   c. Sa palagay ng ilang tao ang pagalingan ay ang tanging paraan upang matamo ang kahusayan. Sa Natatagong mga Salita, sinasabi ni Bahá’u’lláh sa atin na: “Sa lahat ng tao ang lalong pinakapabaya ay siya na walang-kabuluhang nakikipagtalo at naghahangad na maitaas ang sarili nang higit sa kaniyang kapatid.” Sa inyong palagay, paano matatamo ang kahusayan kung hindi sa pagalingan?

   d. Ang pagpupunyaging matamo ang kahusayan ay nangangailangang magsumikap tayong linangin ang ating kakayahan sa sukdulang antas. Kailanman ay maaari ba nating maipagpalagay na naabot na natin ang layunin ng “pagiging halimbawa ng makalangit na moralidad at kabutihan”?

## BAHAGI 4

Ang puso ng tao ay nilikha upang umibig. Likas na katangian nito ang mangapit sa isang bagay. Upang ito ay hindi mangapit sa makalupang mga bagay at upang makita rito ang liwanag ng Diyos, kailangang nakapangapit ito sa Kaniya. Maraming paraan upang ipakita ang pag-ibig. Iniibig natin ang ating mga pamilya, ang ating mga kaibigan, ang ating pamayanan, at ang ating bansa. Subalit ang lahat ng ganitong mga anyo ng pag-ibig ay may hangganan. Ang pag-ibig na tanging walang hangganan ay ang pag-ibig ng Diyos. Ang Kaniyang pag-ibig ay sumasaklaw sa lahat. Kapag ang ating mga puso ay dalisay at nakikita rito ang Kaniyang pag-ibig, nagagawa nating ipamalas ang walang-hanggan at di-makasariling pag-ibig para sa buong sangkatauhan. Maliban kung ang pag-ibig natin sa iba ay natatanglawan ng walang-hanggang pag-ibig ng Diyos, ito ay maaaring magtaglay ng hindi kanais-nais na mga katangian, tulad ng pagseselos, pagsusupil, at pagkiling.

May isang napakahalagang katangian ng pag-ibig na dapat maunawaan nating lahat. Ang pag-ibig ay laging may kasamang takot. Hindi ito nangangahulugang natatakot tayo sa mga minamahal natin. Ang kinakatakutan natin ay alinman sa dalawa, na mawala ang ating mga minamahal o ang mawala ang pagmamahal nila. Sa gayon, kasama ng ating pag-ibig sa Diyos, ay dapat naroon din sa ating mga puso ang takot sa Diyos—takot na ang ating mga kilos, ang ating masamang mga gawa, ay makapipigil upang umabot sa atin ang pag-ibig ng Diyos. Hindi nito ibig sabihin na ang ating mga kilos ay pipigil sa Diyos sa pagmamahal sa atin, dahil ang Kaniyang pag-ibig ay walang hanggan at hindi kailanman humihinto sa pagbuhos sa sangkatauhan. Subalit ang mga bagay na ginagawa natin ay maaaring maging tulad ng mga balakid na humahadlang sa pagdating ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa Natatagong mga Salita:

> **"O Anak ng Katauhan! Ibigin mo Ako, nang ika'y maibig Ko. Kung hindi mo Ako iibigin, ang pag-ibig Ko'y walang paraang makaabot sa iyo. Unawain mo ito, O tagapaglingkod."[5]**

Ang pagpapayabong ng mga katangiang espiritwal ay lubos na nababatay sa kapuwa pag-ibig sa Diyos at takot sa Diyos. Nililinaw ng maraming sipi mula sa mga Kasulatan ang ating pag-unawa rito sa dalawang puwersa na kinakailangan sa ating espiritwal na buhay. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Sapagkat ang pag-ibig sa Diyos at ang pagkaakit sa espiritwal ay ginagawang linisin at dalisayin ang puso ng tao at binibihisan at pinalalamutihan ito ng walang-bahid na kasuutan ng kabanalan; at kapag ang puso ay ganap na nakakapit na sa Panginoon, at sumailalim na sa Pinagpalang Kagandahan, doon pa lamang maihahayag ang biyaya ng Diyos.**
>
> **"Ang pag-ibig na ito ay hindi ukol sa katawan bagkus ay ukol lamang sa kaluluwa. At ang mga kaluluwang iyon na ang panloob na sarili ay natatanglawan ng pag-ibig sa Diyos ay tulad ng kumakalat na mga sinag ng araw, at sila ay sumisikat tulad ng mga bituin ng kabanalan sa dalisay at malakristal na langit. Sapagkat ang totoong pag-ibig, ang tunay na pag-ibig ay ang pag-ibig sa Diyos, at ito ay konsagrado nang higit pa sa mga akala at mga hinagap ng tao."[6]**

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Siyang naghahangad na maging katulong ng Diyos sa Araw na ito, tulutang ipikit niya ang kaniyang mga mata sa anumang pag-aari niya at ibukas ang mga iyon sa mga bagay ng Diyos. Tulutang ihinto niyang pagkaabalahin ang kaniyang sarili sa mga bagay na nagdudulot ng kapakinabangan sa kaniyang sarili, at pagkaabalahin ang kaniyang sarili roon sa dadakila sa lubos na kapani-paniwalang pangalan ng Lubusang Makapangyarihan. Dapat niyang linisin mula sa kaniyang puso ang lahat ng masamang simbuyo ng damdamin at ng balakyot na mga hangarin, sapagkat ang takot sa Diyos ay ang sandatang magkakaloob ng tagumpay sa kaniya, ang pangunahing instrumento upang makamtan niya ang kaniyang layunin. Ang takot sa Diyos ay ang kalasag na ipinagsasanggalang ang Kaniyang Kapakanan, ang pananggang nagbibigay ng tagumpay sa Kaniyang mga tao. Ito ay isang bandilang hindi maibabagsak ng sinumang tao, isang puwersang hindi matatapatan ng alinmang kapangyarihan. Sa tulong nito, at sa pahintulot Niya na Siyang Panginoon ng mga Hukbo, silang mga lumapit sa Diyos ay nagawang sakupin at pasukuin ang mga moog ng mga puso ng tao."**[7]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Kung hindi natin ____________ ang Diyos, ang pag-ibig Niya ay walang paraang ______________ sa atin.

   b. Ang pag-ibig sa Diyos at ang pagkaakit sa espiritwal ay ginagawang ______________ at ______________ ang puso ng tao.

   c. Kapag ang puso ng tao ay ganap na ________________ na sa Panginoon, at ____________ na sa Pinagpalang Kagandahan, doon pa lamang maihahayag ang ____________ ng Diyos.

   d. Ang pag-ibig na ito ay hindi ukol sa ___________ bagkus ay ukol lamang sa ____________ .

   e. Ang mga kaluluwang iyon na ang panloob na sarili ay ______________________ ng pag-ibig sa Diyos ay tulad ng kumakalat na mga sinag ng ______________ .

   f. Ang mga kaluluwang iyon na ang panloob na sarili ay ____________________ tulad ng ___________ ng ____________________ sa dalisay at malakristal na langit.

   g. Sapagkat ang ___________ pag-ibig, ang ___________ na pag-ibig, ay ang pag-ibig sa ___________ , at ito ay konsagrado nang higit pa sa ________________ at ______________________ ng tao.

2. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Ano ang lumilinis at dumadalisay sa puso ng tao? ___________________________
   ______________________________________________________________________

b. Anong kalagayan ang kailangang matupad ng puso upang maakit nito ang biyaya ng Diyos? ______________________________

______________________________

______________________________

c. Ang pag-ibig sa Diyos ay isa bang pisikal o espiritwal na kalagayan? __________

d. Ano ang nangyayari sa atin kapag ang ating mga kaluluwa ay natatanglawan ng pag-ibig sa Diyos? ______________________________

______________________________

e. Ano ang tunay na pag-ibig? ______________________________

3. Talakayin ang sumusunod na katanungan kasama ang mga miyembro ng inyong grupo: Ano ang nagiging epekto sa mga taong nakapalibot, mula sa kanila na ang panloob na sarili ay natatanglawan ng pag-ibig sa Diyos at sumisikat tulad ng mga bituin ng kabanalan sa dalisay at malakristal na langit?

4. Ang lahat ng paghahayag ng pag-ibig ay may hangganan maliban kung iyon ay natatanglawan ng pag-ibig ng Diyos, na sumasaklaw sa lahat at walang hangganan. Gamitin ang mga salita sa ibaba upang isaad ang pananaw na ito sa buong mga pangungusap. Ang ilang halimbawa ay ibinigay upang makatulong sa inyo.

| | |
|---|---|
| Ligaya | Ang pag-ibig ng Diyos ay nagbibigay ng ligaya sa ating mga puso. |
| Kalayaan | Ang pinagmumulan ng ating tunay na kalayaan ay ang pag-ibig sa Diyos at ang pangangapit sa Kaniya. |
| Kasakiman | Ang pag-ibig sa makalupang mga bagay ay maaaring humantong sa kasakiman. |
| Pagseselos | Kapag ang ating pag-ibig sa ating mga kaibigan ay hindi natatanglawan ng pag-ibig ng Diyos, maaari itong humantong sa pagseselos. |
| Liwanag | ______________________________ |
| Kalungkutan | ______________________________ |
| Kabiguan | ______________________________ |
| Buhay | ______________________________ |
| Simbuyo ng damdamin | ______________________________ |
| Pananabik | ______________________________ |
| Biyaya | ______________________________ |
| Mga hinagap | ______________________________ |
| Pagsusupil | ______________________________ |

| | |
|---|---|
| Takot | ________________________________________ |
| Habag | ________________________________________ |
| Malasakit | ________________________________________ |
| Kabanalan | ________________________________________ |
| Pagkiling | ________________________________________ |
| Katarungan | ________________________________________ |
| Kaalaman | ________________________________________ |
| Lakas-loob | ________________________________________ |

5. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang takot sa Diyos ay ang ___________________ magkakaloob ng tagumpay sa atin kapag pinili nating maging katulong ng Diyos sa Araw na ito.

   b. Ang takot sa Diyos ay ang ______________________________________ upang makamtan natin ang ating layunin.

   c. Ang takot sa Diyos ay ang ___________________ na ipinagsasanggalang ang Kaniyang Kapakanan.

   d. Ang takot sa Diyos ay ang ___________________ nagbibigay ng tagumpay sa Kaniyang mga tao.

   e. Ang takot sa Diyos ay isang _________________________ na hindi maibabagsak ng sinumang tao.

   f. Ang takot sa Diyos ay isang _________________ na hindi matatapatan ng sinumang kapangyarihan.

   g. Ang takot sa Diyos ay ang tumutulong sa kanilang mga lumapit sa Kaniya upang magawang ________________ at _____________________ ang mga _____________ ng mga puso ng tao.

6. Talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo:

   a. Bakit mahalaga ang pag-ibig sa Diyos para sa pag-unlad ng mga katangiang espiritwal?

   b. Bakit mahalaga ang takot sa Diyos para sa pag-unlad ng mga katangiang espiritwal?

7. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na sipi:

**"Ang naghahanap, kapag nakatubog sa karagatan ng pag-ibig sa Diyos, ay ibubunsod ng matinding pagnanasa at magbabangon upang isagawa ang mga batas ng Diyos."**[8]

## BAHAGI 5

Ang pag-ibig sa Diyos ay ang puwersang pangganyak na nagbubunsod sa atin upang tahakin ang landas ng paglilingkod sa Kaniyang Kapakanan. Ang bawat hakbang natin sa landas na ito ay nagpapalakas sa ating pag-ibig sa Kaniya. At sa bawat hakbang, ang mga salamin ng ating mga puso ay nagiging higit na malinis, at lalo pa nating pinauunlad ang ating mga katangiang espiritwal. Ang nagbibigay ng liwanag sa ating mga kaisipan at namamatnubay sa ating mga kilos sa landas na ito ay ang Batas ng Diyos. Maliban kung sumunod tayo sa Kaniyang mga batas, matatagpuan natin ang ating mga sarili sa karimlan at tayo ay mawawala. Sa Kitáb-i-Aqdas, sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh ang ating dalawang tungkulin, na kilalanin ang Kahayagan ng Diyos, at sumunod sa Kaniyang mga utos:

> **"Ang unang tungkuling iniutos ng Diyos para sa mga tagapaglingkod Niya ay ang pagkilala sa Kaniya na Pamimitak ng Kaniyang Rebelasyon at ang Bukal ng Kaniyang mga batas, Siyang kumakatawan sa Diyos kapuwa sa Kaharian ng Kaniyang Kapakanan at sa daigdig ng sangnilikha. Sinuman ang makagawa ng tungkuling ito ay natamo na ang lahat ng kabutihan; at sinuman ang pinagkaitan niyon ay naligaw, kahiman siya ang may-akda ng bawat makatarungang gawa. Nararapat sa lahat ng nakarating sa pinakamataas na katayuang ito, ang rurok ng nangingibabaw na kaluwalhatiang ito, na sundin ang bawat alituntunin Niya na Mithiin ng daigdig. Ang kambal na tungkuling ito ay hindi maipaghihiwalay. Ang isa ay hindi tatanggapin kung wala ang isa. Sa gayon, ito ay iniutos Niya na Pinagmumulan ng inspirasyong Dibino."[9]**

Kaugnay ng mga batas ng Diyos, sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na:

> **"O kayong mga sambayanan ng daigdig! Alamin nang may katiyakan na ang Aking mga utos ay ang mga tanglaw ng Aking mapagmahal na pagkupkop sa Aking mga tagapaglingkod, at ang mga susi ng Aking habag sa Aking mga nilalang."[10]**

Sa isa sa Kaniyang mga Tableta, sinasabi Niya:

> **"Tunay, ang mga batas ng Diyos ay tulad ng karagatan at ang mga anak ng tao ay tulad ng isda, kung nauunawaan lamang nila ito."[11]**

Idinagdag pa ni Bahá'u'lláh na:

> **"Sa katunayan ang Kaniyang mga kautusan ang bumubuo sa pinakamatatag na moog para sa pangangalaga ng daigdig at sa pagsasanggalang sa mga sambayanan nito—isang liwanag para doon sa mga tumanggap at kumilala sa katotohanan, at isang apoy para sa mga tumalikod at nagtatwa."[12]**

> **"Sabihin: Saksi ang Diyos! Ang Kaniyang Batas ay isang moog para sa inyo, kung nakauunawa lamang kayo."[13]**

Tinutukoy ang Kitáb-i-Aqdas, na ang nilalaman ay ang mga batas at mga ordenansa ng Kaniyang Dispensasyon, pinapayuhan Niya tayo na:

**"Sabihin: Mangapit dito, O mga tao, at sundin yaong itinala rito buhat sa mga kamangha-manghang mga turo ng inyong Panginoon, ang Nagpapatawad, ang Mapagbigay-biyaya. Tunay na pagyayamanin kayo nito kapuwa sa daigdig na ito at sa susunod at lilinisin kayo mula sa anumang hindi karapat-dapat sa inyo."**[14]

At sa isa sa Kaniyang mga Kasulatan ay mababasa natin:

**"Ang mga batas ng Diyos ay ipinababa mula sa langit ng Kaniyang kapita-pitagang Rebelasyon. Ang lahat ay dapat sumunod nang masigasig sa mga iyon. Ang sukdulang pagtatangi sa tao, ang kaniyang tunay na pagsulong, ang kaniyang pangwakas na tagumpay, ay laging nabatay, at patuloy na mababatay, sa mga iyon. Ang sinumang tumalima sa mga kautusan ng Diyos ay tatamo ng walang-katapusang kaligayahan."**[15]

1. Ipinahihiwatig ng mga sipi sa itaas na:

   ______ Ang ating unang tungkulin ay ang kilalanin ang Kahayagan ng Diyos.

   ______ Pagkatapos nating kilalanin Siya, ang kasunod nating tungkulin ay ang sumunod sa Kaniya.

   ______ Ang pagkilala sa Kahayagan ng Diyos ay mas mahalaga kaysa sa pagsunod sa Kaniyang mga batas.

   ______ Ang pagsunod sa mga batas ay mas mahalaga kaysa sa pagkilala sa Kahayagan ng Diyos.

   ______ Ang pagkilala sa Kahayagan ng Diyos at ang pagsunod sa Kaniyang mga batas ay magkasinghalaga; ang isa ay hindi katanggap-tanggap kapag wala ang kabila.

   ______ Ang Diyos ay nagbigay sa atin ng mga batas dahil iniibig Niya tayo.

   ______ Ang Diyos ay nagbigay sa atin ng mga batas upang matakot tayo sa Kaniya.

   ______ Dapat tayong sumunod sa mga batas ng Diyos dahil natatakot tayo sa parusa.

   ______ Dapat tayong sumunod sa mga batas ng Diyos dahil iniibig natin Siya.

   ______ Dapat tayong sumunod sa mga batas ng Diyos upang maakit ang Kaniyang habag.

   ______ Ang minamahal lamang ng Diyos ay ang mga sumusunod sa Kaniya.

   ______ Ang mga sumusunod sa Diyos ay binubuksan ang kanilang mga puso upang matanggap ang Kaniyang pag-ibig.

   ______ Hindi tayo mabubuhay kapag nasa labas tayo ng karagatan ng mga batas ng Diyos.

2. Sa sipi sa itaas, ang mga batas ng Diyos ay inilalarawan bilang

   – ang mga _______________ ng mapagmahal na pagkupkop ng Diyos.

   – ang mga susi ng _______________ ng Diyos.

– ang _______________ kung saan nakalubog ang lahat ng tao.

– ang pinakamatatag na moog para sa _______________ at _______________ sa mga sambayanan nito.

– isang _______________ para doon sa mga tumanggap at kumilala sa katotohanan, at isang _______________ para sa mga tumalikod at nagtatwa.

– isang _______________ para sa atin.

3. Ngayon ay isulat sa ibaba, pagkatapos ng dalawang halimbawa na ibinibigay, ang ilan sa mga batas at mga ordenansa ng Diyos. Kapag tinitingnan natin ang bawat isa kaugnay ng mga parirala sa itaas, paano ito nakadaragdag sa ating pag-unawa sa kahalagahan ng mga ito sa ating buhay at sa bisa ng ating mga pagsisikap sa landas ng paglilingkod?

Ang pagbasa at pagninilay-nilay sa Salita ng Diyos tuwing umaga at gabi.

Ang pag-usal ng dalanging katungkulang isagawa tuwing araw.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

4. Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang masunuring tagapaglingkod ng Diyos?

_____ Na laging itinatanong kung tama kaya ang itinalaga ng Diyos

_____ Na laging tinututulan o nagwawalang-bahala sa mga pasiya ng mga institusyong Bahá'í

_____ Na bulag na sumusunod sa ibang mga tagapaglingkod ng Diyos

_____ Na saliksikin ang katotohanan sa layuning tanggapin at isabuhay iyon

_____ Na lumakad sa mga landas ng Diyos nang matatag ang mga paa

_____ Na sikaping iayon ang ating mga isipan at mga kilos sa mga katuruan ng Diyos

_____ Na maligayang itaguyod ang Batas ng Diyos at dakilain ang Kaniyang Salita

_____ Na maging matapat sa ating pagtalima sa mga batas ng Diyos, maging anupaman ang mga kalagayan

_____ Na huwag manahan sa ating mga kahinaan at mga karupukan, bagkus ay ilagay ang ating buong tiwala at pananalig sa biyaya at pagpapala ng Diyos

5. Isaulo ang sumusunod na sipi mula sa Kitáb-i-Aqdas, kung hindi pa ninyo nagawa iyon sa isang naunang pagkakataon:

**“Ang Dila ng Aking lakas, mula sa kalangitan ng Aking pinakamabisang luwalhati, ay sinabi sa Aking nilikha ang ganitong mga salita: ‘Sundin ang Aking mga utos, dahil sa pag-ibig sa Aking kagandahan.’”**[16]

## BAHAGI 6

Ang pagkilala sa Kahayagan ng Diyos ay nagbubukas sa ating mga mata. Nagagawa nating mabatid kung ano ang nakatutulong sa pagtaas natin at kung ano ang humahantong sa pagkahamak natin. Habang pinag-aaral natin ang Rebelasyong dinala sa atin ng Kahayagan, nalalaman natin kung ano ang layunin ng Diyos para sa sangkatauhan. Sa bawat bagay ay nakikita natin ang isang palatandaan ng Kaniyang lakas at ng Kaniyang di-malirip na karunungan. Ang kaalamang natatamo natin mula sa Kahayagan ng Diyos at ang pag-ibig na nadarama natin para sa Kaniya ay nagbibigay sa atin ng katiyakan. Ang ating mga puso ay hindi na nag-aatubili at nangangamba.

Habang mapagpakumbaba nating tinatahak ang landas ng paglilingkod, lumalaki ang ating pananalig at katiyakan. Habang lumalaki ang sukat ng ating pananalig, lumalaki rin sa kaukulang sukat ang ating kakayahang tanggapin ang mga biyaya ng Diyos at paunlarin ang mga katangiang espiritwal. Ibinabaling natin ang ating paningin tungo sa Araw ng Katotohanan at patuloy na tumatanggap ng kaliwanagan. Sa gayon ang bawat kilos sa landas na ito ay isinasagawa habang buong-kamalayang taglay ang kaalaman—kaalaman sa Diyos, sa Kaniyang Rebelasyon, at sa Kaniyang layunin para sa sangkatauhan. Ito ang ipinahihiwatig ng pananalig. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

**“Bagaman ang taong matwid ang mga kilos ay kalugod-lugod at tinatanggap sa harap ng Banal na Bungad ng Diyos, gayumpaman ang mga gawa ay dapat nagbubuhat sa kaalaman. Gaanuman katangi-tangi at napakaganda ng likhang-kamay ng isang taong bulag, gayumpaman siya ay napagkaitang makita ito. Napakatinding magtrabaho ng ilang hayop para sa kapakanan ng tao, anong mga pasanin ang binubuhat nila para sa kaniya, napakalaki ng itinutulong nila sa kaniyang ginhawa at alwan; at gayumpaman, dahil sila ay walang kabatiran, wala silang tinatamasang kabayaran sa lahat ng kanilang paghihirap. Ang mga ulap ay umuulan ng biyaya nito, dinidilig ang mga halaman at mga bulaklak, at ginagawang luntian at nakahahalina ang kaparangan at kabukiran, ang gubat at ang hardin; subalit yamang wala silang kamalayan sa mga resulta at bunga ng kanilang mga pagbuhos, wala silang nakakamtang papuri o parangal, ni walang nakukuhang pasalamat at patibay ng alinmang tao. Ang ilawan ay nagbibigay ng liwanag, subalit dahil wala itong kamalayan sa paggawa nito, walang tumatanaw ng utang na loob dito. Bukod rito, ang isang tao na matwid ang mga gawain at mabuti ang asal ay tiyak na babaling tungo sa Liwanag, maging saanmang dako niya ito makita. Ang punto ay ito, na ang pananalig ay binubuo ng kapuwa kaalaman at pagsasagawa ng mabuting mga gawa.”**[17]

Hinihimok tayo ni Bahá’u’lláh:

**“Sabihin: O mga tao! Huwag ipagkait sa inyong mga sarili ang biyaya ng Diyos at ang Kaniyang habag. . . . Siya ang naglantad sa inyong mga mata ng mga kayamanan ng Kaniyang kaalaman, at ginawang makapanhik kayo sa langit ng**

**katiyakan—ang katiyakan ng Kaniyang di-mapipigilan, di-matututulan at pinakadakilang Pananampalataya.”[18]**

**“Damtan ang inyong mga sarili, O mga tao, ng kasuutan ng katiyakan, nang upang mapangalagaan kayo nito mula sa mga palaso ng walang-katuturang hinagap at walang-kabuluhang mga kathang-isip, at nang upang kayo ay mapabilang sa mga matatapat sa mga araw na ito—mga araw kung kailan ay walang makatatamo ng katiyakan o magkakamit ng katatagan sa Kapakanan ng Diyos maliban lamang sa pamamagitan ng pagtatakwil sa yaong nauuso sa mga tao at sa pagbaling patungo sa banal at maningning na Kagandahang ito.”[19]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap batay sa unang sipi sa itaas:

   a. Maaaring katangi-tangi at napakaganda ng likhang-kamay ng isang taong bulag, gayumpaman ______________________________________________

   ______________________________________________

   b. Nagtatrabao ang ilang hayop para sa kapakanan ng tao, binubuhat ang mga pasanin at nakatutulong sa kaniyang ginhawa at alwan, gayumpaman ________________

   ______________________________________________

   c. Ang mga ulap ay umuulan ng biyaya nito, dinidilig ang mga halaman at mga bulaklak, at ginagawang luntian at nakahahalina ang kaparangan at kabukiran, ang gubat at hardin; subalit ______________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   d. Ang ilawan ay nagbibigay ng liwanag, subalit ____________________________

   ______________________________________________

   e. Ang tao ay gumagawa ng mabuting mga gawa, subalit ang kaniyang mga gawa ay dapat nagbubuhat sa ______________________________________

2. Ngayon, buuin ang sumusunod na mga pangungusap bata sa dalawang kasunod na sipi:

   a. Hindi natin dapat ipagkait sa ating mga sarili ang __________________________ .

   b. Inilantad ng Diyos sa ating mga mata ______________________________ at ginawang ____________________________________________—ang katiyakan ng Kaniyang di-______________________ , di- ___________________ , at _________________________________ .

c. Dapat nating ___________ ang ating mga sarili ng kasuutan ng _____________ , nang upang _____________ tayo nito mula sa mga palaso ng ________________ ________________ at __________________________ .

d. Ito ang mga araw kung kailan ay walang makatatamo ng ______________ o magkakamit ng __________ sa Kapakanan ng Diyos liban lamang sa pamamagitan ng _________________ sa yaong nauuso sa mga tao at sa ____________________ patungo sa banal at maningning na Kagandahang ito.

3. Para sa bawat isa sa mga salita sa ibaba, sumulat ng isang pangungusap na nagtataglay ng salitang "pananalig". Ang isang halimbawa ay ibinigay bilang tulong sa inyo.

| | |
|---|---|
| Di-matinag | Ang kaniyang pananalig sa Kasunduan ay tulad ng bundok; iyon ay di-matinag. |
| Hindi nag-aatubili | ______________________________ |
| Kasiglahan | ______________________________ |
| Matibay | ______________________________ |
| Lumaki | ______________________________ |
| Bagong gising | ______________________________ |
| Totoo | ______________________________ |
| Matatag | ______________________________ |
| Walang pag-aalinlangan | ______________________________ |
| Tunay | ______________________________ |
| Di-mayanig | ______________________________ |

4. Ipasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

_____ Ang pinagmumulan ng pananalig ay ang kaalaman sa Diyos at ang pagkilala sa Kaniyang Kahayagan.

_____ Ipinahihiwatig ng pananalig kay Bahá'u'lláh ang pagsunod sa Kaniyang mga utos.

_____ Kapag tayo ay may pananalig sa Kahayagan ng Diyos, lagi natin susundin ang Kaniyang mga utos.

_____ Ang ibig sabihin ng pagtataglay ng pananalig ay hindi kailanman nagtatanong.

_____ Ang ating pananalig ay lumalaki habang ang ating kaalaman sa Diyos ay lumalaki.

_____ Ang ating pananalig ay lumalaki habang tayo ay kumikilos nang sang-ayon sa mga katuruan ng Kahayagan ng Diyos.

_____ Ang pagtataglay ng di-matinag na pananalig ay kapareho ng pagiging panatiko.

______ Ang pananalig ay isang bagay na hindi maaaring mawala.

______ Kapag tayo ay may pananalig, kailanman ay hindi tayo mag-aalangan sa sarili nating pag-unawa sa mga katuruan.

______ Kapag tayo ay may pananalig, kailanman ay hindi tayo mag-aalangan sa katotohanan ng mga katuruan ng Kahayagan ng Diyos.

______ Ang pagkakabatid sa katotohanan ng Rebelasyon at nag-aatubiling kumilos nang sang-ayon doon ay nagpapakilala ng mahinang pananalig.

______ Natural lamang na dumaan tayo sa mga yugto ng pag-aalangan upang makarating sa kalagayan ng katiyakan.

______ Habang lumalaki ang ating pananalig, nagagawa nating talikdan ang walang-kabuluhang hinagap at walang-katuturang mga kathang-isip.

______ Kinakailangan ang pananalig upang makamtan ang kalagayan ng katiyakan sa katotohanan ng Rebelasyon ng Diyos.

5. Isulat ang ilang bagay na nakatitiyak kayo. Dalawang halimbawa ang ibinigay bilang tulong sa inyo.

   a. Nakatitiyak akong maitatatag ang Pandaigdig na Kaayusan ni Bahá'u'lláh.

   b. Nakatitiyak akong mapagtatagumpayan ng Pananampalataya ang anumang mga balakid sa landas nito at matatamo ang matayog na layunin nito.

   c. ______________________________________________

   ______________________________________________

   d. ______________________________________________

   ______________________________________________

   e. ______________________________________________

   ______________________________________________

   f. ______________________________________________

   ______________________________________________

6. Talakayin ang mga sumusunod sa inyong grupo:

   a. Kung kayo ay naniniwala sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh, subalit sa isang mahirap na kalagayan at sa ilalim ng matinding panggigipit, ay ipinasiya ninyong hindi kapaki-pakinabang sa inyo ang kumilos nang sang-ayon sa simulain ng katapatan, ano ang inyong pinag-aalinlanganan?

   b. Ang pagtamo lamang ng kaalaman ay sapat na ba upang palakasin ang ating pananalig? Paano tayo tinutulungan ng pinagsamang buong-kamalayang kaalaman at pagkilos upang maiwaksi natin ang pag-aalinlangan at matamo ang katiyakan?

c. Maaari ba nating matamo ang pananalig at katiyakan kapag walang taimtim na pagsamo sa Lubos na Makapangyarihan at sa pagbuhos ng Kaniyang biyaya?

## BAHAGI 7

Ang pananalig ay ang saligan kung saan itinatatag natin ang ating espiritwal na buhay. Naniniwala tayo sa katotohanan ng Rebelasyon ng Diyos at hindi tayo nag-aatubiling kumilos sang-ayon sa Kaniyang mga batas at mga payo. Matatag tayo sa ating pag-ibig sa Diyos at sa Kaniyang Kahayagan. Nakatitiyak tayong ang Kalooban ng Diyos ay magaganap at isinusuko natin ang ating sariling kalooban sa Kaniya. Subalit may hangganan ang ating kaalaman sa Kaniyang espiritwal at materyal na sangnilikha, at kailanman ay hindi natin nalalaman kung ano ang magaganap sa kasunod na araw. Sa gayon, taglay ang mga puso na puspos ng pag-asa, lagi nating inaasam ang pagbuhos sa atin ng mga biyaya ng Diyos. Nananalig tayo sa habag ng Diyos at lagi tayong umaasa na tatanggap tayo ng Kaniyang mga pagpapala. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Huwag mawalan ng tiwala sa Diyos. Ikaw ay laging umasa, sapagkat ang mga biyaya ng Diyos ay hindi kailanman humihinto ang pagdaloy sa tao. . . . Ang tao sa lahat ng kalagayan ay nakatubog sa karagatan ng mga biyaya ng Diyos. Samakatwid huwag kang mawalan ng pag-asa sa anumang kalagayan kundi ay maging matatag sa iyong pag-asa.”[20]**

> **“Kung ang puso ay tatalikod sa mga pagpapala na inihandog ng Diyos, paano ito makaaasa ng kaligayahan? Kung hindi nito inilalagay ang pag-asa at pagtitiwala sa awa ng Diyos, saan ito tatagpo ng pamamahinga? O, magtiwala sa Diyos! sapagkat ang Kaniyang Kagandahang-loob ay walang hanggan, at sa Kaniyang mga Pagpapala, sapagkat ang mga iyon ay marilag. O! ilagay ang inyong pananalig sa Lubos na Makapangyarihan, sapagkat hindi Siya bumibigo at ang Kaniyang kabutihan ay nananatili sa habang panahon! Ang Kaniyang Araw ay nagbibigay ng Liwanag nang patuloy, at ang mga Ulap ng Kaniyang Habag ay punong-puno ng mga Tubig ng Awa na siyang ginagamit Niyang pandilig sa mga puso ng lahat ng mga nagtitiwala sa Kaniya. Ang Kaniyang sariwang Simoy ay lagi nang may panlunas na dala sa mga bagwis nito para sa nangauuhaw na mga kaluluwa ng tao!”[21]**

At ukol naman sa pinagmumulan ng ating pag-asa, sinasabi Niya:

> **“Ipinahayag ang maligayang balita ng Rebelasyon, at sumikat nang maningning ang lumiliyab na apoy at nagbabagang alab ng Palumpong Nag-aapoy. Ang mga daluyong ng karagatan ng pagkakaisa, kasabay ang mga hukbo ng patnubay, ay humahampas sa mga dalampasigan ng pagtatalo at inihahagis ang mamahaling mga perlas ng pagkakaisa at pagkakasundo sa malayo’t malawak. Bumalot sa lupa ang dibinong tagsibol, namukadkad ang makalangit na mga bulaklak, bumuhos ang mga ulan ng tagsibol, at humihip mula sa bawat dako ang mga hanging nagbibigay buhay, hanggang sa wakas ang lahat ay napuspos ng pag-asang ang kagandahan ng Kaisahan ay mailalantad sa kalipunan ng daigdig, at ang liwanag ng anyo nito ay sisinang nang maningning sa kabuuan ng lahat ng mga rehiyon.”[22]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Dapat tayo ay laging umasa, sapagkat ang _______________ ng Diyos ay hindi kailanman ____________ ang pagdaloy sa tao.

   b. Tayo ay hindi dapat mawalan ng pag-asa sa anumang kalagayan, kundi ay maging ___________ sa ating _____________ .

   c. Tayo ay hindi dapat __________________ sa anumang ______________________ , kundi ay maging matatag sa ating pag-asa.

   d. Ang mga Ulap ng ___________ ng Diyos ay punong-puno ng mga Tubig ng ____________________ .

   e. Ang mga Tubig ng __________________ ay ginagamit ng Diyos na pandilig sa mga _______________ ng lahat ng mga ______________ sa Kaniya.

2. Ipasiya kung totoo ang sumusunod na mga pangungusap:

   ______ Ang pagtiwala sa Diyos ay isang pinagmumulan ng pag-asa na di-nasasaid.

   ______ Ang tunay na pinagmumulan ng pag-asa ay ang pagtiwala sa sariling mga kakayahan.

   ______ Umuusbong ang pag-asa mula sa pagtiwala sa habag ng Diyos na sumasaklaw sa lahat.

   ______ Ang pananalig sa katotohanan ng mga katuruan ng Kahayagan ng Diyos ay isang walang-hanggang pinagmumulan ng pag-asa.

   ______ Ang pinakamalaking mga pinagmumulan ng pag-asa ay ang materyal na mga ari-arian at ang ugnayan sa mga tao na may kapangyarihan.

   ______ Tanging ang mga tao na walang muwang lamang ang may pag-asa. Ang tao na bumabatay sa realidad ay dapat lamang magduda sa lahat ng bagay.

   ______ Ang pag-asa ay umuusbong lamang sa puso ng mga hangal.

   ______ Nananatili tayong laging may pag-asa kapag tayo ay nasisiyahan sa Kalooban ng Diyos sa lahat ng kalagayan.

   ______ Nananatili tayong laging may pag-asa kapag mayroon tayong ganap na pananalig na walang-puknat na iuulan sa atin ang mga biyaya ng Diyos.

   ______ Hindi tayo kailanman mawawalan ng pag-asa kapag nananalig tayong sa wakas ay maitatatag ang Pandaigdig na Kaayusan ni Bahá’u’lláh.

3. Ipinahihiwatig ng pagkakaroon ng pag-asa, na kapag nais nating paunlarin ang mga katangiang espiritwal,

   ______ tiyak na magtatagumpay tayo, maging anupaman ang antas ng pagsisikap na gagawin natin.

______ kailangan nating laging ipaalaala sa ating mga sarili na maaaring hindi tayo magtagumpay.

______ hindi natin kailangang gumawa ng anumang pagsisikap.

______ kailangan lamang nating magtiwala sa sarili nating kakayahan, sapagkat iyon ang pangunahing bagay na makatitiyak sa ating tagumpay.

______ makatitiyak tayo na kapag gumawa tayo ng taimtim na pagsisikap, magtatagumpay tayo sa tulong ng biyaya at pagpapala ng Diyos.

4. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang sinasabi ng isang tao na may pag-asa?

______ Ako'y walang kuwentang tao, at walang saysay na sikapin pang magbago.

______ Sa kabila ng kabatirang may mga hangganan ako, sinisikap ko pa ring laging gawin ang lahat ng aking makakaya.

______ Sa pinakamahirap na mga panahon sa aking buhay, nagdarasal ako para sa dibinong tulong at nagtitiwala akong tutulungan ako sang-ayon sa Kalooban ng Diyos.

______ Laging nagwawagi ang mababang katangiang likas ng tao sa kaniyang mataas na katangiang likas, at hindi ko kailanman makikita ang araw na kikilos nang marangal ang mga tao.

______ Ang matibay na paniniwala sa pagiging marangal ng bawat tao ay ang tumutulot na manatili tayong nagtatalaga sa paglilingkod.

______ Ang ilan sa mga bata sa aking klase ay kumikilos nang hindi tama, subalit alam kong kapag matiyaga ko silang tutulungan, sila ay bubuti rin.

______ Ang negatibong mga puwersa na umiiral sa mga junior youth ay napakalakas na walang saysay ang pagsisikap na tulungan sila upang paglabanan ang impluwensiya niyon.

______ Sa kabila ng mga puwersang humihimok sa mga junior youth na tanggapin ang lahat nang walang tugon o pagkukusa, ang marami sa kanila, kapag may wasto at patuloy na pagkalinga, ay natututong paglabanan ang gayong impluwensiya at itinatalaga ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa pamayanan.

______ Ang mga balakid na hinaharap natin sa landas ng paglilingkod ay madalas na magagawang mga batong tungtungan para sa pag-unlad.

______ Ang aming pamayanan ay kasalukuyang dumaraan sa isang krisis, subalit nakatitiyak akong mapagtatagumpayan namin ang mga suliranin at makapag-papatuloy na sumulong sa pamamagitan ng paggamit sa mga kapangyarihang likas na taglay ng Kapakanan.

______ Napakaraming bagay ang humahati sa lipunan na kailanman ay hindi magagawa ng mga pamayanan na makamtan ang pagkakaisa.

______ Bagaman kung minsan ay waring napakahirap itong gawin, magagamit natin ang mga simulaing espiritwal upang maitatag ang higit pang pagkakaisa.

5. Isaulo ang sumusunod na dalangin:

> **"Siya ang Madamayin, ang Lubos na Mapagpala! O Diyos, aking Diyos! Nakikita Mo ako, nakikilala Mo ako; Ikaw ang aking Kanlungan at ang aking Takbuhan. Wala akong hinanap at wala akong hahanapin liban sa Iyo; walang landas akong nilakaran o lalakaran pa kundi ang landas ng Iyong pag-ibig. Sa madilim na gabi ng kawalang-pag-asa, ang aking mata ay umaasam at lipos ng pag-asang bumabaling sa umaga ng Iyong walang-hanggang pagtatangkilik at sa oras ng bukang-liwayway, ang aking nanlulupaypay na kaluluwa ay nananariwa at lumalakas sa paggunita sa Iyong kagandahan at kaganapan. Siyang tinulungan ng Iyong kahabagan, kung siya man ay maging isa lamang patak, siya ay magiging walang-hanggang karagatan, at ang pinakamunting atomo na tutulungan ng pagbuhos ng Iyong masuyong kabutihan ay magliliwanag na tulad ng maluningning na bituin.**
>
> **"Kupkupin sa lilim ng Iyong pangangalaga, O Ikaw na Espiritu ng kadalisayan, Ikaw na Lubos na Mapagpalang Tagapagbigay, itong nabihag at nagniningas na tagapaglingkod Mo. Tulungan siya rito sa daigdig ng kinapal na mamalaging di-nagbabago at matatag sa Iyong pag-ibig at loobin na itong ibong may baling bagwis ay magkaroon ng kanlungan at lilim sa Iyong banal na pugad sa makalangit na Punongkahoy."**[23]

# BAHAGI 8

Ang isang malapit na kasama ng pag-asa ay ang nananabik na pagnanasa. Ang pusong hindi nagnanasang tumanggap ng mga biyaya ng Diyos ay walang buhay. Ang kaluluwang hindi nag-aalab sa pagnanasang makarating sa kinaroroonan ng Diyos ay maaari lamang gumala sa disyerto ng pagkasuwail. Ang pagnanasa ay katangian ng puso ng tao. Subalit ang bagay na ninanasa ay dapat ang mga katangiang espiritwal, kaligayahang espiritwal, pagkatanggap sa Dibinong Bungad, at mapagpakumbabang paglilingkod sa Kaniyang Kapakanan. Sapagkat kapag ang mga udyok ng sarili at simbuyo ng damdamin ay idinadako ang pagnanasa tungo sa daigdig at sa mga kapalaluan nito, ang mismong puwersa na nagbubunsod sa pagsulong ng kaluluwa ay mauubos. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang bukal ng banal na pagkabukas-palad ay bumubulusok, ngunit dapat mayroon tayong pagkauhaw sa nabubuhay na mga tubig. Maliban kung may pagkauhaw, ang nakabubuting tubig ay hindi makasisiya. Maliban kung nagugutom ang kaluluwa, ang masasarap na pagkain sa makalangit na hapag ay hindi magbibigay ng sustansiya. Maliban kung nakabukas ang mga mata ng pag-unawa, ang mga liwanag ng araw ay hindi masasaksihan. Hangga't hindi nililinis ang mga butas ng ilong, ang halimuyak ng banal na hardin ng rosas ay hindi malalanghap. Maliban kung ang puso ay mapuspos ng pananabik, ang mga pagpapala ng Panginoon ay hindi makikita. . . . Kung dumadaluyong ang karagatan ng nakagiginhawang tubig at hindi tayo nauuhaw, anong kapakinabangan ang ating matatanggap? Kung sinindihan ang kandila at wala tayong mga mata, anong kasiyahan ang makukuha natin mula rito? Kung ang magagandang himig ay umaakyat sa langit at tayo ay walang pandinig, anong kasiyahan ang ating masusumpungan?"**[24]

Sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi, mababasa natin:

> **"Samakatwid ay huwag maging abala sa iyong mga kahinaan; magkaroon ng lubos na pagsasalig sa Diyos; tulutang mag-apoy ang iyong puso sa pagnanasang makapaglingkod sa Kaniyang misyon at ipahayag ang Kaniyang panawagan; at iyong makikita na kusang darating ang kahusayang magsalita at ang kakayahang mapagbago ang mga puso ng tao."**[25]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang bukal ng banal na pagkabukas-palad ay ________________ , ngunit dapat mayroon tayong ______________ sa nabubuhay na mga tubig.

   b. Ang bukal ng ________________________________ ay bumubulusok, ngunit dapat mayroon tayong pagkauhaw sa ______________________________ .

   c. Ang masasarap na pagkain sa makalangit na hapag ay hindi magbibigay sa atin ng sustansiya maliban kung ________________ ang ating mga kaluluwa.

   d. Ang __________________________ sa makalangit na hapag ay hindi magbibigay ng sustansiya sa atin maliban kung nagugutom ang ating mga kaluluwa.

   e. Ang mga pagpapala ng Panginoon ay makikita kapag ang ating mga puso ay mapuspos ng ____________________ .

   f. Ang mga ___________ ng Panginoon ay _____________ kapag ang ating mga puso ay mapuspos ng pananabik.

   g. Dapat ay huwag tayong maging abala sa ating mga __________________ .

   h. Ang ating mga puso ay dapat ____________ sa pagnanasang ________________ sa Kaniyang misyon at ipahayag ang Kaniyang panawagan.

   i. Ang ating mga puso ay dapat mag-apoy sa pagnanasang _____________________ ________________ at __________________________________________ .

   j. Ang kahusayang magsalita at ang kakayahang mapagbago ang mga puso ng tao ay kusang darating kapag magkaroon tayo ng ________________________________ ___________________ tinutulutang ____________________________________ ___________________________________________________________ .

2. Batay sa unang sipi sa itaas, sumulat ng limang pangungusap na nagsisimula sa "maliban".

   a. Maliban _____________________________________________________
   ___________________________________________________________

b. Maliban ______________________________________________________________
______________________________________________________________

c. Maliban ______________________________________________________________
______________________________________________________________

d. Maliban ______________________________________________________________
______________________________________________________________

e. Maliban ______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Ipasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

_____ Ang lahat ng pagnanasa ay kapuri-puri.

_____ Ang pagnanasa para sa makalangit na mga kaganapan ay kapuri-puri.

_____ Kung wala tayong pagnanasa sa makalangit na mga kaganapan, hindi natin matatamo ang mga ito.

_____ Magiging higit na maligaya tayo kapag wala tayong anumang pagnanasa.

_____ Ang pagnanasang makapagbigay ng tunay na kaligayahan sa bawat puso ay kapuri-puri.

_____ Ang ating mga puso ay napupuspos ng kaligayahan kapag ang ninanasa natin ay tanging ninanasa lamang ng Diyos para sa atin.

_____ Ang makasariling mga pagnanasa ay laging salungat sa ninanasa ng Diyos para sa atin.

_____ Kapag kumikilos tayo habang ang ating mga puso ay puspos ng nananabik sa pagnanasang ituro ang Kapakanan, tayo ay tumatanggap ng dibinong mga pagpapatibay.

_____ Ang nananabik na pagnanasa ay kinakailangan muna bago matanggap ang pagpapala ng Diyos.

_____ Ang pagnanasang paginhawahin ang ating materyal na kalagayan ay katanggap-tanggap, basta hindi nito nahihigitan ang pagnanasang maging kalugud-lugod sa Diyos.

_____ Dapat lagi tayong mag-ingat na ang makalupang mga pagnanasa ay hindi maghari sa ating mga buhay.

_____ Kapag dinadalisay natin ang ating mga puso mula sa makasariling mga hangarin, tayo ay lumalapit sa Diyos.

_____ Ang sukdulang pagnanasa ay ang makarating sa kinaroroonan ng Diyos.

4. Alin sa sumusunod na mga pagnanasa ang hindi katanggap-tanggap? Bakit hindi?

_____ Ang magtamo ng kahusayan sa sariling trabaho

______ Ang makitang maitatag ang kapayapaan sa lupa

______ Ang ituro ang Kapakanan

______ Ang magkaroon ng maligayang pamilya

______ Ang lumaki ang pananalig at katiyakan

______ Ang manatiling matatag sa Kasunduan

______ Ang maglingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan nang walang bahid ng pagkamakasarili

______ Ang maging tanyag sa paglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan

______ Ang paunlarin ang mga katangiang espiritwal

______ Ang gumawa para sa kaligayahan ng mga iba

______ Ang maihalal sa Local Assembly

______ Ang makita ang pag-unlad ng Kapakanan

______ Ang makamtan ang mataas na katayuan sa pamayanan

______ Ang magkaroon ng kapangyarihan sa mga iba

______ Ang makita ang pag-unlad ng mga iba

______ Ang itaguyod ang sariling kapakanan

______ Ang itaguyod nang walang bahid ng sarili ang pinakamabuting kalagayan ng Pananampalataya

5. Talakayin kasama ang ibang mga kalahok ng inyong grupo ang sumusunod na dalawang pahayag:

   a. Ang pagninilay-nilay sa buhay pagkatapos mamatay ay nakatutulong sa atin upang magkaroon ng pagkauhaw para sa pagiging espiritwal.

   b. Ang sukdulang pagnanasa ay ang pagnanasang tupukin nang lubusan ang lambong ng sarili at makarating sa kinaroroonan ng Diyos.

## BAHAGI 9

Ang kaalaman, pananalig at katiyakan, ang pag-asa at nananabik na pagnanasa, ay hindi maaaring mawala sa mga lumalakad sa landas ng paglilingkod. Subalit ang mga ito ay hindi pa sapat; kailangan nating palakasin ang saloobing kumilos at patuloy na magsumikap, upang tayo ay makagawa ng malaking mga hakbang sa landas na ito at tumupad sa ating dalawang layunin, na umunlad sa espiritwal at intelektuwal at na tumulong sa pag-unlad ng lipunan. Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

> **"Sa bawat isa ay itinalaga ang isang itinadhanang sukat, sang-ayon sa iniutos sa makapangyarihan at iniingatang mga Tableta ng Diyos. Ang lahat ng inyong natatagong mga kakayahan, gayumpaman, ay maihahayag lamang bunga ng**

**sarili ninyong pagkukusa. Ang sarili ninyong mga gawa ay sumasaksi sa katotohanang ito."**[26]

Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Huwag ninyong pamihasain ang inyong mga katawan sa pamamahinga, subalit ay gumawa nang buong kaluluwa, at sa inyong puso ay isigaw at magmakaawa sa Diyos na ipagkaloob sa inyo ang Kaniyang tulong at biyaya. Sa gayon ay magagawa ninyo itong daigdig na maging Paraiso ng Abhá, at itong globo ng lupa na maging pinagpaparadahan ng kaharian sa kaitaasan. Kung gagawin lamang ninyo ang pagsisikap na ito, tiyak na ang mga karingalang ito ay sisinag, itong mga ulap ng habag ay magbubuhos ng ulan nito, itong nagbibigay-buhay na mga simoy ay lalakas at hihihip, itong matamis na samyo ng pabango ay lalaganap sa malayo at malawak."**[27]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang lahat ng ating ______________________ mga kakayahan ay maihahayag __________ bunga ng sarili nating pagkukusa.

   b. Ang lahat ng ating natatagong mga kakayahan ay ______________________ lamang bunga ng ____________________________________ .

   c. Hindi natin dapat _____________ ang ating mga katawan sa _________ , subalit ay ________ nang ating buong ____________ at sa ating _______ ay ___________ at _________________ sa Diyos na ipagkaloob ang Kaniyang ____________ at _____________ . Sa ganitong paraan ay magagawa natin itong globo ng lupa na maging _________________________________ ng __________________ sa ______________ .

   d. Kung gagawin lamang natin ang pagsisikap na ito, tiyak na _________________ ______________________________________________________________

   e. Kung gagawin lamang natin ang pagsisikap na ito, tiyak na _________________ ______________________________________________________________

   f. Kung gagawin lamang natin ang pagsisikap na ito, tiyak na _________________ ______________________________________________________________

   g. Kung gagawin lamang natin ang pagsisikap na ito, tiyak na _________________ ______________________________________________________________

2. Alin sa mga sumusunod ang ipinahihiwatig ng unang sipi?

   _____ Yamang itinadhana sa atin ng Diyos ang ating mga kakayahan, ang mga ito ay yayabong maging anupaman ang mga piliin nating gawin sa ating buhay.

______ Yamang itinadhana sa atin ng Diyos ang ating mga kakayahan, ang mga ito ay yayabong kahit gumawa tayo ng pagsisikap o hindi.

______ Ibinigay ng Diyos sa bawat isa sa atin ang tanging mga kakayahan, subalit ang mga ito ay yayabong lamang kapag tayo ay gumawa ng pagsisikap.

______ Sa pamamagitan ng ating saliring kalooban, magagawa ng bawat isa atin na mapagtagumpayan ang lahat ng hangganan ng tao at sa gayon ay matatamo ang lubos na kaganapan.

______ Gaanuman kalayo tayo sumulong sa espiritwal, walang sinuman sa atin ang magagawang maihayag nang lubusan ang natatagong mga kakayahan na itinadhana ng Diyos para sa atin; samakatwid ay kailangan nating patuloy na gumawa ng pagsisikap upang higit pang paunlarin ang mga iyon.

3. Sagutin ang bawat isa sa sumusunod na mga katanungan, at ipaliwanag ang kadahilanan ng inyong kasagutan:

a. Ang katotohanang alam na ng Diyos ang ating kakayahan upang magtamo ng makalangit na mga kaganapan ay nangangahulugan bang ang pagtatamo sa mga ito ay wala sa ating kapangyarihan kundi ay nasa sa Kaniya?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

b. Taglay ba natin ang malayang kalooban upang paunlarin o hindi paunlarin ang ating mga kakayahang espiritwal?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

c. Ang katotohanang mayroon tayong malayang kalooban ay nangangahulugan bang may pananagutan tayo sa Diyos para sa ating mga pinipili sa ating buhay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

d. Ipagpalagay na ang isang estudyante ay hindi nag-aral para sa kaniyang exam at bumagsak siya. Masasabi ba niyang ang kapalaran ang dahilan ng kaniyang pagbagsak?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

e. Ipagpalagay na ang isang estudyante ay pursigido at nagtatalaga sa kaniyang pag-aaral at nakakuha ng mahusay na mga grado. Masasabi bang ang kaniyang tagumpay ay dahil sa "suwerte"?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

f. Kapag ikaw ay nagkaroon ng balakid habang sinisikap matamo ang isa mula sa ilang katanggap-tanggap na layunin, ang ibig sabihin ba nito ay hindi iyon natatadhana sa iyo at dapat ka nang sumuko? Kung ipagpapatuloy mo ang pagsisikap at wala pa ring tagumpay, ang ibig sabihin ba nito ay puwede ka nang sumuko? Paano mo malalaman kung kailan ka dapat huminto sa pagsisikap na matamo ang isang tanging layunin at magpakaabala na lang sa ibang mga layunin?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

g. Ang katotohanang kailangan nating gumawa ng pagsisikap upang mapaunlad ang ating mga katangiang espiritwal ay nangangahulugan bang magagawa natin iyon nang hindi sumasamo sa Diyos para sa Kaniyang tulong?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

h. Ang pagsisikap ba na ginagawa natin sa landas ng paglilingkod—kapuwa upang paunlarin ang ating sariling kakayahan at upang makatulong sa pagbabago ng lipunan—ay kasinghalaga ng mga tagumpay na nakakamtan sa landas nito?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

4. Batay sa sipi sa ibaba, talakayin ang ugnayan sa pagitan ng kalooban ng tao at ang pagsisikap ng tao at ang kapangyarihan ng dibinong tulong:

**". . . ang mismong di-pagkilos o pagkilos ng tao ay nababatay sa tulong ng Diyos. Kung ang tulong na ito ay hindi umabot sa kaniya, hindi siya makagagawa ng kahit mabuti o masama. Subalit kapag ang tulong ng lubos na mapagpalang Panginoon ay nagkakaloob ng buhay sa tao, siya ay makagagawa ng kapuwa mabuti at masama. At kung sakaling ang tulong na iyon ay maputol, siya ay**

**magiging ganap na walang kakayahan. Ito ang dahilan kung bakit nababanggit sa mga SagradongKasulatan ang tulong at pagkandili ng Diyos. Ang kalagayang ito ay maihahalintulad sa isang barkong lumalayag sa pamamagitan ng hangin o ng singaw ng kumukulong tubig. Kung maputol ang kapangyarihang ito, ganap na hindi makakikilos ang barko. Gayumpaman, sa anumang dako pihitin ang timon ng barko, pinakikilos ng kapangyarihan ng singaw ng kumukulong tubig ang barko sa dakong iyon. Kung ang timon ay nakatungo sa silangan, ang barko ay pupunta sa silangan, at kung ito ay nakatungo sa kanluran, ang barko ay pupunta sa kanluran. Ang pagkilos na ito ay hindi nanggagaling sa barko mismo, kundi mula sa hangin o sa singaw ng kumukulong tubig.**

**"Sa gayunding paraan, ang lahat ng ginagawa ng tao ay tinutustusan ng kapangyarihan ng banal na tulong, subalit ang pagpili ng mabuti o masama ay nasa sa tao lamang."[28]**

## BAHAGI 10

Habang tinatahak natin ang landas ng paglilingkod, kailangang manatili tayong lubos na nakababatid na hindi nakakamtan ang mga katangiang makalangit nang walang pagpapakasakit. Ang hiwaga ng pagpapakasakit ay matatagpuan sa pagtalikod sa lahat ng patungkol sa larangan ng sarili upang makamtan ang bahagi ng higit na mataas na mga larangan ng Dibino. Ipinaliliwanag sa atin ni 'Abdu'l-Bahá ang hiwaga ng pagpapakasakit sa pamamagitan ng halimbawa ng bakal na inihahagis sa apoy. Ang bakal ay maitim, malamig, at matigas. Kailangan nitong isuko ang ganitong mga katangian upang makamtan ang mga katangian ng apoy—maging pula, mainit, at umaagos. Ang pagpapakasakit ay nangangailangan ng pagtalikod sa mga bagay kung saan nangangapit tayo, at samakatwid iyon ay nagdudulot ng hapis. Subalit, para sa pusong nakababatid, ang hapis na iyon ay matamis, sapagkat iyon ay nagtataglay ng tunay na kaligayahan. Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na:

**". . . tingnan ako, sundan ako, maging katulad ko; huwag isipin ang inyong mga sarili o ang inyong mga buhay, kung kayo'y kumakain o kung kayo'y tumutulog, kung kayo'y maginhawa, kung kayo'y malusog o may karamdaman, kung kapiling ninyo ang mga kaibigan o mga kaaway, kung kayo'y tumatanggap ng papuri o sisi; sa lahat ng mga bagay na ito hindi kayo dapat mag-alintana. Tingnan ako at maging katulad ko; kinakailangan ninyong mamatay sa inyong mga sarili at sa daigdig, upang sa gayon kayo'y muling maisilang at makapasok sa kaharian ng langit. Masdan ang kandila, paano ito nagbibigay ng liwanag. Tinutupok nito ang kaniyang buhay sa bawat patak upang ibigay ang ningas ng liwanag."[29]**

Sa isa pang pagkakataon, ipinaliwanag Niya:

**". . . ang pagkalapit sa Diyos ay nangangailangan ng pagpapakasakit ng sarili, pagkawalay at ang pagsuko ng lahat sa Kaniya. Ang pagkakalapit ay pagkakatulad."[30]**

At upang makita natin ang mga bunga ng pinakamataas nating mga pag-asa, kailangang handa tayong magsumikap at gawin ang kinakailangang mga pagpapakasakit. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

**“Ito ang panahon para sa kagalakan, ang araw ng kaligayahan at pagdiriwang, sapagkat, purihin ang Diyos, ang lahat ng pinto ay nakabukas nang maluwang sa pamamagitan ng biyaya ng Kagandahan ng Abhá. Subalit ang mataas na pagpupunyagi at pagpapakasakit ay kinakailangan at ang pagtutuon ng sariling kaisipan ang hinihingi upang ang puno ng pag-asa ay magbunga at makamtan ang mga resulta.”**[31]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   Kung nais nating sumunod kay ‘Abdu’l-Bahá, dapat ay huwag nating ______________ ang ating mga ____________ o ang ating mga __________ , kung tayo’y ______________ o kung tayo’y __________________ , kung tayo’y ___________________ , kung tayo’y ___________ o may _________________ , kung kapiling natin ang mga ______________ o mga _____________ , kung tayo’y tumatanggap ng _____________ o _________ ; sa lahat ng mga bagay na ito hindi tayo dapat mag-alintana. Kinakailangan nating ______________ sa ating mga ____________ at sa ____________ , upang sa gayon tayo’y ____________________________ at ____________________ sa kaharian ng langit.

2. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Ano ang nangyayari sa kandila kapag nasindihan ito? ________________________

   b. Makapagbibigay ba ng liwanag ang kandila nang hindi nauupos? ______________

   c. Ano ang saysay ng isang kandilang hindi kailanman nasisindihan? _____________

   d. Matatamo ba ng binhi ang natatagong kakayahan nito habang nananatili sa anyo ng isang binhi? ____________________________________________________

   e. Ano ang ipinagpapakasit ng binhi upang maging puno? _____________________

   f. Ano ang ilan sa mga bagay na kailangan nating talikuran upang maisakatuparan ang ating natatagong mga kakayahan na ipinagkaloob ng Diyos? ______________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

   g. Maaari ba tayong lumapit sa Diyos nang walang pagpapakasakit? _____________

h. Mapauunlad ba natin ang mga katangiang espiritwal nang walang pagpapakasakit?

____________________________________________________________

i. Ano ang saysay ng ating mga buhay kapag hindi tayo nagsusumikap na paunlarin ang mga katangiang espiritwal?____________________________________

____________________________________________________________

j. Bakit kailangan ang pagpapakasakit ng sarili at ang pagtuon ng ating mga kaisipan upang matamo ng ating mga pagsisikap ang inaasam nating mga bunga? ________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Ang layunin ng pagpapakasakit ay

______ upang makamtan ang walang-hanggang buhay

______ upang makalapit sa Diyos

______ upang alisin ang ating materyal na yaman

______ upang alisin ang ating makasariling mga hangarin

______ upang subukin ang ating mga sarili

______ upang paunlarin ang mga katangiang espiritwal

______ upang magdusa

______ upang sumunod sa halimbawa ni ‘Abdu’l-Bahá

______ upang ihatid ang liwanag ng patnubay sa puso ng tao

4. Tunay na napakataas ng katayuan ng pagpapakasakit. Kailangang tiyakin natin na hindi natin ito ibinababa sa pamamagitan ng palaging pagyayabang na ang bawat maliit na bagay na ginawa natin ay isang malaking pagpapakasakit. Pag-isipan natin ang ilang pangungusap kung saan ang salitang “pagpapakasakit” ay hindi angkop, halimbawa: “Ipinagpakasakit ko ang panonood sa aking paboritong palabas sa TV upang pumunta sa Nineteen Day Feast.” Ang paggamit ba ng salitang “pagpapakasakit” ay nararapat dito? Totoo nga na may tinalikuran tayo, subalit hindi ba natin ibinababa ang katayuan ng pagpapakasakit sa pagtukoy sa gayong bagay bilang “pagpapakasakit”? Isipin natin ang isa pang halimbawa: “Ipinagpakasakit ko ang aking Sabado’t Linggo upang makilahok sa isang masikhay na kampanya para sa pagtuturo ng Kapakanan sa aking kapitbahayan.” Ano ang ipinahihiwatig ng pangungusap na ito? Ipinahihiwatig ba nitong nakikilala natin ang tunay na kaligayahang nagbubuhat sa pagtuturo ng Kapakanan? Ano ba ang tinatalikuran natin? Maihahambing ba iyon sa biyaya ng pagtanggap sa pagpapala at kaloob ng Diyos? Sumulat ng ilang pangungusap kung saan ang paggamit ng salitang “pagpapakasakit” ay hindi nararapat.

a. ____________________________________________________________

____________________________________________________________

b. ______________________________________________

______________________________________________

c. ______________________________________________

______________________________________________

d. ______________________________________________

______________________________________________

e. ______________________________________________

______________________________________________

f. ______________________________________________

______________________________________________

g. ______________________________________________

______________________________________________

5. Talakayin ang sumusunod na pahayag sa inyong grupo:

   Mula pa sa simula ng ating Pananampalataya, hanggang sa kasalukuyang mga panahon, libo-libong mga kaluluwa ang gumawa ng sukdulang pagpapakasakit sa pag-aalay ng kanilang mismong buhay para sa Kapakanan ng Diyos. Hindi hinihingi mula sa karamihan sa atin na maging mga martir, subalit dapat din tayong pinakikilos ng gayunding espiritu ng pagpapakasakit habang tinatahak ang landas ng paglilingkod. Ang pagpapakasakit ay ang palatandaan ng isang buhay ng paglilingkod.

6. Talakayin ang ugnayan sa pagitan ng pagpapakasakit, hapis, at ligaya.

7. Isaulo ang sumusunod na mga sipi:

   **"Ang tunay na tao, sa araw na ito, ay yaong iniaalay ang kaniyang sarili sa paglilingkod sa buong sangkatauhan. Sinabi ng Dakilang Nilalang: Pinagpala at maligaya siyang nagbangon upang itaguyod ang pinakamabuting mga kapakanan ng mga sambayanan at mga kaanak ng daigdig."**[32]

   **"Anupa't hinihimok ko ang bawat isa sa inyo . . . na ipagpakasakit ang lahat ng inyong kaisipan, salita at gawa upang maihatid ang kaalaman ng Pag-ibig ng Diyos sa kaibuturan ng bawat puso."**[33]

## BAHAGI 11

Sa kabuuan ng kursong ito, sinaliksik natin ang dinamikang espiritwal ng pagtahak sa landas ng paglilingkod. Sinuri natin ang mga kalagayan ng isang pusong nagsasalamin sa mga katangian ng Diyos. Nagnilay-nilay tayo sa pag-ibig sa Diyos at sa takot sa Diyos at sa mahigpit na pangangailangang sumunod sa Kaniyang mga utos. Pinag-isipan natin ang lubos na

pangangailangan sa pananalig, pag-asa, at nananabik na pagnanasa upang magkaroon ng pagsulong sa landas na ito. Nakita natin kung paanong ang pagbibigay-pansin sa sariling intelektuwal at espiritwal na pag-unlad at gayundin ang pagtulong sa pagpapabuti ng lipunan ay nangangailangan ng sariling kalooban, determinasyon, at pagsisikap, at hinihingi rin ang pagpapakasakit. Ang dapat nating tandaan ay maging anupaman ang mga paghihirap at mga sandali ng krisis, tinatahak natin ang landas sa isang kalagayan ng kaligayahan. Ang ligaya ay isang katangian ng kaluluwa ng tao at hindi isang emosyon na nagbubuhat sa panlabas na mga impluwensiya. Natural lamang na may mga panahong nakadarama tayo ng kalungkutan at mga panahong nakadarama tayo ng tuwa. Subalit ang saligang kalagayan ng ating mga puso ay ang kaligayahan—ang kaligayahan ng pagkakilala sa Diyos, ang kaligayahan ng pagkakilala sa Kaniyang Kahayagan, ang kaligayahan ng pagiging nakalubog sa karagatan ng Kaniyang habag, ang kaligayahan ng paglilingkod sa Kaniyang Banal na Bungad.

Si ‘Abdu’l-Bahá ay ang pinakadiwa ng kaligayahan. Sa kahabaan ng inyong buhay, dapat ninyong basahin nang regular ang mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá, isaulo ang mga iyon, at nilay-nilayin ang kahulugan ng mga iyon samantalang ginugunita ang halimbawa ng Kaniyang buhay. Ganoon dapat kasidhi ang inyong pag-aaral sa Kaniyang mga salita at mga pahayag na ang mga iyon ay magiging likas na bahagi ng inyong pag-iisip. Sa bawat sandali, ng tuwa o lumbay, sa kahirapan o kaginhawahan, habang gumagawa o nagpapahinga, dapat ay nagagawa ninyong gunitain ang Kaniyang mga salita, isipin Siya, at mapuspos ng kaligayahan. Kaugnay nito, maaring nanaisin ninyong nilay-nilayin ang sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá, at isaulo ang pinakamarami na inyong makakaya:

> **“. . . sa bagay na ito—yaon ay, ang paglilingkod sa sangkatauhan—ay dapat ninyong ialay ang inyong mismong mga buhay, at habang iniaalay ang inyong mga sarili, ay magdiwang.”[34]**

> **“Sana ay iyong malalaman kung gaano kataas ang kalagayang natatadhana para sa mga kaluluwang iyon na nakawalay sa daigdig, na malakas na naaakit sa Pananampalataya, at na nagtuturo sa ilalim ng nangangalagang lilim ni Bahá’u’lláh! Lubos kang magdiriwang, at sa pagdiriwang at kagalakan ay lubos mong ibubuka ang iyong mga pakpak at papailanlang—dahil sa pagiging isang tagasunod sa gayong daan, at isang manlalakbay tungo sa gayong Kaharian.”[35]**

> **“Kumapit kayo nang mahigpit sa laylayan ng damit ng Diyos, at ituon ang lahat ng inyong mga pagsisikap sa pagsusulong ng Kaniyang Kasunduan, at pinagniningas nang higit na malakas ang apoy ng Kaniyang pag-ibig, upang ang inyong mga puso ay lumundag sa tuwa sa mga hininga ng paglilingkod, na umaapaw mula sa dibdib ni ‘Abdu’l-Baha.”[36]**

> **“Isaisantabi natin ang lahat ng pagsasaalang-alang sa sarili; ipikit natin ang ating mga mata sa lahat ng nasa lupa, huwag nating ipaalam ang ating mga pagdurusa ni umangal sa mga kasalanan sa atin. Sa halip ay limutin natin ang ating mga sarili, at sa pag-inom ng alak ng makalangit na biyaya, isigaw natin ang ating kaligayahan, at lunurin ang ating mga sarili sa kagandahan ng Ganap na Maluwalhati.”[37]**

> **“Sa lahat ng panahon ay binabanggit ko kayo at ginugunita kayo. Nananalangin ako sa Panginoon, at nagluluhang isinasamo sa Kaniya na paulanin sa inyo ang mga biyayang ito, at pagalakin ang inyong mga puso, at paligayahin ang inyong**

**mga kaluluwa, at pagkalooban kayo ng labis na kaligayahan at makalangit na mga tuwa."[38]**

**"Ang aking tanging kaligayahan sa mabilis na naglalahong daigdig na ito ay ang lumakad sa mabatong landas ng Diyos at tiisin ang mahirap na mga pagsubok at ang lahat ng materyal na kalungkutan. Sapagkat kung hindi rito, itong makalupang buhay ay mapatutunayang walang bunga at walang saysay, at higit na mabuti pa ang kamatayan. Ang puno ng pagkalalang ay wala nang ibubunga; ang tinamnang bukirin ng pagkabuhay na ito ay hindi na magbibigay ng ani. Sa gayon ako ay umaasang magkakaroon ng pagkakataon muli upang umapaw ang aking kopa ng pighati, at yaong magandang Pag-ibig, yaong Pumapatay ng mga kaluluwa, ay muling makasisilaw sa mga nagmamasid. Sa gayon ang pusong ito ay maliligayahan, ang kaluluwang ito ay pagpapalain."[39]**

**"Sa gayon ay sumisikat ang Araw ng Katotohanan at ang mga karingalan ng Kaharian ay suminag sa silangan at kanluran. Yaong may mga matang nakakikita ay nagdiwang sa magandang balita at nagwikang: 'O pinagpala, pinagpala kami!' at nasaksihan nila ang panloob na realidad ng lahat ng bagay, at natuklasan ang mga hiwaga ng Kaharian. Nailigtas kung gayon mula sa kanilang mga hinagap at kanilang mga pag-aalinlangan, gayon na lamang ang kanilang pagkagalak sa pagsaid sa kalis ng pag-ibig sa Diyos, na lubos nilang nilimot ang daigdig at ang kanilang mga sarili. Sumasayaw sa kaligayahan, nagmamadali sila patungo sa lugar ng sarili nilang pagmamartir, at doon, kung saan ang mga tao ay namamatay dahil sa pag-ibig, itinapon nila ang kanilang mga ulo at mga puso."[40]**

# MGA REPERENSIYA


1. From a talk given on 14 April 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by ‘Abdu’l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* [Ang Pagpapalaganap ng Pangkalahatang Kapayapaan: Mga Talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang Pagdalaw sa Estados Unidos at Canada noong 1912] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2012), par. 4, p. 19.

2. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), XXXIV, par. 1, p. 86.

3. Ibid., LXXV, par. 1, p. 162.

4. From a letter dated 30 October 1924 written by Shoghi Effendi to the Local Spiritual Assembly of Ṭihrán, published in *Chaste and Holy Life: Extracts from the Bahá’í Writings* [Ang Buhay na Malinis at Banal: Mga Halaw mula sa mga Kasulatang Bahá’í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Ingleside: Bahá’í Publications Australia, 2021), no. 7, pp. 11–12.

5. Bahá’u’lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2003, 2022 printing), Arabic no. 5, p. 4.

6. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 174.2–3, pp. 280–81.

7. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], CXXVI, par. 4, pp. 307–8.

8. *Light of the World: Selected Tablets of ‘Abdu’l-Bahá* [Tanglaw ng Daigdig: Piniling mga Tableta ni ‘Abdu’l-Bahá] (Haifa: Bahá’í World Centre, 2021), no. 6.7, p. 20; also in *The Importance of Obligatory Prayer and Fasting: Extracts from the Bahá’í Writings* [Ang Kahalagahan ng Dalanging Katungkulang Isagawa at ng Pag-aayuno: Mga Halaw mula sa mga Kasulatang Bahá’í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Ingleside: Bahá’í Publications Australia, 2021), no. 23, p. 15.

9. Bahá’u’lláh, in *The Kitáb-i-Aqdas: The Most Holy Book* [Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 1993, 2021 printing), par. 1, p. 23; also in *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], CLV, par. 1, p. 375.

10. Bahá’u’lláh, in *The Kitáb-i-Aqdas* [Ang Kitáb-i-Aqdas], par. 3, p. 24; also in *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], CLV, par. 3, p. 376.

11. Bahá’u’lláh, cited in the introduction written by the Universal House of Justice to *The Kitáb-i-Aqdas* [Ang Kitáb-i-Aqdas], p. 7.

12. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 1988, 2021 printing), no. 5.10, p. 54.

13. Bahá'u'lláh, in *The Importance of Obligatory Prayer and Fasting* [Ang Kahalagahan ng Dalanging Katungkulang Isagawa at ng Pag-aayuno], no. 14, p. 11.

14. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 17.109, p. 321.

15. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXXIII, par. 1, p. 327.

16. Bahá'u'lláh, in *The Kitáb-i-Aqdas* [Ang Kitáb-i-Aqdas], par. 4, p. 24; also in *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CLV, par. 4, pp. 376–77.

17. From a Tablet of 'Abdu'l-Bahá. (authorized translation)

18. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], LII, par. 1, p. 118.

19. *Days of Remembrance: Selections from the Writings of Bahá'u'lláh for Bahá'í Holy Days* [Mga Araw ng Paggunita: Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh para sa mga Banal na Araw ng Bahá'í] (Haifa: Bahá'í World Centre, 2016), no. 29.9, p. 146.

20. *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá], no. 178.1, p. 284.

21. From a talk given on 21 November 1911, published in *Paris Talks: Addresses Given by 'Abdu'l-Bahá in 1911* [Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati noong 1911 ni 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006, 2016 printing), no. 34.8, p. 133.

22. *Light of the World* [Tanglaw ng Daigdig], no. 4.3, p. 9.

23. 'Abdu'l-Bahá, in *Bahá'í Prayers: A Selection of Prayers Revealed by Bahá'u'lláh, the Báb, and 'Abdu'l-Bahá* [Mga Dalanging Bahá'í: Kalipunan ng mga Dalangin na Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2002, 2020 printing), pp. 131–32.

24. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 16 June 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pagpapalaganap ng Pangkalahatang Kapayapaan], par. 1, p. 273.

25. From a letter dated 31 March 1932 written on behalf of Shoghi Effendi to an individual, in *The Power of Divine Assistance: Extracts from the Bahá'í Writings* [Ang Kapangyarihan ng Dibinong Tulong: Mga Halaw mula sa mga Kasulatang Bahá'í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Ingleside: Bahá'í Publications Australia, 2020), no. 66, p. 36.

26. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], LXXVII, par. 1, p. 169.

27. *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá], no. 200.9, pp. 338–39.

28. 'Abdu'l-Bahá, in *Some Answered Questions* [Ilang Katanungang Sinagot] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2014, 2022 printing), no. 70.6–7, pp. 288–89.

29. 'Abdu'l-Bahá, in *Bahá'í Scriptures: Selections from the Utterances of Bahá'u'lláh and 'Abdu'l-Bahá* [Banal na Kasulatang Bahá'í: Mga Pinili mula sa mga Pananalita nina Bahá'u'lláh at 'Abdu'l-Bahá] (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1928), no. 969, p. 503.

30. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 26 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pagpapalaganap ng Pangkalahatang Kapayapaan], par. 2, p. 205.

31. From a Tablet of 'Abdu'l-Bahá. (authorized translation)

32. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas], no. 11.12, p. 205; also in *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXVII, par. 1, p. 282.

33. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 9 November 1911, published in *Paris Talks* [Mga Pagsasalita sa Paris], no. 27.11, p. 99.

34. *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá], no. 35.9, p. 105.

35. Ibid., no. 64.2, p. 143.

36. Ibid., no. 42.3, p. 123.

37. Ibid., no. 195.5, p. 327.

38. Ibid., no. 17.8, p. 56.

39. Ibid., no. 190.10, p. 313.

40. Ibid., no. 16.1, p. 50.



# Paglilingkod bilang Tutor ng mga Kurso ng Institute

## Layunin

Upang unawain ang ilan sa mga konsepto at upang matamo ang ilan sa mga katangiang espiritwal, mga saloobin, at mga kakayahang nakatutulong sa pagbuo ng mga kahusayang kinakailangan upang matulungan ang isang grupo ng mga kaibigan na pag-aralan ang mga kurso ng institute

## BAHAGI 1

Ang mga kalahok sa proseso ng edukasyon na isinapuwesto ng Ruhi Institute para sa mga nasa edad ng labinlima at pataas, ay pinag-aaralan ang isang serye ng mga kurso na naglalayong ihanda sila sa pagsasagawa ng mga gawain ng paglilingkod—mga gawaing nakatutulong sa isang masiglang paraan ng pamumuhay ng pamayanan. Mula sa mga ito, ang isang gawain ng paglilingkod ay hindi maaaring mawala, sapagkat kapag wala iyon, sa wakas ay hindi maipagpapatuloy at hindi mapalalakas ang paraang ito. Sa katunayan, ang pamumukadkad ng proseso ng edukasyon mismo ay nababatay rito—yaon ay, ang patuloy na pagdami ng mga indibidwal na pinauunlad ang kakayahang maglingkod bilang mga tutor ng mga kurso ng institute, at tinutulungan ang mga kalahok sa sumulong sa landas ng paglilingkod. Ang serye ng mga kurso ay madalas na pinag-aaralan ng grupo ng mga kaibigan na nagtitipon nang regular sa isang kapitbahayan o nayon sa tagpo ng isang study circle. Subalit, kung minsan ang mga grupo ay binubuo bilang bahagi ng isang kampanyang isinaayos para sa masikhay na pag-aaral o sa panahon ng isang camp na idinaraos sa panahon ng bakasyon sa eskuwela. Maging anupaman ang pagkakataon, ang isang miyembro ng grupo ay naglilingkod bilang tutor.

Upang paunlarin ang mga kahusayan ng isang mabisang tutor kinakailangan ang ilang panimulang pagsasanay na sinusundan ng pakikilahok sa tuwi-tuwinang pagtitipon upang magnilay-nilay, kung saan ang mga nilalaman ng mga kurso ay sinusuri at ang karanasan ay sinisiyasat. Alam natin na ang mga katangiang espiritwal ay bumubuo ng saligan ng lahat ng ating mga kahusayan, at sa huling pagsusuri, ito ay nagtatakda sa antas ng pagiging mabisa natin. Ito ang dahilan kung bakit ang unang yunit ng aklat na ito ay tungkol sa likas na katangian ng dinamikang espiritwal na nililikha ng pagtahak sa landas ng paglilingkod na itinatakda ng mga kurso. Dito sa pangalawang yunit, higit tayong tututok sa ilan sa mga konseptong pang-edukasyon na kailangan nating maunawaan, ang mga paghaharap at mga pamamaraan na kailangan nating gamitin, at ang espiritwal na mga katangian, saloobin, kakayahan, at kasanayann na kailangan nating paunlarin sa pamamagitan ng nagpapatuloy na karanasan upang mapatunayang tayo ay may kahusayan sa pag-akay ng sunod-sunod na grupo sa serye ng mga kurso.

## BAHAGI 2

Simulan natin ang ating talakayan sa pagsuri sa konsepto ng pagganyak. Kapag walang pagganyak, kaunti lamang ang matututunan ng mga kalahok sa mga kurso at liliit ang kanilang bilang. Paano maaabot ang mga ugat ng pagganyak at mapananatili ang isang mataas na antas ng kasiglahan ay isang katanungan na madalas ninyong itatanong sa inyong mga sarili. Mahaharap kayo sa hamong ito tuwing aanyayahan ninyo ang inyong mga kaibigan at ang mga iba pa sa pamayanan na sumali sa inyo sa pag-aaral ng mga kurso, at sa kalaunan, sa tuwing kayo ay nagtitipon bilang isang grupo.

Bilang unang hakbang sa ating pagsasaliksik sa katanungang ito, maaari nating hatiin ang mga dahilan na nagiging pagganyak sa mga tao sa dalawang uri: panandalian at permanente. Sa una ay mailalagay ang mga dahilan na gumigising ng biglang sigla sa mga tao at ibinubunsod silang kumilos, na madalas ay sa loob ng maikling panahon lamang. Ang pangalawang uri ay binubuo ng mga dahilang iyon na lumilikha ng pagganyak, na malalim ang ugat sa puso at kaluluwa ng tao. Matatandaan ninyo mula sa pangatlong yunit ng Aklat 2 ang

mayaman na usapan sa pagitan nina Alejandra at Beatrice na nagbunga ng pagpasok ni Beatrice sa proseso ng institute. Isipin kung sa halip ay ibinigay lamang ni Alejandra ang sumusunod na paanyaya sa kaniyang kaibigan:

> "Inaanyayahan kitang sumali sa isang study circle na kamakailan naming binuo sa ating pamayanan. May labindalawang tao na sa aming grupo, at nakatitiyak akong makakasundo mo ang bawat isa sa kanila. Marami kaming katuwaan. Nag-aaral kami nang dalawang beses isang linggo sa loob ng ilang oras subalit may iba rin kaming mga ginagawa. Halimbawa, sa Sabadong ito, magkakaroon kami ng picnic, kung saan ay malugod kitang inaanyayahan, at pagkatapos ay iniisip ng ilan sa amin na maglaro ng volleyball."

Sa aling uri ng pagganyak ninyo ilalagay ang sinisikap makamtan ng ganitong pagsamo? Mangyari pa, wala namang masama sa paanyaya na ibinigay sa itaas. Ang karagdagang mga gawain na binanggit ay angkop naman sa isang grupo ng mga nag-aaral, lalo na kapag binubuo ng mga kabataan. Na maaaring makahikayat sa tao ang ganoong mga gawain ay hindi rin itinatanggi. Subalit ang iminumungkahi rito ay ang ganitong uri ng pagganyak ay madalas na panandalian lamang. Ito ay gumagana sa loob ng ilang panahon subalit sa kalaunan ay nawawalan ng bisa. Kapag umaasa lamang kayo sa siglang nalilikha sa ganitong paraan, inilalagay ninyo ang inyong sarili sa isang napakahirap na kalagayan. Kailangang patuloy kayong lumilikha ng mga "kasiyahang magagawa" hanggang sa wakas ay napapagod na kayo. Hindi nangangahulugan na yamang dapat maging maligaya ang pagsisikap matuto ay magkapareho ang edukasyon at libangan.

Upang matupad ang layunin ng mga kurso, na yaon ay ang pagbibigay ng espiritwal at moral na lakas sa mga kalahok, kailangan ninyong hanapin ang mga pinagmumulan ng pagganyak na higit na permanente. Bihasa na kayo sa marami sa pinagmumulan nito, at madali ninyong maaalaala ang mga ito kapag nilay-nilayin ninyo ang sarili ninyong mga dahilan sa pakikilahok sa proseso ng institute. Ano ang nag-udyok sa inyo upang pag-aralan ang iba't ibang kurso, at ano ang lumilikha sa inyo ngayon ng hangaring paunlarin ang mga kakayahang kakailanganin ninyo upang maglingkod bilang tutor ng mga kursong ito?

## BAHAGI 3

Narinig na ninyo ang kasabihang nakahahawa ang kasiglahan. Ang kasigasigan at sigla nang pagharap ninyo sa gawain ng paglilingkod na ito, kung gayon, ay makatutulong sa pagganyak sa inyong mga kaibigan sa kanilang pag-aaral ng mga kurso. Ang kasiglahang ito ay hindi dapat unawain bilang panandaliang kilig o tuwa, na isang damdaming mabilis lumilipas at mababaw. Ito ay isang natural na pagpapahayag ng panloob na kaligayahan, isang kaligayahan na katangian ng kaluluwa ng tao at hindi bunga ng lumilipas na mga kalagayan. Sa mga yunit na napag-aralan na ninyo, at di-magtatagal ay tutulungan ninyong pag-aralan ng mga interesadong indibidwal, madalas tinutukoy ang kaligayahang ito—halimbawa, sa unang yunit ng Aklat 2, na ang paksa niyon ay ang ligaya ng pagtuturo. Ang Bahagi 11 ng nakaraang yunit ay patungkol din sa kaligayahan. Muling basahin ang bahaging iyon. Paano nauugnay sa inyo ang mga binanggit doon kaugnay ng inyong hangaring maglingkod bilang isang tutor? Sa grupo na inyong kasama sa pag-aaral ng yunit na ito, talakayin kung paanong ang pagninilay-nilay sa buhay ni 'Abdu'l-Bahá, ang pagbasa at pagsasaulo sa Kaniyang mga salita, at ang

paggunita sa Kaniyang walang-katapusang pag-ibig ay magiging isang pinagmumulan ng namamalaging kaligayahan para sa inyo.

Malinaw na ang kaligayahang pinagmumulan ng inyong kasigasigang maglingkod bilang isang tutor, na iyon samakatwid ay lilikha ng kasigasigan sa mga kalahok ng isang study circle, ay isang katangian ng dalisay na puso. Muli, ang kadalisayan ng puso ay naging paksa ng ating mga talakayan sa iba't ibang pagkakataon, kasama ang unang yunit ng aklat na ito. Sa pangalawang yunit ng Aklat 6, tinalakay natin ang tatlong dungis na nagkakaroon ng masamang epekto sa ating mga pagsisikap magturo: ang hangaring makilala, ang damdaming nakahihigit sa iba, at ambisyon. Pag-isipan natin kung paano nito nababawasan ang pagiging mabisa ng isang tutor:

1. Sa palagay ba ninyo ay namamalayan ng mga kalahok ang kadalisayan ng layunin ng isang tutor?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang magiging epekto sa pagganyak ng mga kalahok kapag namamalayan nilang nadarama ng tutor ng grupo na nakahihigit siya sa kanila?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang magiging epekto sa kanilang pagganyak kung mamalayan nilang isinasagawa ng tutor ang gawain ng paglilingkod dahil inaasam niyang maging mataas ang kaniyang katayuan sa pamayanan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Upang higit pang mapag-isipan ang kadalisayan, tingnan ang talaan sa ibaba. Nagbibigay ito ng ilang posibleng dahilan kung bakit maglilingkod ang isang tao bilang tutor. Ang ilan sa mga ito ay lubos na hindi katanggap-tanggap, at isinama lamang upang maipakita ang pagkakaiba. Una ay markahan ng "H" ang mga iyon na walang-alinlangang hindi katanggap. Pagkatapos ay pag-isipan ang mga natitira, at talakayin sa inyong grupo, kung saan dapat nakawalay ang bawat isa, habang isinasaisip ang gayong mga bagay tulad ng personal na ambisyon, hangarin sa tagumpay at pagkilala, ang mga kapalaluan ng daigdig, at ang mga udyok ng sarili.

Ang isang tao ay maaaring maglingkod bilang tutor dahil

______ naliligayahan siyang makita ang pagsulong ng ibang mga tao.

______ nais niyang umunlad sa espiritwal at makatulong sa mga gawaing pagtatatag ng pamayanan sa kaniyang nayon o kapitbahayan.

______ umaasang sa kalaunan siya ay magiging regional coordinator at tatanggap ng kaunting halaga na panggastos.

______ nais niyang humanga sa kaniya ang Auxiliary Board member.

______ nais niyang tularan siya ng mga iba.

______ nais niyang magustuhan siya ng mga iba.

______ nais niyang igalang siya ng mga iba.

______ nais niyang gumawa ng mga bagay at magtamo ng mga resulta.

______ nais niyang ituring siyang isang nangunguna sa pamayanan.

______ nabighani siya sa Pinakamamahal.

______ tuwang-tuwa siya sa panawagan ng Diyos.

______ nais niyang makatulong sa pandaigdig na mga Plano na ibinigay ng Universal House of Justice sa sandaigdigang Bahá'í.

______ nalanghap niya ang halimuyak ng paglilingkod sa Kapakanan nang walang bahid ng sarili.

______ nais niyang maakit ang mga pagpapala ng Diyos para sa kaniyang pamayanan.

______ wala siyang ibang hangarin kundi malugod ang Diyos.

## BAHAGI 4

Habang sinisikap ninyong tulungan ang mga iba sa pag-aaral ng mga kurso ng Ruhi Institute, higit at higit pa kayong maniniwala na ang pag-unawa mismo ay ang pinakamahusay sa lahat ng pangganyak. May pagnanasa sa puso ng bawat tao para sa kabuluhan; may likas na paghahangad para sa kaalaman tungkol sa panlabas at panloob na mga realidad ng sangnilikha. Kinakailangang harapin ng edukasyon ang pagnanasang ito. Kapag ito ay nagagawa niyon, nagtatagumpay ang edukasyon upang maabot ang mga ugat ng pagganyak. Iminumungkahi naming nilay-nilayin ninyo ang sumusunod na mga salita ni 'Abdu'l-Bahá mula sa isang Tableta kung saan pinupuri Niya ang mga pagsisikap ng isang tanyag na Bahá'í na sanayin ang mga nagsibangon upang ituro ng Kapakanan sa pamamagitan ng tiwatawag Niyang "pagtitipon para sa pagtuturo":

> **"O Kalipunan ng Diyos! Para sa bawat nilikhang bagay, inilaan ng Napakatandang Hari ang sarili nitong kaganapan, ang tangi nitong kabutihan at pambihirang kahusayan, nang sa gayon ang bawat isa sa sarili nitong antas ay maaaring maging sagisag na nagpapakilala sa kahusayan ng tunay na Tagapagturo ng sangkatauhan, at ang bawat isa, tulad ng salaming malakristal, ay maihahayag ang kabinihan at karingalan ng Araw ng Katotohanan.**
>
> **"At mula sa lahat ng nilalang ay pinili Niya ang tao, upang ipagkaloob sa kaniya ang Kaniyang lubos na kamangha-manghang handog, at ginawa siyang makatamo ng mga biyaya ng Kalipunan sa Kaitaasan. Ang pinakamahalagang**

**handog na iyon ay ang pagtamo sa Kaniyang patnubay na walang-sala, upang ang panloob na realidad ng sangkatauhan ay maging tulad ng puwesto para sa lamparang ito; at kapag ang sumisinag na mga karingalan ng liwanag na ito ay dumapo sa maningning na salamin ng puso, ang kadalisayan ng puso ay ginagawang suminag nang higit pang maningning kaysa rati, at sumikat nang maluwalhati sa mga isipan at mga kaluluwa ng mga tao.**

**"Ang pagtatamo ng pinakadakilang patnubay ay nasasalalay sa kaalaman at karunungan, at sa pagkabatid sa mga hiwaga ng mga Salitang Banal. Samakatwid ang mga minamahal ng Diyos, maging sila ay bata o matanda, maging sila ay lalaki o babae, bawat isa ayon sa kaniyang mga kakayahan, ay dapat magpunyagi upang makamtan ang iba't ibang sangay ng kaalaman, at pag-ibayuhin ang kaniyang pag-unawa sa mga hiwaga ng mga Banal na Aklat, at ang kaniyang kahusayan sa paghaharap ng banal na mga katunayan at mga katibayan.**

**"Ang tanyag na Ṣadru'ṣ-Ṣudúr, na tunay na nakamtan ang isang napakadakilang katayuan sa mga Retiro ng Kaligayahan, ay ang nagsimula ng pagtitipon para sa pagtuturo. Siya ang unang pinagpalang kaluluwa na nagtatag ng pundasyon nitong napakahalagang institusyon. Purihin ang Diyos, sa loob ng kaniyang buhay tinuruan niya ang mga tao na sa kasalukuyang panahon ay malakas at matatas na mga tagapagtaguyod ng Panginoong Diyos, mga disipulong tunay na dalisay at espiritwal na mga inapo niya na siyang napakalapit sa Banal na Bungad. Sa pagyao niya, gumawa ng mga hakbang ang ilang pinagpalang indibidwal upang maipagpatuloy ang kaniyang gawaing pagtuturo, at nang mabalitaan ito, nagdiwang ang puso ng Bihag na ito."[1]**

Itong mga salita ni 'Abdu'l-Bahá ay nagbibigay sa atin ng mahalagang malalim na pag-unawa sa hinahangad na dinamika ng isang study circle. Sang-ayon sa sipi sa itaas, ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa atin ay ang kaloob ng pagtatamo sa Kaniyang patnubay. Upang matamo itong "pinakadakilang patnubay", kailangan natin ng kaalaman at karunungan at kailangan nating malaman ang mga hiwagang nadadambana sa Banal na mga Salita. Natural lamang, kung gayon, na ang pagtanggap sa biyaya ng Kaniyang walang-katapusang patnubay at ang pagsasaliksik sa mga hiwaga ng Banal na mga Salita ay bumubuo sa mismong sarili nito ng isang pangunahing pinagmumulan ng pangganyak. Ang hamon na kaharap ninyo ay ang tiyakin na ang mga kalahok ng study circle sa katunayan ay talagang nakikilahok sa ganitong lubos na kasiya-siyang pagsusuri at natatanggap itong kamangha-manghang kaloob.

Upang higit pang mapahalagahan ang puntong ito, balikan ngayon ang unang aklat sa serye ng mga kurso at tukuyin ang kahit tatlo man lamang na bahagi na malaki ang naidagdag sa inyong pag-unawa sa isang paksang espiritwal. Banggitin ang ilan sa mga malalim na pag-unawang natamo ninyo mula sa pag-aaral sa bawat bahagi

1. ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

2. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Sa Tableta ring ito na iniharap sa inyo sa itaas, ipinahayag ni ‘Abdu’l-Bahá ang isang dalanging may natatanging kagandahan. Maaaring nanaisin ninyo isaulo ito at gunitain tuwing kayo ay nagbabangon upang magklingkod bilang isang tutor.

> **“O Diyos, O Ikaw na nagsabog ng Iyong karingalan sa nagniningning na mga realidad ng mga tao, na ipinasinag sa kanila ang makinang na mga liwanag ng kaalaman at pamamatnubay, at pinili sila mula sa lahat ng nilikhang bagay para sa marilag na biyayang ito, at ginawa silang makasaklaw sa lahat ng bagay, maunawaan ang kaibuturang diwa niyon, at ibunyag ang mga hiwaga niyon, na inilalabas ang mga ito mula sa karimlan tungo sa nakikitang daigdig! ‘Tunay na ipinakikita Niya ang Kaniyang tanging habag sa kaninumang loobin Niya.’**
>
> **“O Panginoon, tulungan Mo ang Iyong mga minamahal na matamo ang kaalaman at ang mga agham at ang mga sining, at tastasin ang mga lihim na iniingatan sa kaloob-loobang realidad ng lahat ng nilikhang bagay. Gawing marinig nila ang natatagong mga katotohanan, na nakasulat at nakabaon sa pinakapuso ng lahat ng umiiral. Gawin silang mga watawat ng patnubay sa lahat ng mga nilalang, at tumatagos na mga sinag ng kaisipan na pinasisikat ang kanilang liwanag dito, sa ‘unang buhay.’ Gawin silang mga tagaakay sa Iyo, mga gabay sa Iyong landas, mga tumatakbo na hinihimok ang mga tao tungo sa Iyong Kaharian.**
>
> **“Tunay na Ikaw ang Makapangyarihan, ang Tagapangalaga, ang Mabisa, ang Tagapagtanggol, ang Malakas, ang Pinakamapagbigay.”[2]**

## BAHAGI 5

Kapag pinag-aaralan ang mga kurso sa isang maliit na grupo, kailangan ninyong suriin kung natamo na ba ng mga kalahok ang isang makatwirang antas ng pag-unawa sa aralin. Kaugnay nito, kailangan ninyong mabatid na karaniwang ang pag-unawa ay hindi isang bagay na natatamo ng isang tao at tapos na iyon. Totoo nga na maraming bagay ang nauunawan natin nang minsanan. Subalit ang isang malalim na pag-unawa sa karamihan ng mga paksa ay umuunlad sa loob ng mahabang panahon. Ang katanungan na kailangan ninyong itanong sa inyong sarili, kung gayon, ay hindi kung “naunawaan na ba” ng mga kalahok, kundi ay kung

"nadagdagan ba ang kanilang pag-unawa" sa paksang pinag-aaralan.  Basahin at nilay-nilayin ang sumusunod na mga parapo mula sa pambungad na bahagi ng Aklat 1, "Ilang Kaisipan para sa Tutor", kung saan tinututukan ang konsepto ng pag-unawa. Habang ginagawa ninyo iyon, tukuyin ang nauugnay na mga bahagi ng unang yunit ng aklat na binabanggit.

> Ang pagtahak sa landas ng paglilingkod na binubuksan ng mga kurso ng Institute ay nangangailangan ng patuloy na lumalalim na pag-unawa sa mga turo ni Bahá'u'lláh, na sinisikap ilahad nang malinaw ng mga aralin . . .
>
> Hindi nakapagtataka, kung gayon, na itong paksa ng pag-unawa, na napakahalaga para sa lahat ng mga aklat sa serye, ay ang sinisimulan dito sa una. Ang bumasa mula sa Banal na mga Kasulatan ay hindi katulad ng pagbasa sa libo-libong pahina na nakikita ng isang tao sa kahabaan ng kaniyang buhay, at sinisikap ng yunit na "Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá'í", na pagyamanin ang kaugalian ng pagbasa ng mga sipi mula sa Banal na Teksto sa araw-araw at ng pagninilay-nilay sa kahulugan nito, isang kaugaliang nakatutulong nang malaki sa mga kalahok sa pagtahak nila sa landas ng paglilingkod. Sa paggabay sa kanila sa pag-aaral ng yunit na ito, kailangang pag-isipan nang maigi ng tutor ang paksa ng pag-unawa.
>
> Ang mga Kasulatang Bahá'í ay nagtataglay ng napakalalim na mga katotohanang espiritwal, at habang nagsusumikap tayong sumulong sa pag-unawa sa walang-katapusang mga kahulugan nito, alam natin na kailanman ay hindi tayo aabot sa tiyak na wakas nito. Sa kadalasan ay nagtatamo tayo ng pangunahing pag-unawa sa kagyat na kahulugan ng isang sipi sa pagbasa nito sa unang pagkakataon, at ginagamit ito bilang simula ng Bahagi 1 ng yunit. Sa gayon, pagkatapos basahin ang siping "Ang pagpapabuti ng daigdig ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng dalisay at mabuting mga gawain, sa pamamagitan ng kapuri-puri at karapat-dapat na pag-uugali," ang mga kalahok ay tinatanong lamang ng "Paano maisasakatuparan ang pagpapabuti ng daigdig?" Sa isang sulyap, ang karamihan ng mga katanungan at mga pagsasanay na ganito ang uri ay mukhang labis na madali. Subalit ang maraming taon ng karanasan ay waring nagbibigay-katwiran sa pasiya ng Institute na magsimula sa ganitong paraan. Tayong lahat ay nangangailangan ng paalaala, sa pagmamadaling matagpuan ang iba't ibang katotohanan sa isang sipi, na hindi dapat laktawan ng isipan ang lantad na kahulugan nito. Ang pagbibigay-pansin dito sa unang antas ng pag-unawa ay napatunayan ding napakahalaga sa pagsasanggunian ng grupo; pinalalakas nito ang kaisahan ng kaisipan, na madaling natatamo kapag ang personal na mga kuro-kuro ay tinutulutang matanglawan ng Banal na karunungan.
>
> Mahalagang banggitin dito na ang pag-unawa sa kagyat na kahulugan ng karamihan ng mga sipi ay hindi nakikinabang mula as mahabang talakayan ng isa-isang salita na wala sa konteksto. Yamang nabanggit na iyan, maaaring kakailanganin, sa tuwi-tuwina, na hanapin ng grupo ang kahulugan ng isang salita sa diksiyonaryo. Ang maaaring maging higit na kapaki-pakinabang, gayumpaman, ay ang matutunan ng mga kalahok kung paano mahinuha ang

kahulugan ng mga salita mula sa buong mga pangungusap at mga parapo.

Upang lumawak ang pag-unawa nang lampas pa sa larangan ng kagyat na kahulugan, ang mga halimbawang nagpapakita kung paano nagkakaroon ng kongkretong kahayagan ang mga ideya o panukala ay maaaring makatulong. Sa Bahagi 2, bilang halimbawa, hinihiling sa mga kalahok, kaugnay ng isang sipi na kababasa pa lamang nila, kung ang tanging mga katangian ay kapuri-puri. Sa isang kahalintulad na pagsasanay sa Bahagi 4, hinihimok silang bumanggit ng limang katangian at pagkatapos ay magpasiya kung posible bang makamtan ang alinman sa mga ito kapag walang pagkamakatotohanan—na inilalarawan sa mga Kasulatan bilang "batayan ng lahat ng mga katangiang pantao".

Upang makamtan ang layuning ito, hinihingi ng yunit ang karagdagang pagsulong ng pag-unawa sa pamamagitan ng paghamon sa mga kalahok na pag-isipan ang mga ipinahihiwatig ng mga siping iniharap. Sa Bahagi 2, kailangan nilang ipasiya kung totoo ang pangungusap na "Kaunting-kaunti lamang ang mabubuting tao sa daigdig kaya walang bisa ang kanilang mga kilos." Dito ay hindi hinihingi ang pawang kuro-kuro lamang. Kailangang huminto ang tutor at tanungin ang dahilan sa mga sagot ng mga kalahok. Ang pag-unawang dapat matamo ng grupo ay hindi totoo ang pangungusap dahil salungat ito sa unang sipi. Ang katanungan kung ang mga Bahá'í ay maaari bang mangumpisal ng kanilang mga kasalanan sa iba ay isa ring halimbawa ng ganitong uri ng pagsasanay. Tinutukoy nito ang ipinagbabawal sa mga katuruan na pangungumpisal ng mga kasalanan bilang paraan upang maabsuwelto sa kasalanan, na bagama't hindi tahasang binanggit sa alinmang mga siping pinag-aralan, ay mahihinuha sa pagsasaliksik sa kahulugan ng bersikulong "Ihanda ang iyong sarili na magbigay-sulit sa bawat araw bago ka pa tawagin sa isang pagtutuos."

Ngayon, kaugnay ng inyong mga pagninilay-nilay sa konsepto ng pag-unawa, sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

1. Ang pagtutok sa kagyat na kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatan ay nakatutulong sa anong paraan upang mabuo ang pagkakaisa ng kaisipan ng isang grupo?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Bakit kinakailangang lumampas pa sa kagyat na kahulugan ng isang sipi at pag-isipan ang kongkretong kahayagan nito sa ating mga buhay?

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

3. Ang pagtatamo ng malalim na kabatiran sa higit na malawak na mga ipinahihiwatig ng mga sipi mula sa mga Kasulatan ay paano nakatutulong sa atin upang isang-ayon ang ating mga kaisipan at mga kilos sa mga katuruan ng Pananampalataya?

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

## BAHAGI 6

Ang inyong kakayahang linangin ang pag-unawa ay mangangailangan ng patuloy na pagpapaunlad ninyo sa gayong mga katangiang tulad ng madaling makaramdam, pagkawalay, at pagiging mapagbigay, at ginagamit ang kapangyarihan ng kabatirang espiritwal. Kailangan ninyong pakinggan nang maingat ang bawat isa. Kung minsan, bagama't mahusay na nauunawaan ng isang tao ang paksang pinag-uusapan, wala siyang sapat na mga salita upang maipahayag ang kaniyang mga iniisip. Hindi kayo dapat tumutok sa mga salita lamang kundi ay tumingin din sa gustong sabihin. Upang magawa iyon, kailangan ninyong magtiwala sa inyong mga kaibigan at panghawakan ang paniniwalang ang bawat isa ay may maibabahagi na makabuluhan.

Upang nilay-nilayin ang kakayahang linangin ang pag-unawa, basahin ang bawat isa sa mga pangungusap sa ibaba at markahan ang mga sinasang-ayunan ninyo.

_____ Kapag pinag-aaralan ko ang isang sipi ng mga Kasulatan kasama ang mga iba, tungkulin kong tiyakin na maunawaan nila ang sipi sa gayunding paraan ng pagkaunawa ko.

_____ Kapag pinag-aaralan ko ang isang sipi ng mga Kasulatan kasama ang mga iba, kailangan kong igalang ang kanilang pag-unawa subalit ay panghawakan pa rin ang sarili kong mga pananaw, sapagkat iyon ang tama. Yamang ako ang tutor, mas malinaw ang aking pag-unawa kaysa sa mga iba.

_____ Kapag pinag-aaralan ko ang isang sipi ng mga Kasulatan kasama ang mga iba, marami akong natututunan mula sa talakayan, kahit anupaman ang nalalaman ko na.

_____ Kapag pinag-aaralan ko ang isang sipi ng mga Kasulatan kasama ang mga iba, dapat kong ibahagi ang aking kaalaman nang mapagpakumbaba at matapat.

______ Kapag naglilingkod ako bilang isang tutor, bagama't kailanman ay hindi ko dapat akalaing lubos na ang aking pag-unawa sa pinag-aaralan, kailangan kong tiyakin na ang mga kalahok ay hindi umabot sa anumang hinuha na salungat sa malinaw na sinasabi ng isang sipi mula sa mga Kasulatan.

______ Kailanman ay hindi ko dapat ibahagi ang sarili kong mga pananaw at paniniwala kapag naglilingkod ako bilang tutor.

______ Ang layunin ng talakayan sa aming study circle ay upang ituro ko ang tamang kahulugan ng mga pinag-aaralan.

______ Ang layunin ng talakayan sa aming study circle ay upang ipahayag ng bawat isa ang anumang pumasok sa kaniyang isipan dahil ang pagpapahayag sa sarili ay ang pinakamataas nating pinahahalagahan.

______ Ang layunin ng talakayan sa isang study circle ay upang tulungan ng mga kalahok ang isa't isa na magtamo ng higit na malalim na pag-unawa sa anumang pinag-aaralan.

______ Ang pagkawalay sa sarili kong mga pananaw ay nangangahulugang dapat kong hayaang magpatuloy ang talakayan sa mga kalahok, kahit na nakikita kong walang pinatutunguhan ang usapan.

______ Kung talagang nakawalay sila sa sarili nilang mga pananaw, tatanggapin ng mga miyembro ng isang study circle bilang totoo ang lahat ng sinasabi ng bawat isa.

______ Ang pagkawalay mula sa sariling mga pananaw ay nagbibigay-daan sa talakayang handang tumanggap, magalang, at prangka habang pinag-aaralan ang mga aralin.

______ Kapag naglilingkod ako bilang tutor, dapat akong manalangin nang taimtim sa Diyos na buksan ang mga pinto ng tunay na pag-unawa.

## BAHAGI 7

Malapit na nauugnay sa pagkauhaw sa kaalaman at pag-unawa ay isang malakas na puwersang espiritwal: pagkaakit sa kagandahan. Pag-isipan ang sumusunod na sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

> **"Dinggin Ako, kayong mga ibong mortal! Sa Hardin ng Rosas ng di-nagbabagong karilagan ang isang Bulaklak ay nagsimula nang umusbong, na kapag inihambing dito ang bawat ibang bulaklak ay pawang tinik lamang, at sa harap ng liwanag ng Kaniyang kaluwalhatian ang pinakadiwa ng kagandahan ay kailangang mamutla at manguluntoy. Bumangon, kung gayon, at taglay ang buong sigla ng inyong mga puso, ng lahat ng kasabikan ng inyong mga kaluluwa, ng lubos na alab ng inyong kalooban, at ng nagtitikang mga pagsisikap ng inyong buong pagkatao, sikaping makarating sa paraiso ng Kaniyang kinaroroonan, at**

**magpunyagi upang malanghap ang halimuyak ng Bulaklak na di-nagmamaliw, upang maihinga ang matatamis na samyo ng kabanalan, at upang makamtan ang isang bahagi nitong pabango ng makalangit na luwalhati. Ang sinumang susunod sa payo na ito ay wawasakin ang kaniyang mga tanikala, matitikman ang pagsuko sa tulirong pag-ibig, makakamtan ang hangarin ng kaniyang puso, at isusuko ang kaniyang kaluluwa sa mga kamay ng kaniyang Minamahal. Sa pagwasak sa kaniyang hawla, magpapailanlang siya, tulad ng ibon ng espiritu, patungo sa kaniyang pugad na banal at walang-maliw . . .**

**"Ang Kandilang di-nagmamaliw ay sumisinag sa lantad na kaluwalhatian nito. Masdan kung paano nito tinutupok ang bawat lambong na mortal. O kayong mga mangingibig ng Kaniyang liwanag na tulad ng gamugamo! Harapin nang buong tapang ang bawat panganib, at italaga ang inyong mga kaluluwa sa tumutupok na apoy nito. O kayong mga nauuhaw sa Kaniya! Katkatin mula sa inyong mga sarili ang bawat makalupang pagmamahal, at magmadali upang yapusin ang inyong Minamahal. Taglay ang siglang di-mapantayan ng sinuman, magmadaling makarating sa Kaniya. Ang Bulaklak, na hanggang ngayon ay natatago mula sa paningin ng mga tao, ay inilantad na sa harap ng inyong mga mata. Nakatayo Siya sa harap ninyo sa hayag na kaningningan ng Kaniyang luwalhati. Tinatawag ng Kaniyang tinig ang lahat ng banal at konsagradong mga nilalang na lumapit at makiisa sa Kaniya. Maligaya ang siyang bumaling doon; mabuti ang kalagayan niyang nakarating, at nasilayan ang liwanag ng gayong kamangha-manghang mukha."[3]**

Kailangang nakatitiyak kayo sa inyong puso na ang inyong mga kasama sa pag-aaral ng mga kurso ay nagtataglay ng isang natural na pagkaakit sa kagandahan. Habang pinag-aaralan nila ang mga kurso ng institute, kapag sila ay tinulungan upang makita ang kadakilaan ng Rebelasyon ng Diyos at upang mapahalagahan ang kagandahan ng ipinahayag na Salita, ang kaligayahang madarama nila sa bawat pagtitipon ay magiging isang napakalaking pinagmumulan ng pagganyak sa kanila. Habang pinag-iisipan ninyo ang puntong ito, makatutulong sa inyo ang balikan ang Aklat 1 at humanap ng tatlo o apat na bahaging nagbigay sa inyo ng mga sulyap sa Kagandahan ng Minamahal. Para sa bawat bahagi ay magbigay ng ilang pangungusap tungkol sa kung ano ang nakaakit sa inyo.

1. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 8

Ang napakalalim na kahulugan at kagandahan ng ipinahayag na Salita, na matatagpuan sa maraming pararilang sinipi sa mga aralin, ay magiging ang pinakamalakas na pinagmumulan ng pagkaakit para sa mga kalahok. Subalit ang kapaligiran ng isang study circle, na nililikha ng mga kalahok sa tulong ng tutor, ay magiging mahalaga rin. Ang pagkaakit sa kagandahan ay isang puwersang nililikha sa loob ng isang grupo ng mga tao na nagtutulungan sa isang diwa ng pagmamahalan. Sa gayon, kailangang lagi ninyong nababatid ang diwang namamayani sa kapaligiran ng study circle at tinitiyak na iyon ay nakatutulong sa espiritwal na pag-angat ng mga kalahok.

Ang isang mahalagang bagay ay ang pisikal na kapaligiran kung saan nagkikita ang grupo. Sa kasawiang-palad, sa kasalukuyang daigidg, ang pisikal na kagandahan ay madalas na iniuugnay sa kayamanan. Subalit hindi kinakailangan ang isang marangyang tagpo. May kagandahan sa kalikasan, sa pagiging maayos, sa pagiging malinis. Kailangan ninyong tiyakin na ang kapaligiran kung saan nag-aaral ang bawat grupo ay tumutugon sa hangarin ng indibidwal para sa kagandahan at kaganapan, kahit nakaupo man ang grupo sa lilim ng isang puno o natitipon sa isang salas na mamahalin ang dekorasyon, sa isang hamak na kubo o sa isang institute facility.

Ang inyong sariling asal ay isa pang bagay na makatutulong sa kapaligiran. Ang asal ay maaaring maging maganda, at sa gayon ay maaaring magkaroon ng kakayahang umakit. May kagandahan sa pagiging mabait, sa pagiging malumanay, sa paggalang sa mga iba. Upang limiin pa ang puntong ito, isipin ang iba't ibang pagkakataon kung kailan ang inyong pagpapahalaga sa kagandahan ay nalapastangan. Nakalulungkot na madalas itong nagaganap sa trabaho, sa mga lugar ng libangan, sa mga pagtitipon ng mga kaibigan, sa pagkikita-kita ng

pamilya, at kahit sa mga institusyong pang-edukasyon. Kabilang sa mga halimbawa ng ganitong asal ay:

- Mga tao na nagsisigawan
- Mga tao na gumagamit ng masasamang salita
- Pinahihiya ang isang tao sa harap ng mga iba
- Pagtingin at pagtrato sa ibang tao na waring sex object o para halayin lamang
- Mga kilos ng tao na nakainom

Mahirap isipin na ang masagwang asal sa itaas ay gagawin kailanman ng mga kalahok ng isang study circle. Subalit ang isang tutor ay kailangang maging mapagmatyag na ang ilang asal ay hindi makasira sa diwa ng masuyong kabaitan. Narito, halimbawa ang ilang mahirap na mga sitwasyon. Para sa bawat isa, inihaharap sa inyo ang hindi angkop na tugon, at hinihiling na iwasto ninyo iyon

a. Ang isang kalahok ay nakasadlak sa upuan at ginuguhitan ang kaniyang aralin. Ang hindi angkop na tugon ay: "Hindi ka naman nakikilahok, nadedesmaya tuloy ang grupo." Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

b. Ang isang kalahok ay masyadong mahinang magsalita na hindi siya marinig ng mga iba. Ang hindi angkop na tugon ay: "Hindi mo ba kayang magsalita nang mas malakas?" Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

c. Malinaw na mali ang sagot sa katanungan na ibinigay ng isang kalahok. Ang hindi angkop na tugon ay: "May nakaaalam ba ng tamang sagot?" Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

d. Ang dalawang kalahok ay nagbubulungan at naghihigikhikan. Ang hindi angkop na tugon ay: "Gusto ba ninyong ibahagi sa amin kung ano ang katawa-tawa?" Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________________________________

e. Ang isang kalahok ay nagbigay ng isang tanong na walang kaugnayan sa pinag-uusapan ng grupo. Ang hindi angkop na tugon ay: "Wala iyang kinalaman sa pinag-uusapan natin." Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

f. Ang dalawang kalahok ay nagsimulang magtalo tungkol sa isang pagsasanay, iginigiit ng bawat isa na siya ang tama. Ang hindi angkop na tugon ay: "Tumigil kayo. Pareho kayong mali." Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

g. Ang isang kalahok ay nagbigay ng sagot na hindi sang-ayon sa sipi na pinag-aaralan. Ang hindi angkop na tugon ay: "Hindi mo ba naunawaan ang sipi na kababasa mo pa lamang?" Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

h. Ang isang kalahok ay lumalayo na sa paksa. Ang hindi angkop na tugon ay: "Pasuyo na manatili ka sa paksang pinag-uusapan." Ang inyong sasabihin ay:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Iminumungkahing isaulo ninyo ang sumusunod na sipi, na hinalaw mula sa higit pang mahabang talataan mula sa *Nagdaraan ang Diyos* kung saan binalangkas ni Shoghi Effendi ang pangunahing mga katangian ng Kitáb-i-Aqdas. Habang ginagawa ninyo iyon, nilay-nilayin kung paanong ang pagtalima sa mga paalaalang binalangkas sa siping ito ay hindi maaaring mawala sa paglikha ng naaangkop na kapaligiran ng study circle.

**". . . pinapayuhan ni Bahá'u'lláh ang mga nananalig sa Kaniya na makisama, nang may pagkakaibigan at pagkakaunawaan at nang walang pagtatangi, sa mga sumusunod sa lahat ng ibang relihiyon; binabalaan sila na mag-ingat laban sa panatisismo, paghihimagsik, kapalaluan, pag-aaway at pagtatalo; ikinikintal sa kanila ang dalisay na kalinisan, ang mahigpit na pagkamakatotohanan, ang walang batik na kalinisang-puri, pagkamapagkakatiwalaan, pagiging magiliw sa pagtanggap ng panauhin, katapatan, pagiging magalang, pagiging mapagtimpi, pagiging makatarungan at walang kinikilingan; pinapayuhan sila na maging**

***‘tulad ng mga daliri ng isang kamay at mga bahagi ng isang katawan’*; nananawagan sa kanila na magbangon at paglingkuran ang Kaniyang Kapakanan; at tinitiyak sa kanila ang Kaniyang hindi mapag-aalinlanganang tulong.”[4]**

## BAHAGI 9

Ang ating pagsusuri sa unang walong bahagi ng yunit na ito ay uminog sa tema ng pagganyak. Malinaw na sa ganoong maikling talakayan, hindi natin nabigyang-katarungan ang napakahalagang paksa na ito. Ang nagawa lamang natin ay ang pag-isipan ang ilang pinagmumulan ng pagganyak, sa pag-asang habang lumalawak ang inyong karanasan, unti-unti ninyong matutuklasan ang mga lihim ng pagpapanatili ng isang mataas na antas ng kasiglahan sa mga kasama ninyo sa pag-aaral ng mga kurso. Upang mapatibay pa ang malalim na mga pag-unawa na natamo na ninyo hanggang dito, gamitin ang ilang panahon upang magbalik-aral sa naunang mga bahagi at pagkatapos ay isulat ang isang parapo tungkol sa pagganyak at gamitin ang sumusunod na mga salita at parirala: panandalian, permanente, ligaya, dalisay na puso, pag-unawa, sumulong, Salita ng Diyos, kapaligiran, mga ugat, pagkauhaw sa kaalaman, pagtamo sa walang-maliw na patnubay ng Diyos, pagkaakit sa kagandahan.

## BAHAGI 10

Ang kasunod na paksa na dapat nating talakayin ay ang pakikilahok, na natural na kasunod ng nakaraang tema, sapagkat sa pagkakataon lamang na ang mga nag-aaral ng mga

kurso ay aktibong nakikilahok sa pagsisikap matuto, ay doon pa lamang nila magagawang panatilihin ang mataas na antas ng pagganyak.

Madalas sinasabing ang mga kurso ng Ruhi Institute ay natatangi sa pakikilahok. Kaugnay nito, marahil ay narinig na ninyo ang pariralang "paraan ng pakikilahok" o "participatory method". Ang "paraan" *(method)*, "pagharap" *(approach)*, "teknik" *(technique)*, at "mga patakaran" *(procedures)* ay mga salitang madalas gamitin sa iba't ibang larangan, subalit para sa atin, mahalagang magtamo tayo ng isang antas ng pagpapahalaga sa kahulugan ng gayong mga salita kaugnay ng edukasyon. Ang kailangang bigyan-diin dito ay ang saligang alalahanin ng Ruhi Institute sa pakikilahok ay hindi sa antas ng teknik at mga patakaran. Ang sinisikap nating makamtan ay aakuin ng kalahok ang pamamahala sa sarili niyang pagsisikap matuto. Ito ay maaaring maganap kahit na ang paraan ng pagtuturo, sa mahigpit na pagpapakahulugan, ay hindi sa paraan ng pakikilahok. Ang isang halimbawa ay makatutulong upang linawin ang puntong ito.

Halimbawa ay dumalo kayo sa isang lektura na ibinigay ng isang propesor sa isang kumperensiya tungkol sa isang paksa na interesado kayo. Ang propesor ay nagbigay ng isang mahabang talumpati subalit ang mga pananaw ay ipinaliliwanag nang lubos at sa paraang malinaw at magkakaugnay-ugnay. Dahil sa marami ang tagapakinig, maaari lamang sagutin ng nagsalita ang ilang tanong, at hindi posibleng magkaroon ng talakayan kung saan nakikilahok ang lahat. Malinaw na ang paraang ginamit sa pagkakataong ito ay hindi ang pakikilahok. Subalit, kayo ay lubos na abala sa pagsisikap matuto sa buong panahon ng lektura dahil sabik kayong palawakin pa ang sarili ninyong pag-unawa sa paksa nang higit pa sa kaunting nalalaman na ninyo. Kayo ay nakikinig, iniisip ninyo ang bawat pananaw na inihaharap ng nagsasalita, isinasaayos ninyo sa inyong isipan ang isang serye ng mga katanungan, at sa kalaunan ay hinahanap ninyo ang mga sagot sa ilang kapani-paniwalang reperensiya.

Ngayon isipin ang libo-libong mag-aaral sa buong daigdig na nakaupo sa mga silid-aralan, naiinip, humihikab, nakikinig sa mga gurong nagbibigay ng lektura sa kanila. Hindi ganito ang larawang nakikita sa bawat paaralan, subalit sapat ang bilang ng gayong mga silid-aralan na marahil ay nakakita na kayo ng isa o dalawa. Ano ang pagkakaiba sa dalawang kalagayan, na sa kapuwa nito ay pareho ang ginagamit na paraan ng pagtuturo?

Ang pagkakaiba, mangyari pa, ay matatagpuan sa antas ng pakikilahok. Sa unang kaso, kayo ay masiglang nakikilahok. Ang propesor ay nagbibigay ng lektura, subalit kayo ang namamahala sa sarili ninyong pagkatuto. Inako ninyo ang tungkulin ng pagsuri sa mga pananaw na iniharap, at sa ganitong diwa, kayo ay lubos na nakikilahok sa gawaing pang-edukasyon. Ang kabaliktaran ang nagaganap sa pangalawang sitwasyon. Ang mga mag-aaral ay pasibo o walang pakialam. Ang guro, samantalang aktibo, ay hindi nakukuha ang pakikilahok ng mga mag-aaral.

Nililinaw nitong maikling paghahambing sa dalawang sitwasyong pang-edukasyon kung ano ang aming ibig sabihin sa pahayag na ginagamit ng Ruhi Institute ang paraan ng pakikilahok. Ipinahihiwatig nito na kapag naglilingkod bilang tutor ng mga kurso, tutulungan ninyo ang mga kalahok sa pag-ako ng pananagutan para sa sarili nilang edukasyon. Sa loob ng mga oras na kayo ay magkasamang nag-aaral, ang kanilang mga isipan ay dapat lubos na abala sa pagsasaliksik sa inihaharap na mga aralin, at dapat madama ng bawat kalahok ang isang matinding diwa ng pananagutan para sa sarili niyang pagkatuto.

Di-tulad ng halimbawa ng sarili ninyong pagdalo sa isang kumperensiya, malamang na hindi makakamtan ang kinakailangang antas ng pakikilahok sa isang study circle kung magbibigay lamang kayo ng lektura sa mga miyembro nito. Ang mga aklat ng Ruhi Institute ay nagkakaloob sa inyo ng mga kagamitan upang magawa ninyong ipatupad ang paraan ng pakikilahok na ginagamit nito.

Bago ipagpatuloy ang ating talakayan sa paksang ito, hinihiling namin sa inyo na gunitain ang ilang larawan at isipin ang mga iyon kaugnay ng isang study circle. Samantalang wala sa mga larawan sa ibaba ang nagbibigay ng isang ganap na paglalarawan sa dinamika ng pagtuturo at pagkatuto na hinihingi rito, ang mga ito ay makapagbibigay ng mahalagang mga pag-unawa na malalim. Ang ilan sa mga larawang ito ay lubos na hindi angkop. Lagyan ng ekis ang mga iyon at isulat ang inyong dahilan sa paggawa niyon. Para sa natitirang mga larawan, ipaliwanag kung paano nakatutulong ang bawat isa.

a. Isang apoy na ginagatungan ninyo: ____________________

____________________

____________________

b. Walang laman na mga baso na pinupunuan ninyo: ____________________

____________________

____________________

c. Savings account sa bangko na hinuhulugan ninyo ng pera: ____________________

____________________

____________________

d. Mga kandila na sinisindihan ninyo: ____________________

____________________

____________________

e. Mga pakikipagkaibigan na inaaruga ninyo: ____________________

____________________

____________________

f. Isang team na kasama ninyo sa pagbubuo ng isang bagay: ____________________

____________________

____________________

g. Ang pundasyon ng malaking gusali na magkasama ninyong itinatayo: __________

____________________

____________________

h. Mga minahan na puno ng mamahaling mga hiyas na pinakikintab ninyo: _______

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

i. Isang laro ng football na kayo ang referee: _______________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

j. Isang paligsahan na kayo ang judge: ___________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

k. Mga halamang dinidilig ninyo: _______________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

## BAHAGI 11

Ipinahihiwatig ng sinabi natin tungkol sa pakikilahok na ang lahat ng kasama sa proseo ng edukasyon na pinayayabong ng mga kurso ng Ruhi Institute ay kailangang maging isang aktibong gumagawa para sa sarili niyang pagkatuto. Sinabi rin natin na ang mga aklat nito ay nagbibigay sa inyo ng mga kagamitan upang magawa ninyo bilang tutor na gamitin ang paraan nito ng pakikilahok. Dapat natin ibaling ang ating pansin, kung gayon, sa pag-aaral ng mga aklat at sikaping magtamo ng malalim na pag-unawa sa kung paano payayabungin ng tutor ang uri ng dinamika ng pagtuturo at pagkatuto na ginugunita.

Una ay kailangang maliwanag sa inyo na ang ugnayan sa pagitan ng tutor at ng ibang mga kalahok ay hindi yaong sa guro at mga mag-aaral. Subalit hindi ito nangangahulugan na maaari siyang maging nakawalay at pasibong nagmamaneho ng talakayan. Sa kabuuan ng panahon, ang tutor ay dapat gising ang diwa, nagbibigay-pansin, at nagmamatyag. Sa lahat ng oras, ang kaniyang kaisipan ay dapat nakatuon sa kung paano tutulungan ang bawat isa sa mga kalahok upang magtamo ng higit na ganap na pag-unawa sa pinag-aaralan.

Sa pagsimula ng pag-aaral sa alinmang yunit kasama ang isang grupo, ang tutor ay magsisimula sa pagpapaliwanag sa layunin niyon, madalas ay tinatampok ang mahalagang mga konsepto na tinatalakay nito. Pagkatapos ay babasahin at pag-uusapan ng mga kalahok ang bawat bahagi, isasagawa ang mga pagsasanay na kasama roon, nang indibidwal o bilang grupo. Sa katunayan, ang mga pagsasanay ay bumubuo ng isang mahalagang gamit sa pag-aaruga ng pag-unawa at sa pagtulong sa mga kalahok na makilahok nang masigla sa proseso ng pagkatuto. Samantalang ang ilang pagsasanay ay maisasagawa nang kaunti lamang ang tulong mula sa tutor, may mga pagkakataon na kailangan niyang magbigay ng ilang komento upang matulungan ang mga kalahok sa pagpapalalim sa kanilang pag-unawa sa isang ideya. Ang sumusunod na halaw mula sa "Ilang Kaisipan para sa Tutor" ng Aklat 1 ay nagbibigay ng liwanag tungkol sa kung paano dapat harapin ang mga pagsasanay:

Sa anumang paraan ay hindi sinisikap ng mga pagsasanay sa yunit na maisali ang buong saklaw ng mga kahulugang nakapaloob sa mga siping pinag-aaralan. Ang isang katanungang kailangang pag-isipan ng bawat tutor ay kung gaano kahabang talakayan ang dapat maganap sa bawat pagsasanay. Dito ay kailangang isaisip na ang pagpapahaba sa talakayan sa pamamagitan ng pagbabanggit ng maraming konseptong hindi naman pangunahin ang ugnayan sa paksa ay karaniwang nagbubunga ng paghina sa bisa ng aralin. Kailangang magkaroon ang bawat grupo ng makatwirang ritmo ng pagsulong; dapat madama ng mga kalahok ang malinaw na kamalayang patuloy silang sumusulong sang-ayon sa sarili nilang mga pagkakataon. Gayumpaman, ang tutor ay dapat mag-ingat na ang mga bahagi ay hindi dinadaanan nang mabilisan at pahapyaw nang walang mapagliming pagsusuri sa mga pagsasanay; ang mga grupong nagpatuloy sa ganitong paraan, na pinupunuan lamang ang mga sagot, ay hindi kailanman nagtamo ng namamalaging mga resulta.

Ano ang dalawang kagawian na dapat iwasan ng tutor sa pagtulong sa grupo na pag-aralan ang bawat bahagi, upang makatiyak na makakamtan ang layunin ng aralin?

________________________________________________

Ang maaaring makatulong sa inyo sa ngayon ay pumili ng ilang bahagi mula sa bawat isa sa tatlong yunit ng Aklat 1 at pasadahan ang mga pagsasanay. Ipasiya kung alin ang mas malamang na pupukaw ng talakayan na maaaring mangailangan ng ilang patnubay mula sa inyo bilang tutor. Isulat sa ibaba ang mga ito.

## BAHAGI 12

Upang linawin ang ilang isyung pinag-uusapan, tingnan natin ang isang kathang-isip na usapan sa pagitan ng tutor na tumutulong sa inyo sa pag-aaral ng Aklat 7 at ng isa sa mga kalahok sa panahon ng isang pahinga.

– *Kalahok: Nagsisimula ko nang maunawaan ang konsepto ng pakikilahok sa isang bagong paraan. Sa simula, akala ko ang paraan ng pag-aaral ng mga kurso ng institute ay babasahin lamang ng mga kalahok ng study circle ang mga sipi mula sa mga Kasulatan, sasagutan ang ilang tanong, at pagkatapos ay paikot nilang ibabahagi ang kanilang sariling mga pananaw.*

– *Tutor: Narinig ko na rin ang ganiyang paglalarawan na ginawang labis na simple. Nakalulungkot subalit ang naibabahagi nito ay waring isang pormula ang pakikilahok.*

– *Kalahok: Subalit di-nagtatagal pagkatapos pumasok sa proseso ng institute, nagkakaroon tayo ng kamalayan na mas malalim pa pala ang paraang ginagamit kaysa sa ating inakala.*

– *Tutor: Ang bahaging totoo, mangyari pa, ay ang aralin na pinag-aaralan natin ay nababatay nang malaki sa Tekstong Bahá'í at malaki ang pagbibigay-diin sa pagbasa at pag-unawa sa mga sipi mula sa mga Kasulatan. Totoo rin na hinihingi ng mga tanong at mga pagsasanay na talakayin ng mga kalahok ang nauugnay na mga ideya sa kanilang mga sarili.*

– *Kalahok: Subalit sinasabi ng iba na hindi dapat hinihimok ang talakayan—yaon ay, sa pagsisikap na manatiling tapat sa mga aralin, dapat lamang sagutin ng lahat ang mga katanungan at pagkatapos ay tumungo na sa kasunod na mga tanong. Ngayon ay nakikita kong hindi makakamtan ang layunin ng mga pagsasanay kapag ang mga ito ay itinuturing lamang bilang mga tanong na sasagutan. Samantalang ang sagot sa marami sa mga ito, sa unang tingin, ay waring malinaw, gayumpaman ang mga ito ay dapat pumukaw ng ilang antas ng pag-iisip at pagninilay-nilay mula sa bawat kalahok.*

– *Tutor: Tumpak ka. Iyon ang dahilan kung bakit kailangang laging gising ang diwa ng tutor. Dapat ay mayroon siyang kamalayan sa kung ano ang nilalayong makamtan sa bawat bahagi ng isang yunit, at sa angkop na mga panahon, ay magsimula ng talakayan sa mga kalahok upang matulungan silang nilay-nilayin pa ang pagsasagawa at ang mga ipinahihiwatig ng mga konsepto at mga ideya na inihaharap. Ang ilang ideya ay maaaring mangailangan ng maikling pagsasanggunian, at ang iba naman ay maaaring higit na mahaba.*

– *Kalahok: Sa ilang pagkakataon, habang nag-aaral ng isang kurso, napansin kong ang ilang pagsasanay ay isinasagawa nang may tanging antas ng kahigpitan. Halimabawa, may paggiit sa pagbibigay ng wastong "oo" o "hindi" na sagot sa mga pagsasanay kung saan hinihiling sa atin na piliin ang totoo mula sa isang hanay ng mga pangungusap.*

– *Tutor: Kapag ang sagot sa ganoong pagsasanay ay hindi tuwirang malinaw, sadya itong ginawang ganito, upang sa pamamagitan ng talakayan at pagninilay-nilay ay*

*matamo ng mga kalahok ang malalim na pag-unawa sa masalimuot na mga isyu kaugnay ng mga Kasulatan. Muli, dapat himukin ng tutor ang pagsasaliksik.*

– *Kalahok: Siguro bilang bagong tutor, sa simula ay baka hindi ako maglalakas-loob na gawin ito, sa takot na baka kung saan-saan tumungo ang talakayan, at hindi ko na magabayan ito nang wasto o hindi masagot ng mga kalahok ang mga katanungan.*

– *Tutor: Natural lamang na ganiyan ang iyong damdamin, subalit tinitiyak ko sa iyo na habang dumarami ang iyong karanasan, matututo kang tulungan ang mga kalahok na isagawa ang disiplinadong pagsasanggunian. Makikita nilang ang pagpapahayag lamang ng kahit anong mga kaisipan ay hindi nakadaragdag sa pag-unawa. Matututo kang panatilihing nakatutok ang talakayan nang hindi nagiging labis na mahigpit. Ayos lang na sabihin ng mga tao ang anumang nais nila, kahit pa kung minsan ang kanilang sinabi ay hindi gaanong nauugnay sa pagsasanggunian. Subalit kapag nakikita mong lihis na lihis na sa paksa ang grupo sa loob ng mahabang panahon, kailangan mo nang tulungan ang iyong mga kaibigan na bumalik sa pag-aaral ng mga aralin. Ito ay hindi naman magiging labis na mahirap, dahil ang iyong ugnayan sa grupo ay batay sa paggalang at kabaitan.*

– *Kalahok: Subalit hindi laging madali iyon. Sa mga study circle na nasalihan ko, kung minsan ay may mga indibidwal na hindi humihinto sa pagsasalita. At may mga ilan na hindi kumikibo.*

– *Tutor: Mangyari pa, ang isyu ay hindi kung gaano kahaba o kaikli ang sinasabi ng isang indibidwal sa talakayan, kundi ay kung ang sinabing mga ideya ay nakadagdag ba sa sama-samang pag-unawa ng grupo. Kailangang manatiling malinaw ang punto na ito sa iyong isipan. Maging anupaman, napakahalagang tandaan na huwag hihiyain ang sinuman, maging ang maraming sinasabi o ang tahimik. Kailangan mong tiyakin na hindi ka mayamot sa mga gumagamit ng malaking oras ng grupo. Madalas na naniniwala silang tumutulong sila upang isulong ang talakayan, at maaaring hindi nila nababatid na lumalabis na sila. Mangyari pa, kung minsan ay masyado silang nakapangapit sa sarili nilang mga ideya. Maging anuman ang kaso, kung naitatag mo na ang isang kawing ng pagmamahalan at pagkakaibigan sa mga miyembro ng grupo, makahahanap ka ng mga paraan upang giyahan ang usapan at isama ang mga iba sa usapan nang hindi nasasaktan ang damdamin ng mga masalita.*

– *Kalahok: At ang mga tahimik?*

– *Tutor: Iyan ay isang kawili-wiling paksa. Alam mo kasi, kung minsan masyado nating pinahahalagahan ang pagsasalita. Kung ang isang tao ay tahimik lang nininerbiyos tayo. Maaaring iniisip pa natin na ang mga tahimik o mahiyain ay hindi gaanong matalino o hindi nakikinig. Ang pagsasalita ay hindi laging palatandaan ng pakikilahok. Kapag oobserbahan mo ang grupo, na hindi naman kalakihan, makikita mo kung sino ang abala sa pagsisikap matuto, sino ang nakikinig, nag-iisip, at isinasagawa ang mga pagsasanay nang matiyaga. Ang mahiyaing mga miyembro ng grupo ay unti-unting magkakaroon ng lakas-loob at makikilahok sa talakayan, sulabit hayaang maganap ito nang natural.*

Habang isinasaisip ang talakayan sa itaas, isulat sa ibaba ang ilan sa inyong mga kaisipan tungkol sa kahulugan na ang tutor ay lubos na nakikilahok sa kabuuan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## BAHAGI 13

Ang hamon na panatilihing nakatutok ang talakayan habang patuloy itong sumusulong ay hindi madali, at mapalalakas ninyo ang inyong kakayahang gawin ito habang nagtatamo kayo ng praktikal na karanasan. Nasa ibaba ang ilang sitwasyon. Ang dalawang iminumungkahi na tugon sa bawat sitwasyon ay parehong tama, subalit sa magkaibang mga kalagayan. Ilarawan ang kalagayan kung kailan ang bawat tugon ang magiging pinakamabisa. Makaiisip pa ba kayo ng ibang tugon na magiging angkop batay sa mga kalagayan?

1. Hiniling ninyo sa isang kalahok na ibahagi ang ilang kaisipan tungkol sa isang tanong, subalit natatagalan siyang sumagot.

   a. Tahimik kayong naghihintay hanggang sa wakas ay sumagot siya:

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   b. Mahinahon ninyong idinadako ang tanong sa ibang kalahok, at hinihingi ang kaniyang mga kaisipan:

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   c. _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

2. Ang isang kalahok ay laging nauuna sa pagbigay ng sagot sa mga tanong, at sa gayon nahihirapang makapagsalita ang mga iba.

   a. Idinadako ninyo ang ilan sa mga tanong sa indibidwal na mga miyembro ng grupo, sa pagtawag sa kanilang mga pangalan:

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   b. Sa isang yugto, kapag kayo ay nasa labas ng grupo at may magiliw na pag-uusap sa kalahok, maaari ninyong itanong kung anong malalim na mga kaisipan ang nakuha niya mula sa pakikinig sa mga ibinabahagi ng mga iba sa talakayan:

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   c. ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

3. Ang isa sa mga kalahok ay matagal nang walang ibinabahagi sa talakayan.

   a. Kapag inyong napansin na may masasabi ang kalahok, tuwiran ninyo siyang tinatanong:

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   b. Hinahayaan mo lang ang kalahok, tinutulutang manatili siyang tahimik hanggang sa gusto niya:

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   c. ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Sa pagsasagawa ng isa sa mga pagsasanay, ipinasok ng ilang kalahok ang mga ideyang hindi pangunahin, at ang talakayan ay lumihis sa paksa.

   a. Tinutulungan ninyo ang mga kalahok na bumalik sa temang pinag-uusapan sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa kanila sa layunin ng pagsasanay:

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   b. Tinatawagan ninyo ang isa sa mga kalahok na waring mas malinaw ang pag-unawa sa layunin ng pagsasanay at binibigyan siya ng isang katanungan upang maibalik ang talakayan sa paksang pinag-uusapan:

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   c. ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

## BAHAGI 14

Ang talakayan sa nakaraang bahagi ay nakatulong sa inyo upang makita na walang pormula na dapat sundin ng tutor sa pag-aaral ng mga aklat ng Ruhi Institute sa isang grupo. Sa katunayan, kailangang paglabanan ng bawat tutor ang tuksong ibaba ang pag-aaral ng mga kurso na maging serye ng simpleng mga hakbang na sinusundan. Ito ay hindi gaanong madali dahil lagi tayong nahaharap sa teknikal na mga pamamaraan na nangangakong magbigay ng lunas sa halos lahat ng hamon na hinaharap natin, at kabilang na roon ang sa edukasyon. Kailangan nating maging lalong maingat, na dahil sa ating kasabikang payamanin ang karanasan ng pagtuturo at pagkatuto, ay di-sinasadya nating ipinapasok ang mga teknik at patakaran ng pag-aaral na nagpapahirap sa mga pagsisikap ng mga kalahok na magkaroon ng makabuluhang ugnayan sa pinag-aaralan.

Ang pangunahing kapayakan ay ang nagtatangi sa proseso ng edukasyon na pinayayabong ng mga kurso ng Ruhi Institute. Dapat namamayani ang diwa ng mabuting samahan at kaligayahan sa alinmang tagpo kung saan pinag-aaralan ang mga aralin nito. Sa huling pagsusuri, hindi mga ritwal, mga patakaran, at mga teknik ang magpapayabong sa pagsisikap matuto kundi ay ang pagganyak upang hanapin ang kaalaman at upang maglingkod.

Ang nasa itaas ay hindi nangangahulugang walang mga teknik na maaaring magpadali sa proseso ng pagkatuto. Subalit ang “teknik” ay hindi maaaring hayaang magdomina sa proseso. Ni hindi rin ito maaaring hayaang pababawin ang seryosong pagsisikap makamtan ang pag-unawa o ibaba ang dignidad ng Banal na Salita, na pangunahin ang kahalagahan sa proseso

ng edukasyon. Ang sumusunod na usapang kathang-isip sa pagitan ng isang naglilingkod bilang tutor ng Aklat 7 at ng isang grupo ng mga kalahok na katatapos pa lamang pag-aralan ang mga bahaging ito ay maaaring makatulong sa inyo upang tukuyin ang mga posibleng mga patibong at matutunang iwasan ang mga iyon:

– *Kalahok 1: Lubos na nakatutulong ang malaman na walang mga ritwal o takdang pangkat ng mga hakbang na kailangang sundin kapag pinag-aaralan ang mga kurso ng Ruhi Institute. May mga bagay akong napansin sa paraan ng pag-aaral na akala ko ay bahagi ng "paraan" ng Institute, subalit ay batid ko na ngayon na hindi pala.*

– *Kalahok 2: Tulad halimbawa ng pagsasaulo. Ang mga guro ng mga klase para sa mga bata kung minsan ay tinutulungan ang mga bata sa pagsasaulo ng dasal o sipi sa paggamit ng isang simpleng teknik, kung saan inuulit ng mga bata ang unang pangungusap o parirala ng sipi hanggang sa saulado na nila iyon, at pagkatapos ay idinaragdag ang kasunod rito, hanggang sa naisaulo na nila ang buong sipi. Iyon ay isang simple subalit mabisang teknik, at kahit na nasa hustong gulang na ako, madalas ko pa ring ginagamit ito upang isaulo ang mahabang mga sipi mula sa mga Kasulatan. Subalit napansin kong maraming sigla ang inuubos sa paghahanap ng mga teknik na makatutulong sa mga kalahok na isaulo ang mga sipi habang "nalilibang".*

– *Kalahok 3: Halimbawa, nakita kong isusulat ng tutor ang buong sipi sa whiteboard at pagkatapos ay hinihiling sa isang kalahok na basahin iyon nang malakas. Pagkatapos ay binubura ng tutor ang isa o mahigit pang mga salita, at binabasa naman iyon ng ibang kalahok habang tinatandaan at binibigkas ang binurang mga salita. Nagpapatuloy ang proseso hanggang kaunti na lamang ang mga salitang natitira. Ang ganoong proseso ng pagsasaulo ay maaaring maging masyadong matagal.*

– *Kalahok 4: Naalaala ko, noong pinag-aaralan ko ang Aklat 1, pinagagawa kaming lahat ng drowing para sa bawat sipi. Sa totoo lang, hindi ko naunawaan ang layunin ng paggawa nito, at hindi ito nagustuhan ng ilan sa amin, dahil naging mas mahirap tutukan at sundan ang serye ng mga konsepto. Mas gusto sana naming sumulong nang mas mabilis sa mga aralin. Pagkalipas lamang ng maraming buwan ay doon ko pa lang nalaman na hindi pala iyon bahagi ng paraan ng pag-aaral ng mga kurso.*

– *Kalahok 2: Nakikita kong ang paksa ng "teknik" ay hindi laging madali, at bilang mga tutor, kailangang nagtitiwala tayo na ang mga kalahok ay magtatamo ng kaligayahan mula sa seryosong paghahanap ng pag-unawa. Mula sa lahat ng tinalakay na natin sa mga bahaging ito, waring mahalaga na sa kasabikan nating tulungan ang mga kalahok na tumutok sa proseso ng pagkatuto, ay hindi tayo umasa sa mga gawaing maaaring maging mga ritwal, at sa wakas ay pahihinain ang bisa ng mga kurso.*

– *Tutor: Umabot kayong lahat sa isang mahalagang pagkaunawa. Samantalang natural lamang na isama ng ilang tutor ang tanging mga gawain sa pag-aaral ng mga kurso, kapag ipakikila natin ang mga iyon bilang mga elemento ng "pamamaraang Ruhi", ito ay naglalagay ng kahigpitan sa isang proseso na simple, maligaya, at nababagay sa iba't ibang pangangailangan. Tiyak na mauunawaan ninyong hindi magagawa ng Ruhi Institute ang maglabas ng isang pangkat ng mga dapat at hindi dapat, sapagkat iyon mismo ay hahantong sa kahigpitan. Malaki ang iniiwan, kung gayon, sa pasiya ng tutor kung ano ang makatutulong sa pagpapahusay ng pag-unawa samantalang*

*hindi hinahayaang mangibabaw ang teknik sa mismong laman ng pinag-aaralan o matabunan ang pagiging simple ng proseso.*

## BAHAGI 15

Tiyak na maliwanag na sa inyo ngayon, na higit pa sa kakayahang gabayan ang talakayan, kailangang mahusay na nalalaman ng mga tutor ang aklat na pag-aaralan upang matulungan nila ang mga kalahok na isulong ang kanilang pag-unawa sa nilalaman at upang akuin ang tungkulin para sa sarili nilang pagkatuto. Mangyari pa, kayo mismo ay nakatapos na ng unang anim na aklat ng Ruhi Institute sa tulong ng isang tutor at nagtamo na ng maraming karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi ng mga ito—ito ay bilang bahagi ng isang lumalaking nukleo ng mga indibidwal sa inyong nayon o kapitbahayan na nagtutulungan para sa ikabubuti nito. Subalit ngayon, bilang isang naghahangad na maging tutor, kailangan ninyong magpatuloy pa at nilay-nilayin ang ilang pangunahing konsepto at saligang simulain na nakatulong sa pagbubuo ng mga kurso. Upang magsimula, basahin ang sumusunod na halaw mula sa mga salitang pambungad na inilaan para sa mga tutor ng Aklat 1:

> Mula sa simula, dapat maging malinaw sa bawat kalahok na binubuksan ng mga kurso ng Ruhi Institute ang isang landas ng paglilingkod sa sangkatauhan, na tinatahak ng bawat isa sa atin sa sarili nating tulin, tumutulong at tinutulungan ng mga iba. Ipinahihiwatig ng paglakad sa landas na ito ang pagsusumikap makamtan ang dalawang layuning moral: ang asikasuhin ang sariling pag-unlad sa espiritwal at pangkaisipan at ang tumulong sa pagbabago ng lipunan. Hinihingi ng pagsulong sa landas ang pag-unlad ng isang bilang ng mga kakayahang nangangailangan ng pag-unawa at kaalaman, ng mga katangiang espiritwal at ng kapuri-puring mga saloobin, at gayundin ng napakaraming kakayahan at kahusayan. Ang mga bukal ng kaalaman na pinaghahanguan ng mga aklat ng Institute, sa isang dako, ay ang mga katuruan ng Pananampalatayang Bahá'í, at sa kabilang dako, ang natitipong karanasan ng pandaigdigang pamayanang Bahá'í sa pagsusulong ng kabihasnang materyal at espiritwal. Ang nagbibigay ng inspirasyon sa Institute ay ang larawang-isip ni Bahá'u'lláh ukol sa indibidwal na maaari tayong maging at sa kabihasnang maaari nating itatag.

Sa mas maagang bahagi ng aklat na ito, kayo ay nagkaroon ng pagkakataong suriin ang katangiang espiritwal ng landas na tinatahak na ninyo nang ilang panahon hanggang sa ngayon. Sa buong kahabaan nito, ang pagsusumikap para sa dalawang layuning moral ay nagpalakas sa inyong mga hakbang at pinasigla ang inyong pagtatalaga sa paglilingkod. Nakita ng sarili ninyong mga mata kung paano lumalaki ang kakayahang maglingkod habang tinatalunton ng isang tao ang landas na ito at natamo ninyo ang maraming napakahalagang malalim na pag-unawa ukol sa dinamika ng indibidwal at sama-samang pagbabago.

Mahalagang banggitin dito, na sa pagdisenyo ng mga kurso kung saan ay pauunlarin sa mga indibidwal ang kinakailangang kakayahan, sa simula ang Ruhi Institute ay nagkaroon ng ilang maaaring pagpilian. Halimbawa, maaari nitong gamitin ang higit na karaniwang paraan

na ginagamit ng mga programang Bahá'í sa pagpapalalim—yaon ay, ang paghaharap sa mag-aaral ng sapat na kaalaman ukol sa Pananampalataya: mga simulain nito, mga katuruang espiritwal at panlipunan, kasaysayan nito, mga batas nito, at pangasiwaan nito. Pagkatapos ay inaasahan ang kaalamang ito, sa mismong sarili nito, ay magagawa nang ganyakan ang mga indibidwal upang bumangon at maglingkod sa Kapakanan. Ang kailangan lang idagdag ay ang pagsasanay sa ilang tiyak na mga kahusayan, at pinalalakas ng patuloy na paghimok.

Pagkatapos nitong suriin ang ilan sa gayong mga mapagpipilian, ipinasiya ng Institute na gagamitin nito ang isang paraan ng edukasyon kung saan ang pag-aaral at pagkilos ay pinagsasabay. Naging kumbinsido ito na kapag pinagsama ang kaalaman at ang pagsasagawa ay malilinang ang kakayahang maglingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan. Nang tiyakan, walang paraan na naglalayong paunlarin ang kakayahang magkaroon ng indibidwal at sama-samang pagbabago na nakikini-kinita sa mga Kasulatang Bahá'í ang maaaring ipawalang-bahala ang pagkilos sa pagpapayabong ng pag-unawa. Ang pag-aaral lamang—ang paghahanap ng kaalaman habang wala sa larangan ng paglilingkod—ay hindi makasasapat.

Natural na bibigyan ng malaking diin ang pag-aaral ng mga sipi mula sa mga Kasulatan. Subalit ang gayunding pagbibigay-diin ay ilalagay sa pagsasagawa ng mga katuruang Bahá'í sa sariling buhay at sa buhay ng sariling nayon o kapitbahayan. Kailangang iugnay ng proseso ng edukasyon ang mga kalahok hindi lamang sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh kundi gayundin sa karanasang Bahá'í sa pagsasagawa ng mga katuruan at mga simulain ng Pananampalataya. Higit pa rito, kailangan nitong tiyakin na ang mga kalahok ay makatutulong sa patuloy na pamumukadkad ng karanasang ito at sa pagpapalaganap nito.

Sa kalaunan ginamit ng Ruhi Institute ang isang paraan ng pagtuturo na magkasabay na bibigyan-pansin ang kaalaman at ang mga kaugalian, mga kasanayan at mga kahusayan, mga saloobin at mga katangiang espiritwal na patuloy na tatamuhin ng mga naghahangad na italaga ang kanilang mga lakas sa pagsulong ng kanilang mga pamayanan. Ang konsepto ng "kahusayan", kung saan pinagtipun-tipon ang mga pangangailangang ito, ay unti-unting nagsimulang lumitaw. Upang maragdagan ang mga kahusayan ng lumalaking bilang ng mga taong naglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan, ipinasiya ng Ruhi Institute na isaayos ang mga kurso nito sa isang serye na itinatakda ng isang "landas ng paglilingkod". Sa pakiwari ng Institute, sa ganitong paraan ay matutulungan nito ang mga kalahok na matuto tungkol sa landas ng indibidwal at sama-samang pagbabago habang tinatahak nila ito sa paggawa ng tiyak na mga gawain ng paglilingkod.

Ang landas na ito ay kailangang ilatag sa ganoong paraan na magagawa ng mga kalahok na masistemang sumulong doon habang pinauunlad nila ang kanilang kakayahang maglingkod. Sang-ayon dito, ang mga gawain ng paglilingkod ay nakapundar sa isa't isa, lumalaki ang pagiging hugnay sa sunod-sunod na mga kurso. At saanman matagpuan ng mga indibidwal ang kanilang mga sarili sa landas ng paglilingkod, aalalayan din nila ang ibang mga nasa mas maagang yugto ng landas sa kanilang mga pagsisikap, at tinutulungan silang sumulong. Naging maliwanag na ito ay isang likas na bahagi ng paglilinang ng kakayahan. Yaong mga may mas malaking karanasan ay tutulungan ang wala pang gaanong karanasan habang sinisikap nilang tahakin ang landas at matuto, sa kalaunan, kung paano matutulungan ang mga iba.

Maaaring makatulong sa inyo na huminto sandali sa yugtong ito at talakayin sa inyong grupo ang mga ideyang nakatala sa ibaba. Pagkatapos ay isulat ang ilan ninyong kaisipan

tungkol sa bawat isa. Sa paglipas ng panahon ay makikita ninyo kung paano nagbabago ang inyong mga kaisipan tungkol sa mga ideyang ito.

a. Ang kahalagahang ibinibigay ng mga kurso sa kaalaman tungkol sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh at sa pagsasagawa nito sa indibidwal at sama-samang buhay: ______
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

b. Ang ginagampanan ng pagkilos, kasama ang pag-aaral, sa paglilinang ng pag-unawa: ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

c. Ang pagpapaunlad ng mga kahusayan sa isang landas ng paglilingkod: ________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

d. Ang proseso ng indibidwal at sama-samang pagbabago na nalilinang sa landas ng paglilingkod na binubuksan ng mga kurso: ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

## BAHAGI 16

Upang higit pang saliksikin kung paano hinubog ng paraan ng edukasyon na tinalakay sa itaas at ng saligang mga konsepto nito ang mga aralin ng Ruhi Institute, titingnan natin ang landas ng paglilingkod na binabakas ng unang anim na kurso, na bihasa na kayo roon. Upang gawin ito, pag-iisipan natin ang pariralang, “Ako ay tumatahak sa landas ng paglilingkod.” Ano ang tunay na pagkakakilanlan ng “ako” sa pangungusap? Ano ang uri ng landas, ano ang bumubuo sa pagtahak nito?

Tinutugunan ng Aklat 1 ang una sa mga katanungang ito: “Ang realidad ng aking buhay ay ang aking kaluluwa, na dumaraan sa daigdig na ito upang makamtan ang mga katangiang kinakailangan nito para sa walang-katapusan at maluwalhating paglalakbay tungo sa Diyos.

Ang aking pinakamimithing mga sandali ay yaong mga ginugugol sa pakikipagniig sa Diyos, sapagkat ang panalangin ay ang araw-araw na sustansiya na kailangang matanggap ng aking kaluluwa upang matupad nito ang dakilang layunin nito. Ang aking pangunahing gawain ay ang pag-aaral sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, ang pagpapalalim ng aking pag-unawa sa mga katuruan ng Diyos para sa panahong ito, at ang pagsisikap na matutunang isagawa ang mga ito sa sarili kong buhay at sa buhay ng pamayanan." Ang paglikha ng kamalayan na ang mga ito, sa katunayan, ay ang pangunahing mga elemento ng tunay na pagkakakilanlan ng isang tao ay ang layunin ng *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu.*

Batid na ninyo, mangyari pa, na ang tatlong ideyang binanggit sa itaas, sa katunayan ay tinatalakay sa pabalik na pagkakasunod-sunod sa aklat. Natuklasan ng Institute na ito ay bumubuo sa isang larawang-isip sa buhay na nakatuon sa Diyos at sa Kaniyang Rebelasyon, sa halip nang sa sarili. Ang mga pahayag at pagsasanay rito at sa kasunod na dalawang bahagi ay makatutulong sa iyo at sa ibang mga miyembro ng inyong grupo sa inyong pagsasaliksik sa paksang ito.

Ang unang yunit ng Aklat 1, "Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá'í" ay tumututok sa mga pahayag mula sa mga Kasulatan na binubuo ng isang pangungusap lamang. Tulad ng nabanggit na, sa Bahagi 5, binibigyan-diin ang kagyat na kahulugan ng bawat pahayag at ang tuwirang pagsasagawa nito sa sariling buhay, at gayundin sa ilang ipinahihiwatig nito na higit na malawak. Higit pa rito, may paggigiit na panatilihin ang talakayan sa isang antas ng "kapayakan". Subalit hindi ipinahihiwatig ng pagiging payak o simple na nagkukulang iyon sa lalim. Ni hindi rin nito iminumungkahing ang mga paksang hugnay ay maaaring ibaba sa ilang simpleng ideya lamang. Upang mapahalagahan pa ito, sikaping ilarawan ang sumusunod na apat na kategorya ng mga araling pang-edukasyon at ang ilan sa mga epekto nito sa mag-aaral.

a. Simple at mababaw

b. Simple at malalim

c. Masalimuot at mababaw

d. Hugnay at malalim

Maaari nating itanong kung bakit lubos na nakatutulong ang simpleng paraan ng pag-aaral ng mga Kasulatan na inihaharap sa Aklat 1 sa mga nagsisimulang tahakin ang isang landas ng paglilingkod? Maaaring ang isang sagot ay higit na tumataas ang kanilang kamalayan sa kahalagahan ng nakatutok na pagninilay-nilay sa binabasa nila mula sa mga Kasulatan. Nagsisimula nilang makita, na habang binubuo nila ang ugali ng pagbabasa at pagninilay-nilay araw-araw sa mga sipi mula sa mga Kasulatan, na lalo pang hinuhubog ng mga katuruan ang kanilang mga kaisipan at mga kilos.

Nasa ibaba ang dalawang pangkat ng mga pahayag. Ang mga pahayag sa unang hanay ay naglalarawan sa mga saloobin, na bagaman hindi kanais-nais, ay pangkaraniwan. Ang mga nasa pangalawang hanay ay mga nilalayong makamtan. Sa pagtahak sa landas ng paglilingkod, ang bawat isa sa atin ay sumusulong patungo sa mga layuning ito. Lagyan ng guhit na matulis ang dulo mula sa bawat pahayag sa kaliwa patungo sa kanan upang ipakita ang ganitong pagsulong.

| | |
|---|---|
| Ang ating mga pananaw sa daigdig ay hinuhubog ng panandaliang mga kuro-kuro lamang. | Ang mga pasiya ay binubuo batay sa mga katuruan ng Pananampalataya. |
| Nahihirapan tayong pagkaibahin ang mabuti at masama, ang tama at mali; waring ang lahat ng bagay ay depende sa kahit ano lang. | Ang indibidwal na mga pangangailangan at hangarin ay itinutugma sa ikabubuti ng lahat. |
| Dahil sa ating palagay sa kalayaan, nag-aalangan tayo sa anumang naglalagay ng takda sa salita at gawa. | Ang pamantayan ng Pananampalataya ay laging ginagamit upang sukatin ang halaga ng mga salita at mga kilos. |
| Ang ating mga pasiya ay batay lahat sa damdamin ng sandaling iyon. | Binubuo ang isang balangkas batay sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh at mula rito natin tinitingnan ang daigdig. |
| Mahirap paglabanan ang mga mensaheng nagsasabi sa atin na dapat nating pagbigyan ang ating bawat hangarin, maging anupaman ang ibubunga niyon. | Tinatanggap na makakamtan ang tunay na kalayaan sa pagsuko ng sariling kalooban sa Kalooban ng Diyos. |
| Ang sarili nating kabutihan ay higit na inuuna kaysa sa mabuting kalagayan ng kabuuan. | Nalilinang ang kabatiran sa mga ibubunga ng pagpapasasa sa sariling mga hangarin, at gayundin ang disiplinang kumilos sa mga paraang angkop sa karangalan ng pagiging tao. |

# BAHAGI 17

Sinisikap linangin ng pangalawang yunit ng Aklat 1 ang pag-unawa sa kahalagahan ng dasal at tulungan ang mga indibidwal upang mabuo ang ugali ng regular na pagdarasal. Mula nang magsimula kayo sa landas ng paglilingkod, tiyak na pinalakas pa ninyo ang ugaling ito sa sarili ninyong buhay at sinunggaban ang mga pagkakataong ibahagi ang mga dalangin sa mga miyembro ng mga tahanan sa inyong nayon o kapitbahayan at ginawa ang bawat pagsisikap upang palakasin ang katangiang manalangin ng inyong pamayanan. Sa yugtong ito, makatutulong sa inyo ang basahin ang sumusunod na halaw mula sa "Ilang Kaisipan para sa Tutor" sa Aklat 1 at repasuhin ang yunit habang isinasaisip ang mga ideyang inihaharap nito:

> Ang pangalawang yunit ng aklat, tulad rin ng una, ay tungkol sa isang kaugaliang napakahalaga sa espiritwal na buhay: ang regular na pagdarasal. Nililinaw nito sa unang bahagi ang konsepto ng "landas ng paglilingkod," at iminumungkahi, na upang tahakin ang landas na ito, kailangang taglay natin ang dalawang layuning moral. Sinusuri ng mga kalahok ang unang pangkat ng mga siping naghahain ng malalim na pag-unawa sa likas na katangian ng layuning ito, na isang temang lilinawin pa sa kasunod na mga kurso.
>
> Sa konteksto ng temang ito, isinasagawa ng yunit ang pagsasaliksik nito ng kahalagahan ng dasal. Gumagamit ito ng paraang kahalintulad roon sa inilarawan sa naunang mga parapo. Ang mga tanong at mga pagsasanay ay binuo upang isulong ang pag-unawa sa kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatang pinag-aaralan. Habang nagpapatuloy ang grupo sa yunit, maaaring kailangang pawiin ng tutor ang mga pag-aagam-agam sa pamamagitan ng pagsuri sa mga kuro-kurong nakaugat sa mga pagpapakahulugan at mga kinagawian ng nakaraan. Sa ilang kaugalian, ang ritwal at anyo ay unti-unti nang lumilim sa kahalagahan ng kalagayang panloob, at sa gayon ipinagwawalang-bahala ng napakarami ang pangangailangan sa dasal, na para sa kaluluwa ng tao ay kasinghalaga ng pagkain para sa katawan.
>
> Higit sa lahat, kung gayon, sinisikap gisingin ng yunit sa mga kalahok ang hangaring "makipag-usap sa Diyos" at ang lumapit sa Kaniya. Kabilang sa mga ideyang tinatalakay ay kung ano ang kahulugan ng pagpasok sa kalagayan ng pagdarasal, ang saloobin ng ating mga puso at mga isipan kapag ginagawa natin ito, at ang mga kalagayang dapat likhain sa ating mga kapaligiran, maging nag-iisa man o nasa pagtitipon. Sa katunayan, pagkatapos pag-isipan nang bahagya ang mga puwersang nalilikha sa pamamagitan ng sama-samang pagsamba, hinihiling sa mga kalahok na pag-isipan ang magsaayos ng pagtitipon para sa pananalangin at pagsamba.

1. Anong ugnayan sa pagitan ng dasal, personal na pag-unlad, at mga pagsisikap na makatulong sa pagpapabuti ng lipunan ang sinisikap maitatag ng unang dalawang bahagi ng yunit?

2. Anong mga konsepto sa yunit ang nakatutulong upang maunawaan ng mga kalahok ang likas na katangian ng dasal?

3. Ano ang ilan sa mga maling pagkaunawa tungkol sa dasal na karaniwan sa inyong lipunan, na ang pag-aaral sa yunit ay nakatutulong upang mapawi ang mga iyon?

4. Nilay-nilayin ang kahulugan ng pahayag ni ‘Abdu’l-Bahá na “Ang tao ay dapat mamuhay sa isang kalagayan ng pagdarasal.” Tukuyin ang mga talataan sa yunit, na sa inyong palagay ay nakatulong nang husto sa mga pagsisikap ng mga kalahok upang makamtan ang ganitong kalagayan.

5. Inaasahang sa pagtatapos ng yunit, ang mga kalahok ay magsusumikap upang pagyamanin ang katangiang manalangin ng kanilang pamayanan—halimbawa, sa pagdalaw sa mga tahanan upang ibahagi ang mga dalangin sa mga miyembro ng tahanan, sa masiglang pagsuporta sa pagtitipon upang manalangin sa kanilang nayon o kapitbahayan, at sa kalaunan ay sa pagiging punong-abala ng ganoong pagtitipon. Sa ganitong paraan, agad na tinatawagan ng yunit ang mga kalahok na isagawa ang kaalamang natamo nila hindi lamang sa sarili nilang mga buhay kundi ay sa buhay rin ng kanilang pamayanan—at ito ay sa pamamagitan ng isang serye ng maliit na mga

hakbang na magiging pundasyon ng mga gawain ng paglilingkod na hihilingin sa kanilang gawin sa kalaunan. Upang mapag-isipan ang kahalagahan ng pagtulong sa mga kalahok upang kumilos, nang napakaaga pa sa proseso, nilay-nilayin kung ano ang nagaganap sa sarili ninyong nayon o kapitbahayan.

a. Ang ibahagi ang isang dalangin sa ibang tao, bagama't waring simpleng gawain, ay hindi laging madali para sa mga kalahok. Ano ang natututunan sa inyong nayon o kapitbahayan tungkol sa pagbabahagi ng mga dalangin, sa mga kaibigan at mga kapamilya, sa bata at matanda, at sa pagninilay-nilay sa kahulugan niyon?

b. Ang waring simpleng hakbang na ito, habang isinasagawa ng higit at higit pang maraming indibidwal sa isang pamayanan, ay paano humahantong sa paglikha ng mga pagkakataon upang ang lumalaking bilang ng mga tao ay nagtitipon upang manalangin at magkaroon ng nakapagpapasiglang mga usapan?

c. Paano sumusulong ang mga pagsisikap sa inyong nayon o kapitbahayan upang tulungan ang mga kalahok ng Aklat 1 sa pagbabahagi ng mga dalangin sa mga indibidwal at mga pamilya?

d. Paano ninyo ilalarawan ang katangiang manalangin ng inyong pamayanan?

## BAHAGI 18

Dadako tayo ngayon sa pangatlong yunit ng Aklat 1. Basahin ang bawat isa sa mga halaw sa ibaba mula sa "Ilang Kaisipan para sa Tutor" at isagawa ang mga pagsasanay na kasunod ng bawat isa.

> Ang inaasahan sa pag-aaral ng pangatlong yunit ng aklat, ang "Buhay at Kamatayan", ay magpapalakas ito sa pagtatalagang tahakin ang landas ng paglilingkod at pagkakalooban ito ng higit na kabuluhan. Ang paglilingkod sa daigdig na ito ay pinakamahusay na nauunawaan sa lubos na ganap na konteksto ng buhay, na lumalampas pa sa ating makalupang buhay at nagpapatuloy magpakailanman habang ang ating mga kaluluwa ay sumusulong sa mga daigdig ng Diyos. Sa proseso ng edukasyon, na kaiba sa pagsasanay na teknikal, patuloy na lumalawak ang kamalayan ng mga kalahok sa kabuluhan at kahalagahan ng kanilang ginagawa. Ipinakikita ng karanasan, na sa pagyabong lamang ng ganoong kamalayan, doon lamang nila makikita ang kanilang mga sarili bilang aktibo at responsableng "mga nagmamay-ari" ng sarili nilang pagkatuto.

1. Ang kamalayan na ang buhay ng kaluluwa ay nagpapatuloy nang lampas pa sa pisikal na larangang ito ay pinalalakas ang ating pagtatalaga upang tahakin ang landas ng paglilingkod at ipinagkakaloob ang napakalalim na kabuluhan sa lahat ng ating ginagawa sa landas na ito. Basahin ang sumusunod na mga pahayag, na ipinaliliwanag ang ideyang ito, at pagkatapos ay sumulat ng ilan pang iba:

   – Ang kabatiran na ang buhay ay hindi binubuo ng mga pagbabago at mga pagkakataon sa daigdig na ito ay nakatutulong sa atin upang magpursige sa ating mga pagsisikap, sa kabila ng mga kabiguan na tiyak na makakaharap natin sa landas ng paglilingkod.

   – Kapag tinatandaan natin na ang buhay sa lupa ay isa lamang yugto sa ating walang-katapusang paglalakbay patungo sa Diyos, nakatutulong ito upang manatili tayong nakatutok sa paglilinang ng ating mga katangiang espiritwal na inilalapit tayo sa Kaniya at upang italaga natin ang ating mga sarili sa pagsusulong ng sangkatauhan tungo sa nilalayon nitong hantungan.

   – ________________________________________
   ________________________________________

   – ________________________________________
   ________________________________________

   – ________________________________________
   ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

Ang bawat bahagi ng yunit ay nagsisimula sa isa hanggang tatlong sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í, at sinusundan ng ilang pagsasanay. Ang lengguwahe ng mga sipi sa yunit na ito ay higit na mapanghamon kaysa sa naunang dalawang yunit. Mangyari pa, hindi naman kailangang magtagal ang grupo sa mahihirap na mga salita; nanaisin ng tutor na tiyaking nauunawaan ng lahat ang pangunahing ideyang tinatalakay sa bawat bahagi, na iyon din naman ang sinisikap gawin ng mga pagsasanay.

Dahil sa likas na katangian ng paksa, madalang lamang ang mga pagsasanay na mayroong kongkretong mga halimbawa. Ang karamihan ay umiinog sa antas ng konsepto. Ang dapat tandaan ay ang ilan sa mga tanong na inihaharap ng mga pagsasanay ay hindi masasagot nang mabilisan o sa isang malinaw na paraan. Ang mga ito ay itinatanong upang maitaas ang kamalayan ukol sa paksa; kapag pag-iisipan lamang ng mga kalahok ang gayong mga katanungan, ang layunin ng pagsisikap matuto ay natupad na.

2. Balikan ang yunit at repasuhin ang mga bahagi nito. Isulat sa puwang sa ibaba ang ilan sa pangunahing mga ideya na inihaharap ng mga ito.

3. Tukuyin ang ilang pagsasanay sa yunit kung saan inihaharap ang mga katanungan na walang malinaw na mga sagot. May dalawang halimbawa sa ibaba.

– Ang unang pagsasanay sa Bahagi 2: “Kailan nagsisimulang umiral ang kaluluwa ng tao?”
– Ang pangatlong pagsasanay sa Bahagi 5: “Makapagbibigay ka ba ng mga halimbawa ng pag-impluwensiya at pagkilos ng kaluluwa nang hindi gamit ang mga instrumento ng katawan?”
– ____________________
– ____________________
– ____________________

Bakit mahalagang iwasan ang mahabang talakayan sa ganitong uri ng mga katanungan, na inihaharap lamang upang itaas ang kamalayan?

Ang unang ilang bahagi ay nakatuon sa ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan, na habang magkasama, ay siyang bumubuo ng tao sa larangang ito ng pagkabuhay. Ang pangunahing ideyang inihaharap sa mga bahaging ito ay ang kaluluwa ay hindi isang pisikal na bagay; ang ugnayan nito sa katawan

ay maihahalintulad sa liwanag na lumilitaw sa salamin. Kapuwa ang alabok sa ibabaw nito at ang pagkawasak sa salamin sa kalaunan ay hindi magkakaroon ng epekto sa kaningningan ng mismong liwanag. Ang kamatayan ay pagbabago lamang ng kalagayan, kung kailan ang ugnayan sa pagitan ng katawan at ng kaluluwa ay napuputol; pagkatapos nito, ang kaluluwa ay sumusulong magpakailanman patungo sa kaniyang Maykapal.

Ang yunit ay dumadako nang kasunod sa paksa ng layunin ng buhay—na kilalanin ang Diyos at makarating sa Kaniyang kinaroroonan. Ang talakayan dito ay umiinog sa dalawang masaklaw na tema. Ang una ay ang layunin ng ating mga buhay sa daigdig na ito, at ang pangalawa ay ang paglalakbay ng kaluluwa pagkatapos ng kamatayan. Ang kaluluwa ay isang palatandaan ng Diyos at maaari nitong isalamin ang lahat ng Kaniyang mga pangalan at mga katangian. Subalit ang natatagong kakayahan sa loob ng tao ay tulog; maaari lamang itong gumising at yumabong sa tulong ng mga Kahayagan ng Diyos, yaong banal na mga Nilalang na dumarating sa pana-panahon upang patnubayan ang sangkatauhan. Sa pamamagitan ng edukasyong espiritwal na ipinagkakaloob Nila, ang mga yamang natatago sa loob natin ay maaaring lumabas.

Kaugnay naman ng paglalakbay ng kaluluwa pagkatapos ng kamatayan, ang isang serye ng mga ideya ay inilalahad upang nilay-nilayin ng mga kalahok: na yaong mga matatapat sa Diyos ay makatatamo ng tunay na kaligayahan; na walang sinuman sa atin ang makaaalam kailanman sa sarili nating wakas, at samakatwid ay dapat nating patawarin ang isa't isa at huwag akalaing nakahihigit tayo sa iba; na sa kabilang daigdig, tulad rin dito, ang kaluluwa ay patuloy na susulong at ang mga kakayahang espiritwal na pinaunlad natin dito ay makatutulong sa atin doon; na makikilala natin ang ating mga minamahal sa kabilang mga daigdig, maaalaala ang ating mga buhay sa daigdig na ito, at matatamasa ang magandang samahan sa banal at sagradong mga kaluluwa.

4. Binabalangkas ng tatlong parapo sa itaas ang pangunahing mga ideya na napansin na ninyo mula sa inyong pagrepaso ng yunit. Ang mga ideyang ito ay naglalahad ng mga katotohanang espiritwal, at dapat tiyakin ng tutor na hindi natutuliro ang mga kalahok dahil sa di-kinakailangang paghinuna. Habang isinasaisip ito, tingnan ang bawat pares sa ibaba. Para sa bawat pares, piliin kung alin ang dapat gawin ng tutor upang maging higit na malinaw sa mga kalahok ang konseptong tinatalakay. Huwag masiyahan sa pagmarka lamang ng inyong pinili, na waring malinaw naman, bagkus ay isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan tungkol sa inyong pangangatwiran.

_______ Ipasok sa talakayan ang ilang ideya tungkol sa buhay pagkatapos mamatay, na umiiral sa kultura, at madalas na paksa ng paghahaka-haka

_______ Iwasan ang ilang ideya tungkol sa buhay pagkatapos mamatay, na umiiral sa kultura, at madalas na paksa ng paghahaka-haka

_______ Huwag pansinin ang katanungan ng isang kalahok dahil nauugnay ito sa maling paniniwala, tulad ng *reincarnation* [muling pagkabuhay sa lupa]

_______ Bigyan ng malinaw na sagot ang katanungan ng isang kalahok na nauugnay sa maling paniniwala, tulad ng *reincarnation*, samantalang iniiwasan ang mahabang talakayan

_______ Tumugon sa tanong tungkol sa kung kailan nagsisimula ang buhay ng kaluluwa sa pamamagitan ng pagtalakay ng maraming nauugnay na paksa, na kapuwa ayon sa batas at sa medisina

_______ Ibalik lamang ang mga kalahok sa nauugnay na sipi mula sa kasulatan bilang tugon sa katanungan kung kailan nagsisimula ang buhay ng kaluluwa

Sa wakas, tulad ng inyong nalalaman, sa huling bahagi ng yunit ay ipinaaalaala sa mga kalahok ang konsepto ng dalawang layuning moral na ipinakilala sa pangalawang yunit. Hinihiling sa kanilang nilay-nilayin ang kahalagahan ng pag-asikaso sa dalawang aspekto ng layuning ito, kaugnay ng mga malalim na pag-unawa na natamo nila tungkol sa pagsulong ng kaluluwa. Hinihimok silang isama sa kanilang talakayan ang sumusunod na mga tema:

1. Ang pagpapaunlad ng mga katangiang espiritwal
2. Ang pagsunod sa mga batas ng Diyos
3. Pagtulong sa mabuting kalagayan ng sangkatauhan
4. Pagsulong sa landas ng paglilingkod

Bakit mahalaga para sa tutor na tiyaking ang mga kalahok ay magsagawa ng isang mayamang talakayan sa mga temang nabanggit sa itaas?

## BAHAGI 19

Nakita na natin kung paano tayo inaanyayahan ng Aklat 1 na nilay-nilayin ang kahulugan ng salitang "ako" sa pangungusap na "Ako ay tumatahak sa landas ng paglilingkod". Bagaman ang malaking bahagi nito ay patungkol sa pagkakakilanlan, tulad ng nabanggit na natin, dapat din nitong pukawin ang pagkilos mula sa mga nag-aaral nito—na pinakatampok doon ay ang pagbabahagi ng mga dasal sa mga miyembro ng mga tahanan sa kanilang pamayanan. Ang Aklat 2, *Bumangon upang Maglingkod,* ay naglalayong tulungan silang gawin ang ilang kasunod na hakbang sa landas na ito at paunlarin pa ang kanilang kakayahang maglingkod.

Ang mga salitang pambungad para sa Aklat 2, "Ilang Kaisipan para sa Tutor" ay tinatalakay ang mga kahusayan na sinisikap nitong linangin at ang mga layunin ng bawat isa sa tatlong yunit. Bagaman nanaisin ninyong pag-aralan nang mabuti ang pambungad na ito sa paghahandang gabayan ang isang grupo sa kurso, para sa ating layunin dito, hinihimok kayong basahin ang sumusunod na halaw, na inilalarawan ang pangkalahatang layunin ng aklat at ang estruktura nito:

> Ang aklat na ito, ang pangalawa sa pangunahing serye ng mga kurso na inihahandog ng Ruhi Institute, ay kaugnay ng mga kakayahang nagbibigay-daan upang magawa nating magkaroon ng mga usapang makabuluhan at nagpapasigla. Ang gawain ng paglilingkod na tinututukan ng aklat na ito ay inilalarawan sa pangatlong yunit. Sa isang daigdig kung saan winawasak ng malalakas na puwersa ang mga buklod ng pamayanan, napakahalaga ang kaugalian ng pagdalaw sa mga kaibigan at mga kapitbahay sa kanilang mga tahanan upang saliksikin ang mga paksang pangunahin sa pamumuhay ng lipunan. Kapag ang kaugaliang ito ay magiging isang pangunahing katangian ng kultura ng pamayanan, ito ay maaaring makalunas sa ilan sa mga sakit na ibinubunga ng paglaganap ng walang-pakakaugnay sa kapwa. Iminumungkahi ng yunit na ang mga buklod ng pakikipagkapwa na nalilikha niyon ay nagsisilbi upang patibayin ang proseso ng pagbubuo ng masigla at maayos na mga pamayanan.
>
> Ang isang nagpapatuloy na programa ng pagdalaw sa mga tahanan sa kapitbahayan o nayon ay nangangailangan ng isang antas ng pagsasaayos kung saan ang isang panimulang pangkat ng mga magkakaibigan ay itinataguyod ng

di-maaaring mawalang mga institusyon at mga sangay ng pangasiwaan. Sa paggabay ng isang pangkat sa pag-aaral ng aklat, kailangang tandaan ng tutor na ang mga kalahok ay inihahanda upang makibahagi sa gayong pagsisikap na isinasagawa. Ang mga pagdalaw na isinaayos para sa kanila bilang bahagi ng kanilang pag-aaral ay dapat humantong sa isang pagtatalagang makibahagi taon-taon sa pagsisikap na ito, na isang mahalagang aspekto ng isang buhay ng paglilingkod.

Ang kaugaliang dumalaw sa mga tahanan para sa tahasang layunin ng pagsasaliksik sa mga paksang may kahalagahang espiritwal at panlipunan ay malinaw na nagpapayaman sa kultura ng isang pamayanan. Kasinghalaga nito ang maraming talakayang di-pormal na nagaganap sa tahanan at sa trabaho, sa paaralan at sa pamilihan. Ang maipakilala ang mga simulaing espiritwal sa pang-araw-araw na mga usapan sa tuwi-tuwina, kung gayon, ay isang kakayahang dapat bigyang pansin. Ang pagpapayabong nito ay ang tinututukan ng pangalawang yunit, at sa ganitong paraan ay inilalagay ang pundasyon para sa pag-aaral na isinasagawa sa pangatlong yunit.

Upang ang ating mga usapan sa ating mga kaibigan at mga kapitbahay ay makapagpapasigla, kailangang maging maligaya ang ating mga pakikipag-ugnayan sa kanila. Ito ang paksang tinatalakay sa unang yunit, "Ang Ligaya ng Pagtuturo". Sa mismong diwa nito, hinihingi ng lahat ng mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi ng Ruhi Institute ang pagbabahagi sa iba ng mga perlas ng banal na karunungang natutuklasan natin sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Nilalayon ng pag-aaral sa unang yunit na maitaas ang kamalayan sa kaligayahang likas na matatagpuan sa gawaing ito. Hinihiling sa mga kalahok sa loob ng ilang aralin na pag-isipan ang Salita ng Diyos at ang biyaya ng pagbabahagi nito sa iba. Iminumungkahi ng yunit na mula sa ganitong gawain ay umuusbong ang ligayang nagpapasigla sa ating mga hakbang habang tinatahak natin ang landas ng paglilingkod.

Tulad ng nakasaad sa itaas, ang pangalawang unit, "Mga Usapang Nagpapasigla" ay patungkol sa ilang kaalaman, kasanayan, at kaugaliang kinakailangan sa pagsasagawa ng makabuluhang mga usapan sa iba't ibang pagkakataon sa lipunan. Hinihiling sa mga kalahok na pag-aralan ang ilang maiikling pahayag tungkol sa iba't ibang simulain ng Pananampalataya na nababatay sa mga pananalita ni 'Abdu'l-Bahá. Sa paggawa niyon, natututo silang gamitin ang Kaniyang mga paliwanag, at hinihimok sila sa ganitong paraan na lumagay sa ganoong kalagayan na tumitingin sila sa Kaniya sa pagsisikap na higit pang maunawaan ang kahulugan at mga ipinahihiwatig ng mga katuruan ni Bahá'u'lláh at ibahagi ang mga ito sa mga iba. Kapag isinasagawa ang bawat isa sa sumusunod na mga gawain, paano nito pinalalakas sa mga kalahok ang mga kakayahang kinakailangan upang makapagsimula at maipagpatuloy ang makabuluhan at nakapagpapasiglang mga usapan?

a. Ang pagtukoy sa serye ng mga ideya sa bawat pahayag at pagkatapos ay naghahalinhinan sa grupo sa pagsasabi ng mga ito sa isa't isa hanggang sa kaya na nilang sabihin ang mga ito nang mahusay

b. Iniisip ang kanilang mga ugnayan sa mga kaibigan, kapamilya, at mga kakilala at tinutukoy ang ilang paksa na pinagkakaabalahan ng kanilang mga isipan, mga paksa kung saan maaaring magkaroon ng pagkakataong maibahagi ang mga ideya sa mga pahayag

c. Habang isinasagawa pa ang pag-aaral ng aklat, ang pagpili ng isa o higit pa sa mga pahayag at ang pagsikap na magkaroon ng usapan sa mga ideyang nilalaman niyon sa ilang kaibigan o kapamilya

Ngayon ay maaaring nais na ninyong iharap sa grupo na inyong kasama sa kasalukuyang pag-aaral ang ilang pagkakataon nang nagawa ninyong ipasok sa inyong usapan sa isang natural na paraan ang ilan sa mga simulaing espiritwal na ipinakikilala sa Aklat 2.

Kaugnay naman ng pangatlong yunit, nakatutok ito sa gawain ng paglilingkod na hinaharap sa Aklat 2—ang pagdalaw sa mga kaibigan at kapitbahay upang talakayin ang mga paksang napakahalaga sa buhay ng pamayanan. Ang nilalaman para sa tatlong uri ng usapan ay binabalangkas. Alam ninyo mula sa inyong pag-aaral ng aklat na ang malaking bahagi ng yunit at nakatalaga sa una sa mga ito. Ipinaliliwanag nito ang isang serye ng mga tema na maaaring pag-usapan kasama ang mga miyembro ng mga tahanan, bilang isang bahagi ng masistemang programa ng pagdalaw sa mga tahanan, na ang pangunahing layunin nito ay tulungan silang palalimin ang kanilang kaalamang sa Pananampalataya. Ang nilalaman para sa pangalawang uri ng usapan ay tumutugon sa lumalaking karanasan sa buong daigdig sa paggawa ng regular na pagdalaw sa mga magulang ng mga batang nakikilahok sa mga klase para sa kanilang edukasyong espiritwal at sa mga grupo para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas—isang gawain na likas na bahagi na ngayon ng pagsisikap sa pagtatatag ng pamayanan. Sa wakas, binabalangkas ng yunit ang isang serye ng mga ideya na maisasama sa mga usapan sa mga kabataan na tumutugon sa kanilang hangaring makahanap ng mga paraan upang maglingkod. Ang gayong mga usapan ay madalas na humahantong sa pagsali ng mga kabataan sa mga kurso ng institute bilang paraan upang linangin ang kinakailangang mga kakayahan. Talakayin sa ibang mga miyembro ng inyong grupo ang sumusunod na mga katanungan:

a. Marami sa mga mag-aaral ng Aklat 2 ay lalo pang palalalimin ang kanilang pag-unawa sa mga pamamaraan at mga saligang konsepto ng mga programa ng edukasyon para sa mga bata at mga junior youth kapag sila ay nagpatuloy na sa pag-aaral ng Aklat 3 at Aklat 5, at pipiliin ng ilan sa kanila na isagawa itong natatanging mga gawain ng paglilingkod. Paano pinabibilis ang mga hakbang ng mga kalahok sa landas ng paglilingkod bunga ng pagkakabatid sa kahalagahan ng mga programang ito nang maaga pa sa Aklat 2 at sa pagsali sa mga usapan sa mga magulang nang kasama ang mga guro at mga animator, tulad ng iminumungkahi roon?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

b. Paano nakatutulong sa lahat ng tumatahak sa landas ng paglilingkod ang matutunan ang usapan sa pagitan nina Alejandra at Beatrice, ang dalawang kabataang sabik maglingkod sa kanilang pamayanan?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

c. Habang nagiging bahagi na ng kultura ng isang kapitbahayan o nayon ang kaugalian ng pagdalaw sa mga tahanan at ang pagkakaroon ng makabuluhan at nakapagpapasiglang mga usapan sa mga nananahan doon, ang espiritwal at panlipunang ugnayan ng pamumuhay ng pamayanan ay lumalakas. Kapag natututunang ibahagi ang mahalagang mga temang espiritwal sa mga miyembro ng mga tahanan—simula sa mga ipinakikilala sa pangatlong yunit—paano nito pinalalakas ang kakayahan ng mga tumatahak sa landas ng paglilingkod upang makatulong sa proseso ng pagtatatag ng pamayanan?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Nang unang magsimula ang Ruhi Institute sa pagbibigay ng nilalaman ngayon ng pangatlong yunit, napansin nito na ang ilan sa mga dumadalaw sa mga tahanan ay nagtitiyaga sa kanilang mga pagsisikap samantalang ang mga iba ay mabilis na huminto. Waring ang pagkakaiba ay nasa katotohanang ang mga nagtiyaga ay nakatatagpo ng kaligayahan sa mismong gawain ng pagtuturo, maging anupaman ang kagyat na mga bunga niyon. Ang unang yunit ng Aklat 2 ay binuo upang harapin ang hamong ito. Sinusundan nito ang serye ng mga ideya sa ibaba. Basahin ang mga ideya, at isipin ang mga iyon kaugnay ng inyong sariling mga pagsisikap na maglingkod bilang tutor. Pagkatapos ay sumulat ng isang maikling parapo upang

ipaliwanag sa kung anong paraan itong gawain ng paglilingkod ay maaaring maging laging pinagmumulan ng kaligayahan para sa inyo.

- Ang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay maihahalintulad sa isang karagatan kung saan sa mga kailaliman nito ay matatagpuan ang mga perlas ng banal na patnubay. Kapag natutuklasan natin ang mga perlas ng karunungan na nasa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh at ibinabahagi ito sa mga iba, ang ating mga puso ay napupuspos ng kaligayahan.

- Natatanggap natin ang mga kapakinabangan mula sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh sa kaukulang sukat ng pagsisikap na ginagawa natin.

- Ang karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay nakapanggigilalas ang lapit sa atin. Kung nanaisin lamang natin iyon, mararating natin ang mga dalampasigan nito sa isang kisapmata.

- Yamang natanggap na ang biyaya ng pagkilala kay Bahá'u'lláh, kumukuha tayo ng mga kayamanan mula sa karagatan ng Kaniyang Rebelasyon at ang mga perlas ng dibinong patnubay nito ay ibinabahagi natin sa mga iba nang masagana at nang walang kondisyon.

- Ang Salita ng Diyos ay patuloy na pinagmumulan ng inspirasyon habang sumusulong tayo sa landas ng paglilingkod.

- Sa lahat ng gawaing pinagkakaabalahan natin sa ating pang-araw-araw na buhay, yaong nauugnay sa pagtulong sa mga iba upang matuklasan ang mga perlas na natatago sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay nagtataglay ng natatanging kapangyarihan at bisa sa puso ng tao.

- Ang kaligayahang natatamo natin mula sa paglilingkod ay nasa gawain mismo. Kung labis tayong nakapangapit sa mga resulta o sa papuri o pagpula, nawawala sa atin ang kaligayahang ito. Ang pagkawalay ay isang pangangailangan ng maligayang paglilingkod.

- Kailangang handa rin tayong magsumikap at gumawa ng mga pagpapakasakit. Subalit dapat nating tandaan na ang pagpapakasakit ay ang pagtalikod sa mas mababa upang makamtan ang mas mataas. Kapag ginagawa natin iyon, natatamo natin ang espiritwal na kaligayahan at sumusulong sa ating espiritwal na pag-unlad.

- Kailangan nating bigyang-pansin ang kapuwa pagiging masikhay at ang kalidad ng pagsisikap na kinakailangan para sa bawat pagpupunyaging ginagawa natin sa landas ng paglilingkod.

- Ang pag-asam sa mabuting kahihinatnan at ang pagiging mapagpasalamat ay dalawang saloobin na pangunahing kinakailangan sa landas ng paglilingkod.

Ngayon, kaugnay ng inyong pagsasaliksik sa itaas, basahin ang sumusunod na halaw mula sa mga salitang pambungad para sa tutor ng Aklat 2:

> Ang mga gawain ng paglilingkod na inilalarawan sa serye ng mga aklat na ito, bagaman nasa sentro ng paglaki at pag-unlad ng isang pamayanan, higit sa lahat ay mga elemento ng isang prosesong naglalayong itaas ang kakayahan ng indibidwal sa pamamagitan ng pag-aaral at pagkilos. Dapat mabatid ng bawat tutor na itong mga gawain ng paglilingkod ay nakasalig sa pagkakasunod-sunod, at nagiging higit at higit pang masalimuot sa bawat kasunod na aklat. Ang matutunang isagawa nang mabisa ang bawat gawain ng paglilingkod ay napatunayang napakahalaga para sa kakayahang kinakailagan upang maisagawa yaong mga sumusunod. Ang mapanatili ang nagpapatuloy na usapan sa loob ng ilang pagdalaw sa tahanan, tulad ng iminumungkahi sa aklat na ito, ay malinaw na mas mahirap kaysa sa gawaing ipinagagawa sa Aklat 1, na yaong pagdaraos ng isang regular na pagtitipon upang manalangin, maging nang sa sarili niya o kaya sa pakikipagtulungan sa ilang iba pa. At madaling makita, na upang maisagawa ang mas mahirap na mga gawain ng paglilingkod sa hinaharap, kakailanganin ng mga kalahok na sumulong sa mga kakayahang nililinang dito.

Talakayin sa inyong grupo kung paano ang mga kakayahang nililinang sa Aklat 2—mga kakayahang nagbibigay-daan upang makatulong tayo sa usapang makabuluhan at nagpapasigla—ay nagpupundar sa kaalaman at mga kakayahang natamo ng mga kalahok mula sa kanilang pag-aaral ng Aklat 1 at mula sa pakikilahok nila sa mga gawaing umuusbong mula rito, lalo na ang gawain ng pagbabahagi ng isang dasal sa mga iba.

## BAHAGI 20

Ang kasunod na gawain ng paglilingkod na nililinang ng serye ng mga kurso ay nasa larangan ng espiritwal na edukasyon ng mga bata. Ang Aklat 3, *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1,* ay tumututok sa ilang kaalaman, kasanayan at kakayahan, at mga katangian at kalooban na kinakailangan ng mga nagnanais pumasok sa ganitong larangan ng pagpupunyagi.

Mangyari pa, ang marami sa nag-aaral ng aklat na ito, bagama't nagtatalaga sa landas ng paglilingkod, ay maaaring walang hilig na magturo ng ganoong mga klase. Subalit ang malasakit para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata ay pinagkakaabalahan ng lahat. Bilang mga miyembro ng pamilya, bilang mga miyembro ng pamayanan, at bilang mga miyembro ng mga institusyon at mga sangay ng Pananampalataya, lahat tayo ay kailangang magbigay pansin sa tungkuling ito na pangunahin ang kahalagahan. Karagdagan pa sa pangunahing layunin nito, kung gayon, sinisikap ng Aklat 3 na palakasin pa ang ganoong sama-samang kamalayan. Habang isinasaisip ito, basahin ang sumusunod na halaw mula sa "Ilang Kaisipan para sa Tutor" at talakayin ito kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo:

> Mula sa kanilang pag-aaral ng pangalawang yunit ng Aklat 2, nalalaman na ng mga kalahok ang pahayag ni 'Abdu'l-Bahá na ang edukasyon ay may tatlong uri: materyal, pantao, at espiritwal. Dito ay magkakaroon sila ng pagkakataong isulong pa ang kanilang pag-unawa sa huling nabanggit na uri ng edukasyon, na sa pamamagitan niyon ang likas na katangiang espiritwal, ang higit na mataas na likas na katangian, ng indibidwal ay pinauunlad. Ang dapat maging malinaw mula sa simula ay ang espiritwal na edukasyon ng mga bata, sang-ayon sa konsepto ng Pananampalatayang Bahá'í, ay lubos na naiiba sa paggiit ng mga paniniwalang pandoktrina na magkaminsan ay nauugnay sa pagtuturo ng relihiyon. Sa halip ay sinisikap nitong payabungin ang pagmamahal sa kaalaman, ang saloobing nakabukas tungo sa pagkatuto, at isang patuloy na hangaring saliksikin ang realidad.
>
> Kasinghalaga rin ang tanggapin, sa edukasyon ng mga bata, na ang mga katuruan ng relihiyon ay hindi maaaring isaisantabi, sapagkat kapag ginawa iyon ay maipagkakait sa kanila ang kabatiran sa mga katotohanang makadiyos at mga simulaing espiritwal, mga simulaing kailangang mamayani sa kanilang mga kaisipan at mga kilos. Ang mga nagtatangkilik sa pananaw na ang pinakamahusay ay ang hayaan lamang ang mga bata upang magtamo ng sarili nilang mga pamantayan at pananaw sa daigdig batay sa kanilang mga ugnayan sa lipunan, na di-umano sa malayang pagpili, ay waring hindi napapahalagahan

kung gaano kaagresibo ang pagtataguyod ng mga puwersang pampolitika, pang-ekonomiya, at pangkalinangan sa mga paraan ng paniniwala at pagkilos para sa sarili nilang kapakanan. Subalit kahit pa hindi ganito ang umiiral, walang batayan upang akalaing ang kasunod na mga salinlahi ay magagawang lumikha ng isang higit na mabuting daigdig nang walang edukasyong nag-aaruga sa likas na katangiang espiritwal ng indibidwal. Ang sangkatauhan, kapag salat sa patnubay mula sa Banal na Tagapagturo ay walang malilikha kundi kaguluhan, kawalan ng katarungan, at pagdurusa.

Ipinaliliwanag ng halaw sa itaas na ang espiritwal na edukasyon ng mga bata, sa pagkagunita ng Pananampalataya, ay walang kinalaman sa pagtuturo ng relihiyon sa paraan ng pagdodoktrina. Subalit nililinaw rin nito na ginagamit ng ganoong edukasyon ang mga katotohanang dibino at mga simulaing espiritwal na matatagpuan sa Rebelasyon ni Bahá’u’lláh, ang pangkalahatang Tagapagturo sa sangkatauhan para sa Araw na ito.

a. Ano ang ilan sa mga katangian ng dogmatikong pagdoktrina—mga katangiang hindi lamang matatagpuan sa larangan ng relihiyon?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

b. Paano kayo tutugon kapag sabihin ng isang tao na ang pagsasaulo ng Salita ng Diyos ay dogmatikong pagdoktrina?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

c. Kapag ipinagkakait sa mga bata ang mga katotohanang espiritwal at mga simulain na nilalaman ng Rebelasyong dibino, madali nilang tatanggapin ang mga pinahahalagahan ng isang laganap na materyalismo na pumapasok sa mga kultura ng magkakaibang sambayanan sa daigdig. Ano ang ilan sa mga pinahahalagahang ito?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

d. Paano pinahihina ng mga pinahahalagahang nabanggit ninyo sa itaas ang pag-unlad ng espiritwal na katangian ng isang tao?

Alam ninyo mula sa sarili ninyong pag-aaral sa dalawang yunit ng Aklat 3 na ang programa ng Ruhi Institute para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata ay tungkol sa pagtulong sa mga bata upang linangin ang isang kapuri-puring pagkatao at matwid na asal. Mangyari pa, ang mga saloobin at mga kaugaliang nagtatangi sa isang kapuri-puring pagkatao ay mag-uugat lamang kapag ang mga ito ay mga kahayagan ng mga katangiang espiritwal, at sa gayon ang mga aralin sa Grade 1 ay tumututok sa paglilinang sa gayong mga katangian sa mga batang lima at anim na taong gulang. Tinatalakay ng parapo sa ibaba mula sa "Ilang Kaisipan para sa Tutor" ang ideyang ito, na pinag-uusapan sa unang unit ng aklat.

> Iminumungkahi ng yunit na kabilang sa mga hiyas na ipinagkaloob sa bawat indibidwal ay yaong mga tinaguriang "mga katangiang espiritwal", na nakikita bilang permanenteng mga estruktura kung saan ay maaaring maitatag ang isang marangal at matwid na pagkatao. Na ang mga ito ay bumubuo ng isang bukod na kategorya ng mga "kabutihan"—isang pangkalahatang taguri para sa bawat uri ng kapuri-puring katangian, kabilang ang mga ugali at mga saloobin, at gayundin ang mga kasanayan at mga kahusayan—ay isang napakahalagang ideya na kailangang maunawaan nang sapat ng lahat ng mga kalahok. Sinusuri ng mga Bahagi 6 at 7 ang ilan sa mga ipinahihiwatig ng pahayag na ito. Nanaising tiyakin ng tutor na naiuugnay ng mga miyembro ng grupo ang kanilang tinatalakay roon sa kanilang pinag-aralan sa pangatlong yunit ng Aklat 1, kung saan pinag-isipan nila kung paanong ang mga katangiang espiritwal, bilang mga kakayahan ng kaluluwa ng tao, ay kailangang paunlarin sa buhay na ito upang makatulong sa atin sa walang-katapusang paglalakbay natin patungo sa Diyos. Ang pag-ibig sa Diyos at ang kaalaman sa Diyos ay hindi maaaring mawala sa pag-aaruga sa mga katangiang espiritwal. Mahalagang maunawaan ng mga kalahok na ang mga kaisipan sa dalawang bahaging ito ay nagbubukod ng mga aralin ng Grade 1 mula sa, halimbawa, isang kurso sa mga kabutihan kung saan itinuturing ang pagiging nasa oras at ang pagiging makatotohanan bilang magkaparehong uri ng katangian. At kapag naunawaan na ng mga guro ang ganitong pagkakaiba, iiwasan na nilang tingnan ang paglilinang ng isang mabuting pagkatao bilang pagwawasto lamang ng kilos.

Iminumungkahi sa itaas na sa pagtulong sa mga bata upang gawing pino ang kanilang pagkatao, kailangang nauunawaan ng mga guro ang pagkakaiba sa pagitan ng mga katangiang espiritwal—na pangunahing mga katangian ng kaluluwa ng tao—at ang mga "kabutihan" sa pangkaraniwan, na isang salitang madalas gamitin bilang pantukoy sa lahat ng mga katangiang itinuturing na kapuri-puri, na kabilang doon ang mga ugali, mga kasanayan at mga saloobin. Ang sumusunod na mga pahayag ay nagbibigay ng karagdagang linaw kung bakit mahalagang isinasaisip lagi ang ganitong pagkakaiba kapag itinuturo ang mga aralin ng Grade 1. May

maidaragdag pa ba kayong ilang pahayag sa talaan? Sa pagsasagawa ng pagsasanay na ito, makatutulong sa inyo ang basahin at nilay-nilayin ang mga ideyang inihaharap sa mga Bahagi 6 at 7 ng unang yunit.

- Sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal, ang mga bata ay ginagabayan upang ituon ang kanilang mga puso at mga isipan sa Diyos bilang ang di-nauubos na Pinagmumulan na pinanggagalingan ng ganitong mga katangian.

- Ang kapuri-puring mga saloobin at mga kahiligan, gaanuman ito pinalalakas ng mga pinahahalagahan ng lipunan, ay naglalaho at limitado maliban kung ang mga ito ay naitatag sa saligan ng mga katangiang espiritwal.

- Ang paglilinang sa mga bata ng mga katangiang espiritwal tulad ng malasakit, pagmamahal, at pagiging mapagbigay ay magkikintal sa kanila ng angkop na mga saloobin at mga ugali tulad ng pakikiramay, pag-aalaga, at pagbabahagi.

- Ang matutunang kumilos sang-ayon sa mga pinahahalagahan ng kultura at ng lipunan ay hindi magbubunga, sa sarili lamang nito, sa pag-unlad ng mga katangiang espiritwal.

- Ang pagganyak na ihayag ang mga katangiang espiritwal ay nanggagaling dapat sa hangaring makamtan ang mabuting kaluguran ng Diyos, hindi mula sa hangaring makamtan ang papuri ng mga iba.

- Ang *expediency*—o ang pagtamo ng mga layuning kapaki-pakinabang sa sarili gamit ang anumang paraan—ay maaaring maging isang malakas na pagganyak sa pagpapakita ng asal na kapuri-puri ang panlabas na anyo; subalit wala itong ginagampanan sa hangaring ihayag ang mga katangiang espiritwal.

- ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

- ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

- ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

- ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

- ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

Ngayon ay maglaan ng ilang minuto sa pagrepaso ng mga Bahagi 1 hanggang 17 ng unang yunit ng Aklat 3, kung saan sinasaliksik ang ilan sa mga simulaing pang-edukasyon na matatagpuan na mga Kasulatang Bahá’í. Pagkatapos ay isulat sa ibaba ang pangunahing mga konsepto na pinag-aaralan sa mga bahaging ito—mga konseptong inaasahang nauunawaan ng mga nauugnay sa espiritwal na pag-unlad ng mga bata, lalo na ang mga guro ng Grade 1.

Tulad ng inyong napansin, ang isang mahalagang konsepto na sinusuri sa yunit ay ang disiplina. Ipinaliliwanag ng halaw sa ibaba mula sa “Ilang Kaisipan para sa Tutor” kung paano dapat tinitingnan ang konseptong ito sa isang proseso ng edukasyon na abala sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal, at hindi roon sa paraang sinisikap lamang baguhin ang kilos sa ibang mga paraan.

> Ang pagtalakay ng mga konsepto sa itaas ay dapat magbunga ng kabatiran sa mga kalahok na sa pamamagitan ng proseso ng espiritwal na edukasyon, sa wakas ay ituturing ng mga bata ang pagkamit ng mga katangiang espiritwal bilang gantimpala mismo at ang pagtataglay ng hindi marapat na pag-uugali bilang pinakamatinding parusa. Ang lahat ng ito, kung gayon, ay dapat magbigay-daan upang makita ng mga kalahok ang pagwawasto ng kilos ng mga bata mula sa tamang pananaw—hindi bilang pangunahing layunin bagkus ay bilang tulong upang pinuhin ang pagkatao. Sang-ayon dito, hahanap sila ng angkop na mga paraan sa kanilang mga pakikipag-ugnay sa mga bata upang himukin ang kanais-nais na pagkilos at pigilan ang hindi nararapat na mga paraan ng pagkilos, at ang ilan sa mga ito ay nababanggit sa Bahagi 13. Ang iba pang mga konseptong tinatalakay nang bahagya sa bahaging ito ay yaong nauugnay sa kalayaan at disiplina. Samantalang malinaw na walang bahagi ang malupit na parusa sa edukasyon ng mga bata, ang pagbigay sa kanila ng ganap na kalayaan upang gawin ang anumang nais nila ay nakapipinsala rin sa kanilang espiritwal na pag-unlad.

Nasa ibaba ang ilang pahayag. Ipasiya kung alin ang nagtutugma sa konsepto ng disiplina sang-ayon sa inihaharap sa yunit.

- ______ Ang disiplina ay dapat malupit.
- ______ Ang disiplina, upang manatili ito, ay dapat nagbubuhat sa loob ng tao.
- ______ Ang tunay na kalayaan ay nababatay sa pagdisiplina sa sarili.
- ______ Kapag ipinapataw ang disiplina, sinisiil nito ang pagiging malikhain.
- ______ Pinangangalagaan ng disiplina ang malikhaing inisyatiba mula sa pagpapasasa sa sarili.
- ______ Kapag isinasalin ng guro sa mga mag-aaral ang pag-ibig sa Diyos, hindi na kailangan pang magtakda ng mga pamantayan ng pagkilos.
- ______ Kapag walang disiplina sa sarili, hindi posibleng linangin ang mga katangiang espiritwal.
- ______ Kailangan ng mga bata ng kalayaang matuklasan ang mga bagay para sa kanilang mga sarili; makasasagabal lamang ang disiplina sa proseso ng pagtutuklas at tunay na pagkatuto.
- ______ Ang mga bata tumutubong mabuti kapag may disiplina; mas mahusay silang natututo sa kapaligirang mahusay na isinaayos at may estruktura.
- ______ Ang mga indibidwal ay nagtatamo ng karunungan sa paggamit ng mapagpakumbabang saloobin ng isang nagsusumikap matuto. Ang disiplinang ipinapataw ng ganitong saloobin ng pagsisikap matuto ay pinalalaya ang tao mula sa takot na mabigo at binubuksan ang daan para sa paggamit ng inisyatibang nakatutulong.
- ______ Ang paggamit ng disiplina ay hindi nangangahulugan ng paggamit ng anumang uri ng karahasan o pang-aabuso, maging pansikolohiya o pisikal, sapagkat ang karahasan ay ganap na hindi nagtutugma sa karangalan ng espiritu ng tao at nakapipinsala sa pag-unlad ng tao.

Ngayon ay talakayin sandali ang sumusunod na katanungan sa inyong grupo: Sa anong paraan mailalapat ang konsepto ng disiplina sa isang study circle, yamang ang mga kalahok ay hindi naman mga musmos kundi ay mga kabataan at mga nasa hustong gulang?

Kaugnay naman ng pangalawang yunit, binubuo ito ng dalawang bahagi: ang dalawampu't apat na aralin na iminumungkahi para sa gradong ito, at ang paunang mga bahagi na binuo upang matulungan ang mga guro na maging bihasa sa nilalaman ng mga aralin, na ang bawat isa ay binalangkas nang palibot sa paglilinang ng isang natatanging katangiang espiritwal. Batid ninyo na upang linangin ang mga katangiang espiritwal sa mga bata, agad silang iniuugnay ng mga aralin sa Salita ng Diyos at pinasisigla sila sa pamamagitan ng mga kuwento tungkol kay 'Abdu'l-Bahá, ang huwaran ng pinakamataas na mga katangiang pantao. Ang dasal, pagsasaulo ng mga sipi, at ang mga kuwento ay ang bumubuo ng mga elementong nasa sentro ng mga araling ito, at sa paunang mga bahagi ng pangalawang yunit ay sinusuri nang tig-aapat ang mga aralin at ginagabayan ang mga kalahok sa pagrepaso ng mga elementong nasa sentro ng bawat isa. Maaaring nanaisin ninyong suriin ngayon ang mga bahaging ito at pagkatapos ay sumulat ng isa o dalawang pangungusap tungkol sa ginagampanan ng mga elementong ito sa edukasyong espiritwal ng mga bata.

Dasal: ____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Pagsasaulo ng mga sipi: ____________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Mga kuwento: ______________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ngayon, ay makapagsusulat ba kayo ng ilang salita tungkol sa ginagampanan ng bawat isa sa iba pang mga elemento ng mga aralin?

Mga awit: _________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Mga laro ng pagtutulungan: __________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Pagkulay: _________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Sa pangalawang yunit hinihimok ang mga kalahok na magsanay sa paglalahad ng iba't ibang elemento ng mga aralin bilang bahagi ng kanilang pag-aaral ng mga aralin, na maaaring isagawa iyon, kung posible, kasama ang tatlo o apat na mga bata. Ang ilang grupo ay maaaring magpatuloy sa buong yunit sa ganitong paraan, na pinag-aaralan ang bawat pangkat ng apat na aralin hanggang matapos ang buong yunit, bago magtamo ng karanasan sa isang klase ng mga bata. Maaari ding gawin ng mga kalahok na pag-aralan ang isang pangkat ng apat na aralin at pagkatapos ay agad na magtamo ng karanasan—maging sa pamamagitan ng pagtulong sa ibang guro o sa pagsimula ng sarili nilang klase. Talakayin kung anong uri ng kaalaman ang kailangan ng tutor ukol sa kung ano ang nangyayari sa sarili niyang nayon o kapitbahayan upang magamit ang paraan na bumabagay at tumutugon sa sitwasyon.

## BAHAGI 21

Yamang nagtamo na ng higit na malalim na pagpapahalaga sa mga gawain ng paglilingkod na ibinubunga ng pag-aaral sa unang tatlong aklat, tingnan naman natin ngayon ang kasunod na aklat sa pangunahing serye ng Institute, na muling dumadako sa katanungan ng Bahá'í na pagkakakilanlan, ang "ako" sa pahayag na "Lumalakad ako sa landas ng

paglilingkod". Hinuhubog ng kasaysayan ang malaking bahagi ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal, at gayundin ng buong mga sambayanan. Kapag napuputol ang ugnayan sa kasaysayan, nagkakaroon ng pagkatuliro at ang mga tao ay nagiging tulad ng mga puno na walang ugat. Subalit maaari nating itanong, sa ganitong panahon ng pagbabago sa buhay ng sangkatauhan, kung kailan ang lumang kaayusan ay gumuguho at ang isang bagong sangnilikha ay nagsisimulang lumitaw bilang kapalit nito, saan hahanapin ng bawat tao ang makasaysayang mga ugat ng sarili niyang buhay? Ito ay isang mahirap na katanungan para sa karamihan, subalit para sa mga Bahá'í ang sagot ay simple lamang: kailangan nating hanapin ang mga elemento ng ating pagkakakilanlan sa napakaraming pangyayari na isinulong ang Kapakanan ng Diyos mula sa itinadhanang gabing iyon nang ipahayag ng Báb ang Kaniyang Misyon kay Mullá Ḥusayn.

Ang Aklat 4, *Ang Kambal na mga Kahayagan*, ay nakatalaga sa pag-aaral ng talambuhay ng Báb at ni Bahá'u'lláh. Sa unang yunit, ang kahalagahan ng Araw na ito, ang Araw ng Diyos, ay sinusuri nang maikli. Ipinababatid sa mga kalahok, kung gayon, ng pangalawa at pangatlong yunit ang mga Ministeryo nitong dalawang Sagradong Nilalang. Ang espiritwal na kahulugan ng mga pangyayari ay binibigyang-diin sa pamamagitan ng pag-aaral ng nauugnay na mga sipi mula sa mga Kasulatan, na nililinaw ng mga iyon ang napakalalim na mga temang nauugnay sa pagdating ng mga Kahayagan ng Diyos. Gaanuman kahalaga ang malaman ng mga kalahok ang pangunahing mga pangyayari sa mga buhay ng Báb at ni Bahá'u'lláh, ang pag-unawa na matatamo nila mula sa pagninilay-nilay sa mga temang ito ay ang makatutustos sa kanila sa landas ng paglilingkod. Kaugnay nito, ipinaliliwanag ng mga salitang pambungad para sa tutor:

> Sa paghahandang akayin ang isang grupo sa pangalawa at pangatlong yunit, kung gayon, dapat bigyan ng tutor ng maingat na pag-iisip ang tinatalakay na mga temang espiritwal. Kabilang sa mga ito, halimbawa, ay naihahayag ang bawat banal na Tanglaw sa daigdig ng sangkatauhan hindi sang-ayon sa sarili Niyang pagpipili, bagkus ay alinsunod sa Kalooban ng Diyos, at ipinagkaloob sa Kaniya ang likas na kaalaman; na ang mga unang kumilala sa Kaniyang katayuan ay tinatawagang maghandog ng mga gawa ng matinding kagitingan, mga gawang sasaksi sa nakapagpapabagong kapangyarihan ng Kaniyang Pananampalataya; na tinatanggap Niyang tiisin ang isang buhay ng pagdurusa upang magabayan ang sangkatauhan tungo sa katotohanan at upang maipabatid sa mga nilikha ng Diyos ang Kaniyang Kalooban at layunin; at, na walang kapangyarihan sa lupa, gaanuman kalakas, ang magtatagumpay sa pagsupil sa Kaniyang impluwensiya o sa paghadlang sa Kaniya mula sa pagtupad sa Misyong ipinagkatiwala sa Kaniya. Kaugnay nito, ang isang mahalagang konseptong tinatalakay sa pangatlong yunit ay ang krisis at tagumpay. Ang isang pag-unawa sa konseptong ito—na ang bawat krisis sa Kapakanan ng Diyos ay nagsisilbing ilabas ang isang panibagong sukat ng kapangyarihang likas nitong taglay—ay napakahalaga para sa lahat ng mga tumatahak sa landas ng paglilingkod, hindi lamang upang mapahalagahan nila ang kasaysayan ng Pananampalataya bagkus gayundin ay upang makatulong sila sa patuloy nitong pamumukadkad sa sarili nilang mga kapitbahayan at mga nayon, isang prosesong laging dumaraan sa isang serye ng mga krisis at mga tagumpay.

Sa inyong mga pagsisikap na maglingkod bilang isang tutor, ano ang epekto ng sarili ninyong pag-unawa sa espiritwal na kahalagahan ng mga pangyayaring kaugnay ng mga buhay ng Kambal na Kahayagan, sa paraan ng paghaharap ng mga kalahok sa mga aralin?

Ang mga kalahok sa kurso ay kailangang himuking ikuwento nang madetalye ang kasaysayang pinag-aaralan nila. Paano sila matutulungan ng tutor upang paunlarin ang kakayahang gawin ito?

Tulad ng nabanggit sa itaas, ang isang tema na matatagpuan sa kabuuan ng pangatlong yunit ay ang krisis at tagumpay. Ang isa sa inyong mga hamon ay ang tiyakin na magtatamo ang mga kalahok ng isang malalim na pag-unawa sa simulaing ito. Upang makamtan ang higit pang ganap na pag-unawa sa pagtutugunan ng krisis at tagumpay, maaaring nanaisin ninyong gumawa ng talaan ng mahalagang mga pangyayari na inilalarawan sa pangatlong yunit ng aklat, ayon sa pagkakasunod-sunod na naganap ang mga ito. Pagkatapos magawa iyon, ipasiya kung aling mga pangyayari ang nagtatanda sa simula ng isang panibagong yugto ng alinman sa krisis o tagumpay.

Ngayon, isipin ang sarili ninyong pamayanan. Paano natamo ang pagsulong sa pamamagitan ng pagtutugunan ng krisis at tagumpay?

Dapat banggitin na hinahamon ang mga kalahok sa aklat na ito na isaulo ang mga sipi mula sa mga Kasulatan na higit na mahaba kaysa sa yaong mga isinaulo nila sa naunang mga aklat. Sa pangalawang yunit ay hinihimok silang isaulo ang talumpati ng Báb sa mga Titik ng Nabubuhay, at sa pangatlong yunit, ang unang limang parapo ng Kitáb-i-Aqdas. Malinaw mula pa sa simula na binibigyang-diin ang pagsasaulo sa proseso ng edukasyong nililinang ng mga kurso ng Ruhi Institute. Bagama't hindi kailanman ginigipit ang mga nahihirapan dito, sa pagdating nila sa Aklat 4, higit at higit pang nababatid ng lahat ng kalahok ang kahalagahan ng paggunita ng mga sipi mula sa mga Kasulatan at marami na silang natamong malalim na pag-unawa sa mga epekto ng Salita ng Diyos sa puso ng tao. Isipin ang sarili ninyong pag-aaral. Paano umunlad nang paunti-unti ang inyong kakayahang isaulo ang mahabang mga sipi sa Aklat 4 habang sumusulong kayo sa naunang mga kurso?

## BAHAGI 22

Ang ikalimang aklat sa pangunahing serye, tulad ng Aklat 3, ay sinusuri ang paksa ng edukasyon ng mga nakababata. Sinisikap ng *Pagpapalaya sa mga Kapangyarihan ng mga Junior Youth* na tulungan ang mga nagnanais maglingkod bilang mga “animator” na paunlarin ang mga kakayahang kinakailangan upang tulungan ang mga grupo ng mga kabataang nasa

pagitan ng labindalawa at labinlimang taong gulang na pumasok sa tatlong taong programa para sa pagtatamo nila ng espiritwal na lakas. Tulad rin ng kaso sa Aklat 3, inaasahang ang bawat isang sumusulong sa pangunahing serye ng mga kurso ay makikinabang sa alinmang paraan mula sa kanilang pag-aaral ng aklat. Subalit dapat matanto ng mga tutor na ang pangunahin, bagama't hindi tanging, nilalayon nitong gawain ng paglilingkod ay ibukas sa mga kabataan mula sa bawat pinanggalingan ang isang daan kung saan maaari silang makatulong sa pagpapabuti ng lipunan. Tinatalakay ng pambungad na bahagi para sa tutor ang puntong ito at inilalarawan kung paano inihahanda ang gayong mga kalahok sa proseso ng paglilinang ng kakayahan upang maisabalikat nila itong gawain ng paglilingkod:

> Ang dapat tanggapin ng mga naglilingkod bilang mga tutor ng Aklat 5 ay kabilang sa mga kalahok ang maraming kabataang nasa huling mga taon ng pagiging teenager o nasa unang mga taon ng ikadalawampung gulang nila, na pumasok sa pangunahing serye ng mga kurso sa malinaw na ipinahayag na layuning maglingkod bilang isang animator at taglay ang lahat ng natatagong kakayahan upang magawa iyon. Ang mga iba ay nalaman ang Pananampalataya sa pamamagitan ng mga talakayan sa kanilang mga kaedad kung saan ay binigyang-diin ang maaari nilang gampanan sa pagtuturo ng nakababatang mga salinlahi. Ang mga iba naman ay mismong dumaan sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas bilang mga junior youth at nagsimula sa pag-aaral ng Aklat 1 di-nagtagal pagkatapos niyon. Maging anupaman ang daang naghatid sa kanila sa proseso ng institute, ngayon ay magiging bahagi na sila ng isang lumalaking nukleo ng mga indibidwal sa kanilang nayon o kapitbahayan na nakatalaga sa pagpapabuti, at kaugnay nito, ay magtatamo ng karanasan sa pagdalaw ng mga tahanan upang saliksikin kasama ng mga pamilya ang mga temang pangunahin ang kahalagahan sa Pananampalataya—ang gawain ng paglilingkod na tinalakay sa Aklat 2. Bilang bahagi ng nukleong ito, ang malaking bilang sa kanila ay magkakaroon ng malapit na ugnayan sa isa man lamang grupo ng junior youth sa lokalidad at makikipagtulungan sa animator sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain at sinasamahan siya sa regular na pagdalaw sa mga magulang upang talakayin ang mga konsepto at mga pamamaraang nauugnay sa programa. Sa yugtong ito, ang lahat sa kanila ay nagtataglay na ng malaki-laking kaalaman tungkol sa mga katuruang Bahá'í, na lalo pang pinalalalim sa pamamagitan ng kanilang pag-aaral ng mga Aklat 3 at 4, at naipapakita na ang mga kasanayan, mga kahusayan, mga saloobin, at mga katangiang espiritwal na kinakailangan upang makapagsimula at makapagpatuloy ng makabuluhang mga usapan sa mga kaibigan at mga kapitbahay. Magiging higit na maliwanag sa yugtong ito, sa pagsapit nila sa Aklat 5, kung ano ang kahalagahan ng proseso ng paglilinang ng kakayahan na likas na naroroon sa pangunahing serye ng mga kurso ng Ruhi Institute—isang proseso na ginugunita bilang paglakad sa isang landas ng paglilingkod. Ang paghikayat sa isang grupo ng mga junior youth na sumali sa tatlong taong programa para sa pagbibigay sa kanila ng espiritwal na lakas, ay isang mahirap na gawain ng paglilingkod, at ang mga pagsisikap ng bagong mga animator upang gawin ito ay mababatay, sa malaking antas, sa kakayahang naitatag na nila sa landas na ito hanggang dito.

Bilang isang nagsusumikap na maging tutor, makatutulong sa inyo ang isipin ang isang kabataan na unti-unting sumulong sa pangunahing serye ng mga kurso sa paraang inilarawan sa itaas at sa ngayon ay umabot na sa Aklat 5. Ano ang ilan sa mga katangian na tatangi sa kaniya? Ang ilan ay nababanggit sa ibaba. Makapagdaragdag ba kayo ng ilan pa sa listahan?

– Ang pag-unawa na sa pamamagitan ng pagpapalakas ng sariling mataas na likas na katangian ay matatamo ang sariling tunay na katayuan
– Isang kamalayan ng pag-aako ng tungkulin para sa sariling personal na pag-unlad at para sa pag-unlad ng sariling pamayanan
– Ang pag-unawa na nasa larangan ng paglilingkod ay magagawa ng tao ang pagtupad sa kaniyang dalawang layuning moral, na iyon ay ang pagsikapan ang sariling intelektuwal at espiritwal na paglaki at tumulong sa pagpapabuti ng lipunan
– Pagkilala sa nakapagpapabagong kapangyarihan ng Salita ng Diyos
– Isang antas ng kakayahang ipakilala ang mga simulaing espiritwal sa pang-araw-araw na usapan
– Isang malakas na kamalayan sa kasaysayan at ang pag-unawa sa likas na katangian ng sandaling ito sa kasaysayan at kung ano ang ginagampanan ng kaniyang sarili
– Katatagan sa harap ng mga pagsubok at mga pahirap na di-maiiwasang makakaharap sa landas ng paglilingkod

– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________
– ________________________________________

Ngayon, alam ninyong sa unang yunit ng Aklat 5, “Ang Tagsibol ng Buhay”, ay isinama ang ilang piniling sipi mula sa mga kasulatan, na sa kabuuan ng mga iyon, ay inilalarawan ang isang kabataan na may kakayahang kumilos nang mabisa sa sandaling ito ng kasaysayan ng tao. Repasuhin ngayon ang yunit na iyon. Pagkatapos gawin iyon, ipasiya kung may idaragdag pa kayong iba pang mga katangian sa listahan sa itaas.

Dalawa ang layunin ng pangalawang yunit, “Ang Edad ng Pangako”. Sinisikap nitong patatagin sa mga isipan ng mga nag-aaral nito na ang mga junior youth ay mga miyembro ng isang bukod na grupo ng magkakaedad, na may sarili nitong namumukod na mga katangian. Kaalinsabay niyon, umaasa itong nagiging malinaw na ang paraang ginagamit ng pamayanang Bahá’í sa pakikitungo sa yugtong ito ng buhay, na hinuhubog ng mga kasulatan ng Pananampalataya, ay lubhang naiiba sa mga paraang nababatay sa kasalukuyang umiiral na mga akala at mga teorya.  Muli, ay basahin natin ang mula sa bahagi ng para sa tutor:

> . . . sandaling dumadako ang yunit sa katangian ng maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga at pagkatapos ay hinihiling sa mga kalahok na nilay-nilayin ang hamon ng naaangkop na pagdadako ng lumalaking kamalayan ng mga kabataang nasa ganitong edad. Kaugnay nito, ang yunit ay nagbibigay ng isang babala: ang gayong mga pagsisikap ay kailangang umiwas sa patibong ng ilang programa, na sa halip ng pagdadako ng lumalakas na kamalayan ng yaong mga nasa ganitong humuhubog na yugto ng buhay tungo sa walang pag-iimbot na paglilingkod sa mga iba ay idinadako ito sa “sarili” at sa kasawiang-palad ay nagwawakas sa pagkabihag nila sa “mapilit na sarili”. Sinisikap ng mga Bahagi 5 hanggang 9 na ipabatid sa mga kalahok ang ilang pinong panganib ng patibong na ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang serye ng nauugnay na mga sipi mula sa mga kasulatang Bahá’í. Ang yunit ay nagpapatuloy sa pagsasaalang-alang ng mga epekto ng kapaligirang panlipunan sa mga buhay ng mga nasa maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, ipinakikilala ang konsepto ng isang “junior youth group” bilang isang kapaligiran ng pagtatangkilik sa isa’t isa at itinatakda ang saloobing kailangang angkinin ng lahat ng nagsisibangon upang maglingkod bilang mga animator ng gayong mga grupo.

Maglaan ng ilang panahon sa pagrepaso ng yunit at pagkatapos ay sumulat ng ilang salita tungkol sa palagay ninyong dapat maunawaan ng mga kalahok mula sa bawat isa sa mga sumusunod bunga ng kanilang pag-aaral. Anong uri ng mga maling akala ang maaaring kailangan nilang isaisantabi upang matamo ang ganitong pag-unawa?

a. Ang katangian ng maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga: _____________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

b. Ang hamon ng pagdadako sa lumalaking kamalayan ng junior youth: __________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

c. Ang mga epekto ng kapaligiran kung saan nakatira ang junior youth: ___________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

d. Ang konsepto ng isang junior youth group bilang isang kapaligiran ng pagtatangkilik sa isa't isa: ______________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

e. Ang saloobing dapat angkinin ng lahat ng nagsisibangon upang maglingkod bilang mga animator: ______________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ang pagkilala ng lumalaking bilang ng mga tao sa nayon o kapitbahayan sa natatagong mga kakayahan ng junior youth ay nakatutulong sa pagbuo ng isang kultura kung saan itinataguyod ang mga saloobin tungo sa mga kabataan na naiiba roon sa ipinalalaganap sa kasalukuyang lipunan. Anong uri ng pagbabago sa mga saloobin sa antas ng pamayanan ang inyong nakita na sa inyong nayon o kapitbahayan habang nagiging laganap ang pag-aaral ng Aklat 5.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ang pangatlong yunit, "Paglilingkod bilang Animator", ay nagpupundar sa malalim na mga pag-unawang natamo ng mga kalahok mula sa pangalawang yunit upang buksan ang isang

talakayang umiinog sa pangunahing layunin ng programa ng junior youth—ang palayain ang kanilang mga kapangyarihang espiritwal, moral, at intelektuwal. Sa paghahandang alalayan ang isang grupo ng mga nagsusumikap pa lamang na mga animator sa pag-aaral ng yunit, nanaisin ninyong pag-isipan nang malalim ang paksa ng pagbibigay ng moral at espiritwal na lakas. Mangyari pa, ang katanungang ito ay mananatiling laging nasa inyong isipan sa lahat ng inyong mga pagsisikap na maglingkod bilang isang tutor. Basahin at nilay-nilayin ang halaw sa ibaba, kung saan tinatampok ang isang pagkaunawa sa kapangyarihan na lubos na naiiba roon sa umiiral sa kasalukuyang lipunan.

> Ang paksa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas ay karaniwang nangangailangan ng mahabang pag-iisip at pagninilay-nilay ng mga tutor. Sa katunayan, ang proseso ng edukasyon na inilulunsad ng mga kurso ng institute, sa huling pagsusuri, ay maaaring makita bilang isang paraan para sa pagbibigay ng moral at espiritwal na lakas, isang paraang sa pamamagitan nito ang mga tao mula sa lahat ng uri ng buhay at mula sa bawat pinanggalingan ay nagagawang bumangon at makilahok sa pagtatatag ng isang higit na mabuting daigdig. Ang konsepto ng kapangyarihan na ginagamit dito ay malaki ang pagkakaiba sa karaniwang umiiral na pagpapakahulugan dito kung saan ay iniuugnay ito sa layuning magdomina o hikayatin ang mga iba na sumunod sa sariling mga naisin at kahilingan. Ang layunin, sa halip, ay ang maging mga lagusan para sa pagdaloy ng mga kapangyarihan ng espiritu ng tao: ang kapangyarihan ng pagkakaisa, ng pag-ibig, ng mapagpakumbabang paglilingkod, ng dalisay na mga gawain. Kung paano makatutulong upang ang proseso ay sumulong—hindi lamang iyon, kundi ay mapabilis—ay pangunahin ang kahalagahan sa paglilingkod bilang isang tutor, at habang nalilikom ang karanasan sa pakikipagtulungan sa sunod-sunod na grupo sa pag-aaral ng mga kurso, ang bawat tutor ay nagagawang magtamo ng mga sulyap sa maraming nagtutugunang bahagi, na wala nang higit pang makapangyarihan kaysa sa paglilinang ng tunay na pag-unawa.

Sa isang naunang bahagi ng yunit na ito ay tinalakay natin ang paksa ng pagganyak. Doon ay nagtamo kayo ng ilang panimulang malalim na pag-unawa sa likas na katangian ng isang proseso ng edukasyon kung saan pinalalaya ang mga kapangyarihang espiritwal at intelektuwal na natatago pa sa isang indibidwal. Ang isang aspekto ng prosesong ito na magiging pakay ng inyong palagiang paglilimi ay ang dinamika sa pagitan ng pagpapakumbaba at kapangyarihan. Basahin ang Bahagi 19 ng pangatlong yunit ng Aklat 5, kung saan tinatalakay ang paksang ito, at pagkatapos ay sumulat ng ilang salita sa kung paano, kapag wala ang katangiang espiritwal ng pagpapakumbaba, ang ganoong uri ng kapangyarihan na sinisikap nating palayain ay mananatiling hindi nagagamit.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Iminumungkahi ng pangatlong yunit ng Aklat 5 na ang proseso ng edukasyon na sinisikap bigyang kapangyarihan ang mga nasa pagitan ng mga edad ng 12 hanggang 15 ay kailangang patungkol sa paglilinang ng kabatirang espiritwal, sa pagpapahusay ng mga kakayahang magsalita, at sa pagtatayo ng isang mahusay na estrukturang moral. Kaugnay ng paksang ito, nagpapatuloy nang ganito ang mga salitang pambungad para sa tutor:

> Sa aklat na ito, mangyari pa, ang isinasaalang-alang ng tutor ay lumalampas nang higit pa, hanggang sa kasunod na salinlahi at sa katangian ng proseso ng edukasyon na magbibigay-daan upang magawa ng bata pang mga nagbibinata at nagdadalaga na gamitin nang mabunga ang kanilang lumilitaw na mga kapangyarihan. Sa kaibuturan ng prosesong ito ay ang nagpapalakas sa isa't isa na mga kapangyarihan ng pag-iisip at pananalita. Ang kapangyarihan ng isipan na mag-isip ng abstrak na bagay, na ito ay lubhang lumalakas sa maagang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, ay pinalalakas pa sa mga junior youth habang natututunan nilang gamitin ang nauugnay na mga konseptong pang-agham, moral, at espiritwal sa kanilang pagsusuri sa daigdig sa palibot nila at sa kanilang panimulang mga pagsisikap na baguhin ang lipunan. Gaanuman kahalaga ang kapangyarihan ng pagsusuri batay sa katwiran, gayumpaman ay nangangailangan ito ng kabatirang espiritwal. Sa pamamagitan nito ay nabubuksan ang mga lagusan ng pag-unawa na hindi napapakinabangan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kapangyarihan ng kaisipan lamang. Kung gayon, kailangang matulungan ang mga junior youth na makilala ang mga puwersang espiritwal at tukuyin ang mga simulaing espiritwal sa mga sitwasyong nakasasagupa nila upang maging mahusay ang kanilang mga pagpiling moral. Ang isang saligang panukala ng proseso ng edukasyong ginugunita ay ang estrukturang moral na namamahala sa mga kaisipan at asal ng isang tao ay malapit na nauugnay sa estruktura ng wika na kaniyang ginagamit upang ipahayag ang kaisipan. Maging anupaman ang malalim na mga pag-unawang inihain ng unang dalawang yunit ng Aklat 5 kaugnay ng prosesong ito, sinisikap ng mga Bahagi 5 hanggang 19 ng pangatlong yunit na ihayag nang malinaw ang iba't ibang aspekto nito, sa paggamit ng mga halimbawa mula sa mga teksto ng programa kapag kinakailangan. Makabubuti kung maingat na muling pag-aaralan ng bawat tutor ang mga bahaging ito sa paghahandang gabayan ang isang grupo sa pag-aaral ng mga ito. Ang inaasahan ay mula sa kanilang pag-aaral, ang mga kalahok ay makakukuha ng isang pag-unawa sa natatagong kakayahan ng mga teksto upang bigyang-lakas ang mga junior youth mula sa iba't ibang kultura.

Hindi ito ang lugar upang suriin ang mga teksto na pinag-aaralan ng mga junior youth upang makita kung paano, sa mga tema at mga konseptong tinatalakay at sa wikang ginagamit, ay nakatutulong ang mga ito sa mga layunin ng programa sang-ayon sa inilarawan sa itaas. Mangyari pa, kailangang handa kayong gawin ito sa konteksto ng isang study circle na nakatuon sa Aklat 5 at tulungan ang mga miyembro nito upang magtamo ng ilang pag-unawa sa natatagong lakas ng mga teksto upang paunlarin ang kabatirang espiritwal, pahusayin ang mga kapangyarihan ng pananalita, at magtatag ng isang mahusay na estrukturang moral sa mga junior youth. Ang mga pagsasanay sa mga bahaging nabanggit, at gayundin sa mga Bahagi 20 hanggang 23 ay makatutulong sa inyo kaugnay nito.

Ang maaaring makatulong sa inyo rito ay ang nilay-nilayin ang konsepto ng kabatirang espiritwal kaugnay ng inyong mga pagsisikap bilang isang tutor. Ang kabatirang espiritwal ay isa sa gayong mga kapangyarihan ng kaluluwa ng tao na kailangang paunlarin ng mga tutor upang magawa nilang tulungan ang mga kalahok sa bawat kurso ng institute na makaabot sa mga dalampasigan ng tunay na pag-unawa. Kaugnay nito, iminumungkahing repasuhin ninyo ang mga Bahagi 5 hanggang 7 ng pangatlong yunit ng Aklat 5, kung saan sinusuri ang konseptong ito, at pagkatapos ay isulat ang ilang pangungusap tungkol sa kung paano hahasain ng tutor ang ganitong panloob na kakayahan.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 23

Malinaw na ipinahihiwatig ng pagtahak sa landas ng paglilingkod sa buong buhay ng tao ay ang pagtuturo. Bagaman ang pagpapalaganap sa Mensahe ni Bahá'u'lláh ay isa sa pinakamahalagang paglilingkod na maaari nating ibigay, ang pagtuturo ay isa ring kalagayan sa ating buhay, kung saan ay patuloy nating ibinabahagi sa mga iba ang buong-biyayang ipinagkaloob sa atin. Yamang napakalalim ng katangian ng paksang ito, tatalakayin natin ang Aklat 6, *Pagtuturo ng Kapakanan*, sa loob ng tatlong bahagi, at titingnan natin ang unang yunit dito at ang dalawang kasunod na yunit sa mga Bahagi 24 at 25.

Sa pagsimula ay dapat maliwanag sa inyo na ang kakayahang ituro ang Kapakanan ng Diyos, maging sang-ayon sa indibidwal na mga plano o sa sama-samang pagkilos, ay hindi maaaring linangin sa loob ng isang kurso lamang. Ang mga kalagayan ng sangkatauhan ay malaki ang pagkakaiba-iba sa iba't ibang lugar, at ang bawat kultura, bawat grupo ng magkakaedad, at bawat populasyon ay nagtataglay ng sarili nitong pangkat ng mga kalagayan na kailangang isaalang-alang ng mga nagnanais ibahagi ang mga katuruan ng Pananampalataya sa kanilang mga kapwa-tao. Gayumpaman, may ilang saligang katotohanan na umiiral sa lahat, na maaaring magpundar doon ng kakayahan, at ang mga ito ang pangunahing pinagkakaabalahan ng Aklat 6.

Kabilang sa mga katotohanang ito ay wala nang higit pang mahalaga kaysa sa pagpupunuan ng "pagiging" at ng "paggawa". Sa paglilingkod bilang tutor ng aklat, kailangan ninyong tiyakin na nauunawaan nang lubos ng mga kalahok na nababatay sa isa't isa ang dalawang ito. Sa katunayan, ang temang ito ay ang pinagsasaligan ng proseso ng edukasyon na nililinang ng pangunahing serye mismo—isang proseso kung saan ang pag-aaral at ang pagkilos ay magkasama. Sa karaniwan, sinisikap ng mga kurso na ipaghabi ang ilang elemento na kung minsan ay inaakalang magkasalungat subalit sa katunayan ay nagpupunuang mga bahagi ng iisang realidad. Inaasahang sa ganitong paraan, habang sumusulong ang mga indibidwal sa mga kurso, ang kinagawiang pagpapababa ng realidad na maging isang pangkat lamang ng mga mga

dichotomy (mga pagpipiliang magkasalungat) ay unti-unting malalampasan. Nililinaw ang temang ito ng halaw sa ibaba mula sa mga salitang pambungad para sa tutor:

> Sa pagsasaliksik sa katangian ng tungkuling iniatas sa atin ni Bahá'u'lláh na ituro ang Kaniyang Kapakanan, tinatalakay ng unang yunit ang ilang pangunahing konsepto. Kabilang sa unang mga tinatalakay sa yunit ay ang konsepto ng "pag-aalab". Hinihimok ang mga kalahok na mapagtanto nilang nauugnay ang ating tungkuling magturo sa ating panloob na kalagayan at gayundin sa mga kilos na ating isinasagawa. Na ang "pagiging" at ang "paggawa" ay dalawang nagpupunuang aspekto ng isang buhay na alinsunod sa mga katuruang Bahá'í ay isang temang pinagbabatayan ng buong serye ng mga kurso. Dito ay malinaw itong isinasaad, at sa katunayan, nagbibigay ito sa aklat ng pangkalahatang estruktura nito. Ang panimulang mga bahagi ng yunit ay makatutulong sa mga kalahok upang magtamo ng malalim na pag-unawang espiritwal sa kaisipang ito kaugnay ng pagtuturo ng Pananampalataya. Ginagamit ang ilang metaporang matatagpuan sa mga Kasulatan bilang tulong sa kanila upang makita ang mga ugnayan sa pagitan ng "pagiging" at ng "paggawa"—higit na kapansin-pansin ang larawan ng apoy, na gaanuman ito kaliit ay nagbibigay pa rin ng init at liwanag. Ipinahihiwatig dito na ang gawain ng pagtuturo ay isang natural na paghahayag sa isang kalagayan ng pagiging, na pinakamahusay itong mailalarawan bilang isang kalagayan ng pag-aalab, kung saan ang pag-ibig sa Diyos ay nagniningas nang napakatindi sa ating mga puso na walang-puknat tayong nagsusumikap na ipalaganap ang Kaniyang Salita.

Maaaring makatulong sa inyo ang repasuhin ngayon ang mga Bahagi 1 hanggang 13 ng unang yunit ng Aklat 6. Ang pag-unawang natatamo ng mga kalahok mula sa kanilang pag-aaral ng mga sipi sa mga bahaging ito ay paano nakatutulong sa kanila upang mapahalagahan na ang pagpupunuan ng "pagiging" at ng "paggawa" ay naihahayag sa praktikal na anyo sa larangan ng paglilingkod? Dito ay kailangang maging malinaw sa mga kalahok ang mga ipinahihiwatig ng ilang karaniwang akala na pinaghihiwalay ang dalawang ito, upang maiwasan nilang magkaroon ng impluwensiya ang ganoong pag-iisip na may dichotomy mula sa kanilang pananaw sa isang buhay na itinatalaga sa pagtataguyod ng Kapakanan. Nasa ibaba ang ilang ideya tungkol sa pagtuturo na maaaring taglay nila sa pagsisimula sa kurso. Ano ang kanilang magiging bagong kaisipan pagkatapos nilang pag-aralan ang mga bahaging ito?

a. "Ang mga nagtataglay lamang ng napakalalim na kaalaman sa Kapakanan ang dapat magturo."

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

b. "Dapat tayong maghintay hanggang sa lubos nang malalim ang ating kaalaman bago tayo magturo."

c. "Ang mahalaga ay ang sabihin ang wastong mga bagay sa naghahanap; hindi pangunahin ang ating kalagayang espiritwal."

d. "Ang mahalaga ay ang ating panloob na kalagayan; samakatwid ay hindi tayo dapat magturo hangga't hindi natin nakakamtan ang mga katangian ng isang tunay na Bahá'í. Sa pagkagayon, ang ating halimbawa ay magiging pinakamahusay na tagapagturo, at hindi na kailangan pa ang mga salita."

Inaasahang sa pagtalakay ng mga bahaging ito, makikita ng mga kalahok na ang dalawang layuning moral na sinisikap nilang gampanan mula nang magsimula silang tahakin ang landas ng paglilingkod ay nag-uugnay-ugnay sa bawat aspekto ng kanilang mga buhay—ang kanilang paghahanap ng kaalaman, ang kanilang pagsunod sa batas ng Diyos, ang kanilang mga pagsisikap na maglingkod sa Diyos at makalapit sa Kaniya at makamtan ang mga katangiang espiritwal at pinuhin pa ang kanilang pagkatao. Paano ninyo titiyakin na makikita nila ang ugnayang ito sa konteksto ng pagtuturo ng Pananampalataya?

Tulad ng matatandaan ninyo mula sa sarili ninyong pag-aaral ng Aklat 6, ang isa pang katotohanang sinasaliksik sa yunit na ito ay ang sagradong katangian ng pagtuturo, na maaaring tingnan bilang pagbubukas ng lungsod ng puso ng tao sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh gamit ang susi ng pananalita. Ipinakikilala ng mga Bahagi 14 hanggang 17 ang konseptong ito sa mga kalahok, at ang mga salitang pambungad para sa tutor ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga bahaging ito:

Sa mga bahagi rito, hinihiling sa kanila na pag-isipan kung paano ang higit na mataas na kamalayan sa pagiging sagrado ng gawaing ito ay hindi lamang nagpapataas sa bisa ng mga pagsisikap sa larangan ng paggawa. Sa halip, at lalo pang mahalaga, pinalalaya nito ang mga puwersang espiritwal na kinakailangan upang iangat ang gayong mga pagsisikap nang higit na mataas sa makamundong mga gawain, at sa gayon ay pinakikilos ang mga prosesong maaaring makapagdala ng saligang pagbabago, kapuwa sa indibidwal at nang sama-sama. Sa Bahagi 17 ay maglalaan ang mga kalahok ng ilang panahon sa pagsusuri sa mga ipinahihiwatig nitong higit na mataas na kamalayan. Kabilang sa mga punto na nanaising tiyakin ng tutor na maunawaan nila, ang dalawa ang namumukod: Una, kailangan nilang mag-ingat na hindi nila gamitin ang ilang paraan ng pag-iisip, na gaanuman ito laganap sa lipunan, ay magpapapasok ng mga saloobin at mga kagawiang makapipinsala sa sagradong katangian ng kanilang mga pagsisikap sa pagtuturo. Ang gawain ng pagtuturo ay hindi dapat harapin bilang pagpapaanib ng mga miyembro sa isang makabagong kapakanang panlipunan, at lalo nang hindi dapat isipin bilang pagbebenta ng isang produkto, kahit pa napakalaki ng kabutihang idudulot nito sa gumagamit. Pangalawa, dapat nilang matanto na yamang ang lahat ng kanilang mga pagsisikap sa landas ng paglilingkod ay kaugnay ng pagdadala ng mga puso sa pakikipag-ugnay sa Salita ng Diyos, ang mga ito ay sagrado rin at dapat harapin nang taglay ang ganitong kamalayan.

Ngayon ay repasuhin ang mga Bahagi 14 hanggang 17. Anong malalalim na pag-unawa ang inaasahan ninyong matatamo ng mga kalahok, lalo na mula sa pag-aaral ng Bahagi 17, tungkol sa mga ipinahihiwatig ng pagiging sagrado para sa gawain ng pagtuturo? Anong mga uri ng mga kaisipan ang makatutulong sa kanila upang mapaglabanan ang kagawiang ilapat sa gawain ng pagtuturo ang mga ideya at mga pamamaraan na nakabaon na sa nangingibabaw na kultura? Pag-aralan ang mga kaisipan sa ibaba na maaaring taglay ng tao tungkol sa pagtuturo ng Kapakanan. Ano ang iminumungkahi ng bawat isa tungkol sa mensaheng ibinabahagi? Ano ang pananaw nito sa tao na nais nating ibahagi sa kanila ang mensaheng iyon?

a. "Ang paraan ng pagka-package ng ating mensahe ang talagang mahalaga."

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

b. "Ang pagtuturo ng Kapakanan ay tulad ng pagpapaanib ng mga tao upang sumali sa isang makabagong kapakanang panlipunan. Sapat nang ibahagi sa mga tao ang mga simulain ng Pananampalataya dahil iyon naman ang higit na kaakit-akit sa kanila."

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

c. “Kapag itinuturo natin ang Kapakanan ng Diyos, ang kausap natin ay puso ng tao, na pag-aari Niya, at ginagamit natin ang susi ng ating pananalita upang buksan sa Rebelasyon ni Bahá’u’lláh ang mga pinto ng lungsod na iyon.”

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Pagkatapos talakayin ang pagiging sagrado, tinatalakay ng yunit sa Bahagi 18 ang isa pang napakalalim na katotohanan—yaon ay, kapag ang mga pinto sa lungsod ng puso ng tao ay nabuksan na at ang pusong iyon ay iniugnay sa Rebelasyon ni Bahá’u’lláh, ang isang namamalaging proseso ng pagbabago ay nagsisimula. Mangyari pa, sa Aklat 5 ay pinag-isipan ninyo ang dalawang pagbabago—sa antas ng indibidwal at sa estruktura ng lipunan—na ginugunita sa mga kasulatan ng Pananampalataya. Na umiiral ang isang nagpupunuang ugnayan sa pagitan ng intelektuwal at espiritwal na paglaki ng indibidwal at sa organikong pagbabago ng mga estruktura ng lipunan, sa ngayon, ay napakahalagang bahagi na ng inyong sariling pag-iisip. Kaugnay nito ay maaalaala ninyo ang pahayag ng Guardian na hindi maipaghihiwalay ang puso ng tao mula sa kapaligiran nito, sapagkat ang mga pamantayan at pag-uugali ng mga tao ay humuhubog sa kanilang kapaligiran at ang mga iyon naman ay hinuhubog din ng mga estruktura at proseso ng lipunan. Paano sumusulong ang pag-unawa sa napakalalim na konseptong ito sa pamamagitan ng talakayan sa unang yunit ng Aklat 6, simula sa Bahagi 18, tungkol sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos upang baguhin ang puso ng tao?

## BAHAGI 24

Pagkatapos tulungan ang mga kalahok na pag-isipan na kinakailangan ng mabisang pagtuturo ang kapuwa “pagiging” at “paggawa”—ang pagbibigay pansin sa sarili nating panloob na kalagayan at gayundin sa patuloy na paggawa—ang Aklat 6 ay dumadako nang higit pang tuwiran sa ating panloob na kalagayan. Tinututukan ng pangalawang yunit, sa gayon, ang ilan sa mga katangian at mga saloobin na kinakailangan para sa pagtuturo, at binibigyan-diin sa simula pa lamang ang pananaw na ang kaganapan ng pagkatao ng isang indibidwal ay natural na inihahayag sa mga pagsisikap na tulungan ang mga iba, samantalang ang hangaring makapaglingkod sa mga iba ay tumutulong sa pagpipino pa sa sariling pagkatao. Para sa tutor, habang naghahandang alalayan ang isang grupo sa yunit, ito ay isang pagkakataong muling pag-isipan ang katangiang espiritwal ng landas ng paglilingkod na tinatahak ng bawat isa sa atin, sang-ayon sa sariling mga kalagayan ng bawat isa. Kaugnay nito, sa isang diwa ay itinutuloy ng bahaging pambungad para sa tutor ang talakayan sa Aklat 3 tungkol sa mga katangiang espiritwal at pinalalawak pa ito:

> Ang pagpapayaman ng mga katangiang espiritwal, kasama ang kaakibat na mga saloobin, ay isang tema na muli’t muling tinatalakay sa mga kurso ng Ruhi Institute, subalit laging kaugnay ng paglilinang ng isang tanging kakayahan—ang kakayahang kinakailangan, halimbawa, upang makatulong sa madasaling katangian ng isang pamayanan, upang ibahagi sa mga iba ang mga perlas ng

karunungan mula sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, upang magdaos ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Sa ganitong paraan, sa paglakad ng panahon ay lumalawak at lumalalim ang pag-unawa ng mga kalahok ukol sa pangunahing mga katangian ng kaluluwa ng tao, habang sinusuri nila ang pagtutugunan ng isa't isa sa panibagong liwanag at nasasaksihan ang pagkilos nito sa alinmang bagong larangan ng pagkilos.

Sa paggabay sa isang grupo sa yunit, nanaisin ng tutor na laging isaisip ang isang konseptong napakahalaga sa pagsasaliksik ng mga katangiang espiritwal, na bagaman naroroon sa lahat ng mga kurso ng pangunahing serye, ay nagkakaroon ng pangunahing kahalagahan sa yunit na ito—yaon ay, ang gayong mga katangian ay nakabatay sa isa't isa para sa wastong paghahayag ng mga ito. May tanging kabuluhan sa gawain ng pagtuturo ang pag-unawa na ang lakas-loob ay nangangailangan ng karunungan; na ang karunungan ay hindi naihahayag kapag walang lakas-loob; kung paanong kinakailangan ng kadalisayan ang pagkawalay mula sa makamundong ambisyon, at gayundin ay kinakailangan ang walang-bahid ng pagkamakasarili; kung paanong ang kabaitan, kapag hindi hinahaluan ng pananalig sa kakayahan ng mga tao, ay maaaring madaig ng paternalismo, o kung paanong kapag walang katapatan, sa katunayan, iyon ay walang iba kundi pagbabalatkayo.

Sa ngayon ay bihasa na ang mga tutor sa panukalang iniharap sa Aklat 3 na ang mga katangiang espiritwal ay yaong permanenteng mga estruktura na bumubuo sa ating pagkatao. Ang pagtatamo ng gayong mga katangian ay ang nagbibigay-daan upang maipakita natin ang wastong mga katangian sa ating mga ugnayan sa iba at upang iwasan yaong mga katangiang hindi kanais-nais na maaaring nakamtan natin mula sa pagpapalaki sa atin at sa ating kultura.…

Mangyari pa, batid ng mga naglilingkod bilang mga tutor na ang pag-unlad ng alinmang katangiang espiritwal ay nangangailangan ng pag-unawa sa ilang magkakaugnay na konsepto. Ang pagtatamo ng higit at higit pang mataas na mga antas ng kadalisayan, bilang isang halimbawa, ay nangangailangan ng isang antas ng pag-unawa sa dahilan ng paglikha sa puso ng tao at kung ano ang dapat nitong ilarawan, kung ano ba ang bumubuo sa gabok at latak na maaaring magpadilim sa ningning nito, at kung ano ba ang kinakailangan upang mapanatili itong malinis mula sa gayong mga dungis. Subalit higit pa sa lumalalim na pag-unawa sa gayong mga konsepto, ang isang tao ay dapat nagtataglay ng kalooban at tapat na kagustuhang umunlad sa espiritwal. Ang kalooban at kagustuhan ay hindi nalilikha sa pamamagitan lamang ng talakayang pangkaisipan; kinakailangan ng malalim at masusing pagninilay-nilay ng bawat isang indibidwal ukol sa sarili niyang panloob na kalagayan. Tungkulin ng tutor, kung gayon, na linangin ang isang kapaligiran na makatutulong sa gayong pagninilay-nilay—isang kapaligirang hindi pumupukaw sa mga damdamin ng pagkakasala, na hindi humihingi ng pangungumpisal, na hindi humihimok sa pagbibintang, isang kapaligiran kung saan ay magagawa ng isang grupo ng mga magkakaibigan na talakayin nang mahinahon kapuwa

> ang pangkaisipan at praktikal na mga bagay, at hinahayaan sa bawat isa ang magnilay-nilay nang pribado kung ano ang kailangan niyang gawin.

Binabanggit sa itaas na ang ating pag-unawa sa mga katangiang espiritwal ay lumalawak habang ginagamit natin ang mga kakayahang pinauunlad natin sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain ng paglilingkod. Isipin ang dalawang katangian sa ibaba, na naging paksa na ng pagninilay-nilay nang kasing-aga ng Aklat 2. Makapagsusulat ba kayo ng ilang salita tungkol sa kung paano lumawak ang inyong pag-unawa sa mga ito habang kayo ay sumulong sa landas ng paglilingkod at dumalaw sa mga tahanan upang makibahagi sa mga usapang may kabuluhang espiritwal, nagdaos ng mga klase para sa mga bata, at tinulungan ang isang grupo ng mga junior youth bilang isang animator?

Pagkawalay: ____________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Pagpapakumbaba: ________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ngayon ay sumulong pa tayo. Bihasa na kayo sa nilalaman ng unang anim na kurso ng institute: dinaanan na ninyo ang mga aralin nang minsan bilang kalahok, tinupad ang mga gawain ng paglilingkod na nakaragdag sa inyong pag-unawa sa pagsasagawa at sa mga ipinahihiwatig ng mga katuruan sa sarili ninyong buhay at sa buhay ng pamayanan, at dito ay nagnilay-nilay sa mga konsepto at mga simulain na humuhubog sa proseso ng edukasyon. Kaugnay nitong mayaman na karanasan, nilay-nilayin ang konsepto ng mga "kahusayan", na tulad ng nabanggit na natin, upang umunlad ang mga ito ay kinakailangan ang kaalaman, mga katangiang espiritwal at kapuri-puring mga saloobin, at gayundin ang maraming abilidad at kasanayan. Hindi ba ay may malaking posibilidad na kapag hindi pinayayabong ang mga katangiang espiritwal at inaaruga ang pag-unawa, ang proseso ng paglilinang ng kakayahan ay mauuwi sa pagiging walang iba kundi teknikal na pagsasanay, sa isang makitid na pagpapakahulugan nito, abala lamang sa pagtanggap ng impormasyon at pagtamo ng mga kasanayan?

Ngayon, paano titiyakin ng tutor na nabibigyan ng sapat at angkop na pansin ang paglikha sa isang kapaligiran kung saan magagawa ng mga kalahok ng isang study circle na magkaroon ng napakalalim na pagninilay-nilay na binabanggit sa halaw sa itaas, na iyon ay isang napakahalagang bahagi ng bawat kurso ng institute?

## BAHAGI 25

Ang pangatlong yunit ng Aklat 6 ay nakatuon sa mismong gawain ng pagtuturo. Kabilang sa mga kakayahang kinakailangan, dalawa ang sinusuri sa yunit: ang kakayahang makilala at arugain ang kahandaang tumanggap sa Mensahe ni Bahá'u'lláh, at ang kakayahang ilahad ang mga katuruang Bahá'í sa isang paraang kapani-paniwala at angkop sa pagkakataon. Ang pinakabuod ng yunit ay nakatalaga sa huling nabanggit, at natatandaan ninyo, na upang matulungan ang mga kalahok sa pag-iisip sa likas na katangian nito, iniharap sa kanila upang suriin ang isang sitwasyong kathang-isip—ang usapan sa pagitan ng dalawang kabataan, si Anna at ang kaniyang kaibigang si Emilia. Bilang isang tutor, kailangan ninyong tiyakin na mauunawaan ng mga kalahok ang dalawang mahalagang punto kaugnay ng kakayahang nililinang, na ang una sa mga iyon ay inilalarawan sa ibaba.

> . . . napakahalagang maunawaan ng mga kalahok ang pagkakaiba sa pagitan ng mga konsepto at ng impormasyon, na tinalakay sa mga Bahagi 4 hanggang 6, at gayundin kung bakit napakahalaga ng pagkakaibang ito. Sapagkat, sa huling pagsusuri, ang pag-unawa sa mga konsepto at napakalalim na mga katotohanan ang nagbibigay-daan upang magawa ng mga kaluluwang makalapit kay Bahá'u'lláh, hindi ang pagtanggap lamang ng impormasyon. Sa antas na ang gawain ng pagtuturo ay abala sa pagtataas ng kamalayan at pagpapayabong ng pag-unawa ay maaari itong makita bilang isang paraan ng pagtulong sa pagbibigay-lakas sa mga indibidwal, sa kaisipan at sa espiriwal. Dito ay kailangang gamitin ang kakayahang pinauunlad ng mga kalahok mula nang pumasok sila sa proseso ng institute upang makipag-ugnay sa Salita ng Diyos at magtamo ng pag-unawa nito, sa pamamagitan ng paglilimi nila kung paano nila gagabayan ang mga iba patungo sa mga dalampasigan ng tunay na kaalaman.

Hinihimok kayong muling basahin ngayon ang mga Bahagi 4 hanggang 6. Ang kakayahang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga konsepto at ng impormasyon ay

– paano ginagamit sa ating mga pagsisikap na ituro ang Pananampalataya sa ating mga kapwa-tao at sa pagtulong sa kanila upang umabot sa mga dalampasigan ng tunay na kaalaman?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

– paano pinahuhusay ang abilidad ng tutor na tumulong sa pagsulong ng pag-unawa, na napakahalaga sa buong serye ng mga kurso?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Tungkol naman sa pangalawang punto kaugnay ng kakayahang ilahad ang mga katuruan sa isang kapani-paniwalang paraan, kailangang umabot ang mga kalahok sa kabatiran na bagama't walang pormula na dapat sundin, hindi lahat ng paraan ng pagsasama-sama ng mga ideya ay mabisa. Ang pagsuri sa usapan nina Anna at Emilia ay makatutulong sa kanila upang maunawaan kung ano ang kinakailangan sa kapani-paniwalang paglalahad. Kailangang maunawaan ng mga kalahok na ang usapang ito ay hindi kumakatawan sa isang nakatakda nang pangkat ng ideya na dapat nilang sundin nang hindi nag-iisip. Sa katunayan, ang mga pagsasanay ay isinama sa tanging layunin ng paghimok sa kanila upang mag-isip kung paano nila babaguhin ang paglalahad bilang tugon sa magkakaibang pinanggalingan at kinahihiligan. Sa paggawa nito, ang dapat sana nilang matanto ay ang lahat ng mabisang paglalahad ng Pananampalataya ay nakikibahagi lahat sa ilang katangian. Habang isinasaisip ang paglalahad ni Anna, ipasiya kung alin ang mga katangian ng isang mabisang paglalahad (M) at kung alin ang tiyak na hindi (H):

Ang isang mabisang paglalahad

______ ay simple at malalim.

______ ay malinaw.

______ ay malabo.

______ ay ipinakikilala ang isang saloobin ng pagiging bukas.

______ ay inilalarawan ang malalim na pananalig ng naglalahad.

______ ay nakatuon kay Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos—isang Tagapagturo sa lahat—at malinaw na tinutukoy ang Kaniyang mga katuruan bilang pinagmumulan ng inilalahad.

______ ay ipinakikilala ang konseptong may mga batas sa Pananampalataya, na ang mga iyon ay isang paghahayag ng pag-ibig at habag ng Diyos at ang pagsunod sa mga iyon ay ang sanhi ng pagsulong at pag-unlad.

______ ay nagbibigay ng isang sulyap sa ginagampanan ng tatlong tagapagganap na nagtutulungan upang itatag ang isang bagong kabihasnan—ang indibidwal, ang pamayanan, at ang mga institusyon ng Pananampalataya—at ang mga ugnayan ng pag-ibig at pagtiwala na nagbibigkis sa kanila.

______ ay nagbibigay ng impresyon na ang pamayanang Bahá'í sa kasalukuyan nitong kalagayan ay ganap na.

______ ay ipinakikilala ang Pangunahing mga Katauhan ng Pananampalataya.

______ ay ipinaliliwanag nang sapat ang kasaysayan ng Pananampalataya upang lumikha ng isang ugnayan sa pagitan ng tagapakinig at ng Kambal na Kahayagan.

______ ay umiiwas sa detalyadong pagsusuri sa ugnayan ni Bahá'u'lláh sa naunang mga Kahayagan.

______ ay nagbabahagi ng sigla.

______ ay nakahihikayat.

______ ay mapilit.

______ ay ginagamit ang angkop na mga sipi mula sa mga Kasulatan.

______ ay gumagamit ng mga paghahalintulad.

______ ay naaayon sa lohika.

______ ay halos nababatay lahat sa mga propesiya.

______ ay nasa anyo ng pagtatalo.

______ ay nakahihikayat sa kapuwa puso at isipan ng tagapakinig.

______ ay minamanipula ang mga damdamin ng naghahanap.

______ ay nililinaw na ang pagiging Bahá'í ay may kaakibat na mga tungkulin.

______ ay pinagsasamantalahan ang mga kinatatakutan ng naghahanap.

______ ay iniiwasang pahirapan ang naghahanap ng labis na mga detalye.

______ ay nagbabahagi ng maraming impormasyon.

______ ay nakututok sa masalimuot na mga detalye.

______ ay nagpapakita ng pananalig sa kakayahan ng tagapakinig upang makilala ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon.

Likas na bahagi ng pagsusuri sa kakayahang kinakailangan upang mailahad ang Pananampalataya sa isang kapani-paniwalang paraan, na angkop sa sitwasyon, ay ang pag-unawa na ang gayong mga usapan ay maaaring maganap kaugnay ng personal na mga pagsisikap na magturo o sa sama-samang mga kampanya. Habang pinag-iisipan ang unang nabanggit, ang mga kalahok ay hinihimok na makita kung paano pinupunuan ng ganoong mga pagsisikap—at sa katunayan ay inihahabi sa—sama-samang pagkilos. Dapat silang bigyan ng pagkakataong nilay-nilayin ang sarili nilang personal na mga kalagayan at ang kanilang mga pagsisikap na paunlarin ang isang paraan ng pamumuhay kung saan ang pagtuturo ng Pananampalataya ay bumubuo ng isang pangunahing bahagi. Nilalayon ng mga Bahagi 26 at 27 na matulungan sila kaugnay nito. Gaano kahalaga para sa isang tutor na isinagawa niya ang mga pagsasanay sa Bahagi 26 at bumuo siya ng sarili niyang plano ng pagtuturo sa bahagi 27—

isang plano na nagbabago batay sa pagkilos habang lumilipas ang panahon—upang mahikayat ang mga kalahok ng isang study circle na gawin din iyon?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Kaugnay ng kapitbahayan o nayon kung saan kayo ay nakatira, ilarawan kung paano pinupunuan ng personal na mga pagsisikap upang ituro ang Pananampalataya ang sama-samang pagkilos na nakatutok sa pagpapalawak at pagpapatatag nito.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Ang paksa ng sama-samang pagkilos ay tinatalakay sa Bahagi 28 at tinututukan iyon sa nalalabing bahagi ng yunit. Hindi malawak ang saklaw ng mga pagsasanay rito, at pumapataw sa mga balikat ng tutor ang tungkuling tulungan ang mga kalahok upang iugnay ang kanilang pinag-aaralan sa sarili nilang karanasan. Dapat silang umabot sa kabatiran na sa sama-samang pagkilos, ang bawat indibidwal ay nakatutulong sa pagbuo ng isang kapaligirang natatangi sa patuloy na tumataas na antas ng pagkakaisa, sa magkakaibang anyo nito. Dapat silang magtamo ng isang larawang-isip sa kung paano ang nagkakaisang pagkilos sa antas ng masa, at kasama ang indibidwal na mga pagsisikap, ay nakatutulong upang isulong ang gawaing pandaigdig na pinagkakaabalahan ng pamayanang Bahá'í. Inilalarawan ng parapong ito ang likas na katangian ng gawaing kailangang harapin ng tutor:

> Alinsunod sa layuning ito, inihaharap ng mga bahagi ang ilang katanungang kailangang pag-isipan ng mga kalahok: Ano ang likas na katangian ng sama-samang pagkilos? Ano ang ibig sabihin na dapat nagkakaisa ang sama-samang pagkilos? Ano ang mga katangian ng paraan ng paglaki ng Pananampalataya sa buong daigdig, at ano ang ginagampanan ng mga kampanyang masikhay? Ano ang ilan sa mga katangian ng sambayanan kung saan sila ay gumagawa, maging iyon ay ang mga nananahan sa isang nayon o ang isang populasyong handang tumanggap na nasa isang kapitbahayan o hiwa-hiwalay sa kabuuan ng cluster? Gaano kalakas ang mga puwersang nililikha ng kanilang sama-samang pagkilos upang ibunsod ang pagsulong ng populasyon tungo sa larawang-isip ng Kaayusang Pandaigdig ni Bahá'u'lláh?

Gaano kalapit ang ugnayan ng paglaki ng Pananampalataya sa kakayahang nalilinang sa pamamagitan ng proseso ng edukasyong itinataguyod ng institute para sa mga bata, mga junior youth, mga kabataan at mga nasa hustong gulang? Nalilikha ba ang kinakailangang mga kalagayan para sa mabisang sama-samang pagkilos? Patuloy bang pinalalakas ang mga bigkis ng pagkakaibigan? Natatamo ba ng mga kalahok ang pagkakaisa sa layunin sa sama-samang pagkilos? Naihahayag ba ito sa maligaya at masikhay na paggawa? Sa anong antas nahuhubog ang kanilang paraan ng pagsisikap matuto tungkol sa paglaki sa pamamagitan ng pagkilos, pagninilay-nilay sa pagkilos, at pagsasanggunian? Ang kahalagahan nitong huling katanungan ay hindi maaaring pahalagahan nang labis, sapagkat sa antas na ang gayong paraan ang nagiging paraan ng pagkilos ng isang lumalawak na nukleo ng mga kaibigan ay iyon din ang antas na lubhang kinakailangan upang matuklasan nila kung ano ang kinakailangan upang sumulong mula sa isang yugto ng paglaki patungo sa kasunod.

Magiging mahalaga para sa tutor, sa pag-aaral ng huling mga bahagi ng yunit kasama ang grupo, na makilala ang mga pagkakataon upang buksan ang talakayan tungkol sa mga katanungan sa itaas. Para sa layuning ito, makatutulong sa inyo ang pag-isipan ngayon ang bawat isa sa mga ito kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo. Sa paggawa niyon, sikaping umiwas sa abstrak na talakayan at gumamit ng mga halimbawa mula sa sariling karanasan. Higit na makatutulong sa inyo ang pag-isipan ang mga katanungan sa ibaba kaugnay ng sarili ninyong kapitbahayan o nayon.

Sa yugtong ito ng kasaysayan, paanong hindi maipaghihiwalay ang paglaki ng Pananampalataya mula sa paglilinang ng kakayahan sa pamamagitan ng proseso ng edukasyon na itinataguyod ng mga kurso ng institute, lalo na ang kakayahan ng mga kabataan habang sila ay sumusulong sa pangunahing serye?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ang paraan ng pagkilos, pagninilay-nilay sa pagkilos, at pagsasanggunian na ginagawa ng isang nukleo ng mga kaibigang gumagawa sa isang nayon o kapitbahayan ay nagbibigay-daan upang akuin nila ang sama-samang pananagutan sa pagsisikap matuto. Ang proseso ng pagsisikap matuto na ibinubunsod ng ganoong paraan ng pagkilos ay maaari bang ibaba sa pagiging mga kampanya lamang ng pagplano at pagsagawa upang magparami ng mga gawain? Paano naiiba ang proseso mula sa hindi nag-iisip na pagsunod lamang sa isang bilang ng mga hakbang? Sa anong paraan binibigyan-daan ng gayong proseso ang pagtuklas sa malalim na mga pag-unawa ukol sa indibidwal at sama-samang pagbabago kaugnay ng tanging realidad na umiiral sa mga kaibigan sa pagkakataong iyon?

## BAHAGI 26

Inaasahan na itong masaklaw na pagsiyasat sa unang anim na aklat ng Ruhi Institute ay nagkaloob sa inyo ng malalim na pag-unawa sa ilang simulaing pang-edukasyon na ipinatutupad sa kurikulum nito, lalo na kaugnay ng pagsasaayos nito palibot sa isang proseso ng paglilinang ng kakayahan na inihahalintulad sa pagtahak sa landas ng paglilingkod. Ang Aklat 7, na kasalukuyan ninyong pinag-aaralan, ay tumututok sa isang gawain ng paglilingkod na sinabi natin ay napakahalaga para sa pagpapalawak ng mismong proseso ng edukasyon—yaon ay, ang pagtulong sa sunod-sunod na grupo upang pag-aralan ang mga kurso ng pangunahing serye. Tulad ng inyong nalalaman, ang pangunahing serye ay hindi nagwawakas dito kundi ay nagpapatuloy sa ilang karagadagang kurso kung saan tinatalakay ang lalong hugnay na mga gawain ng paglilingkod. Subalit sa yugtong ito ay hindi pa natin kailangang pag-ukulan ng pansin ang mga iyon. Para sa kasalukuyan, hinihimok kayong maglaan ng panahon sa pagninilay-nilay sa kahalagahan ng masistemang paglilinang ng kakayahan sa pamamagitan ng isang serye ng mga kurso. Basahin ang sumusunod na halaw mula sa isang mensahe ng Universal House of Justice na isinulat noong ika-27 ng Disyembre 2005, na samantalang binibigyan-diin ang pag-unlad na naganap na sa loob ng nakaraang mga taon, ay sinasabi:

> **"Ang mga naganap simula noon ay nagsilbi lamang upang lalo pang ipakilala ang bisa ng isang serye ng mga kursong naglalayong lumikha ng kakayahang makapaglingkod sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa pagsasagawa ng malalalim na mga pag-unawang espiritwal na natamo mula sa masusing pag-aaral ng mga Kasulatan. Ang mga kalahok ay iniharap sa isang kabuoran ng kaalaman na nakatutulong lumikha ng isang buklod ng magkakaugnay na kaugalian, mga saloobin at mga katangian, at tinutulungan silang hasain ang tanging mga kasanayan at kakayahang kinakailangan upang isagawa ang mga gawaing paglilingkod. Ang mga talakayang umiinog sa Mapanlikhang Salita, sa seryoso at nakaaangat na kapaligiran ng isang study circle, ay nagtataas ng antas ng kabatiran sa sariling mga tungkulin sa Kapakanan at lumilikha ng pagkakabatid sa ligayang matatamo sa pagtuturo ng Pananampalataya at sa paglilingkod sa mga kapakanan nito. Ang espiritwal na kaugnayan sa pagsasagawa ng tanging mga gawain ay nagkakaloob sa mga ito ng kahalagahan. Ang lakas-loob ay unti-unting itinatatag habang ang mga kaibigan ay nagsasagawa ng patuloy na masusi at humihirap na mga gawain ng paglilingkod. Subalit, higit sa lahat, ang pagtitiwala sa Diyos ang nagbibibgay-lakas sa kanila sa kanilang mga gawain. Napakarami ang kuwento ng mga mananampalatayang pumasok sa larangan ng pagtuturo na kinakabahan upang matagpuan lamang ang kanilang mga sarili na pinalalakas ng mga pagpapatibay mula sa lahat ng**

**dako. Nang nakikita ang mga posibilidad at mga pagkakataon sa harap nila sa pamamagitan ng bagong mga mata, nasasaksihan nila mismo ang kapangyarihan ng tulong ng Maykapal, habang sinisikap nilang isagawa ang kanilang mga natututunan at nagtatamasa ng mga bungang labis na nakahihigit sa kanilang mga inaasahan. Na ang diwa ng pananalig na isinisilang buhat sa malapit na pag-ugnay sa Salita ng Diyos ay may gayong bisa sa mga kaluluwa ay hindi naman isang bagong bagay. Ang nakapagpapataba sa puso ay nakatutulong ang proseso ng institute sa napakalaking bilang upang maranasan yaong nakapagpapabagong bisa ng Pananampalataya. Ang ipaabot itong nakapagpapabanal na impluwensiya sa daan-daang libo pa ang dapat maging layunin ng matinding pagsisikap sa sumusunod na limang taon."**[5]

Batay sa inyong sariling karanasan ng pagtahak sa landas ng paglilingkod na binuksan ng Ruhi Institute, sumulat ng ilang pangungusap tungkol sa kung paano nagpupundar ang bawat aklat sa aklat na nauna roon, at sa gayon ay nagbibigay-daan upang magawa ng mga kalahok ang mga gawain ng paglilingkod na nagiging higit at higit pang hugnay.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Ngayon, upang pagsama-samahin at pagtibayin ang malalalim na pag-unawang natamo ninyo tungkol sa pangunahing mga konsepto at mga simulaing pinagsasaligan, na humubog sa nilalaman at pagkakasunod-sunod ng serye ng mga kurso, nilay-nilayin ang halaw sa ibaba mula sa isang mensahe ng Universal House of Justice.

**"Nang walang pasubali, yamang nasaksihan ng sarili ang nakapagpapabagong mga bisa ng proseso ng institute, ang mga kaibigan sa gayong mga cluster ay nagsisikap na magtamo ng higit na mahusay na pagpapahalaga sa mga pagtutugunan ng mga bahagi na pinagbabatayan nito—ang diwa ng mabuting samahan na nililikha nito, ang paraan ng pakikilahok na ginagamit nito, ang malalim na pagkaunawa na pinagyayaman nito, ang mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi nito, at higit sa lahat, ang pagtitiwala nito sa Salita ng Diyos. Ang lahat ng pagsisikap ay isinasagawa upang tiyakin na nasasalamin sa proseso ang pagpupunuan ng 'pagiging' at 'paggawa' na ginagawang malinaw ng mga kurso ng institute; ang pagpapahalagang ibinibigay ng mga ito sa kaalaman at sa paggamit nito bilang pinakasentro ng lahat; ang pagbibigay-diin ng mga ito sa**

**pag-iwas sa magkakasulangat na mga palagay na walang batayan sa katotohanan; ang pagbibigay-diin nito sa pagsasaulo ng Mapanlikhang Salita; at ang pag-iingat nito sa pagtataas ng kabatiran habang hindi ginigising ang mapilit na sarili.”[6]**

Tiyak na magtatamo kayo ng karagdagang malalim na pag-unawa sa dinamika ng proseso ng institute habang patuloy ninyong tinatahak ang landas ng paglilingkod na binubuksan nito. Batay sa pag-unawa na natamo na ninyo hanggang dito, isulat ang ilang kaisipan tungkol sa sumusunod na mga layunin ng mga kurso:

a. Upang gawing malinaw na nagpupunuan ang “pagiging” at “paggawa”: ________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

b. Upang pahalagahan ang kaalaman at ang paggamit nito bilang pinakasentro ng lahat: ______________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

c. Upang bigyan-diin ang pag-iwas sa magkakasulangat na mga palagay na walang batayan sa katotohanan: ______________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

d. Upang magbigay-diin sa pagsasaulo ng Mapanlikhang Salita: _________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

e. Upang mag-ingat na habang itinataas ang kabatiran ay hindi ginigising ang mapilit na sarili: ________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ngayon ay sumulat ng ilang salita tungkol sa katangian ng proseso ng edukasyon na sinisikap payabungin ng mga kurso, kaugnay ng bawat isa sa sumusunod:

a. Ang diwa ng mabuting samahan na nalilikha nito: ___________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

b. Ang paraan ng pakikilahok na ginagamit nito: ______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

c. Ang malalim na pag-unawa na pinagyayaman nito: ________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

d. Ang mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi nito: __________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

e. Ang pagtitiwala sa Salita ng Diyos na itinataguyod ng proseso ng edukasyon: ___
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## BAHAGI 27

Bago natin wakasan ang ating talakayan sa kurikulum ng Ruhi Institute, maaaring kapaki-pakinabang ang talakayin nang maikli ang mga kurso na nagsasanga mula sa panguhaning serye. Ang katangian ng isang landas ng paglilingkod, na inilalatag ng pangunahing serye, ay nagbibigay-daan sa natatanging mga landas na patungkol sa kaalaman, mga katangiang espiritwal, at mga kasanayang kinakailangan sa natatanging mga larangan ng paglilingkod. Sa kasalukuyan, may dalawang serye ng mga kursong nagsasanga na ibinibigay ng Ruhi Institute. Kaugnay nito, ipinaliwanag ng Universal House of Justice sa isang liham ng ika-12 ng Disyembre 2011:

> **"Sa kasalukuyan ay mayroong dalawang bahagi sa serye na kung saan maaaring piliin ng indibidwal na sundan ang isang pagdadalubhasaang landas ng paglilingkod. Ang una ay lumilitaw sa Aklat 3. Mula sa mga kaibigang nagtatapos nito at nagsisimulang magdaos ng isang medyo simpleng klase para sa mga bata na nasa unang baitang ng isang programa para sa kanilang espiritwal na edukasyon, ang isang porsiyento ay maghahangad na italaga ang kanilang mga sarili sa larangan ng paglilingkod na ito, nagpapatuloy sa paglakad ng panahon sa serye ng mga kursong higit na mahirap para sa pagtuturo ng Grade 2 hanggang 6. Hindi ito nangangahulugan na iiwanan nila ang pag-aaral sa pangunahing serye. Sa katunayan, sa mga kurso na bumubuo sa isang pinagdadalubhasaang landas ng paglilingkod ay umaasa na ang mga kalahok ay nagpapatuloy na sumulong sa landas na itinatakda ng pangunahing serye, sa bilis na naangkop sa kalagayan ng bawat isa. Ang Aklat 5, na sinisikap magkaroon ng mga animator ng mga junior youth group, ay bumubuo sa pangalawang bahagi kung saan ang isang serye ng mga kurso ay magsasanga.**
>
> **"Ang karagdagang mga pamamaraan ng pagsasaliksik ay tiyak na lilitaw sa pangunahing serye sa nararapat na panahon. Ang ilan ay maaaring naaangkop sa pangangailangan ng lahat, tulad ng dalawang nabanggit sa itaas, habang ang iba ay maaaring nababagay sa tiyak na lokal na mga pangangailangan. Tulad rin ng pangunahing serye mismo, ang nilalaman at balangkas ay kailangang lumitaw mula sa nagpapatuloy na sama-samang karanasan sa larangan ng paggawa, isang karanasan na hindi pagbabakasakali o saklaw ng mga puwersa ng personal na**

**kagustuhan subalit pinapatnubayan ng mga institusyon ng Pananampalataya. Ang pagkakaroon ng gayong karanasan ay mangangailangan ng higit na malaki pang pagsasalin ng lakas mula sa higit na malaking bahagi ng populasyon . . .”**[7]

Hindi natin kailangang suriin dito nang detalyado ang paksa ng mga kursong nagsasanga. Ang mahalagang maunawaan natin ay ang mga kursong nagsasanga, tulad ng ipinaliliwanag sa sipi sa itaas, ay lumilitaw mula sa sama-samang karanasan sa ilalim ng pamamatnubay ng mga institusyon at mga sangay ng Pananampalataya. Higit pang ipinaliliwanag ng House of Justice ang puntong ito sa isang mensahe ng ika-1 ng Enero 2022:

**“Inihalintulad namin noong nakaraan ang pangunahing serye ng mga kurso sa punongkahoy na sumusuporta sa ibang mga kursong nagmumula rito, na bawat isang sanga ay tumatalakay sa ilang tiyak na larangan ng paggawa. Ang paghahanda sa gayong mga sangay na kurso ay nangangailangan ng panahon, na maitatakda ng pagkilos at pagninilay-nilay na kung saan ang pagbubuo ng konsepto at ang pagkilos sa larangan ng paggawa ay magkasama. Sa mga training institute na isasabalikat ang ganitong gawain, may ilang takdang pangangailangan. Nararapat nilang maintindihan nang malaliman ang nilalaman ng pangunahing serye ng mga kurso ng institute at ang mga simulaing pang-edukasyon na napapaloob dito, suriin nang malinaw ang karanasang nanggagaling sa antas ng masa habang sumusulong ang mga gawain, makipagtulungan nang maayos sa mga pangkat ng mga kaibigang nakatalaga sa pag-unlad ng tiyak na mga aspekto ng proseso ng pagtatatag ng pamayanan, kumilos sa gawi na nagsusumikap matuto, at isali sa kanilang mga gawain ang mga indibidwal na may kakayahang maghanda ng mga aralin. Kapag naitatag na, ang mga sangay na kurso ay makatutulong sa mga kaibigang nagtataguyod ng nauugnay na gawain upang lalong mapalakas ang kanilang kakayahan, at makatutulong ito sa pagpapalawig ng nauugnay na proseso ng pagsisikap matuto sa pamumuhay ng populasyon. Ang kurso ay magsisilbi ring imbakan ng nakakalap na kaalaman at bilang paraan sa pagpapalaganap niyon.”**[8]

Ang paraan ng pagharap sa pagbubuo ng kurikulum na isinasagawa ng Ruhi Institute ay hindi ang pinagkakaabalahan ng kursong ito. Gayumpaman, bilang isang naghahangad na maging tutor ng mga aklat nito, dapat ninyong mabatid na ang mga ito ay hindi bunga ng alinmang nag-iisang isipan, ni hindi rin lumitaw ang mga ito mula sa pagsasanggunian ng isang grupo sa abstrak na larangan at hiwalay sa pagsasagawa. Sa halip, ang mga ito ay isinulat sa loob ng mga dekada habang ang Institute ay natuto, sa pamamagitan ng isang masikhay na proseso ng paggawa at pagninilay-nilay, kung paano ibabangon ang mga yamang tao para sa pagsulong ng Kapakanan at sa pag-unlad ng lipunan. Kapag ginagamit ang ganitong paraan, ang pagbubuo ng mga aralin ay nangangailangan ng mahabang panahon. Ang proseso ay unti-unti at organiko, subalit ang tiyaga na kinakailangan nito ay nagbubunga ng namamalaging mga resulta.

## BAHAGI 28

Hanggang dito sa yunit na ito ay sinaliksik na ninyo nang medyo malalim ang paraan ng edukasyon na ginagamit ng Ruhi Institute at ang mga aralin na ibinunga niyon. Mula sa simula ang pagpapahalaga ng Institute sa pakikilahok ay ang gumabay rito upang buuin ang

mga araling ito para sa pag-aaral ng grupo. Maaga rin nitong natanto na kailangang igalang ng paraan nito kung ano man ang tulin ng pagkatuto ng magkakaibang mga indibidwal. Ang bawat isa ay susulong sang-ayon sa sarili niyang mga pagkakataon, na iyon naman ay nagbabago habang sumusulong ang bawat isa sa proseso ng edukasyon. Ang paligsahan ay walang lugar sa prosesong ito.

May isa pang punto, kung gayon, na nararapat talakayin dito kaugnay ng paraan ng edukasyon—yaon ay, likas na bahagi ng mga katangian ng mga aralin ay ang sistema ng paghatid sa mga kurso, kung saan ang proseso ng edukasyon ay maaaring maipagpatuloy at palawakin ang sarili nito sa antas ng masa. Isinaayos sang-ayon sa konsepto ng study circle at ng tutor, kasama ang mga aralin, nagbibigay-daan ang sistemang ito upang ang patuloy na dumaraming pangkat ng mga indibidwal, na itinataguyod at inaalalayan ang isa't isa, ay nililinang ang kanilang kakayahang maglingkod. May kaalaman na kayo ukol sa sistemang ito, at bilang bahagi ng mga pangkat na ito, ay nagtamasa na kayo ng karagdagang malalim na pag-unawa sa pagkilos ng sistemang ito habang sumusulong kayo sa yunit na ito. Habang tinutukoy ang mga epekto nitong sistema ng edukasyong pandistansiya at ang kakayahan nitong maabot ang malalaking mga bilang, sinabi ng Universal House of Justice:

> **"Huwag tulutang hindi pahalagahan ng sinuman ang mga maaaring magawa na sa gayon ay nalikha. Ang hindi pagkilos ay sinasanay ng mga lakas ng kasalukuyang lipunan. Ang hangaring maaliw ay pinalalaki mula sa pagkabata, nang may patuloy na kahusayan, pinagyayaman ang mga salinlahi na handang maging sunod-sunuran sa kaninumang napatunayang mahusay gumising sa mababaw na mga damdamin. Kahit nga sa maraming sistema ng edukasyon, ang mga mag-aaral ay itinuturing na para silang mga sisidlan na binuo upang tumanggap ng impormasyon. Na ang sandaigdigang Bahá'í ay nagtagumpay sa paglikha ng isang kulturang nagtataguyod sa isang paraan ng pag-iisip, pag-aaral, at pagkilos, na kung saan ang lahat ay itinuturing ang kanilang mga sarili na lumalakad sa iisang landas ng paglilingkod—tinutulungan ang isa't isa at sama-samang sumusulong, iginagalang ang kaalaman na taglay ng bawat isa sa alinmang panahon at iniiwasan ang gawi na paghatiin ang mga mananampalataya sa mga kategorya tulad ng malalim ang kaalaman at walang nalalaman—ito ay isang napakalaking tagumpay. At doon ay matatagpuan ang nagtutugunang mga bahagi ng isang hindi mapipigilang kilusan."[9]**

Hinihimok kayong suriin ngayon ang sumusunod na mga parapo, na naglalarawan sa karaniwang mga katangian ng sistema, at pagkatapos ay talakayin ang mga ito sa inyong grupo:

> *Ang study circle ay isang elemento ng sistema ng edukasyong pandistansiya, sa ilalim ng pamamahala ng pambansa o panrehiyon na training institute, na binuo upang dalhin ang serye ng mga kurso sa lokal na antas. Kadalasan ay binubuo ito ng ilang indibidwal mula sa isang lokalidad, na magkasamang pinag-aaralan ang mga kurso sa sarili nilang tulin, sa tulong ng isang tutor. Bilang miyembro ng grupo, ang tutor ay abala rin sa proseso ng pagsisikap matuto nang katulad ng ibang mga kalahok, subalit yamang napag-aralan na niya ang kinakailangang mga kurso at nagtamo na ng ilang karanasan, ay makatutulong siya upang tiyaking matupad ang layunin ng kursong pinag-aaralan. Upang magawa ito, kung malaki ang bilang ng mga kalahok, maaaring hatiin sila ng tutor sa dalawa o tatlong mas maliit na grupo na sabay-sabay niyang tinutulungan.*

*Malaki ang antas ng kakayahang bumagay kaugnay ng pagkilos at ng mga miyembro ng isang grupo. Maaaring naisin ng ilang grupo ang magkita minsan sa isang linggo sa loob ng mahabang panahon, samantalang maaring piliin ng mga iba na magkita araw-araw, o sa Sabado't Linggo sa tuwi-tuwina. Kapag natapos na ang pag-aaral ng isang kurso, maaaring ang lahat ng mga miyembro ay sama-samang magpapatuloy sa kasunod na kurso. Subalit maaaring umalis sa grupo ang ibang miyembro at sumali sa ibang grupo sa ibang panahon. Maaaring ang parehong tutor ang kasama ng grupo mula sa isang kurso hanggang sa kasunod na kurso. Subalit maari ding magbago ang tutor pagkatapos ng isang kurso.*

*Ang mga kalahok ay maaaring sumali sa isang study circle sa ilang paraan. Sa mga nayon at mga kapitbahayan kung saan may lumalaking nukleo ng aktibong mga tagapagtangkilik ng Pananampalataya, madalas na binubuo ang mga study circle kaugnay ng mga pagsisikap na palawakin at patatagin ang pamayanan sa pamamagitan ng tatlong-buwan na mga cycle ng gawain. Habang nagbubunga ang mga pagsisikap na lumapit sa mga paaralan, mga kapisanan, at mga organisasyong lokal, dumarami ang mga kalahok na nagmumula sa mga kabataang sabik pumasok sa larangan ng paglilingkod at nais paunlarin ang kanilang kakayahan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kurso. At ang mga iba pa ay ang mga kabataang nasa edad ng labinlima o labimpito na nakatapos na sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth at nagtataglay na ng malakas na kamalayan sa dalawang layuning moral.*

*Bunga niyon, ang mga camp na idinaraos sa panahong bakasyon ang eskuwela ay naging isa pang tagpo para sa pag-aaral ng mga kurso. Sa mga ito, at sa mga institute campaign, pinagsasama sa iisang lugar ang mas malaking mga bilang na hinahati-hati sa maliliit na mga grupo, masikhay na nag-aaral ng iba't ibang kurso, habang ang bawat grupo ay tinutulungan ng isa o dalawang tutor. Sa katunayan, ang kombinasyon ng gayong mga campaign, mga camp, at mga study circle na idinaraos nang regular ang napatunayang pinakamabisa. Ang gayong kakayahang bumagay na ipinagkakalob nitong magkakaibang paraan ng paghatid ay nagbibigay-daan upang magawa ng bawat kalahok na sumulong sa proseso ng edukasyon sa ritmong akma sa sarili niyang kalagayan. Natural lamang na ang maliliit na mga grupo ng mga indibidwal na umabot na sa halos magkaparehong yugto sa serye ng mga kurso ay nagiging magkasama sa pag-aaral. At sa dakong huli ang ilan sa kanila ay maaaring umabot sa yugto na maaari na silang maglingkod bilang mga tutor at tumulong sa pagpaparami ng mga study circle.*

*Bilang isang elemento ng sistema ng edukasyong pandistansiya, ang study circle ay may dalawang napakahalagang ginagampanan: Ang isa ay ang pag-aaral ng mga aralin, at ang pangalawa ay nauugnay sa karanasan. Upang magawa ng mga kalahok na paunlarin ang mga kakayahan sa paglilingkod na ginugunita sa mga kurso, hindi pa sapat na pag-aralan lamang nila ang mga aralin, sagutan ang mga pagsasanay, at isagawa sa kanilang grupo ang iminumungkahing mga pagsasanay. Halimbawa, upang mapaunlad ng mga miyembro ng isang study circle ang kakayahang saliksikin ang mga tema na pangunahin ang kahalagahan sa pamumuhay ng pamayanan nang kasama ang mga kaibigan at mga kapitbahay, na iyon ang layunin ng pangatlong yunit ng Aklat 2, hindi sila dapat masiyahan sa pagsasagawa niyon sa loob ng sarili nilang study circle lamang. Kailangan silang mabigyan ng mga pagkakataong dumalaw sa mga tahanan ng mga pamilya, lalo na ng mga bata at mga junior youth, habang*

*kasama ang isang kaibigang higit na sanay na, at sa gayon ay magtamo sila ng karanasan sa pagsasagawa nitong gawain ng paglilingkod—isang gawain na dapat maging bahagi ng sarili nilang buhay bilang mga indibidwal, isang gawaing naihahayag sa sama-samang mga pagsisikap ng isang lumalaking nukleo na nagsusumikap para sa pagpapabuti ng nayon o ng kapitbahayan, sa sunod-sunod na cycle. Sa dinamika ng gayong lumalawak na nukleo, nagagawa ng tutor na bigyan ang mga kalahok ng kongkretong suporta at tulong, habang magkaagapay silang naglilingkod.*

*Ang gawain ng tutor, kung gayon, ay hindi natatakdaan sa mga pagkakataon lamang kung kailan nagsasama-sama ang mga kalahok upang pag-aralan ang mga aralin. Tinitiyak niyang sila ay naaalalayan sa pagsasagawa ng nauugnay na gawain ng paglilingkod, lalo na sa maagang mga yugto. Ang mga institusyon at mga sangay, lalo na ang Area Teaching* Committee *at ang mga institute coordinator, ay naroon upang magbigay ng suporta sa mga indibidwal at mga grupo sa natatanging mga larangan ng paglilingkod: sa pagiging punong-abala ng mga pagtitipon upang manalangin, sa pagdaraos ng masistemang mga pagdalaw sa mga tahanan, at sa paglilingkod bilang mga guro ng mga klase para sa mga bata, bilang mga animator ng mga junior youth group, o bilang mga tutor ng mga study circle. Anuman ang gawain ng paglilingkod, ang pag-aaral at pagkilos na isinasagawa ng mga kalahok ay dapat maging bigkis ng mabuting samahan sa pagitan nila, at sa gayon ay naaakit ang mga iba sa kanilang paraan ng pagsisikap matuto.*

Pagkatapos talakayin ng inyong grupo ang mga parapo sa itaas, ilarawan ang iba't ibang paraan ng paghatid ng mga kurso na ginagamit sa inyong rehiyon. Paano binibigyan-daan ng gayong mga paraan ang lumalaking mga bilang upang sumulong sa landas ng paglilingkod, isang landas na natatangi sa pag-aaral at pagkilos?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## BAHAGI 29

Matapos nilay-nilayin ang iba't ibang paraan ng pagbibigay ng mga kurso, tingnan naman natin nang tuwiran ang study circle, bilang isa sa pangunahing mga elemento kung saan isinaayos ang sistema ng edukasyon, at suriin nang maikli kung paano ito kumikilos, mula sa pananaw ng isang tutor. Alam na ninyo na walang nakatakdang patakaran na kailangang sundin ng isang grupo. Sa gayon ang gagawin natin ay isasaalang-alang ang ilang sitwasyon sa isang

study circle. Ang mga sitwasyong inilalarawan ay magkakaiba-iba at hindi naman tiyak na makakaharap ninyo sa paglilingkod bilang isang tutor. Subalit ang paglilimi sa mga katanungang inihaharap sa bawat isa ay makatutulong sa inyo upang pag-isipan kung paano kayo tutugon sa kahalintulad na sitwasyon na maaaring harapin ninyo.

1. Kasisimula mo pa lamang ng isang study circle kasama ang walong kabataan. Ang kanilang mga edad ay mula 16 hanggang 19. Pagkatapos ng ilang dalangin, nagbigay ka ng ilang salita tungkol sa katangian ng mga kurso ng institute at pagkatapos ay itinanong sa kanila kung may mga kaisipan ba silang nais ibahagi. Tatlo lamang sa kanila ang nagsalita, at yamang nakikita mong nag-aalangan ang mga iba, hindi mo ipinagpilitang magsalita sila. Nagpatuloy ka sa pagpapakilala sa unang yunit ng Aklat 1, sa pagpapaliwag ng layunin at mga nilalaman nito. Ano ang iyong sasabihin?

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

2. Sa pagkakataon ding iyon, pagkatapos ng iyong mga salitang pambungad, nagsimula nang pag-aralan ng mga kalahok ang Bahagi 1 ng unang yunit. Ipinasiya mong ang pinakamabuting paraan upang pag-aralan ang bahagi ay humiling sa isang kalahok na basahin nang malakas ang unang sipi at pagkatapos ay iharap ang tanong na kasunod niyon sa mga ibang kalahok. Ipinaliwanag mo ang layunin ng pagsasanay na ito ay upang tulungan silang tumutok sa kagyat at malinaw na kahulugan ng isang sipi bago pa nila isipin ang pagsasagawa at mga ipinahihiwatig nito. Lahat sila ay muling tumingin sa sipi at ang ilan sa kanila ay tumugon sa tanong sa pagbigkas ng sipi. Pagkatapos ay nagpatuloy ka sa paghiling sa isa pang kalahok na ganoon din ang gawin sa pangalawang sipi at nagpatuloy kayo sa ganoong paraan hanggang sa dulo ng bahagi. Sa kalaunan, sa pagdating ninyo sa kasunod na pangkat ng mga sipi sa Bahagi 3, hinati mo ang mga kalahok sa apat na grupo ng tigdalawa, at inanyayahang isagawa ang gawaing ito nang magkapares. Ano ang iyong gagawin habang ito ay nagaganap? Oobserbahan ba ninyo kung paano isinasagawa ng bawat pares ang gawaing ito? Ano ang iyong gagawin kung naging madali ang gawain para sa isang pares at natapos nila ito nang mahusay subalit mabilis?

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

3. Pagkalipas ng ilang linggo, pinag-aaralan ng grupo ring iyon ang Bahagi 3 ng pangatlong yunit ng Aklat 1, kung saan tinatalakay ang ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan. Ang parapong pambungad at ang sipi ay binasa na nang malakas, at ang ilang panahon ay inilaan na para sa pagninilay-nilay sa mga ideyang inilahad. Ngayon ang bawat isa ay ginagawa ang mga pagsasanay nang sarilinan. Tahimik ang silid, at

ang namamayaning kapaligiran ay seryoso at disiplinadong paglilimi. Ano ang iyong ginawa upang tumulong sa paglikha ng gayong kapaligiran?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Ikaw ay naglilingkod bilang isang tutor ng isang study circle na binubuo ng mga kabataan sa isang nayon o kapitbahayan kung saan ang proseso ng pagtatatag ng pamayanan ay nasa maagang mga yugto pa lamang. Nakabuo na ng ilang junior youth group at nagsisimula nang mag-ugat ang kaugalian ng pagdalaw sa mga tahanan, lalo na ng mga kalahok sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas. Bunga niyon, marami sa mga pamilya ay naaakit sa mga katuruan ng Pananampalataya. Katatapos pa lamang ninyo at ng mga kabataan sa pag-aaral sa Aklat 1 sa isang study circle, at sabik silang sunggaban ang pagkakataong dumalaw sa ilan sa mga pamilyang ito at ibahagi sa kanila ang mga dasal. Paano mo sila tutulungan upang magawa ito?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Pinag-aaralan mo at ng isang grupo ng mga estudyante sa high school ang Aklat 2 sa inyong nayon o kapitbahayan. Habang sila ay nasa pangalawang yunit, “Mga Usapang Nagpapasigla”, iminungkahi mong subukan nilang isagawa ang kanilang natututunan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga usapan sa kanilang mga kamag-aral tungkol sa mga paksang may kabuluhang panlipunan at espiritwal. Ano ang ilang bagay na iyong magagawa upang tiyakin na umuunlad ang kanilang kakayahang makipag-usap sa espiritwal na mga bagay? Halimbawa, bakit kailangan mo munang tulungan ang bawat kalahok na pumili, habang pinag-aaralan ang yunit, ng isa man lamang sa mga pahayag at tukuyin ang ilang kaibigan na kakausapin niya ukol sa mga ideyang nilalaman doon?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

6. Pagkalipas ng ilang linggo, ang grupo ring iyon ng mga kabataan ay pumasok na sa pangatlong yunit ng Aklat 2, at kasisimula pa lamang sa Bahagi 3, kung saan ay pinag-aaralan nila ang pahayag sa walang-hanggang Kasunduan ng Diyos. Pagkatapos basahin ang buong pahayag, bakit mahalaga para sa mga kalahok ang nilay-nilayin ang

bawat parapo nito, tukuyin ang serye ng mga ideyang nilalaman nito, at matutunang ilahad ang mga ito nang malinaw?

7. Ang isang grupong ginagabayan mo sa Aklat 2 ay natapos na ng pag-aaral nito, at dumating na ang oras upang isagawa nila ang kanilang natutunan sa pamamagitan ng pagdalaw sa mga tahanan at pagkakaroon ng mga usapan sa mga pamilya tungkol sa isang serye ng mga tema. Habang isinasaisip ang mga kalagayan kung saan kayo ay naninirahan, paano aalalayan ang bawat isa sa mga kabataan sa paghahanda at pagsasagawa ng gayong mga pagdalaw, lalo na sa maagang mga yugto, habang nililinang pa ang kanilang kakayahan? Paano titiyakin na ang kanilang pakikilahok sa masistemang programa ng pagdalaw sa mga tahanan ay magpapalakas sa paraan ng pamumuhay ng pamayanan?

8. Sa ibang pagkakataon, tinutulungan mo ang isang grupo ng mga kaibigan upang pag-aralan ang Aklat 3, *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1*. Nasa pangalawang yunit na sila, kung saan naroroon ang dalawampu't apat na aralin para sa mga klase. Pagkatapos pag-aralan nang masinsinan ang unang pangkat ng apat na mga aralin, hinihimok mo ang mga kalahok, sang-ayon sa iminumungkahi sa Bahagi 5, na ituro ang mga aralin sa ilang bata na kilala nila—mula sa sarili nilang mga kamag-anak o mula sa kanilang mga kapitbahay. Paano mo tutulungan ang bawat isa sa kanila sa pagbuo ng isang plano ng pagkilos kaugnay nito? Anong paraan ang iyong gagamitin upang tulungan silang magnilay-nilay sa mga kilos na ginawa nila sa kasunod na pagtitipon ng study circle?

9. Katatapos mo pa lang pag-aralan ang pangalawang yunit ng Aklat 4 kasama ang isang grupo ng mga kabataan. Nagsanay na sila sa pagsasalaysay ng bawat isa sa mga yugto sa buhay ng Báb habang pinag-aaralan nila ang iba't ibang bahagi ng yunit, at ngayon ay isinaulo na nila ang dalawang dalanging ipinahayag Niya at sinisikap nang isaulo

ang Kaniyang talumpati sa mga Titik ng Nabubuhay. Ang anibersaryo ng Pagpapahayag ng Báb ay lumalapit na, at nagboluntaryo ang grupo na ihanda ang programa para sa pagdiriwang ng Banal na Araw sa pamayanan. Sabik silang gamitin ang kanilang natutunan. Paano mo sila tutulungan sa pagpaplano ng programa at sa paghahanda para sa pagdiriwang? Ano ang inyong magagawa bilang tutor upang tiyakin na ang bawat miyembro ng grupo ay may maibabahagi sa paglikha ng isang mapitagan at maligayang pagdiriwang?

10. Alinsunod sa kahilingan ng coordinator ng pangunahing serye, ginagabayan mo ang isang maliit na grupo ng mga kabataan sa Aklat 5. Nang matapos ang pangalawang yunit, tinulungan mo sila sa pakikipag-usap sa ilang junior youth upang magtamo sila ng ilang malalim na pag-unawa kaugnay ng paraan ng pag-iisip ng mga nasa ganitong edad tungkol sa ilang mahalagang tema. Paano mo sila tutulungan upang magawa ito? Halimbawa, kakausapin ba nila ang mga junior youth nang mag-isa? Makikipag-usap ba sila sa mga junior youth nang magkapares, at sino ang aalalay sa kanila? Paano mo sila gagabayan sa pagninilay-nilay sa kanilang karanasan?

11. Pinag-aaralan ninyo ang pangatlong yunit ng Aklat 6 kasama ang isang grupo ng mga kabataan, na lahat sila ay bahagi ng isang lumalaking nukleo ng mga kaibigang gumagawa sa inyong nayon o kapitbahayan. Malapit nang magsimula ang isang bagong tatlong-buwang cycle ng mga gawain, at ang mga pagsisikap sa loob ng yugto ng pagpapalawak ay tututok sa pagtuturo ng Kapakanan sa interesadong mga pamilya ng mga kabataang nakikilahok sa mga gawaing pang-edukasyon ng institute. Pinag-aralan na ng mga kalahok ang usapan sa pagitan ni Anna at Emilia, at nagsanay na sila sa paglalahad ng mga ideya sa isa't isa. Anong tulong ang titiyakin mong matatanggap nila sa panahon ng campaign, nang sa ganoon ay magtatamo sila ng karanasan sa paglalahad ng mga katuruan ng Pananampalataya sa isang kapani-paniwalang paraan?

## BAHAGI 30

Ang serye ng mga kurso, ang study circle, at ang tutor ay bumubuo ng tatlong pangunahing elemento ng sistema ng edukasyon ng Ruhi Institute. Malinaw na itinaas ng nakaraang mga bahagi ang inyong kamalayan sa napakahalagang ginagampanan ng tutor sa sistemang ito. Maaaring ngayon ang naaangkop na panahon upang repasuhin ninyo ang inyong napag-aralan na hanggang dito at pagkatapos ay sumulat ng isa o dalawang parapo tungkol sa pagpupunyaging sinisimulan ninyo ngayon.

Kahit hindi pa nakikita ang inyong isinulat, maipagpapalagay natin na ang inyong paglalarawan ay umiinog sa konsepto ng paglilingkod. Iminumungkahing isaulo ninyo ang sumusunod na dalawang sipi tungkol sa katayuan ng paglilingkod, ang una ay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh at ang pangalawa ay mula sa isang Tabletang ipinahayag ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang kawing ng paglilingkod na itinatag sa pagitan ng sumasamba at ng Siyang minimithi, sa pagitan ng nilikha at ng Manlilikha, sa mismong sarili nito ay dapat ituring bilang isang tanda ng Kaniyang magiliw na pagpapala sa mga tao, at hindi bilang pahiwatig ng anumang kabutihan na maaaring tinataglay nila. Sumasaksi rito ang bawat mananampalatayang tunay at nakapangingilatis."[10]**

> **"O tagapaglingkod ng mga minamahal ng Diyos! Ang tagapaglingkod ng mga kaibigan ay ang tagapaglingkod ng Pinagpalang Kagandahan. Ang sinumang nagmamahal sa Kaniya ay naglilingkod sa Kaniyang mga minamahal. Ang pinakamimithing hangarin ng puso ng tagapaglingkod na ito, sa paglilingkod sa mga kaibigan ng Kagandahan ng Abhá, ako sana ay maging isang matapat at kaaya-ayang tagapaglingkod, binibigkisan ko sana sa araw at gabi ang mga balakang ng paglilingkod, at sa gayon ay aanihin ang bunga ng puno ng pagkabuhay. Ang katawan na hindi nagpakakuba sa landas ng paglilingkod sa mga kaibigan ay walang iba kundi isang piraso ng patay na kahoy, at ang likod na hindi yumukod mula sa pagtiis ng mga kahirapan alang-alang sa kanila ay isa lamang tuod na walang bunga. Samakatwid, mabuti para sa iyo na iyong isinasagawa ang paglilingkod sa mga kaibigan at ikaw ay matapat nilang alila. Ito ay ang paghahari sa magkabilang daigdig at luwalhati kapuwa rito at sa susunod."[11]**

## BAHAGI 31

Marahil ang inyong mga talakayan sa iba't ibang tema na iniharap sa yunit na ito ay kinumbinsi kayo na ang mga kahusayang kinakailangan upang maglingkod bilang isang tutor ay natatamo lamang sa paglipas ng panahon at sa paglikom ng karanasan. Ang layunin ng aklat na ito ay upang ipabatid sa inyo ang ilang konsepto at idako kayo tungo sa isang landas kung saan patuloy ninyong pahuhusayin ang inyong kakayahang tulungan ang sunod-sunod na grupo upang sumulong sa pangunahing serye ng mga kurso ng Ruhi Institute, mula sa pinakauna hanggang sa mga kursong lampas pa sa Aklat 7. Ang isa sa pinakamabungang mga paraan upang isulong ninyo ang inyong pag-unawa sa nauugnay na mga konsepto at upang magtamo ng malalim na mga pag-unawa sa espiritwal na mga katangian at mga saloobin, at gayundin sa mga kasayanan at kahusayan, na kinakailangan nitong gawain ng paglilingkod ay ang dumalo sa regular na mga pagtitipon para sa mga tutor na isinasaayos ng institute sa inyong rehiyon. Sa ganoong mga pagtitipon, ang iba't ibang karanasan ay sinusuri at ang kasagutan sa napakaraming katanungan ay hinahanap.

Ang mga bahaging pambungad sa bawat aklat, "Ilang Kaisipan para sa Tutor", ay madalas na sinusuri kaugnay ng karanasan sa mga pagtitipong ito. Ang isang natatanging punto ay dapat banggitin dito. Ang mga bahaging ito ay para sa mga naglilingkod na bilang mga tutor, at hindi kailangang basahin ang mga ito ng mga kalahok sa pag-aaral nila ng aklat. Sa katunayan, ang paggawa niyon ay maaaring makapinsala pa. Gayumpaman, maaaring maging

kapaki-pakinabang para sa isang tutor na gamitin ang ilang ideya sa gayong mga bahagi sa pagtulong sa mga kaibigan upang magkaroon ng pagpapahalaga sa masaklaw na layunin ng bawat yunit ng aklat at ang layuning ng ilang pagsasanay. Subalit ito ay laging gagawin, sa isang takdang sukat, bilang tugon sa karanasan ng pagtuturo at pagkatuto na nagaganap sa loob ng grupo.

Ngayon ay pag-isipan natin ang katangian ng isang pagtitipon ng mga tutor. Ang isang bahagi ng pagtitipon ay maaaring nakalaan sa pagtalakay ng ilang mahalagang bahagi ng mga kurso ng institute, na marami sa mga iyon ay mahihimalay sa “Ilang Kaisipan para sa Tutor” ng Aklat 1. Ang ilan sa mga ito ay nasa ibaba. Maaaring nanaisin ninyong magdagdag ng ilan pa sa listahan.

– Ang lahat ng mga kalahok sa mga kurso ng Ruhi Institute, maging pinag-aaralan nila ang mga aralin sa unang pagkakataon o naglilingkod bilang mga tutor, ay abala sa isang nagtutugunang proseso ng pagsisikap matuto.

– Ang tungkuling matuto ay nasa bawat isang kalahok.

– Ang tutor, malayo sa pagiging isang nakawalay at walang-kibo na tagapamahala lamang ng talakayan, ay tinutulungan ang bawat miyembro ng grupo sa pagtamo ng isang makatwirang antas ng pag-unawa sa pinag-aaralan.

– Ang kakayahan ng tutor upang mabisang tulungan ang mga kalahok na maging abala sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay higit pang pinahuhusay habang ginagabayan niya ang sunod-sunod na grupo sa mga kurso at tinutulungan ang mga miyembro nito sa pagtatamo ng ilang panimulang karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi ng bawat aklat.

– Sa proseso ng edukasyon, na naiiba roon sa pagtatamo lamang ng payak na mga kasanayan, napakahalaga para sa mga kalahok na patuloy na lumalim ang kanilang kamalayan sa kahulugan at kahalagahan ng ginagawa nila.

– Binabakas ng mga kurso ng Ruhi Institute ang isang landas ng paglilingkod sa sangkatauhan, kung saan ang bawat kalahok ay lumalakad sa sarili niyang tulin, inaalalayan at umaalalay sa mga iba.

– Sa pagtahak ng landas na ito, ipinatutupad ng mga kalahok ang dalawang layuning moral—ang pag-asikaso sa sarili nilang espiritwal at intelektuwal na paglaki at ang pagtulong sa pagbabago ng lipunan.

– Ang pagsulong sa landas na ito ay nangangailangan ng pag-unlad ng ilang kakayahang nangangailangan ng pag-unawa at kaalaman, ng mga katangiang espiritwal at kapuri-puring mga saloobin, at gayundin ng maraming iba pang abilidad at kasanayan.

– Humahango ang mga aklat ng Ruhi Institute sa dalawang pinagmumulan ng kaalaman: ang mga katuruan ng Pananampalatayang Bahá’í at ang nalilikom na karanasan ng pandaigdig na pamayanang Bahá’í sa pagsusulong nito ng kabihasnang materyal at espiritwal.

– Ang nagbibigay ng inspirasyon sa Institute ay ang larawang-isip ni Bahá’u’lláh ukol sa uri ng indibidwal na maaari tayong maging at ang uri ng kabihasnan na maaari nating itatag, at sa gayon ay ipinagpapalagay na ang lahat ng mga kalahok, maging anupaman ang kanilang pinanggalingan, ay handang tanggapin ang larawang-isip na ito, na iyon ay malinaw na inilalahad sa bawat yunit ng bawat aklat.

– Ang pagtahak sa landas ng paglilingkod na ibinubukas ng mga kurso ng institute ay nangangailangan ng patuloy na lumalalim na pag-unawa sa mga katuruan ni Bahá’u’lláh, na sinisikap ilahad ng mga aralin nang malinaw.

– Hinaharap ng unang yunit ng Aklat 1 ang paksa ng pag-unawa, na nasa kaibuturan ng lahat ng mga kurso ng Institute.

– Inaasahan mula sa mga kalahok na una muna nilang uunawain ang lantad na kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatan. Batay roon, tinutulungan sila upang makita kung paano maaaring magkaroon ng kongkretong paghahayag ang mga ideyang nilalaman ng mga iyon, bago pa isinusulong nang higit pa ang kanilang pag-unawa sa pagsasaalang-alang ng ilan sa mga ipinahihiwatig ng mga ito.

– Ang kakayahang bigyan-pansin ang kagyat at lantad na kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatan ay nakatutulong sa paglikha ng pagkakaisa sa mga pamayanang Bahá’í.

– Ang mahabang talakaya ng kahulugan ng paisa-isang mga salita nang hindi iniuugnay sa siping pinag-aaralan ay maaaring hindi magdulot ng bunga.

– Kailangang magtakda ng isang ritmo ng pagsulong sa pag-aaral ng bawat kurso.

– Dapat iwasan ng mga grupong nag-aaral, sa isang dako, ang mababaw na paraan kung saan hindi sinusuri nang maingat ang mga pagsasanay, at sa kabilang dako, ang napakahabang talakayan ng isang ideya na umaagaw ng pansin mula sa pangunahing layunin ng yunit.

– Ang ilang katanungan ay hindi masasagot sa isang tiyak na paraan at inihaharap lamang upang itaas ang kamalayan ukol sa isang paksa.

– ______________________________________________

______________________________________________

– ______________________________________________

______________________________________________

– ______________________________________________

______________________________________________

– ______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 32

Ang isa pang ginagawa sa mga pagtitipon ng mga tutor ay ang pagrepaso sa isa o mahigit pang mga yunit ng isang aklat, kung saan sinusuri ang nilalaman kaugnay ng karanasan at tinatalakay ang natatanging mga sipi at mga pagsasanay. Upang maibahagi sa inyo ang halimbawa ng uri ng pagsasanggunian na isasagawa ninyo sa mga pagtitipong ito, ihaharap sa inyo rito at sa kasunod na tatlong bahagi ang ilang usapang kathang-isip sa pagitan ng isang tao na mahaba na ang karanasan at ng isang grupo ng mga tutor, na nagsasanggunian tungkol sa nilalaman ng Aklat 1, *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu*, sa karaniwang kapaligiran ng pagkakaibigan, pagpapakumbaba, at pagsisikap matuto. Ang bawat usapan ay susundan ng isa o dalawang pagsasanay na dapat ninyong isagawa. Para sa mga pahinang ito, sina "A", "B", at "C" ay tumutukoy sa tatlong tutor na nakikilahok sa pagtitipon, at si "M" ay ang coordinator ng pangunahing serye. Pinag-uusapan nila ang mga pagsasanay sa Bahagi 2 ng unang yunit. Makabubuti sa inyo ang tingnan ang bahaging iyon ngayon.

*A: Gusto ko lang sabihin na malaki ang naitulong sa akin ng isang binanggit sa "Ilang Kaisipan para sa Tutor". Kaugnay iyon sa pahayag doon sa Pangatlong Pagsasanay na "Kaunting-kaunti lamang ang mabubuting tao sa daigdig kaya walang bisa ang kanilang mga kilos." Tama ang sagot ng lahat ng nasa grupo na pinaglilingkuran ko bilang tutor na hindi totoo ang pahayag na iyon. Nang itanong ko sa kanila kung bakit, nakapagbigay sila ng maraming dahilan, na ang lahat ay maganda. Ngunit sa wakas ay kinailangan kong hilingin sa kanilang tingnan muli ang unang sipi sa nakaraang bahagi at timbangin ang pahayag kaugnay ng siping iyon. Sa gayon natanto ng lahat na ang pahayag ay salungat sa mga salita ni Bahá'u'lláh. Ang kamalayang ito ay nagbigay ng lakas-loob at sigla sa grupo.*

*B: Subalit ang gayong malinaw na mga sagot sa lahat ng mga pagsasanay ay hindi laging matatagpuan sa mga sipi. Tingnan natin ang kasunod na pahayag sa pagsasanay ring iyon na "Tama ang isang bagay kapag ito'y sumang-ayon sa mga palagay ng tao." Wala sa naunang mga sipi ang malinaw na hinaharap ang paksang ito. Kadalasan ay sinasabi ng lahat na ang pahayag na ito ay hindi totoo. Dapat bang tanggapin na lang ang sagot o kinakailangan ba ng ilang talakayan?*

*M: Ito ay isang bagay na kailangan ninyong ipasiya sang-ayon sa kalagayan ng grupo. May alam akong ilang grupo kung saan ang maikling talakayan sa ipinahihiwatig ng pahayag na ito ay nakatulong upang lumalim ang kabatiran ng mga kalahok. Totoo na ang mga katuruan ng Diyos ang nagtatakda kung ano ang tama at mali, subalit kailangan din nating pakinggan ang mga ideya at kuro-kuro ng mga tao. Subalit kung hanggang saan natin pahahalagahan ang mga kuro-kurong ito at hahayaang maka-impluwensiya sa atin ay mga bagay na nararapat nilay-nilayin.*

*C: Sinusuri ng panlimang pagsasanay sa bahaging iyon ang mga sitwasyon kung saan ang mga salita ng tao ay naiiba sa kanilang mga gawa. Madali lang ang kagyat na mga sagot, at sa palagay ko ganoon talaga ang nilalayon doon. Subalit sa palagay ko ay may iba pang layunin sa pagsasanay na ito. Kung minsan kasi nagiging ugali na natin ang sabihin sa mga tao kung ano ang dapat at hindi dapat nilang gawin: Huwag uminom. Panatilihin ang kalinisang-puri. Huwag magsinungaling. Nakikita kong iniiwasan ng mga aklat ng Ruhi Institute ang magsermon sa mga tao. Tinutulungan nila ang mga tao upang mag-isip at gumawa ng mga pasiya ayon sa moralidad. Sa pagsasanay na ito, ang pagkabatid na kapag kumikilos sa isang tanging paraan ay*

*mapapabilang sila roon sa mga "naiiba ang mga salita sa kanilang mga gawa"—na pinag-iingat tayo nang husto ni Bahá'u'lláh laban dito—ay nagkaroon ng napakatinding epekto sa mga miyembro ng grupo na kasama kong nag-aaral. At nagustuhan ko ang pagsasanay na ito dahil nagawa naming pag-usapan ang wastong kadahilanan ng ilang batas at simulain ng moralidad sa isang paraang nakawalay, samantalang iginagalang ang dangal ng mga kalahok.*

*M: Magandang punto iyan binanggit mo. Narito ang isang pagsasanay na waring madali lang. Itinatakda nito ang pamantayan, nang hindi naman lantarang sinasabi iyon. Sa halip ay hinahayaan nitong umabot ang mga kalahok sa isang pag-unawa sa mga batas at simulaing moral. Marahil ay nakita ninyong ang limang katanungan na kasunod ng pagsasanay ay may kahalintulad na epekto, bagama't hindi gaanong tahas ang mga iyon. Kadalasan ay nakabubuti kapag magsanggunian ang mga kalahok tungkol sa mga ito. Mangyari pa, hindi ninyo nanaising dumako ang pagsasanggunian sa labis na maraming direksiyon, subalit kailangan ng mga kalahok ng pagkakataong magnilay-nilay sa moral na asal. Kailangan din nilang magtamo ng kamalayan na ang mga kilos ng isang tao ay may epekto sa daigdig at sa mabuting kalagayan ng sangkatauhan, at ang magtamo ng isang pagpapahalaga sa katotohanang ang tao ay may pananagutan para sa sarili niyang mga kilos.*

1. Isipin ang sinabi ni tutor "B" sa itaas. Hindi lahat ng pagkakataon ay matatagpuan ang sagot sa mga tanong sa mga pagsasanay sa pamamagitan lamang ng pagbasa sa mga sipi sa aralin. Tulad ng nalalaman ninyo, nilalayon ng ilan sa mga pagsasanay na tulungan ang mga kalahok na pag-isipan ang kongkretong paghahayag ng mga sipi mula sa mga Kasulatan sa sariling pang-araw-araw na buhay. Ang pag-aaral ng Rebelasyon ay dapat humantong sa sadya at pursigidong pagsisikap na isagawa ang mga katuruan, na iyon ay nangangailangan ng pag-iisip, pagsasanggunian, at pagsusuri sa sariling pag-unawa kaugnay ng karanasan. Kapag hindi malinaw na nauunawan ang prosesong ito, maaaring lumitaw ang hindi kanais-nais na mga katangian sa isang indibidwal o kahit sa isang pamayanan. Halimbawa, kung ang isang tao ay laging sumisipi mula sa "banal na mga kasulatan", samantalang hindi binibigyan-pansin ang anumang ibang pinagmumulan ng kaalaman, at ayaw maniwala sa kabuluhan ng karanasang natipon, maaari siyang magkaroon ng makitid na isipan. Sa kabilang dako, ang isang tao na nagbibigay ng labis na pagpapahalaga sa karanasan at mga kuro-kuro ng tao at ibinababa ang awtoridad ng Banal na Teksto ay masasadlak sa uri ng relatibismo kung saan ang lahat ng bagay ay batay lamang sa kultura o personal na kagustuhan. Talakayin sa inyong grupo kung paano ang dalawang paninindigan na ito ay maaaring magbunga ng pamahiin, di-pagpaparaya, panatisismo, at padaskol-daskol.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ang tugon kay tutor "B" ni "M", na naglilingkod bilang coordinator ng pangunahing serye, ay nararapat nilay-nilayin. Maaaring hindi pa sapat na markahan lamang ng mga kalahok na hindi totoo ang pahayag na "Tama ang isang bagay kapag ito'y sumang-ayon sa mga palagay ng tao." Maaaring kailangan ninyong talakayin sa kanila, halimbawa, ang kahalagahan ng pakikinig sa mga nagtataglay ng nauugnay na karanasan at ng paghingi ng mahusay na payo ukol sa maraming suliraning hinaharap natin sa buhay. Upang mapadali ang gayong talakayan, natural lamang na kailangan ninyong pag-isipan nang malalim ang bagay na ito kaugnay ng inyong kaalaman sa mga kasulatan. Sa inyong palagay, alin sa sumusunod na bagay ay nararapat tayong humingi ng payo sa iba?

- _____ Ang pag-aaralan natin sa hinaharap
- _____ Kung paano makapagbibigay ng angkop na panahon sa ating pag-aaral at sa paglilingkod sa Pananampalataya
- _____ Kung dapat ba o hindi na maglingkod sa Pananampalataya
- _____ Ang kahulugan ng ating napanaginipan
- _____ Ang pagsasagawa ng isa sa mga batas ng Pananampalataya sa isang tanging sitwasyon
- _____ Kung dapat ba o hindi ang sumunod sa mga batas ng Pananampalataya
- _____ Paano palakihin ang ating mga anak
- _____ Kung dapat ba o hindi na patawarin ang isang tao dahil sa kaniyang ginawa
- _____ Kung dapat ba o hindi na tulungan ang isang tao na nangangailangan ng tulong
- _____ Ang paggamot sa isang pisikal na karamdaman
- _____ Ang ating problema sa isa nating kaibigan
- _____ Kung dapat ba o hindi ibigay ang isang matimbang na tungkulin sa isang tao na hindi natin gaanong kilala

3. Makatutulung sa inyo ang pag-isipan ang mga sinabi ni tutor "C" at ang kasunod na komentaryo ng coordinator. Madalas, kapag sinisikap nating ipabatid ang isang ideya, maaari tayong mauwi sa "pagsermon" sa tao. Subalit ang ganitong paraan ay bihira lamang magkaroon ng magandang bunga. Tingnan ang pagsasanay na binanggit ni "C". Pagkatapos ng pagsasanay, maaaring hilingin ng tutor sa mga kalahok na gumawa ng listahan ng mga bagay na hindi nila dapat gawin at pagkatapos ay kausapin sila nang madetalye tungkol sa kahalagahan ng wastong asal, at ipinapasok sa usapan ang masamang mga bunga ng paglabag sa mga batas na moral. Ipaliwanag kung bakit ang ganoong paraan ay kapuwa hindi mabisa ni hindi rin marapat.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 33

Balikan natin ang usapang kathang-isip sa pagitan ng mga kalahok sa pagtitipon para sa mga tutor. Pinag-uusapan na nila ngayon ang ibang mga bahagi ng unang yunit ng Aklat 1.

*A: Medyo nahirapan ako sa ikaapat na tanong sa Bahagi 4 nang tinutulungan kong pag-aralan ito sa isang grupo. Lubhang magkakaiba ang mga ideya ng mga kalahok ukol sa kung posible bang magsinungaling sa sarili, at napakahirap umabot sa iisang pananaw.*

*M: Ang layunin ng maraming katanungan sa iba't ibang yunit ay upang pukawin ang pag-iisip at pagsasanggunian. Ang mga isyung inihaharap ay masyadong masalimuot upang malutas agad, at maaaring magbago ang pananaw ng isang tao ukol sa paksa nang ilang beses sa paglipas ng mga taon. Ang sagot sa tanong na binanggit mo ay oo: Posible ngang magsinungaling ang isang tao sa kaniyang sarili at maraming tao ang gumagawa niyon. Gayumpaman, sa palagay ng ilan, sa huling pagsusuri ay alam din ng taong iyon na nagsisinungaling siya. Ito ay hindi isang bagay na madaling mapagkasunduan. Ang magagawa natin ay ang magbigay ng mga halimbawa ng ilang sitwasyon at hilingin sa ating mga grupo na ipasiya kung ang bawat isa ay pagsisinungaling ba sa sarili o hindi. Pagkatapos ay dapat nating pakinggan ang lahat ng mga dahilan sa ibinigay na mga sagot at masiyahan na yamang tinalakay ang paksa at ang lahat sa sumulong ang pag-unawa. Sa huli, ang tanong ay inihaharap naman sa antas ng asal, at hindi sa diwa ng pilosopiya.*

*C: Maaaring tumatalon na ako sa unahan ngunit gusto kong ibahagi sa inyo ang isang karanasan at pagkatapos ay magharap ng isang tanong. Sa aming grupo, ang nadama ko ay nagmamadali ang lahat upang tapusin ang Pagsasanay 4 ng Bahagi 8, kung saan ay hinihingi sa atin na ipasiya kung ang isang pahayag ay totoo o hindi. Sa gayon ay iminungkahi kong huminto kami sandali at pag-usapan ang disiplinang kinakailangan upang mapaglabanan ang paninirang-puri—na iyon ang paksa ng pagsasanay na iyon. Kawili-wili ang talakayan. Napagtanto naming ang paninirang-puri sa katunayan ay isang kaugalian ng lipunan; ito ay bahagi ng ating kultura. Ang usapang ito ay umubos ng halos labinlimang minuto. Pagkatapos ay bumalik kami sa pagsasanay, na sa pakiwari ko, ay isinagawa nang higit na malalim ang pag-unawa. Sa palagay ba ninyo ay nasa katwiran ako sa pagbigay ng ganoong tanong?*

*M: Sa palagay ko ikaw ay lubos na nasa katwiran. Ginamit mo ang kakayahang makibagay na isang mahalagang katangian ng mga aralin upang mapahusay pa ang pag-unawa. Mangyari pa, alam nating lahat na ang ganitong uri ng pagsasanay ay hindi katulad ng mga ipinagagawa sa mga estudyante sa paaralan. Ang mga pagsasanay kung saan hinihiling sa ating ipasiya kung totoo ang mga pahayag ay madalas na inilalabas ang pinong mga punto at nililinaw ang mga ipinahihiwatig ng mga salita at mga kilos.*

*A:* *Sana ay nagawa ko ang iyong ginawa noong pinag-aaralan ng aming grupo ang bahaging iyon. Batay sa ilang pagkakataon ng kawalan ng pagkakaisa na naranasan namin kamakailan, waring hindi namin ganap na naunawaan ang pinsala na idinudulot ng paninirang-puri sa isang grupo ng mga kaibigan.*

*B:* *May nangyari sa akin na maaaring maging kawili-wili sa inyo. Sa unang pagkakataon na pinag-aralan ko ang yunit na ito, napagtanto kong kung minsan ay kinakailangang iharap sa mga tao ang mga halimbawa ng mga kilos na taliwas sa mga katuruan upang pukawin ang pag-iisip tungkol sa wastong pagsasagawa ng mga ito. Kaya nang umabot ang grupong pinaglilingkuran ko ngayon bilang tutor sa Pagsasanay 2 ng Bahagi 6, kung saan, tulad ng nalalaman ninyo, hinihiling sa mga kalahok na suriin ang ilang parilala at ipasiya kung ang mga iyon ay buhat sa "mabait na dila", naghanda rin ako ng sarili kong mga parirala. Ang isa sa mga kalahok ay medyo masakit magsalita, at akala ko kapag idaragdag ko ang ilan sa mga pangungusap na madalas niyang gamitin, ay mababatid niya ang sarili niyang masamang ugali. Aba, nasaktan ko talaga siya. Nang basahin ko ang una kong parirala, biglang umiral sa grupo ang asiwang katahimikan, at nakita kong nagulat siya at tumingin sa akin. Bigla ko na lang napagtanto na ako pala mismo ay hindi naging mabait, at nahiya ako sa sarili ko. Iyan ang isang bagay na hinding-hindi ko na uulitin.*

*M:* *Ang mga pagsasanay kung saan ipinakikita ang mga sitwasyong hindi kanais-nais ay nakatutulong lamang kapag ang mga ito ay maaaring suriin sa paraang nakawalay, na iyon ay hindi posible kapag may tao itong pinupuntirya. Ngayon, nais kong tawagin ang inyong pansin sa isang huling punto bago natin tapusin ang ating talakayan ng unang yunit. Mahalagang hindi lamang pasadahan ang huling bahagi tungkol sa araw-araw na pagbabasa ng mga Kasulatan. Kailangan ninyong talakayin ito sa kanila kapag pinag-aaralan ninyo ito sa isang grupo, at kung kailangan, ay tulungan ang mga kalahok na pumili ng ilang sipi na maaari nilang basahin sa umaga at sa gabi para sa loob ng ilang panahon. Kaugnay ng ganitong layunin, kailangan ninyong tiyakin na lahat sila ay may kopya man lamang ng "Natatagong mga Salita". Kung wala silang kopya, kailangan ninyong tiyakin na makakukuha sila nito. Sa gayon, sa kasunod na mga pagtitipon ng study circle, maaari mong hilingin sa kanila na magbahagi sila ng ilang sipi na binasa nila.*

1. Sa pagtugon sa mga sinabi ni "A" tungkol sa pang-apat na katanungan sa Bahagi 4, ipinaliliwanag ng coordinator na isa ito sa maraming katanungan sa mga kurso na naglalayon lamang na pukawin ang pag-iisip at pagsasanggunian, at sa halip na umasa silang magkaroon ng nagkakaisang pananaw sa gayong mga isyu, ang mga tutor ay dapat masiyahan na kapag natulungan nila ang mga kalahok na sumulong ang kanilang pag-unawa. Habang isinasaisip ito, iminumungkahi ng coordinator na para sa natatanging pagkakataon na ito ay maaaring magbigay ang tutor ng ilang halimbawa ng tanging mga sitwasyon at itanong sa grupo kung ang bawat kaso ay pagsisinungaling sa sarili o hindi. Sikaping mag-isip ng ilang halimbawa na maaari ninyong iharap sa mga miyembro ng isang study circle upang pukawin ang kanilang pag-iisip.

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

2. Tulad ng nabanggit ni "M", ang coordinator, ang mga pagsasanay sa mga aralin ng Ruhi Institute kung saan pinasasagot sa mga kalahok kung ang mga pangungusap ay totoo o hindi ay naiiba roon sa uri ng mga katanungang ibinibigay sa mga pagsusulit sa paaralan, na madalas ay sinasagutan lamang nang hindi nag-iisip. Ang mga ito ay naglalayong akayin ang mga kalahok sa isang serye ng mga kaisipan o upang tulungan silang suriin ang isang konsepto mula sa iba't ibang panig. Iminumungkahing repasuhin ninyo ang ganitong uri ng mga pagsasanay sa unang yunit ng Aklat 1 sa inyong grupo ngayong araw na ito, at talakayin kung paano nakatutulong ang mga ito upang pahusayin ang pag-unawa.

## BAHAGI 34

Yamang napagnilay-nilayan na ang mga komento ng isang grupo ng mga tutor at ng institute coordinator ukol sa nilalaman ng unang yunit ng Aklat 1, basahin ang usapan sa ibaba tungkol sa pangalawang yunit, "Dasal".

*A: Ang grupong tinutulungan ko ay sabik magsimula ng pangalawang yunit. Masaya silang magkaroon ng pagkakataong pag-aralan ang mas mahabang mga sipi at nilay-nilayin ang kahalagahan ng dasal. Talagang makabuluhan na doon pa lamang, sa mismong simula, ay ipinabatid na sa kanila ang mga konsepto ng "landas ng paglilingkod" at ng "dalawang layuning moral". Nakatulong ito sa kanila upang magtamo ng malalim na pag-unawa sa napakalapit na ugnayan sa pagitan ng dasal at paglilingkod habang nagpapatuloy sila sa sunod-sunod na bahagi. Pinag-aralan namin ang apat sa sipi sa Bahagi 1 at ang kasama nitong mga katanungan sa gayunding paraan na ginawa namin sa unang yunit. Mabilis nilang naunawaan ang kagyat na kahulugan ng mga sipi at masulyapan ang dalawang layuning moral na pinagsasaligan ng mga ito. Nang dumating kami sa Pagsasanay 5, kinailangan naming huminto sandali at suriin ang mga pahayag kaugnay ng mga sipi. Halimbawa, naging hamon sa ilang kalahok ang pahayag na: "Kung lagi kang tumutulong sa iba, sa wakas hindi mo na alam ang sarili mong mga layunin." Ang talakayan ay nakatulong sa lahat upang maunawaan na ang "paglilingkod sa iba" at ang "sariling mga layunin" ay maaari lamang magkasalungat kapag ang mga layunin ay itinatakda sa paraang makasarili. Naging malinaw sa kanila, na kapag dalisay ang ating mga layunin, ang itatakda natin para sa ating mga sarili ay ang marangal na mga layuning maglingkod sa mga iba, at kapag nakilala natin na ang dahilan ng paglalang sa atin ay upang magpunyagi para sa pagpapabuti ng daigdig, sa gayon ang pagsusumikap para sa ating sariling personal na pag-unlad, nang espiritwal at intelektuwal, ay nakikita bilang hindi maipaghihiwalay sa ating pagtulong sa pagsulong ng lipunan.*

*B: Ganoon din ang ginawa namin sa mga pahayag sa aming grupo. Mangyari pa ay tiniyak kong ang talakayan ay hindi labis na mahaba at nanatili kaming nakatutok sa nais matamo ng pagsasanay. Halimbawa, napakarami na sa panahong ito ang*

*naniniwala na "Ikaw ang pinakamatalik mong kaibigan." Kinailangan naming suriin ang mga ipinahihiwatig nito kaugnay ng habag ng Diyos—kung paano ang isang dalisay na puso ay ang tumatanggap ng Kaniyang mga kaloob tulad ng nabanggit sa huling sipi sa bahaging iyon. Sa gayon ay natural na naunawaan ng mga kalahok na ang Diyos ay ang tunay nating Kaibigan.*

*C: Sa pag-aaral ng sipi mula sa Natatagong mga Salita na sinipi sa Bahagi 2, nagkaroon kami ng napakalalim na talakayan tungkol sa ibig sabihin na tayo ay nilikhang "mayaman", at napagtanto na hindi tayo ginagawang mayaman ng materyal na bagay kundi ang posibilidad na ilabas ang natatagong mga katangiang tulad ng pagpapakumbaba, pagkamakatotohanan, at pagiging mapagbigay. Sa gayon ay nagawa naming iugnay ang ideya ng isang puso na nilinis ng "pampakintab ng pag-ibig at ng pagkawalay sa lahat liban sa Diyos" at nilay-nilayin kung paano, sa ating mga pagsisikap na dalisayin ang ating mga puso mula sa lahat liban sa Kaniya, natural lamang na hanapin ang "kaliwanagan" mula sa bukal ng lahat ng kaalaman, ang ating Manlilikha, ang ating tunay na Kaibigan. Ang aming talakayan ay nakatulong din upang magtamo kami ng karagdagang malalim na pag-unawa na ang katangian ng ating ugnayan sa Diyos ay yaong pag-ibig, na nagbukas ng aming mga talakayan sa Bahagi 3, kung saan ay itinatanong, "Bakit tayo nagdarasal?"*

*M: Mukhang ang mga kalahok na kasama mo sa pag-aaral ng yunit ay nagkaroon ng malalim na pagninilay-nilay sa mga Kasulatan na sinipi sa naunang mga bahagi at ang mga pagsasanay ay nagbigay ng pagkakataon para sa mayamang talakayan at isinulong ang kanilang pag-unawa sa mga konseptong iniharap.*

*C: Kaugnay ng mga pagsasanay, natuklasan kong sabik isagawa ng mga kalahok ang mga iyon na nagtatanong ng kahulugan ng tanging mga salita—"dalitin", "bumigkas", "magsasabog", "katungkulang isagawa". Bumuo kami ng iba't ibang pangungusap gamit ang bawat salita upang matiyak namin na malinaw ang kahulugan nito, at magkaminsan, ay gumamit ng diksiyonaryo.*

*M: Sa palagay ko maayos naman ang ginawa ninyo. Tulad ng inilalarawan sa bahaging "Ilang Kaisipan para sa Tutor", wala namang batas laban sa paggamit ng diksiyonaryo sa tuwi-tuwina. Ang kailangan din lang ay ang unawain ang mga salita sa konteksto ng pagkakagamit nito, lalo na kung saan ang pinag-uusapan ay mga sipi mula sa mga Kasulatan. Dahil kung hindi, maaaring mapalayo ang pagtatalakay sa kahulugan ng isang salita, o ng dalawang magkahalintulad na salita, at kung ano ang pagkakaiba ng dalawang salita. Kung minsan, kapag tinitingnan ng mga tao ang isang sipi ayon sa bawat isang salita, ang higit na malaking layunin, na iyon ay ang unawain ang kahulugan ng buong sipi, ay nalilimutan. Halimbawa, sa Bahagi 6 ng yunit tungkol sa dasal, ang mga katanungan kaugnay ng kahulugan ng mga salitang "dalitin", "bumigkas", at "magsasabog" ay naroroon upang tulungan ang mga kalahok na tumutok sa ilang konsepto sa sipi; hindi iyon naroroon bilang pagsasanay sa bokabularyo.*

*B: May isa pang uri ng pagsasanay sa Bahagi 2 ng yunit na masyadong mabisa para sa mga kalahok ng study circle na nabanggit ko kanina. Iyon ay ang pagpuno sa mga patlang batay sa sipi mula sa mga Kasulatan.*

*C: Napansin ko nga na ginagamit ang ganitong paraan sa iba't ibang yunit ng mga aklat. Nakatutulong ito sa mga kalahok upang pag-isipan ang isang sipi sa pagtawag ng kanilang pansin sa ilang tanging mahalagang salita.*

*M: Ngayong tinalakay na natin ang layunin ng ilan sa mga pagsasanay, balikan natin at pag-isipan ang isa pang mahalagang konsepto sa yunit. Paano tumugon ang mga kalahok sa konsepto ng "kalagayan ng pagdarasal" na binanggit sa Bahagi 5?*

*B: Marami sa mga kalahok na kasama kong nag-aaral ng yunit ay hindi kailanman naisip ang dasal sa ganoong paraan. Tulad ko rin noong una kong pinag-aralan ang yunit, iniisip lamang nila ang dasal bilang isang bagay na ginagawa, hindi isang kalagayan na sinisikap marating. Kaya huminto kami sandali at pinag-usapan ang ideyang iyon bago kami nagpatuloy.*

*C: Nagkaroon ako ng kahalintulad na karanasan sa Bahagi 8, kung saan ang talakayan tungkol sa layunin ng dasal na nagsisimula sa Bahagi 3 ay ipinagpapatuloy pa. Bago para sa ilang kalahok ang ideya ng pag-aalinsunod ng ating mga sarili sa Kalooban ng Diyos. Sa simula ay hindi maliwanag sa kanila kung paano tayo makapagdarasal sa Diyos, at hinihiling sa Kaniyang punuan ang ating mga pangangailangan, at kasabay niyon ay masiyahan na sa anumang niloloob Niya. Subalit pagkatapos nilay-nilayin pa ang sipi mula kay 'Abdu'l-Bahá, natamo namin ang karagdagang malalim na pag-unawa sa paksang ito.*

*M: Ang lahat ng mga konseptong ito ay mahalagang saliksikin. Sa kasawiang-palad, habang nawawala sa daigdig ang malalim na pagpapahalaga sa relihiyon, dumarami ang mga taong hindi nagdarasal o itinuturing ang dasal bilang isang ritwal. May kaugaliang magdasal lamang kapag nasa krisis. Iyon ang dahilan kung bakit para sa mga naghahangad ng isang buhay na nakatuon sa Diyos at sa paglilingkod sa Kaniyang landas ay lubos na kinakailangan ang pagninilay-nilay sa gayong mahahalagang konseptong nauugnay sa dasal. Sa ganitong diwa, nagiging lalong mahalaga ang sinabi natin sa simula ng ating pagninilay-nilay, tungkol sa kung paano nakapagbibigay ang pag-aaral sa yunit ng malalim na pag-unawa sa napakalapit na ugnayan sa pagitan ng paglilingkod at pagdarasal. Sa pagtatapos ng mga kalahok sa yunit, kailangang natamo na nila ang higit na mataas na kamalayan sa ugnayang ito—kung paano dinadalisay ang puso ng tunay na pagdarasal, at ginagawa itong maging tagapagtanggap ng kaalaman at makalangit na mga katangian, at kung paanong ang mga gawain ng paglilingkod na walang-bahid ng sarili ay nagbibigay-daan upang magamit ng indibidwal itong mga katangian upang makatulong sa pagsulong ng Kapakanan at sa pag-angat ng sangkatauhan. Pinatitindi ng dasal ang pag-aalab na maglingkod sa Diyos, at ginagatungan ng paglilingkod ang apoy na pinaririkit sa mga sandali ng pagsamo sa Kaniya—isang apoy na tumutupok sa mga lambong na inililingid tayo mula sa Kaniyang kagandahan.*

*A: May tanong ako tungkol sa Bahagi 7. Doon ay hinihiling sa mga kalahok na isaulo ang dalawang sipi, na nagmumula sa Mahabang Dalanging Katungkulang Isagawa. Dapat ko bang hinimok silang isaulo ang buong dasal?*

*M: Tulad rin ng maraming ibang bagay, ito ay batay sa mga kalahok. Ang mga iba ay nagsisimula pa lamang ugaliin ang araw-araw na pagdarasal, kaya ang pagsasaulo ng dalawang sipi na iminumungkahi ay sapat na. Sa kalaunan ay maaari nilang*

*matutunan ang buong dasal. Mangyari pa, ang mga ilan ay maaaring saulado na ang Mahabang Dalanging Katungkulang Isagawa. Maging anupaman, sa palagay ko, bilang mga tutor ng kurso, makabubuti kung isaulo nating lahat iyon, kung hindi pa natin nagagawa ito.*

1. Ipagpalagay na habang pinag-aaralan ang Bahagi 8, ang mga miyembro ng isang study circle ay nahihirapang maunawaan ang mga konseptong binanggit ni "C" sa itaas. Paano ninyo sila tutulungan upang magtamo ng malalim na pag-unawa sa dinamika ng dasal? Anong mga katanungan batay sa tatlong sipi na nasa bahaging iyon ang maaari ninyong itanong upang maragdagan ang kanilang pag-unawa sa nauugnay na mga konsepto?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Pinag-usapan na natin ang kahalagahan ng pagsasaulo sa maraming pagkakataon, kasama na rin sa yunit na ito. Sa ngayon, kayo mismo ay marami nang naisaulong mga sipi at batid na ang kahalagahan ng paggamit ng kapangyarihan ng Mapanlikhang Salita, maging sa mga panahon ng personal na pagninilay-nilay, o sa pagtuturo ng Kapakanan. Marami sa karanasang natamo na ninyo ay makatutulong sa inyo ngayon sa pag-aalalay sa mga miyembro ng isang study circle. Sa yugtong ito, magiging kapaki-pakinabang sa inyo ang saliksikin kung paano ninyo sila mahihikayat na magpunyagi sa pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga Kasulatan. Pagkatapos ninyong gawin iyon, maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na maikling sipi:

**". . . at bawat dibdib na isinaulo ang Kaniyang mga Salita, ay gagawin ng Diyos, kung ito ay yaong sa isang mananampalataya, na mapuspos ng Kaniyang pagmamahal . . ."**[12]

## BAHAGI 35

Ang pangatlong yunit ng Aklat 1, "Buhay at Kamatayan", ay maaaring mapanghamon para sa kapuwa mga kalahok at tutor. Tingnan natin kung paano ang pagrepaso ng isang grupo ng mga tutor sa yunit. Maaari na ninyong tingnan ang yunit na iyon ngayon.

*A: Bagaman ang paglilingkod bilang tutor ng kurso na ito ay mahirap, iyon ay nakalugod sa akin. Ngayon ay naunawaan ko na ang sinabi sa bahaging "Ilang Kaisipan para sa Tutor" na ang ugnayan sa pagitan ng tutor at ng ibang mga kalahok ay hindi yaong isang guro sa mga mag-aaral, na ang lahat ay buong-kamalayang nakikilahok sa isang proseso kung saan sinisikap ng lahat ang matuto. Napakarami kong nakuhang malalim na pag-unawa habang pinag-aaralan ito kasama ang grupo. Halimbawa, akala ko madali lang ang mga pagsasanay sa pangatlong bahagi, kaya nagulat ako nang markahan ng ilang kalahok na "totoo" ang pahayag sa Pagsasanay 2 na "Ang buhay*

*ay binubuo ng mga bagay na nangyayari sa atin sa araw-araw." At nang umabot kami sa isang kahalintulad na pagsasanay sa kasunod na bahagi, ang ilan din sa mga kalahok na iyon ay minarkahan ng totoo ang mga pahayag na "Ang kamatayan ay ang wakas ng buhay" at "Ang buhay ay nagwawakas sa kamatayan". Napagtanto kong kailangan naming talakayin nang higit pa ang temang ito. Ang ilan sa mga komentaryong ibinigay sa aming pagsasanggunian ay lubos na kawili-wili at nagbunga ng kalinawan sa mga isipan ng mga kalahok.*

B: *Para sa akin din, nakatulong nang malaki ang mga pagsasanay na ito upang mapag-isipan namin nang maigi ang mga ideya. Sa Bahagi 9, ang pahayag na "Ang tunay na buhay ay nagsisimula kapag namatay na ang tao at pumupunta na sa Kaharian" ay minarkahan ng maraming kalahok bilang totoo. Pagkatapos sa kasunod na pahayag, "Ang tunay na buhay ay nagsisimula sa daigdig na ito at nagpapatuloy pagkatapos ng pisikal na kamatayan", ay napagtanto nilang kung totoo iyon, ang naunang pahayag ay hindi ganoong kadali. Nakita kong malalim na iniisip ng lahat ang likas na katangian ng kaluluwa. Huminto na kami para sa araw na iyon pagkatapos ng bahaging iyon, at baka guniguni ko lang, pero may napansin akong pagbabago sa lahat nang magkita kami sa kasunod na linggo.*

A: *Ang yunit ay nakatulong sa mga kalahok sa aming grupo upang magtamo ng higit pang ganap na pag-unawa sa mga kapangyarihan ng espiritu ng tao. Lalo na ang unang ilang bahagi ay nakatulong upang pawiin ang ilang maling akala tungkol sa kaluluwa habang nagnilay-nilay sila sa ilang malalim na katotohanan—na ang kaluluwa ay hindi pumapasok o lumalabas sa katawan; na bagama't ginagamit nito ang instrumento ng katawan upang makabatid at magdulot ng impluwensiya, maaari din itong kumilos nang hindi ginagamit ang ganoong mga instrumento; at ang metapora ng salamin at ng liwanag ang pinakamahusay na paglalarawan sa ugnayan nito sa katawan. Nakikita sa salamin ang liwanag, subalit patuloy na umiiral ang liwanag kahit pa natatabunan ng alabok o nababasag ang salamin.*

M: *Ang dahilan kung bakit nakapagpapasigla ang yunit para sa mga tao ay dahil mismo sa paghahain nito ng napakaraming katanungan tungkol sa buhay ng kaluluwa rito at sa kasunod na mga daigdig ng Diyos. Kaugnay ng pamumuhay ng isang buhay sang-ayon sa mga katuruang Bahá'í, sinabi raw ni 'Abdu'l-Bahá na ang unang dapat gawin ay ang magtamo ng pagkauhaw sa pagiging espiritwal. Upang matamo ang ganitong pagkauhaw, iminungkahi Niyang pagnilay-nilayan ang buhay pagkatapos mamatay.*

C: *Noong pinag-aaralan namin ang Bahagi 12, nagkaroon kami ng lubos na kawili-wiling usapan tungkol sa tanong na, "Bakit ipagpapalit ng kaluluwa ang makalangit nitong tahanan para sa alabok ng daigdig na ito?" Binanggit ng isang miyembro ng grupo na ang pagiging espiritwal ay hindi isang bagay na nakakamtan nang minsanan at tapos na, kundi ay lagi natin kailangang pagsikapan na supilin ang ating mababang likas na katangian. "Laging may humihila sa atin pababa," ang kaniyang iminungkahi. Ito ay nag-udyok sa isa pang kalahok na banggitin ang pagnanasa. Sinabi niyang likas na katangian ng puso ng tao ang magkaroon ng pagnanasa at kailangan nating alisin sa ating mga sarili ang walang-katuturang mga pagnanasa. Pagkatapos ay pinag-usapan namin ang likas na katangian ng pagnanasa. Pinag-usapan namin ang katotohanan na ang ilang pagnanasa ay mabuting pagnanasa, halimbawa, ang pagnanasang magtrabaho nang puspusan upang mapabuti ang sariling materyal na kalagayan. Subalit ipinasiya namin na kahit ang mga ito ay dapat magkaroon ng*

*tanging mga hangganan. Kung labis na puspusan na ang pagtrabaho natin upang mapabuti ang ating materyal na kaginhawahan na nakasasagabal na iyon sa ating paglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan, ang pagnanasang iyon ay naging iba na, maaaring kasakiman. Pagkatapos ay may nagtanong, "Paano naman ang pagnanasang maging kalugud-lugod sa Diyos?" at napagtanto naming may mga pagnanasa palang hindi dapat lagyan ng hangganan. Sa katunayan, ipinasiya namin na samantalang nagiging higit na malakas ang mga pagnanasang espiritwal, higit nitong nasusupil ang ating walang-katuturang mga pagnanasa at napananatili ang mga iyon sa wasto nitong puwesto.*

*A: Ang sinabi mo tungkol sa pagnanasa ay nagpaalaala sa akin ng isa pang bahagi ng yunit, kung saan medyo nahirapan ako. Sa Bahagi 18, hinihiling sa mga kalahok na bumanggit ng ilang "walang-kabuluhang likhang-isip". Sa alinmang dahilan, ang mga miyembro ng aming grupo ay nahirapang mag-isip ng kahit isa. Inakala ko lang na may ilan silang mababanggit, kaya hindi ko inihanda ang aking sarili. Medyo naalangan ako roon.*

*M: Hindi naman masama ang magkaroon ng ganitong mga sandali na naaalangan tayo. Hindi ka dapat panghinaan ng loob. Iyan ang ibig sabihin ng "pagtatamo ng karanasan". Ngayong ibinahagi mo na sa amin ang iyong karanasan, alam na nating lahat na magandang ideya ang makapaghanda ng isang maikling listahan ng mga "walang-kabuluhang likhang-isip", para nakahanda tayo kung sakaling malagay tayo sa kahalintulad na pagkakataon.*

*B: Nais ko rin ibahagi nang kaunti ang talakayan ng Bahagi 19 sa mga kaibigang kasama kong nag-aral ng aklat. Nagbigay ng kaliwanagan sa kanila ang pagbasa sa sinabi ni 'Abdu'l-Bahá tungkol sa epekto ng dasal para sa pagsulong ng mga kaluluwang yumao na. Ang kaisipang matutulungan nila ang kanilang mga minamahal sa kabilang daigdig ay nagbigay ng malaking pag-alo at ligaya sa dalawang kalahok na hindi pa nagtatagal ay namatayan.*

1. Sa usapan sa itaas, iminumungkahi ng coordinator ng pangunahing serye na magandang ideya para sa mga tutor ang maghanda ng isang maikling listahan ng mga halimbawa ng mga "walang-kabuluhang likhang-isip" upang matulungan ang mga kalahok sa pagsasagawa ng pagsasanay sa Bahagi 18. Maaaring kapaki-pakinabang sa inyo na tingnan ang bahaging iyon at gumawa ng ganoong listahan at isulat sa puwang sa ibaba.

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

2. Walang alinlangang may iba pang mga pagsasanay na magiging mapanghamon sa mga kalahok. Maaaring nanaisin ninyong ilista ang mga iyon dito:

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## BAHAGI 36

Sinimulan natin ang yunit na ito sa pagsuri nang maikli sa paksa ng pagganyak, sinaliksik ang ilan sa pangunahing mga pinagmumulan nito, kabilang ang pagkauhaw sa kaalaman at ang pagkaakit sa kagandahan. Ito ay natural na nagdala sa atin sa isang talakayan sa paksa ng pakikilahok. Pagkatapos ay isinagawa natin ang isang pagsusuri sa dinamika ng pagtuturo at pagkatuto na sinisikap payabungin ng Ruhi Institute, at ng ilang konsepto at simulain na humubog sa mga kursong ito. Ito ay nagbukas ng daan upang maisaalang-alang natin ang tatlong pangunahing elemento ng sistema ng edukasyon ng Institute: ang pangunahing serye ng mga kurso, ang study circle, at ang tutor. Binanggit natin na ang pag-aaral ng Aklat 7 ay naglalagay sa inyo sa isang landas kung saan patuloy ninyong pauunlarin ang kakayahang kinakailangan upang akayin ang sunod-sunod na grupo sa mga kurso. Patuloy ninyong pahuhusayin ang inyong mga kasanayan sa paglilingkod bilang tutor sa pamamagitan ng ganoong nagpapatuloy na karanasan at sa pakikilahok sa tuwi-tuwinang pagtitipon ng mga tutor upang magnilay-nilay. Ngayon ay nagkaroon na kayo ng isang sulyap sa kung ano ang nagaganap sa ganitong mga pagtitipon. Inaasahang sa yugtong ito ay sabik na kayong pumasok sa larangan ng paglilingkod na ito. Ang ibang mga tutor na may higit na karanasan na naglilingkod sa inyong pamayanan, o ang cluster coordinator para sa pag-aaral ng pangunahing serye, ay nakahandang tumulong sa inyo.

Dito sa huling mga bahagi, kung gayon, gamitin natin ang pagkakataon upang gunitain ang mga bunga na inaasahan nating makita habang ang lumalaking bilang ng mga kaibigan sa isang nayon o kapitbahayan ay nagiging abala sa pag-aaral ng mga kurso at ng mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi ng mga ito. Alam ninyo na may tatlong kalahok sa pagtatatag ng isang bagong kabihasnan: ang indibidwal, ang pamayanan, at ang mga institusyon. Sa kalaunan sa pangunahing serye, sasaliksikin natin ang naitututlong ng proseso ng edukasyon sa pagsulong ng bawat isa. Sa ngayon, tingnan natin ang indibidwal at isipin ang mga epekto sa mga kalahok ng isang study circle. Tinutukoy ang "hindi mapipigilang kilusan" na sinisikap ilunsad ng prosesong ito sa loob ng isang populasyon, isinulat ng Universal House of Justice na:

> **"Ang mahigpit na pangangailangan ay yaong kalidad ng proseso ng edukasyon na pinalalaganap sa antas ng study circle ay dapat tumaas nang malaki sa susunod na taon upang sa ganoon ang natatagong kakayahan ng lokal na mga populasyon upang lumikha ng gayong pagtutugunan ng iba't ibang bahagi ay matupad.**

**Malaki ang tungkulin ng mga naglilingkod bilang mga tutor kaugnay nito. Sa kanila ay ang hamon na lumikha ng kapaligiran na nakikini-kinita sa mga kurso ng institute, isang kapaligirang nakatutulong sa espiritwal na pagbibigay-lakas sa mga indibidwal, na sa dakong huli ay makikita ang kanilang mga sarili bilang masiglang mga kinatawan ng kanilang sariling pagsisikap na matuto, bilang pangunahing mga tagapagtaguyod ng isang patuloy na pagsisikap na ilapat ang kaalaman upang magkaroon ng indibidwal at sama-samang pagbabago."[13]**

Nasa ibaba ang ilan sa mga katangiang nalilinang sa indibidwal ng isang proseso ng edukasyon na nakapagbibigay ng moral at espiritwal na lakas. Magdagdag ng ilan pa sa listahan.

- Matwid na pagkilos
- Pag-asa sa Diyos
- Masaganang kaligayahan at maningning na puso
- Kaluluwang mapagbigay, pusong dalisay, at isipang malinaw
- Patuloy na lumalalim na pag-unawa sa patnubay na nadadambana sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh
- Lumalaking pagkauhaw sa kaalaman
- Pag-asa sa nakapagpapabagong kapangyarihan ng Salita ng Diyos
- Kalayaan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ni Bahá'u'lláh
- Pagnanasang makamtan ang kahusayan na ibinunga ng pagkaakit sa kagandahan
- Kamalayan sa kaisahan ng sangkatauhan at napakalalim na pagmamahal sa sangkatauhan
- Malakas na kamalayan sa kasaysayan at ang kinalalagyan doon ng sarili
- Kasabikan at nag-aapoy na pagnanasang ituro ang Kapakanan at maglingkod sa sangkatauhan
- Saloobin ng pagsisikap matuto
- Pagnanasang ipatupad ang dalawang layuning moral—na asikasuhin ang sariling espiritwal at intelektuwal na paglaki at ang tumulong sa pagbabago ng lipunan
- Kakayahang isuko ang sariling kalooban sa Kalooban ng Diyos
- Katatagan sa harap ng mga pagsubok at pahirap
- Pagtatalaga sa pagsasagawa ng mga katuruan sa sariling buhay
- Mataas na antas ng pagtitika sa espiritwal na pagsulong ng sariling sambayanan
- Kamalayan sa mga kapangyarihang espiritwal na magagamit ng bawat indibidwal
- Kakayahang makilahok sa pagkilos ng pamayanan bilang isang nagtatalaga subalit mapagpakumbabang kalahok
- Kakayahang makatulong sa pagbubuo ng nagkakaisang pasiya at sa pagkakasundo sa pamamagitan ng pagsasanggunian

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

– ________________________________________

## BAHAGI 37

Ang iba't ibang katangian ng mga study circle na inyong paglilingkuran bilang tutor ay makatutulong sa pag-unlad ng mga katangiang tinukoy ninyo. Nasa ibaba ang ilan sa ganitong mga katangian. Para sa bawat isa, sumulat ng dalawang pangungusap na naglalarawan kung paano nito inaaruga ang isa o mahigit pa sa mga katangian sa itaas. Sa bawat kaso, may halimbawang ibinibigay upang makatulong sa inyo.

1. Ang kapaligiran ng pagmamahal na namamayani sa study circle:

   a. Ang kapaligiran ng pagmamahal na namamayani sa study circle ay pinalalakas sa mga kalahok ang kanilang pagmamahal sa sangkatauhan.

   b. ________________________________________

   ________________________________________

   c. ________________________________________

   ________________________________________

2. Ang diwa ng mabuting samahan na nalilikha sa pagitan ng mga kalahok ng study circle:

   a. Ang diwa ng mabuting samahan na nalilikha sa pagitan ng mga kalahok ng study circle ay pinalalakas ang pagtitika ng mga kalahok para sa espiritwal na pagsulong ng sarili nilang sambayanan.

   b. ________________________________________

   ________________________________________

c. ______________________________

______________________________

3. Ang kapaligiran ng disiplinang espiritwal na namamayani kapag nagtitipon ang study circle:

   a. Ang kapaligiran ng disiplinang espiritwal na namamayani kapag nagtitipon ang study circle ay nakatutulong upang matamo ng mga kalahok ang kalayaan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ni Bahá'u'lláh.

   b. ______________________________

   ______________________________

   c. ______________________________

   ______________________________

4. Ang paraan ng pakikilahok na ginagamit ng Ruhi Institute:

   a. Ang paraan ng pakikilahok na ginagamit ng Ruhi Institute ay lumilikha ng pagnanasang ipatupad ang dalawang layuning moral—na asikasuhin ang sariling espiritwal at intelektuwal na paglaki at ang tumulong sa pagbabago ng lipunan.

   b. ______________________________

   ______________________________

   c. ______________________________

   ______________________________

5. Ang ritmo ng pag-aaral na itinatakda sa bawat grupo:

   a. Ang ritmo ng pag-aaral na itinatakda sa bawat grupo ay pinalalakas ang kakayahan ng mga kalahok upang makilahok sa pagkilos ng pamayanan bilang isang nagtatalaga subalit mapagpakumbabang kalahok.

   b. ______________________________

   ______________________________

   c. ______________________________

   ______________________________

6. Ang pagbibigay-diin sa pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan:

   a. Ang pagbibigay-diin sa pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan ay nagbubunga ng kaligayahan at kaningningan ng puso.

   b. ______________________________

   ______________________________

c. ________________________________________

7. Ang pagsasaulo ng mga dalangin at mga sipi mula sa mga Kasulatan:

   a. Ang pagsasaulo ng mga dalangin at mga sipi mula sa mga Kasulatan ay nakatutulong upang magkaroon ng malinaw na isipan.

   b. ________________________________________

   c. ________________________________________

8. Ang mga pagsasanay sa aralin kung saan tinututukan ang mismong kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatan:

   a. Ang mga pagsasanay sa aralin kung saan tinututukan ang mismong kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatan ay nagpapalakas sa kakayahan ng mga kalahok upang makabuo ng nagkakaisang pasiya sa pamamagitan ng pagsasanggunian.

   b. ________________________________________

   c. ________________________________________

9. Mga pagsasanay na nakatutulong sa mga kalahok upang makita ang kongkretong paghahayag ng mga Kasulatan sa kanilang araw-araw na pamumuhay:

   a. Ang mga pagsasanay na nakatutulong sa mga kalahok upang makita ang kongkretong paghahayag ng mga Kasulatan sa kanilang araw-araw na pamumuhay ay nakatutulong sa kanila upang palakasin ang pagtatalaga sa nagpapatuloy na gawain ng pagsasagawa ng mga katuruan sa sariling buhay.

   b. ________________________________________

   c. ________________________________________

10. Ang mga pagsasanay na sinisikap makapagbigay ng malalim na pag-unawa sa mga ipinahihiwatig ng mga Kasulatan:

    a. Ang mga pagsasanay na sinisikap makapagbigay ng malalim na pag-unawa sa mga ipinahihiwatig ng mga Kasulatan ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga kalahok sa patnubay na nadadambana sa Rebelasyon ni Bahá’u’lláh.

b. ____________________________________________

____________________________________________

c. ____________________________________________

____________________________________________

11. Ang kakayahang bumagay na likas na taglay ng paraan ng edukasyon ng Ruhi Institute:

    a. Ang kakayahang bumagay na likas na taglay ng paraan ng edukasyon ng Ruhi Institute ay nakatutulong sa pag-unlad ng mga saloobing kinakailangan para sa pagsisikap matuto.

    b. ____________________________________________

    ____________________________________________

    c. ____________________________________________

    ____________________________________________

12. Ang natatanging mga gawain ng paglingkod na isinasagawa ng mga miyembro ng study circle:

    a. Ang natatanging mga gawain ng paglingkod na isinasagawa ng mga miyembro ng study circle ay nagpapakilala sa kanilang kasabikan at nag-aapoy na pagnanasang ituro ang Kapakanan at maglingkod sa sangkatauhan.

    b. ____________________________________________

    ____________________________________________

    c. ____________________________________________

    ____________________________________________

## BAHAGI 38

Tiyak na pinagtibay ng mga pagninilay-nilay sa nakaraang dalawang bahagi ang inyong paniniwala na upang maging isang mabisang tutor, kailangang matuto kung paano arugain ang mga iba at lumikha ng isang kapaligiran sa loob ng study circle na makatutulong sa pagbibigay ng moral at espiritwal na lakas sa mga kalahok nito. Kailangan ninyong matutunan ang sining ng paghimok at paunlarin ang kakayahang makilala at palayain ang natatagong kakayahan. Posible lamang ito kapag iwawalay ninyo ang inyong mga sarili mula sa inyong mga tagumpay at magdiriwang sa paglaki at pagsulong ng inyong mga kaibigan. Sa katunayan, marahil ito ang lihim ng pagiging isang napakahusay na tutor.

Wakasan natin ang yunit na ito sa pagninilay-nilay sa sumusunod na dalawang sipi mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá:

**"O mga kaibigan, ipakita ang inyong katapatan! O aking mga minamahal, ilantad ang inyong katatagan at na hindi kayo pabagu-bago! O kayong mga tumatawag sa Kaniyang Pangalan, sa Kaniya kayo bumaling at humawak nang mahigpit! O kayong mga itinataas ang inyong mga puso at sumasamo ng Kaniyang tulong, mangapit sa Kaniya at lumakad sa Kaniyang mga landas! Tungkulin ng bawat isa sa atin na himukin ang isa't isa, na gawin ang ating sukdulang pagsisikap upang palaganapin ang Kaniyang dibinong mga halimuyak at magpakaabala sa pagdadakila ng Kaniyang Salita. Sa lahat ng oras dapat tayong pinakikilos ng simoy na humihihip mula sa hardin ng rosas ng Kaniyang masuyong kabaitan, at mapabanguhan ng mga halimuyak ng mistikong mga bulaklak ng Kaniyang biyaya. Kailangan nating ibahagi ang kasigasigan at kagalakan sa mga puso ng mga matwid at magdala ng ligaya at matinding saya sa mga kaluluwa ng mga matapat."[14]**

**". . . ang Kapakanan ng Napakatandang Kagandahan ay ang pinakadiwa ng pag-ibig, ang mismong lagusan ng kaisahan, umiiral lamang upang ang lahat ay maging mga alon ng iisang dagat, at maningning na mga bituin sa iisang kalawakang walang-hanggan, at mga perlas sa loob ng kabibi ng kaisahan, at kumikinang na mga hiyas na hinukay mula sa mga minahan ng pagkakaisa; nang upang sila ay maging mga tagapaglingkod ng isa't isa, mahalin ang isa't isa, pagpalain ang isa't isa, purihin ang isa't isa; nang upang kalagan ng bawat isa ang kaniyang dila at purihin ang iba nang walang pasubali, bigkasin ng bawat isa ang kaniyang pasasalamat sa lahat ng iba; nang upang ang lahat ay itaas ang kanilang mga mata sa guhit-tagpuan ng kaluwalhatian, at alalahaning sila ay nauugnay sa Bungad ng Kabanalan; nang upang wala silang makita sa isa't isa liban sa kabutihan, wala silang marinig liban sa papuri sa isa't isa, at wala silang mausal na salita tungkol sa iba liban sa papuri."[15]**

# MGA REPERENSIYA


1. ‘Abdu’l-Bahá, in *Bahá’í Education: Extracts from the Bahá’í Writings* [Edukasyong Bahá’í: Mga Halaw mula sa mga Kasulatang Bahá’í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Ingleside: Bahá’í Publications Australia, 2020), no. 27, pp. 18–19.

2. ‘Abdu’l-Bahá, in *Bahá’í Prayers: A Selection of Prayers Revealed by Bahá’u’lláh, the Báb, and ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Dalanging Bahá’í: Kalipunan ng mga Dalangin na Ipinahayag nina Bahá’u’lláh, ang Báb, at ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2002, 2020 printing), pp. 113–14.

3. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CLI, pars. 3 and 5, pp. 363–65.

4. Shoghi Effendi, *God Passes By* [Nagdaraan ang Diyos] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 1974, 2022 printing), p. 340; also cited in *The Kitáb-i-Aqdas: The Most Holy Book* [Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 1993, 2021 printing), p. 18.

5. From a message dated 27 December 2005 to the Conference of the Continental Boards of Counsellors, published in *Turning Point: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 1996–2006* [Sandali ng Pagbabago: Piniling mga Mensahe ng Universal House of Justice at ng Karagdagang mga Dokumento, 1996-2006] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2006), no. 35.5, pp. 196–97.

6. From a message dated 28 December 2010 to the Conference of the Continental Boards of Counsellors, published in *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* [Balangkas ng Pagkilos: Piniling mga Mensahe ng Universal House of Justice at ng Karagdagang mga Dokumento, 2006-2016] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), no. 16.16, pp. 103–4.

7. From a message dated 12 December 2011 written by the Universal House of Justice to all National Spiritual Assemblies, ibid., no. 20.5–6, p. 131.

8. From a message dated 1 January 2022 written to all National Spiritual Assemblies, published in *The Nine Year Plan, 2022–2031: Messages of the Universal House of Justice* [Ang Nine Year Plan, 2022-2031: Mga Mensahe ng Universal House of Justice] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2022), no. 7.7, pp. 79–80.

9. From the Riḍván 2010 message of the Universal House of Justice to the Bahá’ís of the world, published in *Framework for Action* [Balangkas ng Pagkilos], no. 14.10, p. 79.

10. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], XCIV, par. 4, p. 219.

11. From a Tablet of ‘Abdu’l-Bahá. (authorized translation)

12. *Selections from the Writings of the Báb* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ng Báb] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2014 printing), no. 3:27:2, p. 128.

13. From the Riḍván 2010 message of the Universal House of Justice to the Bahá'ís of the world, published in *Framework for Action* [Balangkas ng Pagkilos], no. 14.11, p. 79.

14 *Light of the World: Selected Tablets of 'Abdu'l-Bahá* [Tanglaw ng Daigdig: Piniling mga Tableta ni 'Abdu'l-Bahá] (Haifa: Bahá'í World Centre, 2021), no. 56.7, pp. 139–40.

15. *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 193.5, p. 317.



# Pagtataguyod ng mga Sining sa Antas ng Masa

## Layunin

Upang mapahalagahan ang ginagampanan ng mga pagsisikap sa sining
sa pagpapahusay sa proseso ng edukasyon na itinataguyod ng mga kurso ng institute at
sa pagpapalakas sa mga paraan ng pamumuhay ng pamayanan na hinuhubog nito

## BAHAGI 1

Bilang miyembro ng isang lumalaking pamayanan, nakita na ninyo kung paano magagamit ang kapangyarihan ng mga sining upang palakasin ang sama-samang pamumuhay nito—kung paano nagkakaisa ang mga puso habang ang magandang mga awiting batay sa mga Kasulatan ay inaawit sa mga pagtitipon upang manalangin, at kung paano lumalakas ang isang diwa ng pagtataglay ng misyon habang isinasalaysay ang mga yugto mula sa kasaysayan ng Pananampalataya sa mga Banal na Araw at sa iba pang mga pagkakataon. Sa mensahe ng ika-30 ng Disyembre 2021, habang tinutukoy ang gawaing isinasagawa sa mga nayon at mga kapitbahayan sa lahat ng dako, isinulat ng Universal House of Justice na:

> **"Ang mga pagtitipon ng pamayanan na nakapagtataas ng espiritu at mahusay na inihanda—sa ilang pagkakataon ay kabilang ang mga camp at mga festival—ay idinaraos nang higit na madalas, at ang musika at awitin ay natatampok sa gayong mga pagtitipon. Sa katunayan, ang lahat ng uri ng mga sining, na napakahalaga sa pag-unlad ng pamayanan mula pa sa simula, ay natatangi sa gayong mga pagtitipon bilang isang mahalagang paraan ng paglilikha ng kaligayahan, ng pagpapalakas sa mga kawing ng pagkakaisa, ng pagpapalaganap ng kaalaman, at ng pagpapatatag ng pag-unawa, at gayundin ay ipinababatid ang mga simulain ng Kapakanan sa yaong mga nasa higit na malawak na pamayanan."[1]**

Alam din ninyong inihahabi ang mga gawaing pansining sa proseso ng edukasyon na pinayayabong sa antas ng masa, na higit pang kapansin-pansin yaong para sa nakababatang mga salinlahi. Ang mga guro ng mga Bahá'í na klase para sa mga bata ay hinihimok na paunlarin ang kanilang mga kasanayan sa sining ng pagsasaysay ng kuwento, isang sining na makaaantig sa murang mga damdamin sa puso ng tagapakinig at gigisingin ang mga kahiligang espiritwal. Natututo silang pagsabay-sabayin ang mga bata sa pag-aawit, tinutulungan silang pahusayin ang kanilang kamalayan sa ritmo at ang kanilang kakayahang manatili sa tono, samantalang pinalalakas ang mga temang itinuturo sa mga aralin. Sa mga pista ng mga bata sa inyong rehiyon, tiyak na kayo ay nabighani sa katamisan ng kanilang mga tinig at pinasigla ng mga dula kung saan ay itinanghal ang mga kasanayang nakamtan sa mas mataas na mga grado. Kung kayo ay naglilingkod bilang animator ng isang grupo ng mga junior youth, humanap kayo ng paraan, tulad ng iminumungkahi sa Aklat 5, na gamitin ang mga sining upang payamanin ang kanilang mga pagsisikap matuto—maaaring sa pagsusulat ng mga tula habang humuhusay ang kanilang paggamit sa wika, o sa pamamagitan ng likhang-kamay batay sa kanilang kalinangan, na pinalalakas niyon ang kanilang kamalayan sa kaayusan at simetriya at pinahuhusay ang kanilang kasanayang gamitin ang kanilang mga kamay, na isang mahalagang layuning pang-edukasyon na nakatutulong sa pangkalahatang pagsasanay ng sinumang indibidwal. At habang kayo at ang inyong mga kaibigan ay sumusulong sa mga kurso ng pangunahing serye, malamang na hinihimok din kayong paunlarin ang pagsasanay, na nakikita sa lahat ng bahagi ng daigdig, ng paglalagay ng musika sa mga sipi mula sa mga Kasulatan, na kapag inaawit sa panahon ng inyong mga pag-aaral, ay nagpapalakas sa mga bigkis ng mabuting samahan, pinadadali ang masaya at nakatutok na pagsisikap matuto, at ginaganyakan ang pagsisikap para sa kahusayan.

Sinisikap ng yunit na ito na palalimin ang inyong pagpapahalaga sa ginagampanan ng mga gawaing pansining sa antas ng masa kapuwa sa pagpapahusay sa kabuuan ng proseso ng edukasyon at sa pagpapalakas sa mga pamamaraan ng pamumuhay ng pamayanan na hinuhubog nito. Inaasahang ang pag-aaral ng mga pahina nito ay magpapalakas sa inyong pagtitika bilang isang tutor na tulungan ang mga tumatahak sa landas ng paglilingkod upang

magtamo ng gayunding pagpapahalaga at tumulong—sa antas na makakaya ng kanilang mga talento at mga kakayahan—sa pamumulaklak ng mga sining na nababatay sa isang malalim na pag-unawa sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh.

## BAHAGI 2

Bago natin pag-isipan ang ilang tanging mga anyo ng sining—musika, pagsasaysay ng kuwento, dula, at mga likhang-kamay—mag-aaral muna tayo ng ilang sipi rito at sa kasunod na mga bahagi at ninilay-nilayin ang kahulugan ng mga ito. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang lahat ng Sining ay isang kaloob ng Espiritu Santo. Kapag sumisikat ang liwanag nito sa isipan ng isang musikero, naihahayag ito sa magandang mga himig. Muli, kapag sumisikat ito sa isipan ng isang makata, ito ay nakikita sa mahusay na tula at sa prosang matulain. Kapag ang Liwanag ng Araw ng Katotohanan ay nagbibigay ng inspirasyon sa isipan ng isang pintor, lumilikha siya ng kahanga-hangang mga larawan. Tinutupad ng mga kaloob na ito ang pinakamataas na layunin nito kapag ipinakikita ang papuri sa Diyos."[2]**

1. Batay sa sipi sa itaas, sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Ano ang pinakamataas na layunin ng mga sining? ____________________________

   ______________________________________________________________________

   b. Saan nagmumula ang kaloob ng sining? ____________________________________

   c. Paano naihahayag ang kaloob ng sining sa isipan ng musikero? ________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   d. Paano naihahayag ang kaloob ng sining sa isipan ng makata? __________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   e. Paano naihahayag ang kaloob ng sining sa isipan ng pintor? ___________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo, mula sa mga awit na alam ninyo, tukuyin ang isa na tumutupad sa layunin ng pagpuri sa Diyos. Sa anong paraan ito isang kaloob ng Espiritu Santo?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## BAHAGI 3

Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Natural para sa puso at espiritu ang malugod at masiyahan sa lahat ng bagay na nagpapakita ng simetriya, armonya, at kaganapan. Halimbawa: isang magandang tahanan, isang hardin na mahusay ang disenyo, isang linyang may simetriya, isang mabining kilos, isang aklat na mahusay ang pagkakasulat, nakalulugod na mga damit—sa katunayan, ang lahat ng bagay na nagtataglay ng kabinihan o kagandahan ay nakalulugod sa puso at espiritu . . ."**[3]

1. Sa ano nalulugod ang puso at espiritu? ____________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

2. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng armonya?

_____ Dalawang tao na nagtatalo tungkol sa isang ideya sa parapong kababasa pa lamang nila samantalang tahimik na pinag-iisipan ng isa pa ang kahulugan nito.

_____ Isang ina na inaawitan ang kaniyang sanggol upang makatulog habang ang ibang mga anak ay tahimik na naglalaro.

_____ Isang tao na patuloy na sumasabad sa mga iba habang nagsasanggunian.

_____ Pinag-uusapan ng mga tao ang isang mahalagang ideya habang gumagana ang telebisyon.

_____ Nakikipaglaro ang nakatatandang mga bata sa mas bata nilang mga kapatid habang ang kanilang mga magulang ay nakikilahok sa pagpupulong ng pamayanan.

_____ Isang guro na sinisigawan ang isang mag-aaral, sinasabihan siyang kumilos nang maayos.

_____ Isang kapitan ng barko na sinasabi nang malakas ang mga utos, habang isinasagawa ng mga tripulante ang kaniyang mga utos.

_____ Nag-aani ang mga kabataan ng isang nayon habang inihahanda ito ng mga matanda para dalhin sa pamilihan.

3. Isipin kung paano nalulugod at nasisiyahan ang puso at espiritu sa lahat ng bagay na nagpapakita ng simetriya, armonya, at kaganapan. Ano ang ilan sa mga bagay na inyong nakikita o naririnig sa inyong pang-araw-araw na buhay na nakalulugod sa puso at espiritu? Ano ang ilan sa mga bagay na inyong naranasan habang nakikilahok sa mga

gawain ng pamayanan o sa pag-aaral ng mga kurso ng institute na ilalarawan ninyo bilang kaaya-aya at maganda?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

## BAHAGI 4

Tulad ng nabasa natin sa nakaraang bahagi, "ang lahat ng bagay na nagtataglay ng kabinihan o kagandahan ay nakalulugod sa puso at espiritu". Batid natin mula sa ating mga talakayan sa paksa ng pagganyak na ang pagkaakit sa kagandahan ay isa sa mga puwersang espiritwal na itinataas tayo sa higit na mataas na mga larangan ng pagkabuhay. Ang puwersang ito ay ang nagbubunsod sa atin upang magkaroon ng armonya sa ating pang-araw-araw na buhay at sa ating mga ugnayan sa mga iba. Gayundin, ang mga sining ng *visual arts*, musika, at mga likhang-kamay ay mga paghahayag nitong pangunahing paghahangad ng kaluluwa ng tao. Ang kailangan ninyong tandaan ay ang mga paghahayag ng kagandahan sa daigdig na ito ay nagsasalamin lamang sa Kagandahan ng Pinakamamahal. Ang lahat ng mga iyon ay naglalaho, subalit ang Pinagpalang Kagandahan ay walang maliw. Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na :

> **"Ang panghalina ng tao ay kukupas din, ang mga rosas ay mauuwi sa mga tinik, ang kagandahan at kabataan ay mamamayagpag at maglalaho rin. Subalit ang namamalagi ng magpakailanman ay ang Kagandahan Niya na Siyang Tunay, sapagkat ang karingalan nito ay hindi kumukupas at ang luwalhati nito ay magtatagal habang panahon; ang panghalina nito ay makapangyarihan sa lahat at ang pang-akit nito ay walang hanggan. Mapalad kung gayon ang mukhang nagsasalamin sa karingalan ng Liwanag ng Minamahal. Purihin ang Diyos, ikaw ay natanglawan ng Liwanag na ito, nakamtan ang perlas ng tunay na kaalaman, at nabigkas ang Salita ng Katotohanan."[4]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Ang panghalina ng _______________ ay ___________________________ .

b. Ang mga rosas ay _________________ sa _____________________ .

c. Ang kagandahan at kabataan ay _____________________ at _________________ rin.

d. Ang ______________________ magpakailanman ay ang ___________________ Niya na __________________________ .

e. Ang karingalan ng Kagandahan ng Siyang Tunay ay ______________________ ______________________.

f. Ang luwalhati ng Kagandahan ng Siyang Tunay ay ______________________ ______________________.

g. Ang panghalina ng Kagandahan ng Siyang Tunay ay _______________________ ______________________.

h. Ang pang-akit ng Kagandahan ng Siyang Tunay ay _________________________ ______________________.

2. Kapag iniisip ninyo ang gawain ng sining at ang puwersa ng pagkaakit sa kagandahan, mahalagang tandaan na ang panlabas na anyo ay nagtatamo ng kahalagahan nito mula sa panloob na kalagayan. Kaugnay nito ay sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá na:

**“Ang katawan na walang espiritu ay hindi kayang makamit ang tunay na tagumpay. Bagaman ito ay maaaring nasa sukdulang kalagayan ng kagandahan at kahusayan, gayumpaman ito ay nangangailangan ng espiritu. Ang kristal ng lampara, gaano man ito kakintab at perpekto, ay nangangailangan ng liwanag. Kung wala itong ilaw, ang lampara o kandila ay hindi nagbibigay ng liwanag.”**[5]

Sa pagninilay-nilay sa kahulugan ng sipi sa itaas, isipin ang isang pagkakataon na narinig ninyo ang isang yugto mula sa kasaysayan ng Pananampalataya na isinaysay sa gayong paraan na binihag nito ang gunita ng mga nakikinig. Tiyak na wasto ang anyo: ang mga salita ay binigkas nang malinaw; nagkaroon ng sandaling paghinto sa wastong mga panahon; pinanatili ang angkop na ritmo; at gumamit ng mga kilos upang bigyan-diin ang tanging mga punto. Subalit hindi lamang ito ang nagbigay ng inspirasyon sa mga tagapakinig. Tiyak na batid ang higit na mataas na damdaming walang-bahid ng sarili at pagnanasa. Tiyak na napukaw ang espiritwal na mga pagkahilig. Talakayin sa inyong grupo ang pinagmumulan ng ganoong pagkapukaw. Sa huling pagsusuri, hindi ba iyon ang Kagandahan ng Pinakamamahal?

## BAHAGI 5

Habang tinatandaan ang ganoong mga kaisipan, tingnan natin ang iba't ibang uri ng sining, simula sa musika. Mangyari pa, maraming kapangitan sa kasalukuyang daigdig na inihaharap ang sarili nito bilang kagandahan, at dapat tayong mag-ingat na piliin ang mga paghahayag sa sining na gumigising sa ating mataas na katangiang likas at hindi yaong humahantong sa pagkaaba. Ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh mula sa Kitáb-i-Aqdas ay nagbibigay ng saligang patnubay para sa gawaing ito:

> **"Ginawa Namin na naaalinsunod sa batas na makinig kayo sa musika at awit. Gayumpaman, mag-ingat na baka ang pakikinig doon ay maging dahilan ng paglampas sa mga hangganan ng kaangkupan at karangalan. Hayaang ang inyong kagalakan ay maging kagalakan na nagmula sa Aking Pinakadakilang Pangalan, isang Pangalan na nagbibigay ng masidhing kaligayahan sa puso, at nililipos ng nakahuhumaling na kaligayahan ang mga isipan noong lahat ng napapalapit sa Diyos. Aming ginawa, sa katunayan, ang musika na maging hagdan para sa inyong mga kaluluwa, isang paraan upang sila ay pumailanlang sa kaharian sa itaas; huwag itong gawin, kung gayon, na mga bagwis para sa sarili at simbuyo ng damdamin. Tunay, labag sa loob Namin na makita kayo na nabibilang sa mga hangal."**[6]

At tungkol naman sa uri ng musika, sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **". . . sa bagong panahong ito, ang Hayag na Liwanag, sa Kaniyang banal na mga Tableta, ay tiyak na ipinahayag na ang musika, na inaawit o tinutugtog, ay espiritwal na pangkain para sa kaluluwa at puso."**[7]

> **". . . ang mga himig, bagaman materyal ang mga ito, ay nauugnay sa espiritwal, samakatwid ang mga ito ay lumilikha ng malaking epekto. Ang isang uri ng himig ay pinagagalak ang espiritu, ang isa pang uri ay pinalulungkot ito, at ang iba pa ay pinupukaw itong kumilos."**[8]

> **"Ang pag-awit ng mga kanta ay magbibigay ng sigla at kaligayahan sa daigdig ng sangkatauhan, ang mga tagapakinig ay magagalak at maliligayahan, at ang malalim nilang mga damdamin ay mapupukaw. Subalit itong kagalakan, itong pagkadama ng emosyon ay naglalaho at malilimot sa loob ng maikling panahon. Subalit, purihin ang Diyos, pinagsama mo ang iyong mga himig sa mga awit ng Kaharian, na magdudulot ng aliw sa daigdig ng espiritu at magpakailanman ay pasisiglahin ang mga damdaming espiritwal."**[9]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

    a. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na kapag nakikinig tayo sa musika at umaawit ng mga kanta, dapat tayong mag-ingat na baka iyon ay maging dahilan ng ________________ sa mga hangganan ng ______________ at ______________ .

    b. Hinihimok tayong isipin ang musika bilang hagdan para sa ating _____________ , isang paraan upang sila ay ____________________ sa _______________ sa itaas.

c. Binabalaan tayong huwag gawin ang musika na mga _______________ para sa _____________ at ______________________________ .

d. Sa bagong panahong ito, tiyak na _________________________ ni Bahá'u'lláh na ang _________________ , na inaawit o tinutugtog, ay espiritwal na pagkain para sa ______________ at _______________ .

e. Sa ____________________ ito, ___________ na ipinahayag ni Bahá'u'lláh na ang musika, na ____________ o _________________ , ay _____________________ __________ para sa kaluluwa at puso.

f. Bagaman ang mga himig ay _____________ , sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na ang mga ito ay nauugnay sa _____________ .

g. Ang _______________ , bagaman materyal ang mga ito, ay __________________ sa espiritwal, samakatwid ang mga ito ay __________________ ng malaking _______________ .

h. Ang isang uri ng himig ay ________________ ang espiritu.

i. Ang isa pang uri ng himig ay ______________ ang espiritu.

j. Ang iba pang uri ng himig ay ______________ ang espiritu upang ____________.

2. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

a. Ano ang ibig sabihin na pinagsama ang "mga himig sa mga awit ng Kaharian"? _
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

b. Ano ang nagiging bunga kapag ito ay "pinagsama"? ________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

3. Ang musika ay isang mabisang puwersa na dapat ginagamit sa mahusay na kapasiyahan. Maaaring makatulong sa inyo na tukuyin ang ilang awit na alam ninyo na itinataas ang tao "sa kaharian sa itaas" at ang mga iba na nagiging "mga bagwis para sa sarili at simbuyo ng damdamin."

## BAHAGI 6

Ang sipi sa itaas ay hindi nag-iiwan ng anumang pagdududa na malaki ang naitutulong ng musika sa espiritwal na pag-angat. Ipinakikilala ng sumusunod na pahayag mula kay 'Abdu'l-Bahá ang kakayahan ng musika upang lumikha ng mga kalagayang nakatutulong sa

higit na mataas na kahandaang espiritwal upang tumanggap sa isang mensaheng ipinababatid, maging anupaman ang tagpo at layunin:

> **“. . . bagaman ang musika ay isang materyal na bagay, gayumpaman ang napakalaking epekto nito ay espiritwal, at ang pinakamatinding pangangapit nito ay sa kaharian ng espiritu. Kung nais ng tao ang magbigay ng isang panayam, ito ay magiging higit na mabisa pagkatapos ng mga himig. Kinaugalian ng sinaunang mga Griyego, at gayundin ang mga pilosopo ng Persiya, na magbigay ng kanilang mga diskurso sa sumusunod na paraan:— Una, magpapatugtog ng ilang himig, at kapag ang kanilang mga tagapakinig ay nasa antas na handang makinig, iiwan nila ang kanilang mga instrumento at agad sisimulan ang kanilang panayam. Kabilang sa pinakatanyag na mga musikero ng Persiya ay ang isang nagngangalang Barbod, na tuwing ang isang maselang paksa ay isinamo na korte ng Hari, at ang Ministro ay nabigong makuha ang pagsang-ayon ng Hari, agad nilang ilalapit ang bagay na iyon kay Barbod, at pupunta siya sa korte dala ang kaniyang instrumento ay tutugtog ng musikang pinakaangop at nakatitimo, at agad nakakamtan ang layunin, sapagkat ang Hari ay apektado agad ng nakatitimong mga himig, umuusbong sa kaniyang puso ang tanging mga damdaming mapagkaloob, at siya ay sasang-ayon.”[10]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Bagaman ang musika ay isang ________________ na bagay, gayumpaman ang napakalaking _____________ nito ay __________________ .

   b. Bagaman ang ____________ ay isang materyal na bagay, ang pinakamatinding ____________________ nito ay sa ________________ ng _______________ .

   c. Kung nais ng tao ang magbigay ng isang _________________________ , ito ay magiging higit na ____________________ pagkatapos ng mga _________________ .

2. Batid na ninyo mula sa inyong pag-aaral ng Aklat 3 na ang mga awit ay maaaring maging isang makapangyarihang gamit para sa pagtuturo. Kung ang tema ng isang awit ay nauugnay sa paksang pinag-aaralan, ang pag-awit nito ay makatutulong sa pag-aaral ng mga aralin at maaari nitong gawing higit na mabisa iyon. May nalalaman ba kayong mga awit na ginawa sa inyong rehiyon na makatutulong sa pag-aaral ng Aklat 1?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

## BAHAGI 7

Ang kapangyarihan ng musika ay nadaragdagan nang maraming ulit kapag nanggagaling ang inspirasyon nito mula sa mga katuruan ng Pananampalataya, at lalo pa kapag ginagamit ang mga salita ng Diyos. Sinasabi sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá na:

> **“Ang musika ay isang mahalagang paraan para sa edukasyon at pag-unlad ng sangkatauhan, subalit ang tanging tunay na paraan ay sa pamamagitan ng mga Katuruan ng Diyos. Ang musika ay tulad ng baso, na malinis at makintab. Ito ay katulad mismo nitong malinis na kalis sa harap natin, at ang mga Katuruan ng Diyos, ang mga salita ng Diyos, ay tulad ng tubig. Kapag ang baso o kalis ay lubos na malinis at malinaw, at ang tubig ay lubos na sariwa at dalisay, sa gayon ito ay magkakaloob ng Buhay; samakatwid, ang mga Katuruan ng Diyos, maging iyon ay nasa anyo ng mga awit o mga pagninilay-nilay o mga dalangin, kapag iyon ay inaawit sa nakalulugod na himig, nagkakaroon iyon ng matinding bisa.”**[11]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang musika ay isang mahalagang paraan para sa __________________ at _________________ ng sangkatauhan.

   b. Ang tanging ___________ na paraan upang ang __________ ay maging paraan para sa edukasyon at pag-unlad ng _______________ ay sa pamamagitan ng ______________________ .

   c. Ang musika ay tulad ng _______________ , samantalang ang mga Katuruan ng Diyos ay tulad ng ______________ .

   d. Kapag ang baso ay lubos na _____________ at ___________ , at ang tubig ay lubos na _______________ at ______________ , sa gayon ito ay magkakaloob ng ________ .

   e. Ang mga Katuruan ng Diyos, maging iyon ay nasa anyo ng mga ___________ o ng mga _______________ o mga _____________ , kapag iyon ay _________________________________ nagkakaroon iyon ng matinding bisa.

2. Sang-ayon sa sipi sa itaas, habang bumibilis ang buwelo ng mga pagsisikap upang magtatag ng masiglang mga pamayanan sa lahat ng bahagi ng daigdig, ang lumalaking bilang ng mga dalangin at mga sipi mula sa mga Kasulatan ay nilalagyan ng musika sa lahat ng mga wika, sa isang paraang nararapat sa Salitang Sagrado. Sa panahon ng mga institute campaign o mga camp, at kahit sa mga study circle, maaaring matutunan ng mga kalahok ang marami sa mga ito at maaari ding makatulong sa pagbuo ng iba pa. Nasa ibaba ang isang awit na gustong-gusto ng buong sandaigdigang Bahá’í, subalit tiyak na alam ninyo ang ilan pang iba. Ngayon ay umawit ng ilan kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo.

Pinagpala ang Lugar

A Amaj7 A7 D
Pinagpala ang lugar, at ang tahanan, at ang pook,

Bmin E A E7
At ang lungsod, at ang puso, at ang kabundukan,

A Amaj7 A7 D
At ang kanlungan, at ang yungib, at ang kalambakan, at ang lupa,

Bmin E7 A
At ang dagat, at ang pulo, at ang parang

Bmin E A F#min
Na ang Diyos ay nabanggit,

D E E7
At ang pagpuri sa Kaniya ay niluwalhati.

3. Ang mga talento ng mga kalahok sa mga kurso ng institute at ang kanilang kaalaman sa musika ay magkakaiba ang antas ng pag-unlad, na ang ilan ay mahusay at ang mga iba ay walang kakayahan sa musika. Ang ilan ay maaaring nahihiyang umawit sa harap ng mga iba. Maaaring ang mga iba ay nais lamang humiging sa napakahinang boses na hindi sila marinig. Anupaman ang kanilang pagkahilig at mga talento, nanaisin ninyong tanggapin ang lahat at himukin silang lahat at titiyakin na kailanman ay walang napapahiya. Kaugnay nito, mahalagang ibukod ninyo ang paksa ng pagtatanghal ng isang indibidwal na may talento mula sa pag-aawit ng buong grupo. Kapuwa mahalaga ang mga ito. Subalit kung minsan ang kaganapang sinisikap maitanghal ng isa ay nakapipigil sa pakikilahok ng mga iba. Talakayin sa inyong grupo ang dinamikang kailangang likhain upang umusbong sa antas ng masa ang sama-samang paghahayag ng mga sining, lalo na ng musika.

## BAHAGI 8

Ngayon, batay sa pinag-aralan ninyong mga sipi sa mga bahaging ito, magiging kapaki-pakinabang para sa inyo ang huminto sandali at pag-isipan ang mga uri ng musika na angkop sa iba't ibang gawain ng pamayanan. Anong uri ng mga awit ang magtataas sa mga kaluluwa at makatutulong sa isang espiritwal na kapaligiran sa mga pagtitipon upang manalangin? Anong mga awit ang magiging angkop sa mga pagtitipon upang magnilay-nilay? Anong mga awit ang lalong angkop sa masikhay na mga kampanya ng institute? Anong mga uri ng awit ang angkop sa mga kampanya ng pagtuturo? Ano ang mga halimbawa ng mga awit na maaaring lalong naaangkop sa mga pagkakataon kung kailan ang buong pamayanan ay nagtitipon upang magsanggunian tungkol sa mga gawain nito? Alin ang magiging angkop na awitin sa mga pista para sa mga bata at mga junior youth? Ano ang ilang halimbawa ng mga awit na makadaragdag sa kaalaman ng mga kaibigan sa kasaysayan ng Pananampalataya at sa kanilang pag-ibig para kay Bahá'u'lláh at tumitimo sa kanilang mga puso at ibinubunsod silang maglingkod sa Kapakanan? Aling mga awit ang angkop para sa pagdaraos ng mga Banal na Araw at para sa pagdiriwang ng mga Nineteen Day Feast? Isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan dito.

## BAHAGI 9

Ang pagkukuwento ay isang sining na nagbibigay ng inspirasyon, nagbibigay-buhay, nagpapasigla sa imahinasyon, nagbabahagi ng napakalalim na mga konsepto, at ibinabahagi ang malalim na pag-unawang espiritwal. Ang mga kuwento ay maaaring gamitin sa iba't ibang tagpo—sa pagdalaw sa mga tahanan, sa mga pagtitipon ng pamayanan at sa mga pista, at sa mga gabi sa panahon ng mga camp upang palakasin ang ugnayan ng mga kabataan sa kasaysayan ng Pananampalataya.

Ang kakayahang magkuwento ay isang kaakit-akit at nakapapasiglang paraan ay isang bagay na umuunlad sa pamamagitan ng karanasan. Ang Aklat 3 ay nagbibigay ng ilang pahiwatig sa mga teknik ng ganitong anyo ng sining na madalas napapabayaan. Hindi natin tatalakayin dito ang kinakailangang mga kasanayan. Ni hindi rin ito ang lugar para sa mahabang

talaan ng mga kuwento na iminumungkahing matutunan ninyo. Ang matatandaan ninyo mula sa Aklat 5 at ang dapat ninyong alalahanin bilang tutor ay ang bukod-tanging kahalagahan ng mga kuwento sa kasaysayan ng Pananampalataya para sa paghuhubog ng pagkakakilanlang indibidwal at sama-sama. Batid ninyo, mangyari pa, na *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway* ay walang-kahalintulad ang kahalagahan bilang isang mapagkukunan ng gayong mga kuwento. Tinukoy ng Guardian ang akdang ito bilang "kinakailangang pantulong" sa mga programa ng pagtuturo at isang "hindi mapag-aalinlanganang aklat aralin" ng mga summer school. Higit pa rito, tinawag niya ito bilang isang "pinagmumulan ng inspirasyon sa lahat ng mga gawaing pampanitikan at pansining," isang "napakahalagang kasama sa mga oras ng libangan," isang "hindi maaaring mawalang paunang hakbang para sa hinaharap na peregrinasyon sa inang bayan ni Bahá'u'lláh," at isang "walang-salang lunas para sa hapis at upang mapaglabanan ang mga pananalakay ng isang sangkatauhang mapagpula at bigo." Tungkol sa kahalagahan ng aklat na iyon, na iniwan sa atin ng dakilang mananalaysay, si Nabil, isinulat ni Shoghi Effendi na:

> **"Gamitin nang kasinlubos na iyong magagawa, ang napakaraming sangkap na nilalaman ng nakaaantig at napakahalagang salaysay ni Nabil, at tulutang ito ang maging iyong pangunahing instrumento sa pagpapaningas sa apoy ng sigla na nagbabaga sa puso ng bawat Bahá'í at dito nakasalig sa huli ang tagumpay ng iyong napakahusay at walang-puknat na mga pagsisikap."**[12]

Sa isang liham na isinulat sa ngalan niya, mababasa nating:

> **"Ang salaysay ni Nabil ay hindi lamang isang salaysay; ito ay isang aklat ng pagninilay-nilay. Hindi lamang ito nagtuturo. Sa katunayan ito ay nagbibigay ng inspirasyon at nagbubunsod ng pagkilos. Binubuhay at pinasisigla nito ang ating natutulog na mga lakas at tinutulutan tayong makalipad sa isang higit na mataas na larangan. Sa gayon walang kasinghalaga ang tulong nito para sa isang dalubhasa ng kasaysayan at gayundin sa bawat nagtuturo at nagpapaliwanag ng Kapakanan."**[13]

Bagaman marami na kayong alam na mga kuwento mula sa kasaysayan ng Pananampalataya at maaaring maisasaysay ang mga ito nang detalyado, isinasama namin sa bahaging ito ang isang yugto mula sa *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, na hinihingi sa inyong basahin nang ilang ulit at pagkatapos ay isaysay ito, habang nag-iingat na ginagawa ito nang kasintumpak na magagawa ninyo. Ang yugtong ito ay nagbibigay sa inyo ng isang magandang halimbawa ng uri ng kuwento na nanaisin ninyong matutunan, lalo na upang isaysay sa mga camp at sama-samang mga campaign, sapagkat ito ay maaaring ikuwento nang bahagya lamang o nang buo, sang-ayon sa hinihingi ng pagkakataon.

Bago basahin ang yugto, dapat ninyong gunitain ang mga kalagayang kaugnay ng maikli subalit madulang Ministeryo ng Báb—kung paano, pagkatapos ng Kaniyang pagpapahayag bilang ang Siyang ipinangako noong 1844, libo-libo ang tumanggap sa bagong Pananampalataya at nagsimulang ibahagi ang Kaniyang Mensahe, gumigising ng takot at inggit mula sa mga pinuno ng Iran, na itinaboy Siya sa isang liblib na sulok ng bansa, sa pag-asang mapigilan ang tumataas na alon ng Kaniyang impluwensiya. Subalit, tulad ng inyong nalalaman, sa kabila ng kanilang mga pagsisikap, ang Kaniyang Mensahe ay nagpatuloy na lumaganap, at sa gayon, noong Hulyo 1850, Siya ay binitay kasama ang isa sa Kaniyang matapat na kasunod, si Anís. Bago pa ang trahedyang iyon, ipinalasap sa Kaniyang mga tagasunod ang lubos na kahiya-hiyang mga kalupitan; sila ay sinalakay, binugbog, at ikinulong,

upang itatwa nila ang kanilang pananampalataya. Sa kalaunan, libo-libo sa kanila ang magbubuwis ng kanilang mga buhay sa landas ng kanilang Minamahal. Sa katunayan, apat na buwan bago ang pagmamartir sa Báb, isang "kapahamakan" ang isinagawa sa lungsod ng Ṭihrán, na mapatutunayan, sang-ayon sa Guardian, "na isang simula lamang ng isang walang-habas na pamumuksa" na gugulo sa "mga mamamayan nito" at maghahasik ng "panghihilakbot hanggang sa malalayong lalawigan". "Ang mga bayani ng trahedyang iyon", sinasabi niya sa atin, "ay ang Pitong Martir ng Ṭihrán".

Lahat ay mula sa mga propesyong iginagalang, itong pitong banal na kaluluwa ay dinakip at ikinulong nang dalawampu't dalawang araw, at sa panahong iyon ang bawat uri ng pagpapahirap ay ipinalasap sa kanila sa pagsisikap na hikayatin silang itatwa ang kanilang pananampalataya. Sa wakas, sa utos ng Punong Ministro, binantaan sila ng pagbitay. Subalit ni hindi ang "paulit-ulit at masigasig na mga pamamagitan" ng kanilang mga kasamahang may impluwensiya, ni ang "malalaking halaga" na inaalok para sa kanilang kalayaan, ni ang "makabagbag-pusong mga samo ng mga opisyal ng lalawigan" ang nakapigil sa kanila mula sa pagtanggap ng korona ng pagmamartir. Ang "mapanghamong mga tugon" na ibinigay nila sa mga umuusig sa kanila, ang "kaliga-ligayang tuwa" na ipinamalas nila habang papalapit sila sa pook ng kanilang kamatayan, ang "galak na galak na mga sigaw" na ibinulalas nila habang hinaharap nila ang tagabitay sa kanila, at ang "kasidhian ng mga bersikulo" na inusal ng ilan sa kanila sa huli nilang mga sandali, at ang "mga samo at mga hamon" na sinabi nila sa karamihan ng mga tagapanood—ang mga ito ay kabilang sa "namumukod na mga katangian ng trahedya ng Pitong Martir ng Ṭihrán," isang trahedya na inilalarawan ng Guardian bilang "isa sa pinaka-nakapanghihilakbot na mga tagpo na nasaksihan sa mga unang panahon ng pamumukadkad ng Pananampalataya ni Bahá'u'lláh." Ganito ang pagsaysay ni Nabíl sa kanilang mga kuwento:

> "1. Ḥájí Mírzá Siyyid 'Alí, pinangalanang Khál-i-A'ẓam, ang amain sa ina ng Báb, at isa sa pangunahing mangangalakal ng Shíráz. Ito rin ang tiyuhin na pinagkatiwalaang mag-alaga sa Báb pagkamatay ng Kaniyang ama, at siya rin ang bumalikat sa lahat ng pananagutan para sa Kaniya sa pamamagitan ng kaniyang nasusulat na pangako, pagkabalik ng Pamangkin niya mula sa Kaniyang peregrinasyon sa Hijáz at sa pagdakip sa Kaniya ni Ḥusayn Khán. Siya ang nagbuhos sa Kaniya, habang nasa ilalim ng kaniyang pangangalaga, nang laging handang pagmamalasakit, nagsilbi sa Kaniya nang buong pagmamahal, at gumanap na tagapamagitan Niya at sa maraming sumusunod sa Kaniya na nagtipon sa Shíráz upang makita Siya. Ang nag-iisang anak niya, si Siyyid Javad, ay namatay nang sanggol pa lamang. Sa kalagitnaan ng taong 1265 A.H., nilisan ng Ḥájí Mírzá Siyyid 'Alí ding ito ang Shíráz at dinalaw ang Báb sa kastilyo ng Chihríq. Mula roon siya'y nagtungo sa Ṭihrán at kahiman walang tanging hanapbuhay ay nanatili sa lungsod hanggang sa pagsiklab ng sedisyon na naging dahilan ng kaniyang pagmamartir sa dakong huli.
>
> "Kahit na sumamo ang mga kaibigan niya na siya'y tumakas sa kaguluhang mabilis na dumarating, hindi niya pinakinggan ang kanilang payo at hinarap, hanggang sa huling oras niya, nang may ganap na kahinahunan, ang pag-uusig na ipinalasap sa kaniya. Isang malaking bilang ng mga higit na mayayamang mangangalakal na kilala niya ang nag-alok na magbayad upang tubusin siya, isang alok na tinanggihan niya. Sa wakas dinala siya sa harap ng Amír-Niẓám. 'Ang Punong Mahistrado ng kahariang ito,' sinabi ng Punong Vazír sa kaniya, 'ay tutol na magpalasap kahit galos sa mga inapo ng Propeta. Mga kilalang mangangalakal ng Shíráz at Ṭihrán ay handa, at masigasig pa, na bayaran ang iyong piyansa. Ang Maliku't-Tujjár ay namagitan din para sa iyo. Isang kataga lamang ng pagtatatuwa mula sa iyo ay sapat na upang makalaya ka at matiyak

ang iyong pagbabalik, nang taglay ang dangal, sa iyong tinubuang lungsod. Isinusumpa ko ang aking salita, na kung handa kang sumunod, ang natitirang mga araw ng iyong buhay ay gugugulin mo nang may karangalan at dangal sa ilalim ng mapagkandiling kanlungan ng iyong hari.' 'Inyong Kamahalan,' matigas na tugon ni Ḥájí Mírzá Siyyid 'Alí, 'kung ang ibang nauna sa akin, na buong galak na uminom sa kalis ng pagmamartir, ay piniling tanggihan ang isang samo na tulad ng iyong ibinibigay sa akin, tiyak na nalalaman mong ako'y higit pang tatanggi sa ganiyang kahilingan. Ang pagtatakwil ko sa mga katotohanang napapaloob sa Rebelasyong ito ay magiging katulad ng pagtatakwil ko sa lahat ng mga Rebelasyong nauna rito. Ang pagtangging kilalanin ang Misyon ng Siyyid-i-Báb ay ang pagtalikod sa Pananampalataya ng aking mga ninuno at ang itakwil ang Banal na katangian ng Mensaheng ipinahayag ni Muḥammad, ni Hesus, ni Moises, at lahat ng mga Propeta ng nakaraan. Alam ng Diyos na anuman ang aking narinig at nabasa tungkol sa mga sinabi at ginawa ng mga Sugong iyon, ako'y nabigyan ng tanging karapatang masaksihan ang gayundin mula sa Kabataang ito, ang aking minamahal na Kamag-anak, na mula pa sa Kaniyang pagkabata hanggang ngayon, ang ikatatlumpung taon ng Kaniyang buhay. Lahat ng nasa Kaniya ay nagpapaalaala sa akin ng Kaniyang dakilang Ninuno at ng mga imám ng Kaniyang Pananampalataya, na ang mga buhay ay nailarawan ng ating mga nasusulat na tradisyon. Ang tanging kahilingan ko lamang ay pahintulutan mong ako ang maunang maghain ng aking buhay sa landas ng aking minamahal na Kamag-anak.'

"Ang Amír ay natuliro sa gayong tugon. Sa silakbo ng kawalang-pag-asa, at hindi makapagsalita kahit isang kataga, humudyat siyang dalhin sa labas at pugutin ang kaniyang ulo. Habang ang biktima ay dinadala sa kaniyang kamatayan, siya'y narinig, nang ilang beses, na ulitin ang mga salita ni Ḥáfiẓ: 'Napakalaki ang aking pasasalamat sa Iyo, O Diyos ko, na ipinagkaloob sa akin, nang buong pagpapala, ang lahat ng aking hiniling sa Iyo.' 'Pakinggan ako, O madla,' sigaw niya sa mga taong nagsiksikan sa paligid niya; 'Inialay ko ang aking sarili bilang isang nananabik na alay sa landas ng Kapakanan ng Diyos. Ang buong lalawigan ng Fárs, gayundin ang 'Iráq, pati sa makalampas ng mga hangganan ng Persiya ay handang magpatotoo sa pagkamakatarungan ng aking ugali, sa aking matapat na kabanalan at marangal na angkan. Sa mahigit na isang libong taon, kayo'y nanalangin at nanalanging muli na ang ipinangakong Qá'im ay dapat mahayag. Sa pagbanggit sa Kaniyang pangalan gaano kadalas kayo sumamo mula sa kaibuturan ng inyong puso: "Madaliin, O Diyos, ang Kaniyang pagdating; alisin ang bawat sagabal na humahadlang sa landas ng Kaniyang pagdating!" At ngayon na Siya'y dumating, itinaboy ninyo Siya sa isang walang pag-asang pagpapatapon sa isang malayo at nabubukod na sulok ng Á<u>dh</u>irbáyján at nagbangon upang lipulin ang Kaniyang mga kasamahan. Kung hihingiin ko ang sumpa ng Diyos para sa inyo, nakatitiyak ako na kayo'y malubhang parurusahan ng Kaniyang naghihiganting poot. Subalit hindi ganiyan ang aking panalangin. Sa aking huling hininga, nanalangin ako na harinawang pawiin ng Makapangyarihan sa Lahat ang batik ng inyong kasalanan at mangyaring magawa ninyong magising mula sa pagkakahimlay ng pagwawalang-bahala.'

"Ang mga katagang ito ay nakapukaw sa pinakabuod ng damdamin ng tagabitay. Nagpanggap na ang nakahandang espadang hawak niya ay kailangan pang ihasa na muli, mabilis siyang umalis, nagpasiyang hindi na siya kailanman babalik. 'Nang ako'y pinili para sa gawaing ito,' narinig na idinaing niya, mapait na lumuluha, "nangako silang ang dadalhin sa akin ay yaong mga napatunayang pumatay at nagnakaw. Ngayon ako'y inuutusan nilang patuluin ang dugo ng isang di-hihigit na banal kaysa sa Imám

Músáy-i-Kaẓím mismo. Hindi nalaunan, siya'y nagtungo sa Khurásán at doon sinikap na maghanapbuhay bilang isang pahinante at tagapagbalita. Sa mga nananalig sa lalawigang iyon, isinalaysay niya ang pangyayari sa trahedyang iyon, at sinabi ang kaniyang pagsisisi sa kilos na napilitan niyang gawin. Tuwing maaalaala niya ang nangyari, tuwing ang pangalan ni Ḥájí Mírzá Siyyid 'Alí ay mababanggit sa kaniya, mga luhang hindi niya mapigilan ang dumadaloy mula sa kaniyang mga mata, mga luha na saksi sa pagmamahal na ikinintal sa kaniyang puso ng banal na taong iyon.

"2. Mírzá Qurbán-'Alí, isang katutubo ng Bárfurúsh sa lalawigan ng Mázindarán, at isang natatanging tao sa nayon na kilala sa pangalang Ni'matu'lláhí. Siya'y isang tao na taos-puso ang kabanalan at pinagkalooban ng napakarangal na ugali. Gayon ang kadalisayan ng kaniyang buhay na isang malaking bilang ng mga bantog sa Mázindarán, sa Khurásán at Ṭihrán ang isinumpa ang kanilang katapatan sa kaniya, at ipinalagay na siya ang pinakalarawan ng kabutihan. Ganiyan ang pagpapahalagang ibinigay sa kaniya, na sa kaniyang pagsamba sa Karbilá, isang malaking pulutong ng kaniyang mga tagahanga ang nagsiksikan sa kaniyang dadaanan upang magbigay galang sa kaniya. Sa Hamadán, gayundin sa Kirmánsháh, isang malaking bilang ng tao ang naakit ng kaniyang pagkatao at sumama sa pangkat ng sumusunod sa kaniya. Kahit saan siya magtungo, sinasalubong siya ng mga pagbubunyi ng mga tao. Gayumpaman ang pagpapakita ng ganitong sigla ay lubos na nakayamot sa kaniya. Iniwasan niya ang malalaking bilang ng mga tao at kinamuhian ang karangyaan at ang katayuan ng pagiging pinuno. Sa kaniyang pagtungo sa Karbilá, samantalang nagdadaan sa Mandalíj, isang shaykh na malaki ang kapangyarihan ang lubhang naakit sa kaniya, tinalikuran niya ang lahat ng kaniyang pinahalagahan noon, iniwanan ang kaniyang mga kaibigan at mga alagad, at sumunod sa kaniya hanggang sa Ya'qúbíyyih. Subalit nagtagumpay si Mírzá Qurbán-'Alí na mahikayat siyang bumalik sa Mandalíj at ipagpatuloy ang gawain na kaniyang iniwanan.

"Sa kaniyang pagbabalik mula sa kaniyang pagsamba, nakilala ni Mírzá Qurbán-'Alí si Mullá Ḥusayn at sa pamamagitan niya ay niyakap ang katotohanan ng Kapakanan. Dahil sa kaniyang karamdaman, hindi niya nagawang sumama sa mga tagapagtanggol ng moog ng Ṭabarsí, at, kung hindi sa kaniyang kapansanan na naging hadlang upang makapaglakbay sa Mázindarán, siya sana ang naunang sumama sa mga tumigil dito. Sunod kay Mulla Ḥusayn, sa mga disipulo ng Báb, si Vaḥíd ang tao na pinakamalapit sa kaniya. Sa aking pagdalaw sa Ṭihrán, sinabi sa akin na inialay ng huli ang kaniyang buhay sa paglilingkod sa Kapakanan at nagbangon nang may kahanga-hangang katapatan sa laganap na pagtataguyod ng mga kapakanan nito. Malimit kong marinig si Mírzá Qurbán-'Alí na labis na ikinahapis ang kaniyang karamdaman. 'Gaano kalubha kong ikinahapis,' ilang beses kong narinig na sinabi niya, 'na hindi ako nabigyan ng karapatang makibahagi sa kopa na ininuman ni Mullá Ḥusayn at ng kaniyang mga kasamahan! Gaano ko hinangad na sumama kay Vaḥíd at isapi ang aking sarili sa ilalim ng kaniyang bandila at sikaping pagbayaran ang aking naunang kabiguan.' Siya'y naghahandang umalis sa Ṭihrán, nang bigla siyang dakipin. Ang kaniyang karaniwang kasuutan ay saksi sa antas ng kaniyang pagtalikod sa mga makalupang bagay. Siya'y nakasuot ng isang puting damit tulad ng mga Arabe, nakabalabal ng isang 'abá na magaspang ang habi, at suot ang panggayak sa ulo ng mga tao ng 'Iráq, siya wari, habang naglalakad sa mga lansangan, ang pinakalarawan ng pagtalikod. Maingat niyang ginawa ang lahat ng itinuro sa kaniyang Pananampalataya, at nang may kahanga-hangang kabanalan ay ginawa ang kaniyang mga debosyon. 'Ang Báb mismo ay sinunod ang mga seremonya sa Kaniyang

Pananampalataya hanggang sa pinakamaliit na detalye nito,' malimit niyang sabihin. 'Ipagwawalang-bahala ko ba ang mga bagay na sinunod ng aking Pinuno?'

"Nang dakipin si Mírzá Qurbán-'Alí at dalhin sa Amír-Niẓám, isang gulo na bihirang maranasan ng Ṭihrán ang nangyari. Malalaking pulutong ng mga tao ang nagsiksikan sa mga pintuan ng himpilan ng pamahalaan, sabik na malaman kung ano ang mangyayari sa kaniya. 'Mula pa kagabi,' sinabi agad ng Amír kagyat na makita siya, 'pinuntahan na ako ng lahat ng uri ng mga pinuno ng Pamahalaan na masigasig na namamagitan para sa iyo. Mula sa aking nalaman tungkol sa katayuang hinahawakan mo at sa kapangyarihang nagagawa ng iyong mga salita, hindi ka lubhang nakakababa sa Siyyid-i-Báb mismo. Kung ipinahayag mo para sa iyong sarili ang katayuan ng pamumuno, higit sanang makabubuti iyon para sa iyo kaysa sa pagpapahayag mo ng iyong katapatan sa isang tao na tiyak na higit na mababa ang karunungan kaysa sa iyo.' 'Ang karunungang aking natamo,' matigas niyang tugon, 'ang nag-akay sa akin upang yumuko sa aking katapatan sa harap Niya na kinilala kong aking Panginoon at Pinuno. Mula nang magbinata ako, ipinalagay ko na ang katarungan at kabutihan ang nakapangyayaring layunin ng aking buhay. Hinatulan ko Siya nang makatarungan, at narating ang pasiya na kung ang Binatang ito, na ang di-matatawarang kapangyarihan ay napatunayan ng kaibigan at kalaban, ay kasinungalingan, ang bawat Propeta ng Diyos, mula pa noong unang panahon hanggang sa araw na ito, ay dapat isumpa bilang pinakalarawan ng kasinungalingan! Nakatitiyak ako sa walang-alinlangang katapatan ng mahigit sa isang libong tagahanga, subalit ako'y walang-lakas na baguhin ang puso ng kahit ilan sa kanila. Ang Binatang ito, gayumpaman, ay napatunayang ang Kaniyang Sarili ay may kakayahang mapagbago, sa pamamagitan ng elixir ng Kaniyang pagmamahal, ang mga kaluluwa ng pinakahamak na kapwa-tao Niya. Sa isang libong tulad ko, Kaniyang nagawa, nang walang tulong at nag-iisa, ang gayong kapangyarihan, na kahit na hindi Siya natamong makita, nagawang itakwil nilang lahat ang sarili nilang mga hangarin at maalab na nangapit sa Kaniyang kagustuhan. Ganap na nalalaman ang kakulangan ng pagpapakasakit na nagawa nila, ang mga ito ay naghahangad na ipara ang kanilang buhay alang-alang sa Kaniya, sa pag-asang maging karapat-dapat na mabanggit sa Kaniyang Korte ang karagdagang katunayan ng kanilang pagmamahal.'

"'Ako'y nag-aatubiling ipataw ang parusang kamatayan,' sinabi ng Amír-Niẓám, 'kung ang iyong mga pangungusap ay sa Diyos o hindi, laban sa isang nagmamay-ari ng isang napakataas na katayuan.' 'Bakit ka mag-aatubili?' bulalas ng isang di-mapakaling biktima. 'Hindi mo ba nalalamang ang lahat ng pangalan ay nagmumula sa Langit? Siya na ang pangalan ay 'Alí, na sa kaniyang landas ay ihinahain ko ang aking buhay, mula pa noong hindi na magunitang panahon ay naisulat na ang aking pangalan, Qurbán-'Alí, sa talaan ng Kaniyang mga piniling martir. Sa katunayan, ito ang araw na ipinagdidiwang ko ang kapistahan ng Qurbán, ang araw na tatatakan ng aking dugong-buhay ang aking katapatan sa Kaniyang Kapakanan. Kung gayon, huwag mag-atubili, at makatitiyak ka na hindi kita sisisihin sa iyong gagawin. Higit na maaga mong pugutin ang aking ulo, magiging higit ang aking pasasalamat sa iyo.' 'Alisin siya sa lugar na ito!' sigaw ng Amír. 'Isa pang sandali, at ang gayuma ng pulubing ito ay makapangyayari sa akin.' 'Ikaw ang katibayan laban sa gayumang iyon,' tugon ni Mírzá Qurbán-'Alí, 'na makabibihag lamang sa mga dalisay ang puso. Ikaw at ang katulad mo ay hindi kailanman magagawang maunawaan ang nakabibighaning kapangyarihan noong Banal na Elixir na napagbabago ang kaluluwa ng tao nang kasimbilis ng kisap ng mata.'

“Napoot sa sagot, tumayo ang Amír-Niẓám mula sa kaniyang upuan, nanginginig sa galit ang buong katawan, at sumigaw: ‘Wala liban sa talim ng espada ang maaaring makapagpatahimik sa tinig ng nasisiraang tao na ito!’ ‘Hindi na kailangan pang dalhin,’ utos niya sa mga tagabitay na naglilingkod sa kaniya, ‘ang ibang mga kasapi ng kamuhi-muhing sektang ito sa akin. Walang-lakas ang mga salita upang magapi ang kanilang di-mababaling katigasan ng loob. Sinuman ang inyong mahikayat na itatwa ang kaniyang pananalig, palayain siya; ang iba, pugutan sila ng ulo.’

“Habang papalapit siya sa pook ng kaniyang kamatayan, isinigaw ni Mírzá Qurbán-‘Alí, lasing sa pag-asam sa napipintong pakikisamang muli sa kaniyang Minamahal, ang mga pahayag ng masayang pagbubunyi. ‘Madaliin ang pagpatay sa akin,’ sigaw niya nang may nagagalak na kasiyahan, ‘sapagkat sa pamamagitan ng kamatayang ito ibibigay mo sa akin ang kalis ng walang-hanggang buhay. Kahiman ang aking naghihingalong hininga ay iyo ngayong papatayin, gagantimpalaan ako ng aking Minamahal ng di-mabilang na buhay, mga buhay na walang-mortal na puso ang maaaring makaunawa!’ ‘Makinig sa aking mga salita, kayong mga nagpapahayag na sila’y mga sumusunod sa Apostol ng Diyos,’ samo niya, nang bumaling siya sa maraming nanonood. ‘Si Muḥammad, ang Bituing-araw ng Banal na patnubay, na noong unang panahon ay nagbangon sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng Hijáz, ang sa araw na ito, sa katauhan ni ‘Alí-Muḥammad, ay muling sumikat mula sa Araw ng Shíráz, at nagsasabog ng ganoon ding ningning at nagbibigay ng ganoon ding init. Ang isang rosas ay rosas saan mang hardin, at sa anumang panahon ito bumuka.’ Nakikitang sa lahat ng dako na ang mga tao ay bingi sa kaniyang panawagan, siya ay malakas na sumigaw: ‘O, ang kalupitan ng salinlahing ito! Gaano ipinagwalang-bahala ang bango na isinabog ng walang-kamatayang Rosas na iyon! Kahiman ang aking kaluluwa ay nag-uumapaw sa kaligayahan, sa aba, hindi ako makatagpo ng puso na maibabahagi ko ang ganda nito, ni isipang makakaunawa sa luwalhati nito.’

“Pagkakita sa katawan ni Ḥájí Mírzá Siyyid ‘Alí, pugot ang ulo at nagdudugo sa kaniyang paanan, ang kaniyang matinding kasabikan ay tumindi sa pinakamatinding sukdulan nito. ‘Mabuhay,’ sigaw niya nang itapon niya ang kaniyang sarili sa bangkay, ‘mabuhay ang araw ng aming kapuwa pagbubunyi, ang araw ng aming pakikisamang-muli sa aming Minamahal!’ ‘Lumapit,’ sigaw niya sa tagabitay, habang hawak ng mga kamay niya ang bangkay, ‘at tagain ako, sapagkat ang aking tapat na kaibigan ay ayaw humalagpos mula sa aking pagkakayakap, at tinatawag akong magmadali upang magkasama kami sa korte ng Pinakamamahal.’ Isang taga mula sa tagabitay ang biglang tumama sa kaniyang batok. Ilang sandali ang nakalipas, at ang kaluluwa ng dakilang taong iyon ay lumisan. Ang malupit na tagang iyon ay nakapukaw sa mga nanonood ng mga damdamin ng magkahalong poot at awa. Mga iyak ng pamimighati at panangis ang pumailanlang mula sa mga puso ng maraming tao, at naging sanhi ng isang panganib na kahalintulad ng mga silakbo ng pamimighati sa pagsalubong ng mga tao sa araw ng ‘Áshúrá taon-taon.

“3. Pagkatapos ay dumating ang pagkakataon ni Ḥájí Mullá Ismá‘íl-i-Qumí, na isang katutubo ng Faráhán. Noong kabataan pa niya, nagtungo siya sa Karbilá upang hanapin ang Katotohanan na buong sipag niyang pinagsikapang matagpuan. Nakisalamuha siya sa mga pangunahing ‘ulamá ng Najaf at Karbilá, naupo sa paanan ni Siyyid Káẓim, at nakamtan mula sa kaniya ang kaalaman at pang-unawa na nagbigay ng kakayahan sa kaniya upang tanggapin ang Rebelasyon ng Báb, matapos ang ilang taon sa Shíráz. Itinangi niya ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng katatagan ng kaniyang pananalig

at marubdob niyang pagmamahal. Kaagad na ang utos ng Báb, inuutusan ang mga sumusunod sa Kaniya na madaling magtungo sa Khurásán, ay nakarating sa kaniya, masigla siyang tumugon, sumama sa mga kasamahang patungo sa Badasht, at doon natanggap ang pangalang Sirru'l-Vujúd. Samantalang kasama sila, ang kaniyang pagkaunawa sa Kapakanan ay lalong lumalim at ang kaniyang sigasig sa pagtataguyod nito ay naalinsunod na nag-ibayo pa. Siya'y naging pinakalarawan ng pagtalikod sa lahat ng makalupang bagay, at naramdaman na lalong naging mainipin upang maipakita sa karapat-dapat na paraan ang espiritu ng Pananampalataya na nagbigay sigla sa kaniya. Sa pagpapaliwanag sa kahulugan ng mga bersikulo sa Qur'án at sa mga tradisyon ng Islám, nagpakita siya ng isang karunungan na mahihigitan ng ilan lamang, at nakamtan niya ang paghanga ng kaniyang mga kapwa-disipulo dahil sa kagandahan ng pananalita sa pagpapahayag ng mga katotohanang iyon. Noong mga araw na ang moog ng Ṭabarsí ang naging sentro ng pagtutulung-tulong ng mga disipulo ng Báb, nanlupaypay siya sa hapis sa banig ng karamdaman, hindi nagawang maibigay ang tulong niya at magampanan ang kaniyang bahagi sa pagtatanggol nito. Hindi pa nalalaunang gumaling siya, napag-alamang ang di-malilimot na paghahamok na iyon ay nagwakas sa pagpatay sa lahat ng kaniyang mga kapwa-disipulo, siya'y nagbangon, nang may higit na pagtitika, upang mabayaran sa pamamagitan ng mga pagpapakasakit niya ang kawalan na dinanas ng Kapakanan. Ang pagtitikang iyon ay nagdala sa kaniya sa wakas sa larangan ng pagmamartir at napagtagumpayan niya ang korona nito.

"Dinala sa bloke at hinihintay ang sandali ng kaniyang kamatayan, ibinaling niya ang kaniyang paningin doon sa kambal na martir na nauna sa kaniya na nakahigang nakapulupot pa rin sa pagkakayakap ang isa't isa. 'Mabuti ang pagkakagawa, minamahal na mga kasama!' sigaw niya, habang itinutok niya ang kaniyang paningin sa kanilang mga duguang ulo. 'Ginawa ninyong paraiso ang Ṭihrán! Sana ay nauna ako sa inyo!' Dumukot sa bulsa ng pera na kaniyang iniabot sa kaniyang tagabitay, sumamo siyang ibili siya ng anumang makapagpapatamis sa kaniyang bibig. Kinuha niya ang ilan nito at ibinigay ang iba sa kaniya, at nagsabi: 'Napatawad ko na ang iyong gagawin; lumapit at ibigay ang iyong taga. Sa loob ng tatlumpung taon hinangad kong masaksihan ang pinagpalang araw na ito, at nangangambang baka dalhin ko sa libingan ang hangaring ito nang hindi natutupad.' 'Tanggapin ako, O Diyos ko,' sigaw niya, habang nakatingin siya sa kalangitan, 'kahima't hindi ako karapat-dapat, at pagindapating isulat ang pangalan ko sa talaan noong mga walang-kamatayang naghain ng kanilang buhay sa altar ng pagpapakasakit.' Nananalangin pa siya nang ang tagabitay, sa kaniyang kahilingan, ay biglang pinutol ang kaniyang pagdarasal.

"4. Hindi pa siya halos nalalagutan ng hininga nang si Siyyid Ḥusayn-i-Turshízí, ang mujtahid, ay dinala sa bloke. Siya'y isang katutubo ng Turshíz, isang nayon sa Khurásán, at lubhang iginagalang dahil sa kaniyang kabanalan at kalinisan ng ugali. Siya'y nag-aral ng ilang taon sa Najaf, at hiniling ng kaniyang mga kapwa-mujtahid na magtungo sa Khurásán at doon palaganapin ang mga simulaing itinuro sa kaniya. Nang siya'y dumating sa Káẓimayn, nakilala niya si Ḥájí Muḥammad-Taqíy-i-Kirmání, isang matagal nang kakilala, nabibilang sa mga pinakakilalang mga mangangalakal ng Kirmán, at nagbukas ng isang sangay ng kaniyang kalakal sa Khurásán. Dahil sa siya'y patungo sa Persiya, nagpasiya siyang sumama sa kaniya. Ang Ḥájí Muḥammad-Taqí na ito ay malapit na kaibigan ni Ḥájí Mírzá Siyyid 'Alí, ang amain sa ina ng Báb, at sa pamamagitan niya ay tinanggap ang Kapakanan sa taong 1264 A.H., samantalang naghahanda siyang umalis sa Shíráz upang sumamba sa Karbilá. Nang malaman ang balak na paglalakbay ni Ḥájí Mírzá Siyyid 'Alí sa Chihríq upang dalawin ang Báb,

sinabi niya ang kaniyang matinding hangaring masamahan siya. Pinayuhan siya ni Ḥájí Mírzá Siyyid ‘Alí na ituloy ang kaniyang unang balak at magtungo sa Karbilá at doon hintayin ang kaniyang liham, na magsasabi sa kaniya kung nararapat na sumama sa kaniya. Mula sa Chihríq, si Ḥájí Mírzá Siyyid ‘Alí ay inutusang magtungo sa Ṭihrán, sa pag-asang magagawa niyang madalaw muli ang kaniyang Pamangkin pagkatapos ng isang maikling pagtigil sa kabesera. Samantalang nasa Chihríq, sinabi niyang atubili siyang bumalik sa Shíráz, dahil sa hindi na niya makaya pang batahin ang sumisidhing kapalaluan ng mga mamamayan nito. Sa kaniyang pagdating sa Ṭihrán, hiniling niya kay Ḥájí Muḥammad-Taqí na sumama sa kaniya. Sinamahan siya ni Siyyid Ḥusayn mula sa Baghdád hanggang sa kabisera at sa pamamagitan niya ay tinanggap ang Pananampalataya.

“Samantalang nakaharap siya sa mga taong nagtipon sa paligid niya upang saksihan ang kaniyang pagmamartir, inilakas ni Siyyid Ḥusayn ang kaniyang tinig at nagsabi: ‘Pakinggan ako, O mga tagasunod ng Islám! Ang pangalan ko’y Ḥusayn, at ako’y isang inapo ng Siyyidu’sh-Shuhadá, na may dala rin ng pangalang iyon. Ang mga mujtahid ng mga banal na lungsod ng Najaf at Karbilá ay nagkaisang pinagtibay ang aking katayuan bilang isang may karapatang magpaliwanag sa batas at turo ng kanilang Pananampalataya. Hindi pa nalalaunang narinig ko ang pangalan ng Siyyid-i-Báb. Ang karunungang aking nakamtan tungkol sa mga mahirap maunawaang mga turo ng Islám ay nakatulong sa akin upang makilala ang kahalagahan ng Pahayag na dala ng Siyyid-i-Báb. Ako’y naniniwala na kung itatatuwa ko ang Katotohanang ipinahayag Niya, ang kilos na ito mismo, ay pagtatatuwa ko rin sa aking katapatan sa bawat Rebelasyong nauna rito. Sumasamo ako sa bawat isa sa inyo na manawagan sa mga ‘ulamá at mga mujtahid ng lungsod na ito at magpulong at doon sa harap nila ay patutunayan ko ang katotohanan ng Kapakanang ito. Pagkatapos hayaang silang magbigay ng hatol kung nagawa kong ipakita ang katotohanan ng mga pahayag na itinaguyod ng Báb. Kung sila’y masiyahan sa mga katibayang aking ibibigay bilang susog sa aking paliwanag, huminto sila sa pagpapadanak ng dugo ng mga walang kasalanan; at kung ako’y mabigo, ibigay sa akin ang kaparusahang nararapat sa akin.’ Hindi pa halos natatapos mamutawi sa mga labi niya ang mga katagang ito nang isang opisyal na naglilingkod sa Amír-Niẓám ang palalong sumabad: ‘Dala ko ang utos ng kamatayan mo na nilagdaan at tinatakan ng pito sa mga kinikilalang mujtahid ng Ṭihrán, na sa kanilang sariling sulat-kamay ay hinatulan ka na isang lilo. Ako mismo ang mananagot sa Diyos sa Araw ng Paghuhukom para sa iyong dugo, at ibibigay ko ang pananagutan sa mga pinunong iyon na sa kanilang hatol ay inilagak namin ang aming pagtitiwala at sa kanilang pasiya kami’y inutusang sumunod.’ Sa mga katagang ito binunot niya ang kaniyang punyal at sinaksak siya nang mga gayong lakas na kaagad siyang bumagsak nang walang-buhay sa kaniyang paanan.

“5. Hindi nagtagal, si Ḥájí Muḥammad-Taqíy-i-Kirmání ay dinala sa pook ng kamatayan. Ang kalagiman ng tagpong nakita niya ay nagbigay sa kaniya ng marahas na pagngingitngit. ‘Lumapit, ikaw na imbi at walang pusong maniniil,’ sigaw niya sa pagbaling niya sa kaniyang tagabitay, ‘at madaliin ang pagpatay sa akin, sapagkat naiinip na akong makasama ang aking minamahal na Ḥusayn. Ang mabuhay pagkamatay niya ay isang kaparusahang hindi ko mababata.’

“6. Hindi pa natatagalang nasambit ni Ḥájí Muḥammad-Taqí ang mga katagang ito nang si Siyyid Murtaḍá, na isa sa kilalang mangangalakal ng Zanján, ay nagmadali upang mauna sa kaniyang mga kasamahan. Itinapon ang sarili sa katawan ni Ḥájí Muḥammad-

Taqí, at lumuhog na ang kaniyang kamatayan, dahil sa siya'y isang siyyid, ay higit na mahalaga sa paningin ng Diyos kaysa roon kay Ḥájí Muḥammad-Taqí. Nang hugutin ng tagabitay ang kaniyang espada, nanawagan si Siyyid Murtaḍá sa alaala ng kaniyang nagmartir na kapatid, na nakipaghamok katabi si Mullá Ḥusayn; at gayon na lamang ang kaniyang mga pananalita na ang mga nanonood ay namangha sa di-mapasukong katatagan ng pananalig na nagbigay-sigla sa kaniya.

"7. Sa gitna ng kaguluhang ginawa ng mga nakakaantig na pangungusap ni Siyyid Murtaḍá, biglang sumugod si Muḥammad-Ḥusayn-i-Marághi'í at lumuhog na pahintulutang patayin siya kaagad nang una bago patayin ang kaniyang mga kasamahan. Kagyat na nakita niya ang katawan ni Ḥájí Mullá Ismá'íl-i-Qumí, na pinag-ukulan niya ng matinding pagmamahal, bigla niyang inihagis ang kaniyang sarili rito at, yakap-yakap ito, ay nagsabi: 'Kailanma'y hindi ako makapapayag na ihiwalay ang aking sarili sa aking pinakamamahal na kaibigan, na pinag-ukulan ko nang ganap na pagtitiwala at mula sa kaniya ay natanggap ko ang napakaraming mga katibayan ng isang tapat at taimtim na pagmamahal!'

"Ang kanilang kasabikan na mauna sa isa't isa na ipara ang kanilang buhay para sa kanilang Pananampalataya ay nakamangha sa mga tao na nagtataka kung sino sa tatlo ang dapat mauna sa kaniyang kasamahan. Sila'y lumuhog nang may ganoong katindihan na sa katapusan silang tatlo ay pinugutan ng ulo sa isang iglap at nang sabay-sabay.

"Ang lubhang dakilang pananalig, ang gayong mga katibayan ng di-mapigilang kalupitan, ay bihirang makita ng mata ng tao. Iilan sila sa bilang, ngunit kung aalalahanin natin ang mga pangyayari sa kanilang pagmamartir, mapipilitan tayong tanggapin ang kamangha-manghang katangian ng kapangyarihang iyon na maaaring makapagbigay ng isang lubhang katangi-tanging espiritu ng pagpapakasakit. Kung maaalaala natin ang matataas na katungkulang hinawakan ng mga biktimang ito, kung lilimiin natin ang tindi ng kanilang pagtalikod at ang lakas ng kanilang pananalig, kung magugunita natin ang panggigipit na ginawa ng mga maykapangyarihan upang maiwasan ang panganib na nagbabanta sa kanilang buhay, higit sa lahat kung ating ilalarawan sa ating mga isipan ang espiritung humamon sa mga kalupitang ipinabata sa kanila ng isang walang-pusong kalaban, na lubhang nagpababa sa kanilang mga sarili, mapipilitan tayong ipalagay ang pangyayaring iyon bilang isa sa mga pinakamalagim na pangyayari sa kasaysayan ng Kapakanang ito."[14]

## BAHAGI 10

Ang isa pang makapangyarihang anyo ng sining ay ang dula. Ang mga dula ay maaaring maging maringal, nang may marangyang mga kapaligiran, mga kasuutan at iba pang mga gamit. Mangyari pa, hindi natin iniisip ang dula sa ganitong masalimuot na paraan. Hindi naman nito ibig sabihin na kailangan nating umiwas nang lubusan mula sa ganitong mga gamit; kung minsan ang isang maliit na kilos, tulad ng pagsuot ng isang sombrero, ay makadaragdag sa pagiging madula ng isang dula. Subalit kahit ang hindi pa ganap na paggamit ng dula ay maaaring magkaroon ng napakalalim na mga epekto. Sapagkat, karagdagan sa kahalagahan nito bilang isang anyo ng sining, ito ay isang mahalagang kagamitan sa pagtuturo. Sa pamamagitan

nito, maaari nating makita ang ating sarili sa mga sitwasyong kathang-isip at maaaring suriin nang walang kamalayan ang sariling kilos at mga kaugalian.

Sa katunayan, habang ang mga bata ay sumusulong sa programa para sa kanilang edukasyong espiritwal, ginagamit ng mga aralin ang kagamitang ito sa paglilinang ng mga ugali at mga paraan ng pagkilos bilang paghahayag sa mga katangiang espiritwal na sinisikap nilang linangin, at ang mga guro ay binibigyan ng angkop na mga sitwasyon para sa ganitong layunin. Subalit ang mga guro ay pinag-iingat sa mas mataas na mga grado, kapag sila ay dumating na sa kasaysayan ng Pananampalataya, na isagawa ang bagay na ito nang may sukdulang pag-iingat. Pinagninilay-nilayan nila sa kasunod na patnubay, na patungkol sa lahat ng mga yugto ng proseso ng edukasyon, at nang higit na masaklaw, sa mga gawaing pansining. Ang una ay halaw sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi:

> **"Tungkol sa iyong katanungan kaugnay ng katumpakan ng pagsasadula ng mga tagpo mula sa kasaysayang Bahá'í: tiyak na sasang-ayunan iyon ng Guardian, at hihimukin pa nga ang mga kaibigan na maging abala ng gayong mga gawaing pampanitikan, na walang-alinlangang maaaring maging napakahalaga sa pagtuturo. Ang nais niyang iwasan ng mga mananampalataya ay ang pagsasadula ng mga katauhan ng Báb, ni Bahá'u'lláh, at ni 'Abdu'l-Bahá, ang ibig sabihin ay ituring silang mga katauhan ng dula, tulad ng mga taong lumalabas sa entablado. Tulad ng nabanggit na, sa kaniyang pakiwari ito ay magiging lubos na pagwawalang-galang. Ang mismong paglabas pa lamang nila sa isang eksena ay bumubuo na ng isang pagbabastos na hindi maipagtutugma sa kanilang lubhang dakilang katayuan. Higit na kanais-nais kung ang Kanilang mensahe, o ang mismong mga salita, ay iuulat at ihahatid ng Kanilang mga tagasunod na lumalabas sa entablado."[15]**

Ang sumusunod na liham na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice ay higit pang nililinaw ang ideyang ito:

> **"Ang pagbabawal sa pagpapakita ng mga Kahayagan ng Diyos sa mga larawan at mga pagguhit o sa mga pagsasadula ay pinatutupad para sa lahat ng mga Kahayagan ng Diyos. Mangyari pa, may dakila at kahanga-hangang mga sining ng nakaraang mga Dispensasyon, na ipinapakita ng marami sa mga iyon ang mga Kahayagan ng Diyos sa isang diwa na magalang at mapagmahal. Subalit sa Dispensasyong ito, ang higit na kaganapang-isip ng sangkatauhan at ang higit na kabatiran sa ugnayan ng Kataas-taasang Kahayagan sa Kaniyang mga tagapaglingkod ay nagbibigay sa atin ng kamalayan na hindi posibleng ilagay, sa anumang anyo ng tao, maging sa larawan, sa eskultura, o sa dula, ang Katauhan ng Kahayagan ng Diyos. Sa paglahad ng pagbabawal na ito, nilinaw ng Guardian na ito ay hindi posible."[16]**

At ang halaw sa ibaba mula sa isang liham na isinulat ng House of Justice ay naghahain ng karagdagang patnubay.

> **". . . ganap na nililinaw ng isang pagsusuri sa mga liham ng minamahal na Guardian na hindi pinahihintulot ang pagtatanghal sa entablado ng katauhan ng Kahayagan ng Diyos, o kahit na ng Master. . . .**

**"Ang paggamit ng ilaw, maging napakatindi man ang liwanag o ng magkakaibang mga kulay, ay nangangailangan ng iyong maingat na pagsusuri. Kung ang paggamit ng ilaw sa alinmang paraan ay nagpapahiwatig sa pagsasakatawan sa Kahayagan ng Diyos hindi ito dapat gamitin, subalit kung ito ay magagawa nang hindi nagbibigay sa alinmang paraan na sinasagisag o kinakatawan nito ang Propeta; kung gayon ay walang pagtutol sa paggamit nito."**[17]

Kaugnay nito, samantalang ang ilang pangyayari mula sa unang mga araw ng Pananampalataya ay maaaring maging angkop sa pagsasadula, ito ay kailangang gawin nang may pag-iingat. Halimbawa, sa kaso ng ilang pangyayari ay maaaring posible na ang isang tao ay gumanap bilang tagapagsalaysay, itinatakda ang estruktura para sa magkakasunud-sunod na pangyayari at humihinto sa angkop na mga panahon upang isadula ng mga iba ang piniling mga bahagi. Kasama ang mga miyembro ng inyong grupo ngayong araw na ito, pumili ng isang pangyayari mula sa maagang kasaysayan ng Pananampalataya, at ipasiya kung aling mga bahagi ng kuwento ay nararapat na isalaysay at kung alin ang maaaring isadula. Talakayin kung aling yugto sa pag-aaral ng pangunahing serye ay makabubuti para sa isang grupo ng mga kabataan na tulungan sila sa pagbuo ang ganoong dula.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ang mga gawaing pagsasadula, mangyari pa, ay hindi kailangang patungkol lamang sa kasaysayan. Tulad nang nabanggit na, ang payak na mga anyo ng dula ay maaaring maging isang kagamitan upang pahusayin pa ang karanasang pagtuturo at pagkatuto. Subalit upang maging mabisa ang ganoong kagamitan, kinakailangang namamayani ang diwa ng mapagmahal at mabuting samahan, malaya sa pagiging mapaglaro at pangungutya, sa grupong nag-aaral at nagninilay-nilay, maging ito ay isang study circle, institute campaign, o camp. Kapag naroroon ang kinakailangang disiplinang espiritwal sa mga miyembro nito, yaong mga masigasig at may talento ay maaaring bumuo at ipalabas ang simpleng mga dula at dula-dulaan kung saan ay maaaring mabigyan ng kongkretong paghahayag ang ilan sa mga konsepto at mga simulaing espiritwal na pinag-aaralan nila sa mga kurso ng institute. Isipin ang unang yunit ng Aklat 1, at talakayin kung aling mga ideya at mga konseptong espiritwal ang mabibigyan ng karagdagang diin sa simpleng mga dula at dula-dulaan. Paano ninyo titiyakin na maisasagawa ang gawaing ito nang mabini at maganda at nang hindi mapaglaro at nagkukulang ng paggalang sa karangalan ng tao, na sa kasawiang-palad ay nagpapababa sa ganitong anyo ng sining?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Magkakaroon ng mga pagkakataong nanaisin ng mga miyembro ng isang study circle na isama ang pagtatanghal ng isang dula sa programang binubuo nila para sa mga tagapanood. Ang isang gayong pagkakataon ay ang pagdiriwang na madalas isinasagawa sa pagtatapos ng isang kurso, kung saan madalas ay inaanyayahan ang mga pamilya at mga kaibigan ng mga kalahok. Ang ganitong gawi ay ginagawa rin ng grupo ng junior youth kapag nakatapos na sila sa pag-aaral ng isang teksto. Sa ganitong mga pagkakataon, ang mga miyembro ay hindi lamang magpapalabas ng isang dula, kundi ay maaari ding tumula, magbigay ng panayam, magkuwento, at magtanghal ng musika.

## BAHAGI 11

Ang paghahayag ng mga sining ay sumasaklaw rin ng isang malawak na larangan ng gawain ng tao na tinutukoy bilang mga likhang-kamay. Dito ang napakaraming uri ng bagay—tulad ng balat ng hayop, lana, bulak, seda, bato, luad, salamin, bakal, kahoy, wax, balanggot, pinatuyong bulaklak—ay binabago ng mahusay na mga kamay sa napakaraming magkakaibang paraan upang maging mga bagay na maaaring praktikal o hindi, at ginagamit ang likas na mga katangian ng mga bagay na iyon upang lumikha ng kagandahan. Ang talaan ng mga likhang-kamay ay tunay na napakahaba. Kabilang sa mga kilalang-kilala ay ang paghabi, pagburda, needlepoint (tulad ng *crossstitch*), niting, gantsilyo, pananahi, pagkulay, seramika, paggawa ng palayok, paggawa ng alahas, paggawa ng mga yari sa balat ng hayop, paghabi ng mga sisidlan, pag-ukit, pagyari sa kahoy, paggawa ng kuwadro, paggawa ng kandila, paggawa ng manika, paggawa ng laruan, printmaking, paggawa ng puntas, at quilting. Tiyak na madaragdagan pa ninyo ang talaan. Pagkatapos gawin iyon, talakayin sa inyong grupo kung alin ang pinakatanyag sa inyong rehiyon.

Kung kayo ay nakapaglingkod na bilang animator ng isang grupo ng mga junior youth, malamang na may karanasan kayo sa pagtulong sa kanila upang matuto tungkol sa ilang lokal na mga likhang-kamay. Kung paano ninyo mabisang ipakikilala ang paggawa ng mga likhang-kamay sa proseso ng edukasyon para sa mga kabataan at mga nasa hustong gulang na mas matanda ay nangangailangan ng maingat na pag-iisip. Kailangan ninyong pag-isipan ang mga kalagayan ng mga miyembro ng bawat grupo at ang kanilang mga talento, ang pagkakaroon ng

kinakailangang mga gamit, at iba pa. Higit pa rito, maliban kung kayo ay mahusay sa isa o mahigit pang mga likhang-kamay, kailangan ninyong humanap ng isang tao na may ganoong kaalaman upang tumulong sa inyo, at maaaring magkaroon ng mga pagkakataon, lalo na kapag nasa camp o intensive campaign, upang magtakda ng ilang sesyon para matutunan ng mga kalahok ang kinakailangang mga kahusayan ng isang likhang-kamay. Bilang tulong sa inyo sa pagninilay-nilay sa kahalagahan ng ganitong anyo ng paghahayag ng sining, basahin ang sumusunod na dalawang sipi mula sa mga Kasulatan at pagkatapos ay talakayin ito sa inyong grupo.

> **"Ang isa sa mga pangalan ng Diyos ay ang Tagapaghugis. Minamahal Niya ang kadalubhasaan sa likhang-kamay. Samakatwid ang alinman sa Kaniyang mga tagapaglingkod na nagpapakita ng ganitong katangian ay katanggap-tanggap sa paningin Niya na Siyang Pinagkasalaan. Ang kadalubhasaan sa likhang-kamay ay isang aklat sa mga aklat ng mga agham na dibino, at isang yaman sa mga kayamanan ng Kaniyang makalangit na karunungan. Ito ay isang kaalaman na may kabuluhan, sapagkat ang ilang agham ay nagmumula sa mga salita at nagwawakas sa mga salita."[18]**

> **"Gustong-gusto ng iisang tunay na Diyos, dakilain nawa Siya, na makita ang mga likhang-kamay ng Kaniyang mga minamahal na ginawa sa mataas na antas ng kadalubhasaan. Pinagpala ka, sapagkat ang nilikha ng iyong kahusayan ay umabot sa harapan ng iyong Panginoon, ang Ipinatapon, ang Pinagkasalahan. Harinawang ang bawat isa sa Kaniyang mga kaibigan ay tulutang matuto ng isa sa mga likhang-kamay, at pagtibayin sa pagsunod roon sa itinalaga sa Aklat ng Diyos, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Marunong."[19]**

## BAHAGI 12

Inaasahang itinaas ng naunang mga bahagi ang inyong kamalayan sa ginagampanan ng mga pagsisikap sa mga sining para sa pagpapayaman ng proseso ng edukasyon na nalilinang sa antas ng masa, at gayundin sa pagiging masigla ng ating sama-samang mga pagsisikap. Maaaring umabot na rin kayo sa kabatirang kapag ang gayong mga pagsisikap, lalo na kaugnay ng mga likhang-kamay, ay ginagamit ang mga kinaugaliang sining sa isang rehiyon, malaki ang magagawa nito upang maitaas pa ang pagpapahalaga sa kayamanan ng magkakaibang kultura. Mangyari pa, tatandaan ninyo kaugnay nito ang puntong iniharap sa Aklat 5, na bilang isang paghahayag ng kulturaa, ang gawaing pansining ay nagtataglay ng sarili nitong mga pinahahalagahan. Sa gayon ay pag-iingatan ninyong piliin ang naaangkop na mga gawaing pansining, yaong mga hindi nagbabahagi ng mga pinahahalagahang nagpapahina, sa paraang mahirap mahalata, sa proseso ng edukasyon o ng mga paraan ng pamumuhay ng pamayanan na hinuhubog nito. Dapat maunawaan na ang gayong mga paraan ay naglalarawan sa mga pinahahalagahan ng umuusbong na bagong kultura na binibigyang-buhay ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Basahin ang sumusunod na sipi mula sa isang mensahe na isinulat ng Universal House of Justicce, na pinag-aralan ninyo ang bahagi nito sa Aklat 6:

> **"Ibinubunsod ng mga lakas na nilikha kapuwa sa loob at sa labas ng pamayanang Bahá'í, ang mga sambayanan ng daigdig mula sa iba't ibang dako ay makikitang kumikilos palapit nang palapit sa isa't isa, tungo sa magiging isang kabihasnang pandaigdig na kagila-gilalas ang katangian, na walang-saysay para sa atin ang**

**magtangkang ilarawan ito ngayon. Habang ang pagkilos ng mga populasyon tungo sa sentro ay bumibilis sa buong daigdig, ang ilang elemento ng bawat kultura, na hindi sang-ayon sa mga turo ng Pananampalataya, ay unti-unting maglalaho, habang ang iba ay palalakasin. Sa gayunding paraan, ang bagong mga elemento ng kultura ay susulong sa paglakad ng panahon habang ang mga tao mula sa bawat grupo ng sangkatauhan, na pinasisigla ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, ay maghahayag ng mga halimbawa ng kaisipan at pagkilos na bunga ng Kaniyang mga turo, nang bahagya sa pamamagitan ng mga akda sa sining at literatura. Habang isinasaisip ang gayong mga pagsasaalang-alang malugod naming tinatanggap ang pasiya ng Ruhi Institute, sa pagbubuo ng mga kurso nito, na ipaubaya sa mga kaibigan sa kanilang mga lugar ang pagharap sa mga paksang nauugnay sa gawaing pansining. Ang aming hinihingi sa yugtong ito, sa gayon, kung kailan ang mga lakas ay kailangang ibigay sa pagpaparami ng mga children's class at mga junior youth group, na ang pagpaparami ng gayong pandagdag na mga bagay para sa layuning ito ay hayaang maganap nang natural, bilang isang bunga ng proseso ng pagpapatatag ng pamayanan na bumibilis na ang buwelo sa mga nayon at mga kapitbahayan. Sabik kaming makita, halimbawa, ang paglitaw ng nakabibighaning mga awit mula sa lahat ng dako ng daigdig, sa bawat wika, na magtatanim sa kamalayan ng mga bata ang napakalalim na mga konseptong nakadambana sa mga turo ng Bahá'í. Subalit ang gayong pagyabong ng mapanlikhang kaisipan ay hindi lilitaw, kung mahuhulog ang mga kaibigan, gaanuman di-sinasadya, sa mga gawi na umiiral sa daigdig na nagbibigay ng pahintulot sa mga tumatangan ng salapi na papanaigin sa iba ang kanilang pananaw sa kultura, nilulunod sila sa mga gamit at mga produkto na walang-kapagurang itinataguyod. Bukod rito, ang bawat pagsisikap ay dapat gawin upang mapangalagaan ang espiritwal na edukasyon mula sa mga panganib ng pangangalakal."[20]**

Ang kultura, kung gayon, ay magiging isa sa palagian ninyong pinagkakaabalahan. Kailangang gising ang inyong kamalayan, upang mapaglabanan ninyo ang impluwensiya ng kulturang makalupa na nilulusob ang buhay ng sangkatauhan, at nanaisin ninyong tiyakin na ang ilan man lamang sa mga paghahayag ng mga sining na pinipili ninyo ay kumakatawan sa mayaman na kultura ng inyong sambayanan, ginagamit ang kinaugaliang mga pamamaraan at mga instrumento subalit ay taglay ang bagong espiritwal at moral na nilalaman na binigyang-inspirasyon ng Pananampalataya. Kung gayon, maaaring ito ay isang magandang pagkakataon upang nilay-nilayin ninyo ang espiritwal na pamana ng inyong sambayanan. Sagutin ang sumusunod na mga katanungang at sumulat ng isang maikling parapo sa paksang ito:

a. Ano ang iba't ibang uri ng musika na tinutugtog o pinakikinggan ng mga tao sa inyong rehiyon? May sariling mga awit ba ang rehiyon para sa trabaho, tulad ng mga inaawit kapag nag-aani o kapag nag-aalaga ng mga hayop, o sarili nitong mga awit ng pag-ibig, mga awit na pampatulog sa sanggol, mga awit para sa mga bata, at sagradong musika? May isang uri ba ng musika na ginagamit para sa tanging mga pagkakataon, tulad ng kasal, libing, o pagdiriwang? Ano ang ilan sa mga halimbawa ng mga awit at musika na umusbong mula sa inyong rehiyon habang lumalakas ang institute?

b. May mga instrumentro ba ng musika na tanging gamit ng inyong rehiyon? Para sa anong uri ng musika ito nababagay? May mga kabataan o matatanda ba na marunong tumugtog nito upang pasiglahin ang mga pagtitipon ng pamayanan?

c. Ang pagkukuwento ba ay isang kaugalian ng inyong sambayanan? Naging higit na mayaman ba ang kaugaliang ito dahil sa pagbabahagi ng mga kuwento mula sa buhay ni ‘Abdu’l-Bahá at sa kasaysayan ng Pananampalataya sa panahon ng pagdalaw sa mga tahanan at sa mga pagtitipon ng pamayanan?

d. Ano ang ilan sa popular na mga anyo ng dula sa inyong rehiyon? Paano nito itinatanghal ang mga yugto mula sa kasaysayan ng inyong sambayanan at ang mga kuwento ng mga bayani nito? Ginagamit ba ang ganitong anyo ng sining upang itaas ang sama-samang kamalayan ukol sa mga konsepto at mga simulaing espiritwal na pinag-aaralan sa mga kurso ng institute?

e. Paano inihahayag ng kinaugaliang mga likhang-kamay ang kagandahan, simetriya, at kabinihan? Paano ito ginagamit upang pahusayin pa ang pangkalahatang pag-unlad ng mga kabataan, lalo na yaong mga nakikilahok sa programa para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa junior youth?

## BAHAGI 13

Tulad ng tiyak na nabatid na ninyo mula sa inyong pag-aaral sa yunit na ito, hindi ninyo kailangang maging artista, manunulat ng dula, makata, o musikero upang itaguyod ang mga sining sa antas ng masa. Ang dapat ninyong tandaan ay ang pangunahing pinagkakaabalahan ng mga kurso ng institute ay ang pagbibigay ng espiritwal at moral na lakas, sa pagpapalaya sa mga kapangyarihan ng espiritu ng tao. Bilang isang tutor, sa pagtataguyod ng mga sining at mga likhang-kamay sa mga paraang inilalarawan dito, kayo ay makatutulong sa pagbukas ng malikhaing mga lagusan kung saan maaaring dumaloy ang inspirasyon at ang puwersa ng pagkaakit sa kagandahan.

# MGA REPERENSIYA


1. From a message dated 30 December 2021 to the Conference of the Continental Boards of Counsellors, published in *The Nine Year Plan, 2022–2031: Messages of the Universal House of Justice* [Ang Nine Year Plan, 2022-2031: Mga Mensahe ng Universal House of Justice] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2022), no. 6.12, p. 50.

2. ‘Abdu’l-Bahá, in *The Importance of the Arts in Promoting the Faith: Extracts from the Bahá’í Writings* [Ang Kahalagahan ng mga Sining sa Pagtataguyod ng Pananampalataya], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Ingleside: Bahá’í Publications Australia, 2020), no. 23, p. 20.

3. Ibid., no. 24, p. 20.

4. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 175.1, p. 282.

5. From a talk given on 18 June 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by ‘Abdu’l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* [Ang Pagpapalaganap ng Pangkalahatang Kapayapaan: Mga Talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang Pagdalaw sa Estados Unidos at Canada noong 1912] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2012), par. 2, p. 287.

6. Bahá’u’lláh, in *The Kitáb-i-Aqdas: The Most Holy Book* [Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 1993, 2021 printing), par. 51, p. 41.

7. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá], no. 74.1, p. 159.

8. ‘Abdu’l-Bahá, in *Music: Extracts from the Bahá’í Writings* [Musika: Mga Halaw mula sa mga Kasulatang Bahá’í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Ingleside: Bahá’í Publications Australia, 2020), no. 15.8, p. 17.

9. ‘Abdu’l-Bahá, in *The Importance of the Arts in Promoting the Faith* [Ang Kahalagahan ng mga Sining sa Pagtataguyod ng Pananampalataya], no. 10, pp. 12–13.

10. ‘Abdu’l-Bahá, in the compilation *Music* [Musika], no. 14.1, p. 14.

11. Ibid., no. 14.2, p. 15.

12. Postscript in the handwriting of Shoghi Effendi appended to a letter dated 17 November 1932 written on his behalf to an individual.

13. From a letter dated 8 June 1933 written on behalf of Shoghi Effendi to an individual.

14. *The Dawn-Breakers: Nabíl’s Narrative of the Early Days of the Bahá’í Revelation* [Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway: Ang Salaysay ni Nabíl tungkol sa mga

Unang Panahon ng Rebelasyong Bahá'í] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1932, 2021 printing), pp. 446–58.

15. From a letter dated 25 July 1936 written on behalf of Shoghi Effendi to an individual, in *The Importance of the Arts in Promoting the Faith* [Ang Kahalagahan ng mga Sining sa Pagtataguyod ng Pananampalataya], no. 35, p. 28.

16. From a letter dated 9 March 1977 written on behalf of the Universal House of Justice to an individual, ibid., no. 49, pp. 36–37.

17. From a letter dated 12 August 1975 written by the Universal House of Justice to an individual, in "Portrayal of the Central Figures of the Faith: A Compilation of Extracts from Letters Written on Behalf of Shoghi Effendi and the Universal House of Justice" [Pagtatanghal sa Pangunahing mga Katauhan ng Pananampalataya: Isang Kalipunan ng mga Halaw mula sa mga Liham na Isinulat sa Ngalan ni Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice, no. 6; also quoted, in part, in *Lights of Guidance: A Bahá'í Reference File* [Mga Tanglaw ng Patnubay: Isang Sinupan ng mga Reperensiyang Bahá'í] (New Delhi: Bahá'í Publishing Trust, 1988, 2016 printing), no. 343, p. 99.

18. Bahá'u'lláh, in "Extracts from the Writings concerning Arts and Crafts", published in *The Compilation of Compilations* [Ang Kalipunan ng mga Kalipunan] (Maryborough: Bahá'í Publications Australia, 1991), vol. 1, no. 2, p. 1.

19. Ibid., no. 4, p. 1.

20. From a message dated 12 December 2011 written to all National Spiritual Assemblies, published in *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* [Balangkas ng Pagkilos: Piniling mga Mensahe ng Universal House of Justice at ang Karagdagang mga Dokumento, 2006-2016] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), no. 20.19, pp. 136–37.